

Liahona



Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

**Ibinaba ang mga
Kinakailangang Edad
para sa mga Full-time
Missionary**

**Ibinalita ang Dalawang
Bagong Templo**

**Ipinaalam ang Bagong
Kurikulum para sa
mga Kabataan**



© WALTER RANE, HINDI MAARING KOPYAHIN

Nangabusog silang lahat, ni Walter Rane

“At kinuha niya ang limang tinapay at ang dalawang isda, at pagtingala sa langit, ay kaniyang pinagbala, at pinagputolputol ang mga tinapay; at ibinigay niya sa mga alagad upang ihain nila sa kanila; at ipinamahagi niya sa kanilang lahat ang dalawang isda.

“At nagsikain silang lahat, at nangabusog” (Marcos 6:41–42).

“At ang mga nagsikain ay may limang libong lalake, bukod pa ang mga babae at ang mga bata” (Mateo 14:21).

Mga Nilalaman Nobyembre 2012

Tomo 15 • Bilang 11

SESYON SA SABADO NG UMAGA

- 4 Pagbati sa Kumperensya
Pangulong Thomas S. Monson
- 6 Nadarama Ba Ninyo ang Gayon Ngayon?
Elder Quentin L. Cook
- 10 Alam Ko Ito. Ipinamumuhay Ko Ito. Mahal Ko Ito.
Ann M. Dibb
- 12 Hindi Masambit na Kaloob Mula sa Diyos
Elder Craig C. Christensen
- 15 "Sapagka't Ako'y Nabubuhay, ay Mangabubuhay Rin Naman Kayo"
Elder Shayne M. Bowen
- 18 Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!
Elder Russell M. Nelson
- 21 Mga Panghihinayang at Pagpapasiya
Pangulong Dieter F. Uchtdorf

SESYON SA SABADO NG HAPON

- 25 Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan
Pangulong Henry B. Eyring
- 26 Pagiging Butihing mga Magulang
Elder L. Tom Perry
- 29 Maging Sabik sa Paggawa
Elder M. Russell Ballard
- 32 "Magsilapit Kayo sa Akin, O Kayong Sambahayan ni Israel"
Elder Larry Echo Hawk
- 34 Anong Ibibigay ng Tao na Katumbas sa Kaniyang Buhay?
Elder Robert C. Gay
- 37 Pamantayan ng Templo
Elder Scott D. Whiting
- 39 Pagsubok sa Inyong Pananampalataya
Elder Neil L. Andersen
- 43 Protektahan ang mga Bata
Elder Dallin H. Oaks

SESYON SA PRIESTHOOD

- 47 Mga Kapatid, May Gawain Tayong Isasagawa
Elder D. Todd Christofferson
- 51 Maging Matapang sa Kagitingan, Lakas, at Gawain
Bishop Gary E. Stevenson
- 54 Mag-ingat Hinggil sa Inyong Sarili
Elder Anthony D. Perkins

- 57 Ang Kagalakan sa Pagkakaroon ng Priesthood
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 60 Tulungan Silang Magtakda ng Mataas na Mithiin
Pangulong Henry B. Eyring
- 68 Tingnan ang Kapwa ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG UMAGA

- 72 Nasaan ang Pabilyon?
Pangulong Henry B. Eyring
- 75 Ang Pagbabayad-sala
Pangulong Boyd K. Packer
- 78 Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod
Linda K. Burton
- 81 Matuto Gamit ang Ating Puso
Elder Walter F. González
- 83 Ang Unang Dakilang Utos
Elder Jeffrey R. Holland
- 86 Isipin ang mga Pagpapala
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG HAPON

- 90 Pagiging Mas Kristiyanong Kristiyano
Elder Robert D. Hales
- 93 Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay
Elder Richard G. Scott
- 96 Isang Hakbang Palapit sa Tagapagligtas
Russell T. Osguthorpe
- 99 Sa Pamamagitan ng Pananampalataya ang Lahat ng Bagay ay Naisasakatuparan
Elder Marcus B. Nash
- 101 Pagiging Tunay na Disipulo
Elder Daniel L. Johnson
- 104 Mga Pagpapala ng Sacramento
Elder Don R. Clarke
- 106 Nagbalik-loob sa Panginoon
Elder David A. Bednar
- 110 Patnubayan Nawa Kayo ng Diyos Hanggang sa Muli Nating Pagkikita
Pangulong Thomas S. Monson

PANGKALAHATANG PULONG NG RELIEF SOCIETY

- 111 Nakasulat Ba sa Ating Puso ang Pananampalataya sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo?
Linda K. Burton
- 115 Magsigising sa Ating mga Tungkulin
Carole M. Stephens
- 118 Hindi Kayo Nalilimutan ng Panginoon
Linda S. Reeves
- 121 Ang Tagapag-alaga
Pangulong Henry B. Eyring
- 64 Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
- 125 Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya
- 126 Mga Balita sa Simbahan
- 128 Mga General Auxiliary Presidency



Buod ng Ika-182 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

SABADO NG UMAGA, OKTUBRE 6, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Kevin R. Duncan. Pangwakas na Panalangin: Elder Juan A. Uceda. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Clay Christiansen at Richard Elliott, mga organista: “Luwalhati sa Ating Diyos,” *Mga Himno*, blg. 37; “Saligang Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford; “Panginoon, Kayo’y Laging Susundin,” *Mga Himno*, blg. 164; “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15; “Susundin Ko ang Plano ng Diyos,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 86, isinaayos ni Hofheins, hindi inilathala; “Tayo’y Magalak,” *Mga Himno*, blg. 3, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

SABADO NG HAPON, OKTUBRE 6, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Gerrit W. Gong. Pangwakas na Panalangin: Elder Jose L. Alonso. Musikang handog ng pinagsamang youth choir mula sa Bennion at Taylorsville, Utah; Leah Tarrant, tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodcliffe, mga organista: “Arise, O Glorious Zion,” *Hymns*, blg. 407; “Ako ay Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 189, isinaayos ni Perry, hindi inilathala; “Magpatuloy Tayo,” *Mga Himno*, blg. 148; “On This Day of Joy and Gladness,” *Hymns*, blg. 64, isinaayos ni Huff, hindi inilathala.

SABADO NG GABI, OKTUBRE 6, 2012, SESYON SA PRIESTHOOD

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Jay E. Jensen. Pangwakas na Panalangin: Elder Patrick Kearon. Musikang handog ng Melchizedek Priesthood choir mula sa Ogden, Utah; Stephen P. Schank at Derek Furch, mga tagakumpas; Andrew Unsworth, organista: “Praise to the Lord, the Almighty,” *Hymns*, blg. 72; “Mahalin ang Bawat Isa,” *Mga Himno*, blg. 196, isinaayos ni Furch, hindi inilathala; “Gabayan Kami, O Jehova,” *Mga Himno*, blg. 45; “Pag-asa ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 161, isinaayos ni Schank, hindi inilathala.

LINGGO NG UMAGA, OKTUBRE 7, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Marlin K. Jensen. Pangwakas na Panalangin: Elder Keith R. Edwards. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: “Sabihin, Ano ang Katotohanan?” *Mga Himno*, blg. 173; “Umaga Na,” *Mga Himno*, blg. 1, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; “Does the Journey Seem Long?” *Hymns*, blg. 127, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala (Shane Warby, soloista); “Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod,” *Mga Himno*, blg. 151; “If the Savior Stood Beside Me,” CSMP ni Sally DeFord, isinaayos ni Cardon, hindi inilathala; “If the Way Be Full of Trial, Weary Not,” *Songs of Zion* (1912), blg. 158, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

LINGGO NG HAPON, OKTUBRE 7, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Octaviano Tenorio. Pangwakas na Panalangin: Elder Larry W. Gibbons. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Bonnie Goodcliffe at Linda Margetts, mga organista: “Ang Araw ay Sumisikat,” *Mga Himno*, blg. 29, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; “Naisip Bang Manalangin?” *Mga Himno*, blg. 82, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Jackman; “Panginoo’y Hari,” *Mga Himno*, blg. 33; “Patnubayan Ka Nawa ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 90, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

SABADO NG GABI, SETYEMBRE 29, 2012, PANGKALAHATANG PULONG NG RELIEF SOCIETY

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Linda K. Burton. Pambungad na Panalangin: Maria Torres. Pangwakas na Panalangin: Melinda Barrow. Musikang handog ng choir ng kababaihang young single adult mula sa Salt Lake Bonneville Stake, Salt Lake Holladay Stake, at Murray Utah YSA Stake; Emily Wadley, tagakumpas; Linda Margetts, organista: “Magpatuloy Tayo,” *Mga Himno*, blg. 148; medley ng “Isinugo, Kanayang Anak,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 20, at “Sinisikap Kong Tularan si Jesus,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 40, isinaayos ni Sally

DeFord, hindi inilathala; “Ako ay Namangha,” *Mga Himno*, blg. 115; “Kailangan Ko Kayo,” *Mga Himno*, blg. 54, isinaayos ni Beebe, inilathala ng Larice.

MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

Para maakses ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa maraming wika, bisitahin ang conference.lds.org. Pagkatapos ay pumili ng wika. Karaniwan sa loob ng dalawang buwan pagkatapos ng kumperensya, mayroon nang mga audio recording sa mga distribution center.

MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING


Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, mangyaring pumili ng isang mensaheng lubos na tutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

SA PABALAT

Harap: Larawang kuha ni Derek Israelsen. Likod: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.

MGA RETRATONG KINUNAN SA KUMPERENSYA

Ang mga tagpo sa pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City ay kinunan nina Craig Dimond, Welden C. Andersen, John Luke, Matthew Reier, Cody Bell, Leslie Nilsson, Weston Colton, Sarah Jensen, Derek Israelsen, Scott Davis, Kristy Jordan, Randy Collier, Lloyd Eldredge, at Cara Call; sa Botswana ni John Huntsman; sa Brazil ni Francisco Flávio Dias Carneiro; sa Estonia ni Amanda Robinson; sa Greece ni David L. Mower; sa Italy ni Christopher Dean; sa Mexico ni Carlos Israel Gutierrez Robles; sa Mozambique ni Daniel Osborn; sa Poland ni Lois Jensen; sa Scotland ni John J. Graham; sa Spain ni Antoni Garcia Corrius; at sa Taiwan ni Danny Chan La.



NOBYEMBRE 2012 TOMO 15 BLG. 11

LIAHONA 10491 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Family and Member Support:

Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:

Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot:

LaRene Porter Gaunt

Assistant ng Publikasyon: Melissa Zenteno

Writing and Editing Team: Susan Barrett, Ryan Carr, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Hikari Loftus, Lia McClanahan, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Design Team: Jeannette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare

Intellectual Property Coordinator:

Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher, Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa

liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa

Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St.,

Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa:

liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

November 2012 Vol. 15 No. 11. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.



INDEX NG MGA TAGAPAGSALITA

Andersen, Neil L., 39
Ballard, M. Russell, 29
Bednar, David A., 106
Bowen Shayne M., 15
Burton, Linda K., 78, 111
Christensen, Craig C., 12
Christofferson, D. Todd, 47
Clarke, Don R., 104
Cook, Quentin L., 6
Dibb, Ann M., 10
Echo Hawk, Larry, 32
Eyring, Henry B., 60, 72, 121
Gay, Robert C., 34
González, Walter F., 81
Hales, Robert D., 90
Holland, Jeffrey R., 83
Johnson, Daniel L., 101
Monson, Thomas S., 4, 68, 86, 110
Nash, Marcus B., 99
Nelson, Russell M., 18
Oaks, Dallin H., 43
Osguthorpe, Russell T., 96
Packer, Boyd K., 75
Perkins, Anthony D., 54
Perry, L. Tom, 26
Reeves, Linda S., 118
Scott, Richard G., 93
Stephens, Carole M., 115
Stevenson, Gary E., 51
Uchtdorf, Dieter F., 21, 57
Whiting, Scott D., 37

INDEKS NG MGA PAKSA

Aklat ni Mormon, 32
Bata, mga, 15, 43
Espiritu Santo, 12, 81, 99
Family history, 93
Gawaing misyonero, 4, 18
Inspirasyon, 86
Jesucristo, 15, 18, 75, 99, 111, 118
Kabataan, mga, 60
Kagalakan, 21, 57
Kalayaan, 51
Kalinisang-Puri, 6, 39
Kamatayan, 15
Kasal, pag-aasawa, 26, 43, 47
Katapatan, 83
Kristiyanismo, 90
Pag-asa, 15
Pagbabalik-loob, 6, 54, 81, 96, 106
Pagbabayad-sala, 6, 75, 104, 111
Paggawa, trabaho, 29
Paghahayag, 60
Paghihirap, 39, 110, 115
Pag-ibig, pagmamahal, 10, 78, 83, 118
Pag-ibig sa Kapwa-Tao, 121
Pagkabuhay na Mag-uli, 15
Pagkadisipulo, 21, 29, 78, 83, 90, 101

Pagkatuto, pag-aaral, 10, 96
Paglalaan, 51
Paglilingkod, 12, 29, 57, 72, 78, 101, 110, 115, 121
Pagpapaaktibo, 68
Pagpapagaling, 81
Pagpapakumbaba, 34, 72
Pagsisisi, 34, 75
Pagsunod, 101
Pagtuturo, 18, 96
Pamantayan, mga, 37
Pamilya, 26, 43, 54
Panalangin, 86
Pananampalataya, 39, 72, 99, 111
Panunumbalik, 18
Pasasalamat, 110
Patotoo, 68, 106
Pornograpiya, 6
Priesthood, 47, 51, 54, 57
Prioridad, mga, 21
Relief Society, 111, 115, 121
Sakramento, 104
Sakripisyo, 34
Sambahayan ni Israel, 32
Talento, mga, 60
Tapang, lakas ng loob, 51, 68
Templo, mga, 4, 12, 37, 93
Tipan, mga, 54
Trabaho, 47
Tungkulin, 115



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Pagbati sa Kumperensya

Nawa ay makinig tayo nang lubos sa mga mensahe, . . . upang madama natin ang Espiritu ng Panginoon at makamtan ang kaalamang nais Niyang mapasaatin.

Sa abot ng natatanaw ko, may na-kaupo sa bawat silya—maliban sa ilan na nasa likuran. Puwede pa nating dagdagan ang bilang ng mga dumadalo. Ito ay bilang paggalang sa mga maaaring nahuli nang kaunti, dahil sa trapiko, para may maupuan sila kaagad pagdating nila.

Napakaganda ng araw na ito—araw ng kumperensya. Narinig natin ang magandang koro na umawit ng napakagandang musika. Sa tuwing maririnig ko ang koro o ang organo o ang piano, naiisip ko ang nanay ko, na nagsabing, “Pinupuri kita sa lahat ng iginawad sa iyo, sa lahat ng degree na nakamtan mo, at sa lahat ng nagawa mo. Ang tanging pinanghihinayangan ko ay hindi mo itinuloy ang pagtugtog ng piano.” Salamat po, Inay. Sana nga nagpatuloy ako.



Napakasarap, mga kapatid, na batiin kayo sa Ika-182 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Mula noong huli tayong nagkita, anim na buwan na ang nakalipas, tatlong bagong templo na ang inilaan, at isang templo ang muling inilaan. Nitong Mayo, nagkaroon ako ng pribilehiyong ilaan ang magandang Kansas City Missouri Temple at makadalo sa kultural na pagtatanghal na inihanda para rito. Marami pa akong babanggiting detalye tungkol sa pagtatanghal na ito bukas ng umaga.

Nitong Hunyo, inilaan ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ang matagal nang hinihintay na templo sa Manaus, Brazil, at sa simula nitong Setyembre, muling inilaan ni Pangulong Henry B. Eyring ang bagong ayos na templo sa Buenos Aires, Argentina, na inilaan ko noon halos 27 taon na ang nakalipas. Nitong nakaraang dalawang linggo, inilaan ni Pangulong Boyd K. Packer ang magandang Brigham City Temple kung saan siya ipinanganak at lumaki.

Tulad ng nasabi ko na, walang gusaling itinatayo ang Simbahan na higit na mahalaga kaysa isang templo,

at ikinalulugod nating may 139 na templong gumagana ngayon sa buong mundo, at may 27 pang naibalita na o kaya ay kasalukuyang ginagawa. Nagpapasalamat tayo sa mga banal na gusaling ito at sa mga pagpapalang hatid ng mga ito sa ating buhay.

Ngayong umaga natutuwa akong ibalita na may dalawa pang templo na, sa susunod na mga buwan at taon, ay itatayo sa mga lugar na ito: Tucson, Arizona; at Arequipa, Peru. Ang mga detalye tungkol sa mga templong ito ay ibibigay sa hinaharap kapag nakuha na ang mga permit at pahintulot.

Mga kapatid, may isa pa akong babanggitin—ang, paglilingkod ng misyonero.

Matagal-tagal na rin na ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay pinapayagan ang mga kabataang lalaki sa ilang bansa na maglingkod sa edad na 18 kapag sila ay karapat-dapat, kaya nila, nakatapos na sila sa high school, at nagpakita ng taos na hangaring maglingkod. Ito ay naging patakaran sa partikular na mga bansa lamang at napahintulutan ang libu-lubong kabataang lalaki na makapaglingkod nang marangal na misyon at nagampanan din ang mga obligasyon sa militar at nakapag-aral.

Ang karanasan namin sa 18-taong gulang na mga misyonerong ito ay positibo. Iniuulat ng kanilang mga mission president na sila ay masunurin, matapat, husto ang kaisipan, at naglilingkod na kasinghusay ng mas nakatatandang mga misyonero na nasa kanilang misyon. Ang kanilang katapatan, pagsunod at kahustuhan ng isipan ang dahilan kaya’t hangad din namin ang mas maagang pagmimisyon para sa *lahat* ng kabataang lalaki, saang bansa man sila magmula.

Ikinalulugod kong ibalita na kaagad ipatutupad, na lahat ng karapat-dapat at may kakayahang kabataang lalaki na nakatapos na ng high school o ng katumbas nito, saanman sila nakatira, ay magkakaroon ng opsiyon na mairekomenda para makapagmisyon pagtuntong sa edad na 18, sa halip na edad na 19. Hindi ko sinasabing lahat ng kabataang lalaki ay maglilingkod—o dapat—maglingkod sa mas



batang edad na ito. Sa halip, batay sa karanasan ng indibiduwal, gayundin sa determinasyon ng mga lider ng priesthood, maaari na ngayong gawin ito.

Habang mapanalangin naming pinag-isipan ang edad ng pagsisimula ng mga kabataang lalaki sa kanilang pagmimisyon, isinaalang-alang din namin ang edad ng pagmimisyon ng kabataang babae. Ngayon ikinalulugod kong ibalita na ang may kakayahan at karapat-dapat na mga kabataang babae na may hangaring maglingkod ay maaari nang mairekomendang magmisyon simula sa edad na 19, sa halip na edad na 21.

Pinagtitibay namin na ang gawaing

misyonero ay isang tungkulin ng priesthood—at hinihikayat namin ang lahat ng kabataang lalaki na karapat-dapat at husto na ang kaisipan, na tumugon sa tawag na maglingkod. Marami ring kabataang babae ang naglilingkod, ngunit hindi mahigpit ang utos sa kanilang maglingkod na gaya sa mga kabataang lalaki. Tinitiyak namin sa kadalagahan ng Simbahan, gayunman, na mahalaga ang nagagawa nilang kontribusyon bilang mga misyonera, at malugod naming tinatanggap ang kanilang paglilingkod.

Patuloy pa rin tayong nangangailangan ng marami pang senior couple. Kung ipinahihintulot ng inyong

kalagayan, kapag maaari na kayong magretiro, at kung ipinahihintulot ng inyong kalusugan, hinihikayat kong ihanda ang inyong sarili na maglingkod sa full-time na misyon. Ang mag-asawa ay kapwa magkakaroon ng malaking kaligayahan habang magkasama nilang pinaglilingkuran ang mga anak ng ating Ama.

Ngayon, magkapatid, nawa ay makinig tayo nang lubos sa mga mensahe na ibabahagi sa atin sa susunod na dalawang araw, upang madama natin ang Espiritu ng Panginoon at malaman ang nais Niya para sa atin. Ito sana ang maging karanasan natin, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Nadarama Ba Ninyo ang Gayon Ngayon?

Naniniwala ang ilang miyembro sa Simbahan na hindi nila kayang sagutin ang tanong ni Alma nang matunog na oo. Hindi nila “nadarama ang gayon ngayon.”

Pangulong Monson, ikaw ay mahal namin, iginagalang, at sinusupportahan! Ang makasaysayang pahayag na ito tungkol sa pagmimisyon ay nagbibigay ng inspirasyon. Naaalala ko ang kasabikan noong 1960 nang ang edad ng mga binatang naglilingkod ay ibinaba mula 20 taong gulang at ginawang 19 na taon. Dumating ako sa British Mission na isang bagong tawag na 20-taong gulang. Ang unang 19-na-taong-gulang sa aming misyon ay si Elder Jeffrey R. Holland, na kahanga-hangang karagdagan sa aming bilang. Ilang buwan na lang noon ay 20 anyos na siya. At paglipas ng isang taon, marami pang 19-anyos ang dumating. Sila ay masunurin at matatapat na misyonero, at umunlad ang gawain. Natitiyak ko na mas marami ang aanihin ngayon habang ang matatapat na missionary ay tumutupad sa utos ng Tagapagligtas na ipangaral ang Kanyang ebanghelyo.

Sa pananaw ko, kayong mga sunod na henerasyon ay mas handa kaysa sa nagdaang mga henerasyon. Ang kaalaman ninyo sa mga banal na kasulatan ay kahanga-hanga. Gayunpaman, ang mga hinaharap na hamon

ng inyong henerasyon habang naghandanda kayong maglingkod ay katulad ng kinakaharap ng lahat ng miyembro ng Simbahan. Batid nating lahat na halos sa buong mundo ang kultura ay hindi nakakatulong sa kabutihan o espirituwal na katapatan. Sa buong kasaysayan, ang mga pinuno ng Simbahan ay nagbabala at nagturo sa mga tao na magsisi. Sa Aklat ni Mormon, labis na nag-alala si Nakababatang Alma sa kasamaan at kawalan ng katapatan ng mga tao kaya nagbitiw siya sa pagiging punong hukom, ang lider

ng mga Nephita, at ibinuhos ang lahat ng kanyang pagsisikap sa tungkulin niya bilang propeta.¹

Sa isa sa mga nakaaantig na talata sa buong banal na kasulatan, ipinahayag ni Alma, “Kung inyo nang naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?”²

Inirereport ng mga lider sa buong mundo na kung titingnan sa kabuuan, ang mga miyembro ng Simbahan, lalo na ang mga kabataan, ay mas matatag ngayon. Ngunit halos laging may dalawang bagay silang inaalala: una, ang tumitinding kasamaan sa mundo at, pangalawa, ang kawalang-malasa-kit at kawalan ng katapatan ng ilang miyembro. Humihingi sila ng payo kung paano tutulungan ang mga miyembro na sumunod sa Tagapagligtas at maging matibay at matatag.

Ang tanong na, “Nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?” ay mahalaga pa rin makaraan ang maraming siglo. Sa lahat ng natanggap natin sa dispensasyong ito—kabilang ang Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, ang pagbuhos ng espirituwal na mga kaloob, at ang di-mapag-aalinlanganang biyaya ng langit—higit na naging mahalaga ang tanong ni Alma.

Di-nagtagal matapos tawaging Apostol si Ezra Taft Benson noong 1943, ipinayo ni Pangulong George Albert Smith³ na, “Ang iyong misyon [ay] . . . bigyang-babala ang mga tao



. . . nang may kabaitan hangga't maari upang ang pagsisisi ang tanging maging lunas sa mga kasamaan ng mundong ito."⁴ Nang bigkasin ang pahayag na ito, nasa kalagitnaan tayo noon ng pagsiklab ng World War II.

Ngayon lalong bumaba ang moralidad. Isang bantog na manunulat ang nagsabi kamakailan, "Alam ng lahat na nakapipinsala ang pilosopiya, at walang sinumang umaasang magbabago iyan."⁵ Ang palaging paglalarawan ng karahasan at imoralidad sa musika, libangan, sining, at iba pang media sa makabago nating lipunan ay talamak na. Ito ay makabuluhang inilarawan ng isang pinagpipitaganang lider ng relihiyong Baptist nang sabihin niyang, "Hindi na kayang daigin ngayon ng espirituwalidad ng buong sibilisasyon ang kasamaan na gaya noong unang panahon."⁶

Hindi nakapagtataka na sa palagay ng ilang miyembro sa Simbahan ay hindi nila kayang sagutin ang tanong ni Alma nang matunog na oo. Hindi nila "nadarama ang gayon ngayon." Pakiramdam nila ay kulang sila sa espirituwalidad. Ang iba ay nagagalit, nasasaktan, o nalulungkot. Kung ganito rin ang nadarama ninyo,⁷ mahalagang alamin kung bakit hindi ninyo "nadarama ang gayon ngayon."

Marami sa nagkukulang sa espirituwalidad at katapatan ay hindi naman nakagawa ng malaking pagkakasala o paglabag, ngunit nagkamali sila sa pagpili. Ang ilan ay hindi mahigpit na tumutupad sa kanilang sagradong mga tipan. Ang iba ay gumugugol ng malaking oras sa mga bagay na walang gaanong kabuluhan. Ang ilan ay hinahayaang pahinain ng mga pananaw sa kultura o pulitika ang kanilang katapatan sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ilan ay masyadong nahihilig sa mga materyal sa Internet na nagpapalaki, nagmamalabis, at kung minsan ay nag-iimbento ng mga kahinaan ng mga lider ng Simbahan noon. Pagkatapos ay nagbibigay sila ng maling konklusyon na nakakaapekto sa patotoo. Sinumang piniling gawin ang mga bagay na ito ay maaaring magsisi at espirituwal na mapanibago.


Ang palaging pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay mahalaga sa espirituwal na kalakasan.⁸ Ang salita ng Diyos ay naghihikayat ng katapatan at nagsisilbing balsamo na nagpapagaling ng nasaktang damdamin, galit, o lungkot.⁹ Kapag ang ating katapatan ay nabawasan sa anumang dahilan, bahagi ng solusyon ang pagsisisi.¹⁰ Ang katapatan at pagsisisi ay magkaugnay.

Si C. S. Lewis, ang masipag at praktikal na Kristiyanong manunulat ay madamdaming isinulat ang bagay na ito. Iginiit niya na sinasabi ng Kristiyanismo na magsisi ang mga tao at nangangakong patatawarin sila; ngunit hangga't hindi alam at nadarama ng mga tao na kailangan nila ng kapatawaran, walang kabuluhan ang Kristiyanismo sa kanila. Sabi niya, "Kapag ikaw ay maysakit, makikinig ka sa doktor."¹¹

Ipinaliwanag ni Propetang Joseph na bago ka binyagan, maaaring wala kang kaalaman sa mabuti at masama. Ngunit "nang sumapi ka sa Simbahang ito nangako kang maglilingkod sa Diyos. Nang gawin mo iyan nilisan mo ang kawalan ng kaalaman sa mabuti at masama at hindi ka [makababalik] doon." Ipinayo niya na hindi natin dapat talikuran ang Panginoon.¹²

Binigyang-diin ni Alma na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo "ang mga bisig ng awa ay nakaunat" sa mga nagsisisi.¹³ Pagkatapos ay itinanong niya ang mahalagang tanong na ito: Handa na ba tayong humarap sa Diyos? Pinananatili ba nating walang bahid-dungis ang ating sarili? Dapat nating pagnilayan ang mga tanong na ito. Ang naranasan mismo ni Alma na pagsuway sa kanyang matapat na ama at sa bandang huli ay pagkaunawa nang lubos na kailangan niyang mapatawad at kung ano ang ibig sabihin ng umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig ay nakaaantig at nakahihikayat.

Bagama't ang iba pang bagay na nakababawas ng katapatan ay mahalagang isaalang-alang, dalawang matinding hamon ang laganap at mahalagang malaman. Ang una ay kawalang-habag, karahasan, at



pang-aabuso sa pamilya. Ang pangalawa ay imoralidad at masamang pag-iisip. Ang mga ito ang kadalasang nangyayari muna at nagiging sanhi ng kawalan ng katapatan.

Ang pakikitungo natin sa pinakamalapit sa atin ay napakahalaga. Ang karahasan, pang-aabuso, kawalan ng paggalang, at kalapastanganan sa tahanan ay hindi katanggap-tanggap—hindi katanggap-tanggap sa matatanda at gayundin sa bagong henerasyon. Ang aking ama ay hindi aktibo sa Simbahan ngunit isa siyang kahanga-hangang halimbawa, lalo na sa pakikitungo niya sa aking ina. Lagi niyang sinasabi noon: "Papananagutin ng Diyos ang mga lalaking nagpaiyak sa kanilang mga asawa." Ang konsepto ring ito ay binigyang-diin sa "Ang Maganak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Mababasa rito, "[Yaong] nang-aabuso ng asawa o anak . . . ay mananagot balang-araw sa harap ng Diyos."¹⁴ Anuman ang lipunang kinalakhan natin, at tayo man ay inabuso o hindi ng ating mga magulang, hindi natin dapat abusuhin sa pisikal, emosyonal, o sa salita ang sinuman.¹⁵

Ang pagkakaroon ng paggalang sa lipunan ay higit na kailangan ngayon. Ang pagtuturo ng kabaitan at paggalang ay nagsisimula sa ating tahanan. Hindi nakapagtataka na ang pagsama ng ugali ng tao ay dulot ng pagkawatak-watak ng pamilya. Ang pamilya ang saligan ng pagmamahal at nagpapanatili ng espirituwalidad. Sa tahanan



mga magulang ay dapat magkaroon ng tapang na suriin o alamin palagi ang nakukuha sa Internet, telebisyon, pelikula, at musika. Ang mga magulang ay dapat may lakas ng loob na magsabing, “hindi,” manindigan sa katotohanan, at magbahagi ng matibay na patotoo. Kailangang malaman ng inyong mga anak na nananampalataya kayo sa Tagapagligtas, nagmamahal sa inyong Ama sa Langit, at sumusuporta sa mga lider ng Simbahan. Ang matatag na espirituwalidad ay dapat magpatuloy sa ating mga tahanan. Umaasa ako na walang sinumang aalis sa kumperensyang ito nang hindi nauunawaan na ang paksa tungkol sa moralidad sa ating panahon ay dapat pag-usapan sa pamilya. Ang mga bishop, priesthood at auxiliary leader ay dapat tulungan ang mga pamilya at tiyaking naituturo ang mga espirituwal na alituntunin. Ang mga home at visiting teacher ay dapat tumulong, lalo na sa mga anak na nag-iisa ang mga magulang.

Itinanong ng binatilyong binanggit ko kanina kung alam ng mga Apostol ang edad na dapat simulang ituro ang pag-iwas sa pornograpiya at masamang pag-iisip. Mariin niyang sinabi na sa ibang lugar ang pagtuturo nito bago pa man umalis ang mga kabataan sa Primary ay hindi masyadong maaga kung tutuusin.

Ang mga kabataang nalantad sa mga imoral na larawan sa napakaagang edad ay natatakot na baka dahil dito ay hindi na sila karapat-dapat na magmisyon at tumanggap ng sagradong mga tipan. Bunga nito, nanghihina nang labis ang kanilang pananampalataya. Gusto kong tiyakin sa inyong mga kabataan na, tulad ng itinuro ni Alma, magiging karapat-dapat kayo sa lahat ng pagpapala ng langit kung kayo ay magsisisi.²⁰ Iyan ang kahulugan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Kausapin ang inyong mga magulang o pinagkakatiwalaang tagapayo, at humingi ng payo sa inyong bishop.

Pagdating sa moralidad, inaakala ng ilan na dahil nagkawanggawa sila o sinunod nila ang isang alituntunin ay hindi na nila kailangang sumunod

nahihikayat ang tao na patuloy na patatagin ang kanyang pananampalataya. Tunay ngang “kayganda ng paligid kung may pag-ibig [sa tahanan].”¹⁶

Ang imoralidad at maruming pag-iisip ay lumalabag sa mga pamanatayang itinakda ng Tagapagligtas.¹⁷ Nabigyang-babala tayo sa simula ng dispensasyong ito na ang imoralidad marahil ang pinakamahirap na suliraning haharapin.¹⁸ Ang gayong pag-uugali, kung hindi pagsisisihan, ay magpapahina ng espirituwalidad at magpapawala ng katapatan. Ang mga pelikula, TV, at Internet ay karanawang naglalahad ng nakapipinsalang mensahe at mga larawan. Kami ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ay nasa isang nayon sa Amazon jungle kamakailan at inobserbahan ang mga antena ng satellite na nakakabit kahit na sa maliliit na bahay lang. Natuwa kami na napakaraming impormasyon ang nakakarating sa liblib na pook na iyon. Natanto rin namin na halos walang lugar sa mundo na hindi naiimpluwensyahan ng mahalay, imoral, at mapanuksong mga larawan. Ito ang isang dahilan kung bakit ang pornograpiya ay napakabigat nang problema sa ating panahon.

Kamakailan marami akong nalaman sa pakikipag-usap ko sa isang 15 anyos na mayhawak ng Aaronic Priesthood. Ipinaliwanag niya sa akin

kung gaano kadali sa panahong ito ng Internet na malantad ang mga kabataan sa mahahalay na larawan at maging sa pornograpiya. Binigyang-diin niya na ang lipunan sa pangkalahatan, ay natutukoy kahit paano, na ang paglabag sa karamihan ng mga alituntuning itinuturo ng Simbahan ay may nakapipinsalang epekto sa kalusugan at kapakanan. Binanggit niya ang paninigarilyo, paggamit ng droga, at pag-inom ng alak ng mga kabataan. Ngunit napansin niya na walang kaukulang pagtutol o babala man lang ang lipunan sa kabuuan tungkol sa pornograpiya o imoralidad.

Mahal kong mga kapatid, ang obserbasyon ng binatilyong ito ay tama. Ano ang sagot? Sa maraming taon itinuro ng mga propeta at apostol ang kahalagahan ng pagpapatatag ng pananampalataya sa tahanan.¹⁹

Mga magulang, bagamat mahalaga, hindi na sapat ang regular na aktibong pakikibahagi sa mga miting at programa ng Simbahan para magawa ninyo ang sagradong tungkuling turuan ang inyong mga anak na mamuhay nang matwid sa harapan ng Panginoon. Sa pahayag ni Pangulong Monson ngayong umaga, mahalagang maisagawa ito nang buong katapatan sa mga tahanan kung saan ang kabaitan, pagpapatawad, katotohanan, at kabaitan ay dapat na umiiral. Ang

pa sa mga turo ng Tagapagligtas. Sinasabi nila sa kanilang sarili na ang kasalanang seksuwal ay “maliit na bagay lang . . . [kung ako] . . . ay mabait at mapagkawanggawa.”²¹ Ang gayong pag-iisip ay malaking kasinungalingan sa sarili. May mga kabataang nagsabi sa akin na sa kasalukuyang lipunan natin hindi “tanggap” ang masyadong mahigpit sa mga bagay-bagay, kasama na riyan ang pagsunod sa mga matwid na alituntunin.²² Sana huwag kayong mabitag sa ganyang patibong.

Sa binyag nangangako tayo na ating tataglayin “ang pangalan ni [Jesucristo], nang may *matibay na hangaring* maglingkod sa kanya hanggang wakas.”²³ Kailangan ng gayong tipan ng matinding pagsisikap, katapatan, at integridad kung nais nating patuloy na umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig at manatiling tunay na nagbalik-loob.

Isang di-malilimutang halimbawa ng pangakong manatiling matatag at di-natitinag ang nakita sa isang British Olympian na lumaban noong 1924 Olympics sa Paris, France.

Si Eric Liddell ay anak ng Scottish missionary sa China at may mata-tag na pananampalataya. Nagalit sa kanya ang namumuno ng Olympics sa Britain nang tumanggi siya, sa kabila ng pagpilit sa kanya, na tumakbo sa paunang 100-meter race na ginanap sa araw ng Linggo. Sa bandang huli napanalunan niya ang 400-meter race. Ang halimbawa ni Liddell na pagtanggap tumakbo sa araw ng Linggo ay talagang nagbibigay-inspirasyon.

Ang mga larawan at monumento bilang parangal sa kanya ay nagbanggit sa mga inspiradong salita ni Isaias, “Nguni’t silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila’y pailanglang na may mga pakpak na parang mga aguila; sila’y magsisitakbo, at hindi mangapagpagod; sila’y magsisilakad, at hindi manganghihina.”²⁴

Ang kahang-hangang ginawa ni Liddell ay nakaimpluwensya nang malaki sa aming bunsong anak na magpasiyang huwag maglaro tuwing Linggo at higit pa riyan ilayo ang sarili

sa bagay na di-matwid at makamundo. Ang sinabing ito ni Isaias ang inilathala niya sa kanyang yearbook. Si Liddell ay nag-iwan ng napakagandang halimbawa ng determinasyon at katapatang sumunod sa alituntunin.

Habang sinusunod ng ating mga kabataan ang payo ni Pangulong Monson na maghanda sa pagmimisyon, at habang ipinamumuhay nating lahat ang mga alituntunin na itinuro ng Tagapagligtas at maghanda na humarap sa Diyos,²⁵ magtatagumpay tayo sa mas mahalagang paligsahan.²⁶ Mapapasaatin ang Espiritu Santo bilang espirituwal na gabay. Para sa sinumang hindi maayos ang buhay, tandaan, hindi pa huli ang lahat para isalig ninyo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya at buhay.²⁷

Sa mga salita ni Isaias, “Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe.”²⁸

Dalangin ko na bawat isa sa atin ay gagawin ang anumang kailangang gawin upang madama ang Espiritu ngayon upang *magawa* nating awitin ang mapagtubos na pag-ibig nang buong puso. Pinatotohanan ko ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Alma 4:15–19.
2. Alma 5:26.
3. Si George Albert Smith noon ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Siya ang magiging Pangulo ng Simbahan sa May 21, 1945. (Tingnan sa *Deseret News 2012 Church Almanac* [2012], 98.)
4. George Albert Smith, sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 184.
5. Peggy Noonan, “The Dark Night Rises,” *Wall Street Journal*, Hulyo 28–29, 2012, A17.
6. Dr. R. Albert Mohler Jr., pangulo, The Southern Baptist Theological Seminary, pagtatanghal sa mga lider ng relihiyon, New York City, Set. 5, 2012.
7. Tingnan sa 2 Nephi 2:27.
8. Tingnan sa Juan 5:39; Amos 8:11; tingnan din sa James E. Faust, “A Personal Relationship with the Savior,” *Ensign*, Nob. 1976, 58–59.
9. Tingnan sa Alma 31:5.
10. Tingnan sa Alma 36:23–26.
11. C. S. Lewis, *Mere Christianity* (1952), 31–32. Si Lewis ay Fellow sa English literature sa Oxford University at naging chair ng Medieval at Renaissance English sa Cambridge University.

12. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 379; tingnan din sa Apocalipsis 3:15–16.
13. Alma 5:33.
14. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
15. Tingnan sa Richard G. Scott, “Removing Barriers to Happiness,” *Ensign*, Mayo 1998, 85–87. Ang ilan sa mga bagay na iniuutos ng kultura ay salungat sa mga turo ng Tagapagligtas at inililihis tayo ng landas. Noong ako ay nasa South Pacific, nakilala ko ang isang lalaking ilang taon nang investigator ng Simbahan. Sinabi niyang naantig siyang mabuti nang ituro ng isang lider ng Simbahan sa kumperensya ng priesthood na, “Ang mga kamay na dati ninyong gamit sa pagpalo sa inyong mga anak ay gagamitin na ngayon para basbasan ang inyong mga anak.” Tinuruan siya ng mga missionary, nabinyagan, at naging mahusay na lider.
16. “Pag-ibig sa Tahanan,” *Mga Himno*, blg. 183.
17. Tingnan sa Alma 39.
18. Tingnan sa Ezra Taft Benson, “Cleansing the Inner Vessel,” *Ensign*, Mayo 1986, 4.
19. Ipinalam ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” sa pangkalahatang pulong ng Relief Society noong Setyembre 1995. Si Pangulong Thomas S. Monson ang namahala sa pagbabago ng unang kababata ng *Handbook 2: Administering the Church* (2010), “Families and the Church in God’s Plan.”
20. Tingnan sa Alma 13:27–30; 41:11–15.
21. Ross Douthat, *Bad Religion: How We Became a Nation of Heretics* (2012), 238; tingnan din sa Alma 39:5.
22. Huwag hayaang hadlangan ang inyong pananampalataya ng isang lipunang puno ng karahasan at imoralidad at mapamuna sa mga sumusunod sa mga alituntuning itinuro ng Tagapagligtas. Tulad ng isinulat ng makatang si Wordsworth, “Punuin [ang inyong isipan] ng nakalulugod na bagay, upang kahit ang masasamang pananalita, maling paghusga, o paglapastangan ng mga makasarili . . . ay hindi manaig . . . o humadlang sa inyong masayang pagsampalataya” (“Lines Composed a Few Miles above Tintern Abbey, sa *The Oxford Book of English Verse*, ed. Christopher Ricks [1999], 346).
23. Moroni 6:3; may pagbibigay-diin; tingnan din sa Mosias 18:13.
24. Isaias 40:31; tingnan sa Robert L. Backman, “Day of Delight,” *New Era*, Hunyo 1993, 48–49.
25. Tingnan sa Alma 34:32.
26. Tingnan sa I Corinto 9:24–27.
27. Tingnan sa Helaman 5:12. Ipinayo ni Oliver Wendell Holmes, “Napag-alaman ko sa mundong ito na ang pinakamahalagang bagay ay hindi kung saan tayo nakatayo, kundi kung saan tayo papunta: Upang marating ang daungan ng langit, kung minsan ay dapat tayong patangay sa hangin at kung minsan ay dapat nating labanan ito—ngunit anuman ang ating gawin dapat tayong maglayag, at hindi lamang magpantianod, o maghulog ng angkla” (*The Autocrat of the Breakfast-Table* [1858], 105).
28. Isaias 1:18.



Ni Ann M. Dibb

Pangalawang Tagapayo sa Young Women
General Presidency

Alam Ko Ito. Ipinamumuhay Ko Ito. Mahal Ko Ito.

Bilang mga miyembro tayo ay mga tagasunod ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang gayong pagbabalik-loob at kumpiyansa ay resulta ng masigasig at kusang pagkilos. Ito ay pinagsisikapan ng bawat isa. Ito ay patuloy na ginagawa.

Inspirasyon sa *akin* ang mga halimbawa ng mabubuting miyembro ng Simbahan, kabilang na ang mararangal na kabataan. Kayo ay matatag na umaasa sa Tagapagligtas. Kayo ay matapat, masunurin, at dalisay. Ang mga pagpapalang natanggap ninyo dahil sa inyong kabutihan ay nakaapekto hindi lang sa buhay ninyo kundi sa akin din at sa buhay ng marami pang iba sa paraang napakatindi ngunit karaniwang hindi nababatid.

Ilang taon na ang nakararaan, nakapila ako para bumili sa tindahan sa aming lugar. Nasa unahan ko ang isang dalagita na mga 15 taong gulang. Mukha siyang masaya at may kumpiyansa sa sarili. Napansin ko ang T-shirt niya at hindi ko napigilang kausapin siya. Sabi ko, “Taga-ibang estado ka, ‘di ba?”

Nagulat siya sa tanong ko at sumagot, “Opo. Taga Colorado po ako. Paano ninyo nalaman?”

Ang sagot ko, “Dahil sa suot mong T-shirt.” Nahulaan ko nang tama dahil nabasa ko ang nakasulat sa kanyang t-shirt na “I’m a Mormon. Are you [Ako ay Mormon. Ikaw din ba]?”

Patuloy ko, “Gusto kong sabihin sa iyo na hanga ako sa kumpiyansa mo na mamukod-tangi at magsuot ng t-shirt na hayagang nagsasabi kung sino ka. Nakikita kong naiiba ka, at sana bawat kabataang babae at miyembro ng Simbahan ay may pamanalig at kumpiyansang taglay mo.” Natapos na ang aming pamimili, nagpaalam sa isa’t isa at naghiwalay.

Ngunit kahit ilang linggo na ang lumipas, pinag-iisipan ko pa rin ang pangyayaring ito. Inisip ko kung pano nagkaroon ng ganoong kumpiyansa sa pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang dalagitang ito na taga Colorado. Hindi ko mapigilang isipin kung ano kayang makahulugang mga salita, kung sakali man,

ang pipiliin kong ipalagay sa *aking* t-shirt na nagpapakita ng aking paniniwala at patotoo. Marami akong naisip na kasabihang puwedeng ilagay. Sa wakas, naisip ko ang pinakamagandang mga katagang maipagmamalaki ko: “Ako ay Mormon. Alam ko ito. Ipinamumuhay ko ito. Mahal ko ito.”

Ngayon, gusto kong ituon ang aking mensahe sa hayagan, at kahikahikayat na mga katagang ito.

Ang unang bahagi ay walang pagdududa at walang inaalintanang pagsasabi ng: “Ako ay Mormon.” Tulad ng walang takot na ipinaalam sa lahat ng dalagitang nakita ko sa tindahan na siya ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sana ay hindi rin tayo matakot o mag-atubiling ipaalam na, “Ako ay Mormon.” Dapat ay magtiwala tayong tulad ni Apostol Pablo na nagsabing, “Sapagka’t hindi ko ikinahihiya ang evangelio [ni Cristo]: sapagka’t siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya.”¹ Bilang mga miyembro, tayo ay mga tagasunod ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang gayong pagbabalik-loob at kumpiyansa ay resulta ng masigasig at kusang pagkilos. Ito ay pinagsisikapan ng bawat isa. Ito ay patuloy na ginagawa.

Ang sumunod na bahagi ay, “Alam ko ito.” Sa panahon ngayon, napakaraming aktibidad, paksa, at kinahihihingan na nagpapaligsahan sa pagkuha ng ating atensyon. Sa dami ng mga puwede nating gawin, may lakas, disipilina, at determinasyon ba tayong manatiling nakatuon sa kung ano ang pinakamahalaga? Maalam ba tayo sa mga katotohanan ng ebanghelyo gaya ng pagiging maalam natin sa eskwela, propesyon, libangan, isport, o sa pag-text at pag-tweet? Masigasig ba tayong naghahanap ng sagot sa ating mga tanong sa pamamagitan ng pagpapakabusog sa mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta? Inaalam ba natin kung nakaayon tayo sa Espiritu?

Ang kahalagahan ng pagtatamo ng kaalaman ay walang hanggang alituntunin. Si Propetang Joseph Smith ay “mahilig sa kaalaman dahil sa kapangyarihang nagmumula sa

mabuting paggamit nito.”² Sabi niya: “Ang kaalaman ay kailangan sa buhay at kabanalan. . . . Dinggin, kayong lahat na kalalakihan, ang mahalagang susing ito: ang kaalaman ay kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.”³

Lahat ng katotohanan at kaalaman ay mahalaga, ngunit sa kabila ng mga iba pang gusto nating gawin, ang dapat nating higit na pagtuunan ay ang pagpapalawak ng kaalaman natin sa ebanghelyo upang maunawaan natin kung paano ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.⁴ Sa pagdami ng ating nalalaman, magiging kumpiyansa tayo sa ating mga patotoo at masasabing, “Alam ko ito.”

Susunod ay ang pahayag na, “Ipinamumuhay ko ito.” Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na dapat maging “tagatupad [tayo] ng salita, at huwag tagapakinig lamang.”⁵ Ipinamumuhay natin ang ebanghelyo at nagiging “tagatupad ng salita” kapag tayo’y sumasampalataya, sumusunod, mapagkandiling naglilingkod sa iba, at sinusunod ang halimbawa ng Tagapagligtas. Kumikilos tayo nang may integridad at ginagawa ang alam nating tama “sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar,”⁶ sino man ang nakatingin o hindi nakatingin sa atin.

Sa buhay natin sa mundo, walang sinumang perpekto. Kahit na pagsikap natin nang husto ang pamumuhay ng ebanghelyo, lahat tayo ay magkakamali, at lahat tayo ay magkakasala. Malaking kapanatagan ang malamang sa pamamagitan ng nakatutubos na sakripisyo ng ating Tagapagligtas, mapapatawad tayo at malilinis na muli. Ang tunay na pagsisisi at pagpapatawad ay nagpapalakas ng ating patotoo at ng ating pagpapasiyang sundin ang mga utos ng Panginoon at mamuhay ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo.

Kapag iniisip ko ang mga katagang, “Ipinamumuhay ko ito,” naaalala ko ang dalagitang nakilala ko na ang pangalan ay Karigan. Isinulat niya: “Ako ay miyembro ng Simbahan mahigit isang taon na. . . . Para sa akin, noong nagsisiyasat pa lang ako, isang palatandaan kaya ko nalaman na ito ang



tunay sa Simbahan ay dahil nagtuturo ito ng kahinhinan at mga pamantayan. Nakikita ko mismo ang nangyayari sa mga tao kapag winawalang-halaga nila ang mga utos at pinipili ang maling landas. Matagal ko nang ipinasiya na ipamuhay ang matataas na pamatayan ng moralidad. . . . Napakapalad ko na makita ang katotohanan at mabinyagan. Napakasaya ko.”⁷

Ang huling mga kataga sa aking ihahayag ay “Mahal ko ito.” Ang pagtamo ng kaalaman sa ebanghelyo ni Jesucristo at masigasig na pamumuhay ng ebanghelyo sa araw-araw ay naghihikayat sa maraming miyembro ng Simbahan na masiglang sabihing, “Mahal ko ang ebanghelyo!”

Nadarama ito kapag nadarama natin ang Espiritu Santo na nagpapatotoo sa atin na tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na inaalala Niya tayo, at tayo ay nasa tamang landas. Nag-iibayo ang pagmamahal natin sa ebanghelyo kapag nadarama natin ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ang kapayapaang ipinangako ng Tagapagligtas kapag ipinakitang natin sa Kanya na handa tayong sundin Siya.

Sa iba’t ibang panahon ng ating buhay, bago man o matagal na tayong miyembro ng Simbahan, maaaring maramdaman natin na nababawasan

na ang kasiglahang ito. Kung minsan nangyayari ito kapag maraming pagsubok at kailangan nating magtiis. Kung minsan nangyayari ito kapag nasa rurok tayo ng kasaganaan. Sa tuwing mararamdaman ko ito, alam kong kailangang dagdagan kong muli ang kaalaman ko sa ebanghelyo at ipamuhay ang mga alituntunin nang mas lubusan sa aking buhay.

Isa sa mga pinakapektibo ngunit kung minsan ay mahirap ipamuhay na alituntunin ng ebanghelyo ay ang kapakumbabaan at pagsunod sa kagustuhan ng Diyos. Sa panalangin ni Cristo sa Halamanan ng Getsemani, ipinahayag Niya sa Ama, “Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo.”⁸ Ito ang dapat din nating maging panalangin. Kadalasan, sa mga ganitong taimtim na pagdarasal natin nadaramang nababalot tayo ng pagmamahal ng Ama sa Langit, at ang masaya at magiliw na damdaming iyon ay muling nadarama.

Sa isang Young Women leadership meeting sa Eugene, Oregon, nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala at makausap si Sister Cammy Wilberger. Ang ikinuwento ni Sister Wilberger sa akin ay katibayan ng lakas at pagpapala ng isang dalagitang nalalaman, ipinamumuhay, at minamahal ang ebanghelyo.

Ang 19-na taong gulang na anak ni Sister Wilberger, na si Brooke, ay namatay ilang taon na ang nakaraan habang nasa bakasyon matapos ang unang taon niya sa unibersidad. Paggunita ni Sister Wilberger, “Napakahirap at napakalungkot na panahon iyon sa aming pamilya. Gayunman, binigyan kami ni Brooke ng napakagandang regalo. Hindi namin napan-sin ito sa kanyang paglaki, ngunit bawat taon at sandali ng maikli niyang buhay, ibinigay ni Brooke ang pinakamagandang regalong maibibigay ng isang anak sa kanyang mga magulang. Si Brooke ay mabuting anak ng Diyos. . . . Dahil sa regalong ito at lalo na sa nakapagpapalakas na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, nagkaroon ako ng lakas, kapanatagan, at ng pangakong kapayapaan ng Tagapagligtas. Alam ko kung nasaan si Brooke ngayon at inaasam ko ang matamis naming pagkikitang-muli.”⁹

Pinatototohanan ko ang dakilang plano ng walang hanggang kaligayahan ng Ama sa Langit. Alam ko na kilala at mahal Niya tayo. Alam ko na naghanda Siya ng isang propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, upang himukin at gabayan tayo na makabalik sa Kanya. Dalangin ko na magsisikap tayo upang may kumpiyansa nating masabi na, “Ako ay Mormon. Alam ko ito. Ipinamumuhay ko ito. Mahal ko ito.” Mapagkumbaba kong sinasabi ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Paalala: *Para sa dagdag na pag-aaralan, mung-kahi kong basahin ninyo ang Alma 32 at ang mensahe ni Elder Dallin H. Oaks na, “Ang Paghamon na Magkaroon ng Kahihinatnan”* (Liahona, Ene. 2001, 40–43).

MGA TALA

1. Mga Taga Roma 1:16.
2. George Q. Cannon, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 305.
3. *Mga Turo: Joseph Smith*, 305; tingnan din sa Martha Jane Knowlton Coray, notebook, Church History Library, Salt Lake City.
4. Tingnan sa kaalaman mga karanasan sa pinahalagahan bilang 1, *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 38.
5. Santiago 1:22.
6. Mosias 18:9.
7. Personal na liham.
8. Lucas 22:42.
9. Personal na liham.



Ni Elder Craig C. Christensen
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Hindi Masambit na Kaloob Mula sa Diyos

Ang Espiritu Santo ay kumikilos na ganap na kaisa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, gumaganap sa maraming mahahalagang tungkulin at natatanging responsibilidad.

Noong 1994, inanyayahan ni Pangulong Howard W. Hunter ang lahat ng miyembro ng Simbahan na “magtayo ng templo . . . bilang dakilang simbolo ng [ating] pagiging miyembro.”¹ Kalaunan ng taon ding iyon, natapos ang Bountiful Utah Temple. Tulad ng marami, sabik din kaming dalhin ang maliliit pa naming anak sa open house bago ang paglalaan. Pinagsikapan naming ihanda ang aming mga anak sa pagpasok sa templo, taimtim na ipinagdarasal na magkaroon sila ng espirituwal na karanasan upang maging mahalagang bahagi ng buhay nila ang templo.

Habang mapitagan kaming naglalakad sa templo, humanga ako sa maringal na arkitektura, eleganteng pagkakagawa, liwanag na sumisilay mula sa matataas na bintana, at marami sa magagandang ipinintang larawan. Bawat aspeto ng sagradong gusaling ito ay totoong napakaganda.

Pagpasok namin sa celestial room, bigla ko na lang naramdaman na ang anim na taong gulang naming bunso na si Ben ay nakakapit pala sa binti ko. Kinakabahan siya—parang medyo balisa.

“Bakit, anak?” bulong ko.

“Daddy,” sagot niya, “ano pong nangyayari dito? Ngayon ko lang po naramdaman ito.”

Dahil naisip ko na marahil ito ang unang pagkakataon na nadama ng aking anak ang impluwensya ng Espiritu Santo sa gayong napakatin-ding paraan, lumuhod ako sa tabi niya. Habang lumalakad sa palibot namin ang mga bisita, ilang minuto naming pinag-usapan ni Ben ang tungkol sa Espiritu Santo. Nagulat ako na naging madali para sa amin na pag-usapan ang kanyang sagradong nararamdaman. Habang nag-uusap kami, nalaman ko na ang pinakamaganda para kay Ben ay hindi ang kanyang *nakita* kundi ang kanyang *nadama*—hindi ang pisikal na kariktang nakapalibot sa amin kundi ang marahan at banayad na tinig ng Espiritu ng Diyos sa kanyang puso. Ikinuwento ko sa kanya ang natutuhan ko sa aking karanasan, bagama’t ang naranasan niya kahit siya’y bata pa lang ay naghikayat sa aking muli na higit na pahalagahan ang hindi masambit na kaloob mula sa Diyos—ang kaloob na Espiritu Santo.²

Ano ang Espiritu Santo?


Ang Espiritu Santo ay ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos, at, tulad ng Diyos Ama at ni Jesucristo, alam Niya ang ating iniisip at ang mga layunin ng ating puso.³ Mahal tayo ng Espiritu Santo at nais tayong maging masaya. Dahil alam Niya ang mga pagsubok na haharapin natin, magagabayan at matuturuan Niya tayo sa lahat ng bagay na dapat nating gawin para makabalik at makasamang muli ang ating Ama sa Langit.⁴

Hindi katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, na may mga niluwalhatang katawang may laman at mga buto, ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu na nangungusap sa ating mga espiritu sa pamamagitan ng mga pakiramdam at pahiwatig.⁵ Bilang espiritong nilalang, kakaiba ang Kanyang responsibilidad bilang tagapaghatid ng natatangap nating personal na paghahayag. Sa banal na kasulatan, ang Espiritu Santo ay karaniwang tinutukoy bilang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Panginoon, ang Banal na Espiritu ng Pangako, o simpleng tinutukoy na Espiritu.⁶

Ano ang Misyong ng Espiritu Santo?

Ang Espiritu Santo ay kumikilos na ganap na kaisa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, gumaganap sa maraming mahahalagang tungkulin at natatanging responsibilidad. Ang pangunahing layunin ng Espiritu Santo ay magpatotoo sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo,⁷ at ituro sa atin ang katotohanan ng lahat ng bagay.⁸ Ang tiyak na pagsaksi ng Espiritu Santo ay higit na hindi mapag-aalinlangan kaysa iba pang anumang pagsaksi. Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith na “ang Espiritu ng Diyos na nangungusap sa espiritu ng tao ay may kapangyarihang maglahad ng katotohanan nang mas mabisa at mas maalam kaysa sa personal na paglalahad ng katotohanan sa tao kahit pa ng mga nilalang sa langit.”⁹

Ang Espiritu Santo ay kilala rin bilang Mang-aaliw.¹⁰ Sa panahon na tayo ay balisa o malungkot o kahit kailangan lang nating malaman na nariyan



ang Diyos, pasisiglahin at bibigyan tayo ng pag-asa ng Espiritu Santo, at tuturuan tayo ng “mga mapayapang bagay ng kaharian”¹¹ na magpapakadama sa atin ng “kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip.”¹²

Ilang taon na ang nakalipas, nang magtipon kaming magkakamag-anak para sa isang salu-salo, sinimulang makipaglaro ng aking ama sa kanyang mga apo. Biglang-bigla, hinimatay siya at kaagad na namatay. Ang ganitong di-inaasahang pangyayari ay maaaring nakapanlulumo, lalo na sa kanyang mga apo, at maaaring pagmulan ng mga tanong na mahirap sagutin. Gayunpaman, nang tipunin namin ang aming mga anak, at nang kami ay magdasal at magbasa ng mga salita ng mga propeta sa Aklat ni Mormon tungkol sa layunin ng buhay, pinanatang ng Espiritu Santo ang bawat isa sa amin. Sa paraang mahirap ilarawan ng mga salita, ang mga sagot na ating hinihingi ay naipadarama nang malinaw sa ating puso. Nakadama kami ng kapayapaan nang araw na iyon na tagalang di mawari ng *aming* pag-iisip, ngunit ang pagsaksi ng Espiritu Santo ay tiyak, di-maikakaila, at totoo.

Ang Espiritu Santo ay guro at tagapaghayag.¹³ Sa ating pag-aaral, pagninilay, at pagdarasal tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo, ang Espiritu Santo ay nagbibigay-liwanag sa ating isipan at pinabibilis ang ating pag-unawa.¹⁴ Ikinikintal Niya ang katotohanan sa ating kaluluwa at pinagbabago nang malaki ang ating puso. Sa pagbabahagi natin ng mga katotohanang ito sa ating pamilya, sa mga kapwa miyembro natin sa Simbahan, at sa mga kaibigan at kapitbahay, ang Espiritu Santo ay nagiging guro din nila, dahil inihahatid Niya ang mensahe ng ebanghelyo “sa puso ng mga anak ng tao.”¹⁵

Hinihikayat tayo ng Espiritu Santo na tumulong sa iba at maglingkod. Para sa akin ang pinaka di-malilimutang halimbawa ng pagtalima sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo na paglingkuran ang iba ay mula sa buhay at ministeryo ni Pangulong Thomas S. Monson, na nagsabing: “Sa pagtupad sa ating mga responsibilidad, natutuhan ko na kapag dininig natin ang tahimik na pag-uudyok ng espiritu at gagawin ito agad, gagabayan ng Ama sa Langit ang ating mga yapak,



tinig na *madarama* ninyo kaysa *maririnig*. . . Bagama't sinasabi natin na 'pakikinig' sa mga pagbulong ng Espiritu, karaniwang inilalarawan ng isang tao ang espirituwal na pahiwatig sa pagsasabing, 'may *nadama* ako . . .'."18 Sa pamamagitan ng mga espirituwal na damdaming ito mula sa Espiritu Santo nalalaman natin ang nais ipagawa sa atin ng Diyos, dahil ito, tulad ng isinasaad sa banal na kasulatan, ay "ang diwa ng paghahayag."¹⁹

Ano ang Ibig Sabihin ng Tanggapin ang Kaloob na Espiritu Santo?

Sa pagtuturo ko sa anim-na-taong gulang na anak kong si Ben, inisip ko na mahalagang sabihin ang kaibhan ng nararamdaman niya, na impluwensya ng Espiritu Santo, at ang kaloob na Espiritu Santo, na matatanggap niya matapos ang binyag. Bago ang binyag, madarama ng lahat ng matatapat na naghahangad ng katotohanan ang impluwensya ng Espiritu Santo paminsan-minsan. Gayunpaman, ang oportunidad na makasamang palagi ang Espiritu Santo at ang *kabuuan* ng lahat ng kaakibat na pagpapala ay matatanggap lamang ng mga karapat-dapat at nabinyagang miyembro na natanggap ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga mayhawak ng priesthood ng Diyos.

Sa kaloob na Espiritu Santo, tatanggap tayo ng dagdag na kakayahan at mga espirituwal na kaloob, mga paghahayag at proteksyon, patuloy na gabay at direksyon, at ang ipinangakong pagpapala na kabanalan at kadakilaan sa kahariang selestiyal. Lahat ng pagpapalang ito ay ibinigay dahil sa ating sariling hangarin na matanggap ang mga ito at darating ito kapag iniayon natin ang ating buhay sa kagustuhan ng Diyos at ninanais palagi ang Kanyang paggabay.

Habang pinagninilay ko ang naranasan namin ni Ben sa Bountiful Utah Temple, marami akong magandang nadarama at naiisip. Malinaw kong naaalala na habang abala akong nakatuon sa karingalang nakikita ko, isang musmos sa aking

at pagpapalain ang buhay natin at ng iba. Wala akong alam na karanasang mas nakalulugod o damdaming mas mahalaga kaysa sa pagdinig sa pag-uudyok, at matuklasang sinagot ng Panginoon ang dalangin ng ibang tao sa pamamagitan ninyo."¹⁶

Magkukuwento ako ng isang nakaantig na pangyayari. Noong si Pangulong Monson ay bishop pa, nalaman niya na ang isang miyembro ng kanyang ward, si Mary Watson, ay naospital. Nang bisitahin niya ito, nalaman niya na nasa isang malaking silid ito kasama ng ilan pang pasyente. Nang lapitan niya si Sister Mary Watson, napansin niya na ang pasyenteng nasa katabing kama ay mabilis na nagtalukbong.

Matapos makausap ni Pangulong Monson si Sister Watson at mabigyan ito ng priesthood blessing, kinamayan niya ito, nagpaalam, at naghandang umalis. Pagkatapos isang simple ngunit kamangha-manghang bagay ang nangyari. Ilalahad ko ang mismong paggunita ni Pangulong Monson sa pangyayaring ito:

"Hindi ko siya maiwan. "Parang may isang di-nakikitang kamay na nakapatong sa balikat ko, at nadama ko sa aking kaluluwa na naririnig ko ang mga salitang ito: 'Pumunta ka sa katabing kama kung saan nakahiga ang maliit na babae na nagtalukbong nang pumasok ka.' Ganoon nga ang ginawa ko. . .

"Lumapit ako sa kama ng pasyenteng iyon, marahang tinapik ang kanyang balikat at dahan-dahang inalis ang kumot na nakatalukbong sa kanyang mukha. At laking gulat ko! Siya ay miyembro din ng aking ward. Hindi ko alam na pasyente rin pala siya sa ospital. Ang pangalan niya ay Kathleen McKee. Nang tingnan niya ako, ipinaliwanag niya habang umiiyak. "Bishop, nang pumasok ka sa pintuang iyan, naisip ko na pumunta ka para basbasan ako dahil ipinagdasal ko iyon. Tuwang-tuwa akong isipin na nalaman mong narito ako, pero nang huminto ka sa katabing kama, nalungkot ako, at nalaman ko na hindi pala ako ang pinuntahan mo.'

"Sabi ko kay [Sister] McKee: 'Hindi na mahalaga na hindi ko alam na narito ka. Ngunit ang mahalaga ay alam ng ating Ama sa Langit at na taimtim mong ipinagdasal na mabigyan ka ng priesthood blessing. Siya ang nagpahiwatig sa akin na lapitan ka kahit pa nakatalukbong ka."¹⁷

Paano Nangungusap sa Atin ang Espiritu Santo?

Lahat tayo ay nagagabayan ng Espiritu Santo, hindi man natin laging natutukoy iyon. Kapag may magaganda tayong naiisip, alam nating tama iyon dahil sa espirituwal na nararamdaman ng ating puso. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: "Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa

tabi ang nakadama ng makapangyarihang damdamin sa kanyang puso. Mapagmahal akong inanyayahan na huwag lamang huminto at lumuhod kundi dinggin ang panawagan ng Tagapagligtas na maging tulad ng isang maliit na bata—mapagkumbaba, mababang-loob, at handang pakinggan ang marahan at banayad na tinig ng Kanyang Espiritu.

Pinatototohanan ko na tunay at banal ang misyon ng Espiritu Santo at na sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, ay malalaman natin ang katotohanan ng lahat ng bagay. Pinatototohanan ko na ang kaloob na Espiritu Santo ay ang mahalaga at di magsambit na kaloob sa lahat ng lalapit sa Kanyang Anak, magpapabinyag sa Kanyang pangalan, at tatanggapin ang Espiritu Santo sa sandaling makumpirma sa Kanyang Simbahan. Ang lahat ng sagradong katotohanang ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Howard W. Hunter, sa Jay M. Todd, "President Howard W. Hunter: Fourteenth President of the Church," *Ensign*, Hulyo 1994, 5; tingnan din sa Howard W. Hunter, "The Great Symbol of Our Membership," *Tambuli*, Nob. 1994, 3.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:26.
3. Tingnan sa Alma 12:7; 18:16–18; Doktrina at mga Tipan 6:15–16.
4. Tingnan sa 2 Nephi 32:5.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22.
6. Tingnan sa Lucas 4:1, 18; 11:13; Juan 1:33; Mga Taga Efeso 1:13; Doktrina at mga Tipan 88:3.
7. Tingnan sa 2 Nephi 31:18; 3 Nephi 28:11; Doktrina at mga Tipan 20:27.
8. Tingnan sa Moroni 10:5.
9. Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo. (1954–56), 1:47–48.
10. Tingnan sa Juan 14:26; Doktrina at mga Tipan 35:19.
11. Doktrina at mga Tipan 36:2.
12. Mga Taga Filipos 4:7.
13. Tingnan sa Lucas 12:12; I Mga Taga Corinto 2:13; Doktrina at mga Tipan 50:13–22; *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 153.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 11:13.
15. 2 Nephi 33:1.
16. Thomas S. Monson, "Pumayapa, Tumahimik Ka," *Liahona*, Nob. 2002, 55.
17. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Christ at Bethesda's Pool," *Ensign*, Nob. 1996, 18–19.
18. Boyd K. Packer, "Personal Revelation: The Gift, the Test, and the Promise," *Liahona*, Hunyo 1997, 10.
19. Doktrina at mga Tipan 8:3; tingnan sa talata 2.



Ni Elder Shayne M. Bowen
Ng Pitumpu

"Sapagka't Ako'y Nabubuhay, ay Mangabubuhay Rin Naman Kayo"

Dahil sa Kanya, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, ang mga pagdurusa, lungkot, at kawalan ng pag-asa ay papawiing lahat balang araw kapalit ang ganap na kagalakan.

Noong mga missionary pa kami sa Chile, nakilala namin ng kompanyon ko ang isang pamilya sa branch na may limang anak. Nagsisimba linggu-linggo ang ina kasama ang kanyang mga anak. Inakala naming matagal na silang miyembro ng Simbahan. Makaraan ang ilang linggo nalaman namin na hindi pa sila nabinyagan.

Kaagad kaming nakipag-ugnayan sa pamilya at itinanong namin kung maaari namin silang puntahan sa bahay at turuan. Hindi interesado ang ama na malaman ang tungkol sa ebanghelyo pero hindi naman siya tutol sa pagtuturo namin sa kanyang pamilya.

Mabilis na natutuhan ni Sister Ramirez ang mga lesson. Gustungusto niyang malaman ang lahat ng doktrinang itinuturo namin. Isang gabing tinatalakay namin ang pagbinyag sa sanggol, itinuro namin na

ang mga bata ay walang kasalanan at hindi kailangang binyagan. Inanyayahan namin siyang basahin sa Aklat ni Moroni ang:

"Masdan, sinasabi ko sa iyo na ituro mo ang bagay na ito—pagsisisi at pagbibinyag sa mga yaong may pananagutan at may kakayahang gumawa ng kasalanan; ooturuan ang mga magulang na sila ay kinakailangang magsisi at magpabinyag, at magpakumbaba ng kanilang sarili katulad ng kanilang maliliit na anak, at silang lahat ay maliligtas kasama ng kanilang maliliit na anak.

"At ang kanilang maliliit na anak ay hindi nangangailangan ng pagsisisi, ni ng binyag. Masdan, ang binyag ay tungo sa pagsisisi sa katuparan ng mga kautusan para sa kapatawaran ng mga kasalanan.

"Subalit ang maliliit na bata ay buhay kay Cristo, maging mula pa

sa pagkakatatag ng daigdig; kung hindi gayon, ang Diyos ay isang may pagkiling na Diyos, at isa ring pabagubagong Diyos, at may pagtatangi sa mga tao, sapagka't kayraming maliliit na bata ang mga nangamatay nang walang binyag!"¹

Pagkabasa ng talatang ito, nag-simulang humikbi si Sister Ramirez. Nagtaka kami ng kompanyon ko. Itinanong ko, "Sister Ramirez, may nasabi po ba kami o ginawa na nakasakit ng damdamin ninyo?"

Sabi niya, "Naku, wala, Elder, wala kayong ginawang mali. Anim na taon na ang nakalipas, mayroon kaming anak na lalaki. Namatay siya nang hindi namin napabinyagan. Sinabi sa amin ng pari na dahil hindi siya nabinyagan, walang hanggan siyang mamamalagi sa limbo. Sa loob ng anim na taon dala-dala ko ang sakit at panunurot ng budhi dahil diyan. Pagkabasa ko ng talatang ito, alam ko sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na ito ay totoo. Dama kong nawala ang mabigat na pasanin ko, at naiiyak ako dahil sa tuwa."

Naaalala ko ang mga itinuro ni Propetang Joseph Smith tungkol sa nakapagpapanatag na doktrinang ito: "Maraming taong kinukuha ang Panginoon, kahit mga sanggol pa lamang, upang matakasan nila ang mga inggit ng mga tao, at ang kalungkutan at kasamaan ng daigdig ngayon; napakadalisyay nila, napakaganda, para mamuhay sa mundo; samakatwid, kung tutuusin, sa halip na magdalamhati ay may dahilan tayong magalak dahil naligtas sila sa kasamaan, at hindi magtatagal at maaangkin natin silang muli."²

Matapos pagdusahan ang halos di-makayanang pighati at pasakit nang anim na taon, ang totoong doktrina, na inihayag ng mapagmahal na Ama sa Langit sa pamamagitan ng kanyang buhay na propeta, ay nagdulot ng kapanatagan sa nagdadalamhating inang ito. Mangyari pa, si Sister Ramirez at kanyang mga anak na walong taong gulang at pataas ay nabinyagan.

Naaalala kong isinulat ko sa aking pamilya ang pasasalamat ko dahil nalaman ko ito gayundin ang marami

pang ibang malinaw at mahalagang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi ko inakala na ang napakaganda at totoong alituntuning ito ay tutulong sa akin sa hinaharap at magsisilbing balsamo ng Galaad sa akin.

Gusto kong magsalita sa mga namatayan ng anak at nagtatanong ng, "Bakit ako?" o kaya ay pinanghinaan ng pananampalataya sa mapagmahal na Ama sa Langit. Dalangin ko na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, makapagbigay ako ng kahit kaunting pag-asa, kapanatagan, at pag-unawa. Nais kong maging kasangkapan sa pagbabalik ng inyong pananampalataya sa ating mapagmahal na Ama sa Langit, na nakaaalam ng lahat ng bagay at hinahayaan tayong makaranas ng mga pagsubok upang makilala at mahal inatin Siya at maunawaan na kung hindi sa Kanya ay wala tayong halaga.

Noong ika-4 ng Pebrero ng 1990, isinilang ang pangatlo naming anak na lalaki at pang-anim na anak. Pinangalanan namin siyang Tyson. Nakatutuwa siyang sanggol, at masaya at sabik siyang sinalubong ng buong pamilya. Ipinagmamalaki siya ng kanyang mga kapatid. Inisip naming lahat na siya ang pinakaperpektong bata na isinilang sa mundo.

Noong si Tyson ay walong buwang gulang, nakalulon siya ng chalk na nakita niya sa carpet. Bumara ang chalk sa lalamunan ni Tyson, at hindi siya makahinga. Ipinanhik si Tyson ng kanyang kuya, na natatarantang sumigaw ng, "Hindi humihinga si baby. Hindi humihinga si baby." Binigyan namin siya ng CPR at tinawagan ang 911.

Dumating ang mga paramedic at isinugod si Tyson sa ospital. Sa waiting room patuloy kaming nagdasal nang taimtim, nagsusumamo ng himala sa Diyos. Matapos ang tila napakatagal na paghihintay, pumasok ang doktor sa silid at sinabi, "Ikinalulungkot ko. Wala na kaming magagawa pa. Maiwan ko muna kayo." Pagkatapos ay umalis na siya.

Nang pumasok kami sa silid na kinahihimlayan ni Tyson, nakita naming wala nang buhay ang aming

pinakamamahal. Parang may sinag ng langit na nakapalibot sa kanyang munting katawan. Maaliwalalas ang kanyang anyo at napakadalisyay.

Nang sandaling iyon pakiramdam ko ay katapusan na ng mundo. Paano namin babalikan ang iba pa naming anak at sasabihing hindi na uuwi si Tyson?

Magsasalita ako mula sa sarili kong pananaw habang ikinukuwento ang karanasang ito. Magkasama naming hinarap ng aking mabait na asawa ang pagsubok na ito, ngunit hindi ko sapat na mailalarawan ang damdamin ng isang ina at ni hindi ko susubukang gawin.

Imposibleng ilarawan ang magkahalong damdamin na nadama ko sa sandaling iyon ng aking buhay. Halos lagi kong iniisip na bangungot lang ito at magigising din ako at matatapos ang kalunus-lunos na bangungot na ito. Maraming gabing hindi ako makatulog. Madalas akong nagpapalipatlipat sa mga silid para matiyak na ligtas ang lahat ng aming mga anak.

Patuloy akong binagabag ng aking budhi. Parang napakasama ko. Sinisi ko ang sarili ko. Ako ang kanyang ama; dapat ay mas naprotektahan ko siya. Sana ay ganito o ganoon ang ginawa ko. Kung minsan kahit ngayon, matapos ang 22 taon, bumabalik-balik pa rin ang mga ganoong pakiramdam, at kailangan ko itong labanan dahil makapagpapahirap ito sa akin.

Mga isang buwan mula nang mamatay si Tyson, kinausap ako ni Elder Dean L. Larsen. Nag-ukol siya ng panahon na pakinggan ako, at pasasalamat ko kailanman ang kanyang payo at pagmamahal. Sabi niya, "Naniniwala ako na hindi gusto ng Panginoon na parusahan mo ang sarili mo sa pagkamatay ng iyong anak." Nadama ko ang pagmamahal ng aking Ama sa Langit sa pamamagitan ng isa sa Kanyang mga piling tagapaglingkod.

Gayunpaman, hindi pa rin nawala sa isip ko ang sakit, at di-naglaon nakadama na ako ng galit. "Hindi ito makatarungan! Paanong nagawa ito ng Diyos sa akin? Bakit ako? Ano ang nagawa ko para danasin ito?" Nagalit

pa ako sa mga tao na ang gusto lang naman ay aluin kami. Naaalala kong sinasabi ng mga kaibigan, “Alam ko ang nararamdaman mo.” Sa isip ko, “Hindi mo alam ang nararamdaman ko. Hayaan mo na lang ako.” Nalaman ko kalaunan na nakapanghihina rin ang maawa sa sarili. Nahihiya ako sa sarili ko na napag-isipan ko nang hindi maganda ang mababait na kaibigang gusto lang namang tumulong.

Nang napuno na ako ng paninisi, galit, at awa sa sarili, ipinagdasal ko na mabago ang aking saloobin. Sa napakapersonal na sagradong mga karanasan, binigyan ako ng Panginoon ng bagong damdamin, at kahit naroon pa rin ang lungkot at sakit, nabago ang buong pananaw ko. Ipinaalam sa akin na walang inagaw sa akin at sa halip ay may dakilang pagpapalang naghihintay sa akin kung ako ay magiging matapat.

Nagsimulang mabago ang buhay ko, at nagawa kong umasam nang may pag-asa, sa halip na balikan ang nakaraan nang may pagdadalamhati. Pinatotohanan ko na hindi sa buhay na ito natatapos ang lahat. Ang daigdig ng mga espiritu ay totoo. Ang mga turo ng mga propeta tungkol sa kabilang buhay ay totoo. Ang buhay na ito ay pansamantala lamang nating daraanan pabalik sa ating Ama sa Langit.

Si Tyson ay nananatiling napakahalagang bahagi ng aming buhay. Sa paglipas ng mga taon napakasyang madama ang awa at kabaitan ng mapagmahal na Ama sa Langit, na tinulutan ang aming pamilya na madama at makita nang lubos ang impluwensya ni Tyson. Pinatotohanan ko na manipis lang ang tabing. Ang katapatan, pagmamahal, at pagkaka-isa ng pamilya ay hindi natatapos sa pagkamatay ng ating mahal sa buhay; bagkus, lalong umiigting ang mga damdaming ito.

Kung minsan ay itinatanong ng mga tao, “Gaano katagal bago tuluyang napawi ang pagdadalamhati ninyo?” Ang totoo, hindi tuluyang mawawala ang dalamhati hangga’t hindi ninyo nakakasamang muli ang mga pumanaw ninyong mahal sa buhay. Hindi ako kailanman magkakaroon



ng ganap na kagalakan hanggang sa magkasama kaming muli sa umaga ng Unang Pagkabuhay na Mag-uli.

“Sapagka’t ang tao ay espiritu. Ang mga elemento ay walang hanggan, at ang espiritu at elemento, hindi mapaghihiwalay ang kaugnayan, ay tatanggap ng ganap na kagalakan;

“At kapag magkahiwalay, ang tao ay hindi makatatanggap ng ganap na kagalakan.”³

Ngunit sa ngayon, tulad ng itinuro ng Tagapagligtas, makapagpapatuloy tayo nang may lakas ng loob.⁴

Natutuhan ko na ang pinakamapait, halos hindi makayanang pasakit ay magiging napakatamis kung babaling kayo sa inyong Ama sa Langit at hilingin ang Kanyang kaaliwang nagmumula sa Kanyang plano; sa Kanyang Anak, si Jesucristo; at sa Kanyang Mang-aaliw, ang Espiritu Santo.

Napakadakilang pagpapala ito sa ating buhay. Hindi ba’t kalunus-lunos kung hindi natin madama ang malaking kalungkutan kapag namatayan tayo ng anak? Lubos ang pasasalamat ko sa aking Ama sa Langit dahil hinayaan Niyang magmahal tayo nang taos-puso at walang hanggan. Nagpapasalamat ako na walang hanggan ang mga pamilya. Nagpapasalamat ako na ipinahayag niyang muli sa pamamagitan ng Kanyang buhay na mga propeta ang dakilang plano ng pagtubos.

Alalahanin ninyo nang ilibing ang inyong minamahal ang naramdaman ninyo habang paalis kayo sa sementeryo at lumingon para tingnan muli ang nag-iisang kabaong na iyon—winawari na parang sasabog ang puso ninyo.

Pinatotohanan ko na dahil sa Kanya, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, ang mga pagdurusa, lungkot, at kawalan ng pag-asa ay papawiing lahat balang araw kapalit ang ganap na kagalakan. Pinatotohanan ko na makaaasa tayo sa Kanya at nang sabihin Niya:

“Hindi ko kayo iiwang magisa: ako’y paririto sa inyo.

“Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; nguni’t inyong makikita ako: Sapagka’t ako’y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo.”⁵

Pinatotohanan ko, tulad ng sabi sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, “sa pag-asa natin sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, matutulungan Niya tayo na tiisin ang ating mga pagsubok, karamdaman, at sakit. Mapupuspos tayo ng galak, kapayapaan, at kaaliwan. Lahat ng di-makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.”⁶

Pinatotohanan ko na sa maliwanag at maluwalhating umaga ng Pagkabuhay na Mag-uli, ang ating mga mahal sa buhay ay babangong muli mula sa libingan tulad ng ipinangako ng Panginoon at tayo ay magkakaroon ng ganap na kagalakan. Dahil siya ay buhay, sila at tayo ay mabubuhay ring muli. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Moroni 8:10–12.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 205.
3. Doktrina at mga Tipan 93:33–34.
4. Tingnan sa Juan 16:33.
5. Juan 14:18–19.
6. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 57.



Ni Elder Russell M. Nelson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!

Lahat ng missionary, bata at matanda, ay naglilingkod sa pag-asang mas mapapabuti pa ang buhay ng ibang tao.

Mahal kong mga kapatid at kaibigan, ipinaaabot namin ang aming pagmamahal at pagbati sa bawat isa sa inyo. Natutuwa kami sa pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson ngayong umaga, na ginawang 18 para sa mga lalaki at 19 para sa mga babae ang pinakabatang edad para makapagmisyon. Sa opsiyong ito, mas marami sa ating mga kabataan ang magtatamasa ng mga pagpapala ng misyon.

Dalawang taon na ang nakararaan at mariing pinagtibay muli ngayong umaga, ipinahayag ni Pangulong Monson na “lahat ng karapat-dapat [at] may kakayahang maglingkod na kabataang lalaki ay [dapat] maghanda na magmisyon. Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon na gagawin natin . . . na nabiyayaan nang lubos.”¹ Muli, ipinaliwanag niya na para sa mga kabataang

babae, katanggap-tanggap na opsiyon ang magmisyon, ngunit hindi ito isang responsibilidad. At muli niyang inanyayahan ang mas maraming matatandang mag-asawa na magmisyon.

Ang paghahanda para sa pagmimisyon ay mahalaga. Ang pagmimisyon ay kusang paglilingkod sa Diyos at sa sangkatauhan. Sinusuportahan ng mga missionary ang pribilehiyong iyan gamit ang sariling pera na naipon nila. Ang mga magulang, pamilya, kaibigan, at mga donor sa General Missionary Fund ay maaari ding tumulong. Lahat ng missionary, bata at matanda, ay naglilingkod sa pag-asang mas mapapabuti pa ang buhay ng ibang tao.

Ang pasiyang magmisyon ay huhubog sa espirituwal na tadhana ng missionary, ng kanyang asawa, at angkan sa mga henerasyong darating. Ang hangaring maglingkod ay bunga ng pagbabalik-loob, pagiging karapat-dapat, at paghahanda ng isang tao.

Sa napakaraming nakikinig sa buong daigdig, marami sa inyo ang hindi kasapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at kakaunti ang nalalaman tungkol sa amin at sa aming mga missionary. Kayo ay narito o nakikinig dahil gusto ninyong makaalam pa tungkol sa mga Mormon at sa itinuturo ng aming mga missionary. Kapag mas marami kayong nalaman tungkol sa amin, makikita ninyo na maraming magkatulad sa ating mga pinahahalagahan. Hinihikayat namin kayo na panatilihin ang lahat ng mabuti at totoo at tingnan kung may maidaragdag pa kami. Sa mundong ito na puno ng mga pagsubok, kailangan natin ang tulong sa tuwina. Ang relihiyon, walang hanggang katotohanan, at aming mga missionary ay mahahalgang bahagi ng tulong na iyan.

Isinasantabi ng aming mga bata pang missionary ang kanilang pag-aaral, trabaho, pagdedeyt, at anupamang bagay na karaniwang ginagawa ng mga young adult sa panahong ito ng buhay nila. Sa loob ng 18 hanggang 24 na buwan inihihinto nila ang lahat ng ito dahil sa kanilang matinding hangaring maglingkod sa Panginoon.² At ang ilan sa aming mga missionary ay naglilingkod sa kanilang katandaan. Alam kong pinagpapala ang kanilang mga pamilya. Sa aming pamilya, walo ang kasalukuyang naglilingkod bilang mga full-time missionary—tatlong anak na babae, kanilang mga asawa, isang apong babae, at apong lalaki.

Marahil ang ilan sa inyo ay nagtataka tungkol sa pangalang *Mormon*. Ito ang tawag sa amin. Hindi ito ang totoong pangalan namin, bagama’t kilala kami ng lahat bilang mga Mormon. Ang salitang ito ay hinango mula sa isang sagradong banal na kasulatan na kilala bilang Aklat ni Mormon.

Ang totoong pangalan ng Simbahan ay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang muling itinatag na orihinal na Simbahan ni Jesucristo. Noong narito Siya sa lupa, inorganisa Niya ang Kanyang Simbahan. Tumawag Siya ng mga Apostol, Pitumpu, at iba pang mga lider na Kanyang pinagkalooban ng priesthood para kumilos sa Kanyang

pangalan.³ Matapos pumanaw si Cristo at ang Kanyang mga Apostol, binago ng mga tao ang mga ordenansa at doktrina. Nawala ang orihinal na Simbahan at ang priesthood. Pagkatapos ng Dark Ages, at sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit, ibinalik ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan. Ngayon ito ay nasa mundo na, ipinanumbalik at kumikilos sa ilalim ng Kanyang banal na patnubay.⁴

Sinusunod namin ang Panginoong Jesucristo at nagtuturo kami tungkol sa Kanya. Alam namin na matapos ang Kanyang maluwalathing pagtatagumpay sa kamatayan, ang nabuhay na muling Tagapagligtas ay nagpakita sa Kanyang mga disipulo sa maraming pagkakataon. Kumain Siya na kasama nila. Namuhay Siya na kasama nila. Bago ang Kanyang huling Pag-akyat sa langit, iniutos Niya sa kanila na “Magsiyaon . . . at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.”⁵ Sinunod ng mga Apostol ang utos na iyan. Tumawag din sila ng iba pa upang matulungan sila na magawa ang utos ng Panginoon.

Ngayon, sa ilalim ng pamamahala ng kasalukuyang mga apostol at propeta, ang utos ding iyan ay ibinigay sa mga missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga missionary na ito ay naglilingkod sa mahigit 150 bansa. Bilang mga kinatawan ng Panginoong Jesucristo, sinisikap nilang isagawa ang banal na utos iyan—na ibinigay muli ng Panginoon sa ating panahon—ang ipalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo at pagpalain ang buhay ng mga tao saanmang dako.⁶

Ang mga missionary sa kanilang edad na wala pang 20 o nasa 20s ay wala pang gaanong kaalaman sa mga bagay ng mundo. Ngunit sila ay biniyayaan ng mga kaloob—tulad ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, pagmamahal ng Diyos, at mga patotoo ng katotohanan—kaya sila naging makapangyarihang kinatawan ng Panginoon. Ibinabahagi nila ang mabuting balita ng ebanghelyo na maghahatid ng tunay na kagalakan



Milan, Italy

at walang hanggang kaligayahan sa lahat ng makikinig sa kanilang mensahe. At sa maraming pagkakataon ginagawa nila ito sa isang bansa at wika na hindi pamilyar sa kanila.

Sinisikap ng mga missionary na sundin si Jesucristo kapwa sa salita at gawa. Ipinapangaral nila si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala.⁷ Itinuturo nila ang literal na panunumbalik ng sinaunang Simbahan ni Cristo sa pamamagitan ng unang propeta ng Panginoon sa mga huling araw, si Joseph Smith.

Maaaring nakilala na ninyo noon, o kaya’y hindi pinansin ang aming mga missionary. Umaasa ako na hindi kayo matatakot sa kanila kundi matututo mula sa kanila. Maaaring sila ang ipinadalang tulong ng langit sa inyo.

Nangyari iyan kay Jerry, isang mabuting Protestante sa kanyang mid-60s na nakatira sa Mesa, Arizona. Ang ama ni Jerry ay isang Baptist minister; ang kanyang ina ay Methodist minister. Isang araw, ikinuwento sa kanya ng matalik niyang kaibigan na si Pricilla ang pagdadalamhati nito sa pagkamatay ng kanyang anak noong ito ay isilang at ang pighating dulot ng pagdidiborsyo di-kalaunan matapos iyon. Nagsisikap bilang single mother, si Pricilla ay may apat na anak—tatlong babae at isang lalaki. Habang sinasabi niya kay Jerry ang saloobin niya, inamin niya na naiisip niyang magpakamatay. Buong

lakas at pagmamahal na sinikap ni Jerry na ipaunawa sa kanya na may halaga ang kanyang buhay. Inanyayahan niya ito na dumalo sa kanyang simbahan, pero ipinaliwanag ni Pricilla na kinalimutan na niya ang Diyos.

Hindi malaman ni Jerry ang kanyang gagawin. Kalaunan, habang dinidiligang ang kanyang mga tanim sa bakuran, ang nananalig na lalaking ito ay nagdasal na patnubayan siya ng Diyos. Habang nananalangin, nakarinig siya ng tinig sa kanyang isipan sinasabing, “Pahintuin mo ang mga binatang nagbibisikleta.” Si Jerry, na medyo nagulumihanan, ay nagtaka sa ibig sabihin nito. Habang iniisip niya ang pahiwatig na ito, tumingin siya sa kalsada at nakita ang dalawang binata na nakasuot ng polong puti at kurbata na nagbibisekleta papunta sa bahay niya. Nabigla sa “tila sinadyang pagkakataong,” ito, nakatingin lang siya habang dumaraan sila. Pagkatapos, nang maisip na kailangan niyang kumilos, sumigaw siya, “Oy, kayo, teka muna! Kailangan ko kayong makausap!”

Nagtataka pero nasisiyahan, huminto ang mga binata. Nang palapit na sila, napansin ni Jerry ang mga name tag nila na nagpapakilalang sila ay mga missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tiningnan sila ni Jerry at sinabi, “Medyo kakatwa ito, pero nagdasal ako at may nagsabi sa akin na

‘pahintuin mo ang mga binatang nag-bibisikleta.’ Tumingin ako sa kalsada, at heto kayo ngayon. Matutulungan ba ninyo ako?”

Ngumiti ang mga missionary, at sinabi ng isa, “Opo, sigurado po akong makakatulong kami.”

Ipinaliwanag ni Jerry ang naka-babahalang kalagayan ni Pricilla. Dinaglaon kausap na ng mga missionary si Pricilla, kanyang mga anak, at si Jerry. Tinalakay nila ang layunin ng buhay at ang walang hanggang plano ng Diyos para sa kanila. Lumakas ang pananampalataya nina Jerry, Pricilla, at ng kanyang mga anak sa pamamagitan ng taimtim na panalangin, pag-aaral ng Aklat ni Mormon, at dahil sa magiliw na pakikipagkaibigan ng mga miyembro ng Simbahan. Lalo pang lumakas ang dati nang malakas na pananampalataya ni Jerry kay Jesucristo. Ang pag-aalinlangan at pag-iisip na magpakamatay ni Pricilla ay napalitan ng pag-asa at kaligayahan. Nabinyagan sila at naging mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ni Cristo.⁸

Oo, maaaring tumulong ang mga missionary sa maraming paraan. Halimbawa, maaaring ang ilan sa inyo ay gustong malaman pa ang tungkol sa inyong mga ninuno. Maaaring alam ninyo ang mga pangalan ng inyong mga magulang at apat na lolo’t lola, pero paano naman ang walo ninyong lolo’t lola-sa-tuhod? Alam ba ninyo ang kanilang mga pangalan? Gusto ba ninyong malaman pa ang tungkol sa kanila? Tanungin ang mga missionary!

Matutulungan nila kayo!⁹ May naka-handang access sila sa napakaraming family history record ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ilan sa inyo ay mga miyembro ngunit hindi aktibo sa kasalukuyan. Mahal ninyo ang Panginoon at madalas na iniisip na bumalik sa Kanyang kawan. Pero hindi ninyo alam kung paano magsimula. Iminumungkahi kong tanungin ninyo ang mga missionary!¹⁰ Matutulungan nila kayo! Maaari din silang tumulong sa pagtuturo sa inyong mga mahal sa buhay. Kami at ang mga missionary ay mahal kayo at hangad na maibalik sa inyo ang kagalakan at liwanag ng ebanghelyo sa inyong buhay.

Maaaring ang ilan sa inyo ay gustong malaman kung paano madaig ang isang adiksiyon o mabuhay nang mahaba at magkaroon ng mas mabuting kalusugan. Tanungin ang mga missionary! Matutulungan nila kayo! Ipinakita sa isinagawang pag-aaral na, bilang isang grupo, ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay malulusog. Ang bilang ng namamatay sa kanila ay pinakamababa at mas mahaba ang kanilang buhay kaysa sa anupamang partikular na grupo na ginawan ng pag-aaral sa loob ng mahabang panahon.¹¹

Maaaring nadarama ng ilan sa inyo na ang buhay ay puno ng kaabalahan at katuwaan, subalit sa kaibuturan ng inyong puso nakadarama kayo ng tumitinding kahungkagan, hindi

ninyo alam ang patutunguhan o wala kayong layunin sa buhay. Tanungin ang mga missionary! Matutulungan nila kayo! Matutulungan nila kayong malaman ang iba pa tungkol sa tunay na layunin ng buhay—bakit kayo naririto sa mundo at saan kayo pupunta matapos mamatay. Malalaman ninyo kung paano pagpapalain ng ipinanimbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ang inyong buhay sa paraang hindi ninyo aakalain.

Kung may inaalala kayo tungkol sa inyong pamilya, tanungin ang mga missionary! Matutulungan nila kayo! Ang pagpapatibay ng pagsasama ng mag-asawa at pamilya ang pinakamahalaga sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga pamilya ay maaaring magkasama-sama nang walang hanggan. Hilingin sa mga missionary na ituro sa inyo kung paano ito maaaring matamasa ng inyong pamilya.

Matutulungan din kayo ng mga missionary sa hangarin ninyong higit pang matuto. Ang espiritu ng tao ay nagnanais ng kaliwanagan. Maging ito man ay katotohanang mula sa siyensya o mula sa paghahayag ng Diyos, hinahangad natin ito! Tunay na ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan.¹²

Ang pag-unlad sa kaalaman ay kinapapalooban ng espirituwal at temporal na kaalaman. Binibigyang-diin namin ang kahalagahan ng pag-unawa sa mga sagradong banal na kasulatan. Natuklasan sa isang pag-aaral kamakailan na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay higit ang kaalaman tungkol sa Kristiyanismo at sa Biblia.¹³ Kung gusto ninyong lalo pang maunawaan ang Biblia, lalo pang maunawaan ang ang Aklat ni Mormon, at mas maunawaan ang pagiging magkakapatid ng mga tao at pagiging ama ng Diyos, tanungin ang mga missionary! Matutulungan nila kayo!

Marami sa inyo ang may matinding hangaring tulungan ang mga nangangailangan. Dahil sinusunod namin si Jesucristo, hangad din ng mga Banal sa mga Huling Araw na tumulong.¹⁴ Sinuman ay maaaring makiisa sa amin sa pagtulong sa mga nangangailangan at pagbibigay ng ginhawa sa mga biktima ng kalamidad saanmang dako ng



mundo. Kung gusto ninyong makiisa, tanungin ang mga missionary! Matutulungan nila kayo!

At kung gusto ninyong malaman pa ang tungkol sa kabilang buhay, tungkol sa langit, tungkol sa plano ng Diyos para sa inyo; kung gusto ninyong malaman pa ang tungkol sa Panginoong Jesucristo, ang Kanyang Pagbabayad-sala, at ang Panunumbalik ng Kanyang Simbahan tulad sa orihinal na pagkakatag nito, tanungin ang mga missionary! Matutulungan nila kayo!

Alam ko na buhay ang Diyos. Si Jesus ang Cristo. Ang Kanyang Simbahan ay naipanumbalik na. Taimtim kong dalangin na pagpalain nawa ng Diyos ang bawat isa sa inyo at ang bawat isa sa ating minamahal na mga missionary. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona*, Nob. 2010, 5.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 4:3.
3. Tingnan sa Mateo 10:1; Lucas 6:13; 10:1; Mga Taga Efeso 4:11–12.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:30.
5. Mateo 28:19.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:8; 84:62; 112:28.
7. Tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 2:2; 2 Nephi 25:26.
8. Personal na komunikasyon mula kay W. Tracy Watson, dating pangulo ng Arizona Mesa Mission.
9. Kapag sinabi ko ang paanyayang "tanungin ang mga missionary," maaari din kayong magpatulong sa isang kaibigang miyembro ng Simbahan.
10. Ang mga aktibong kaanak, kaibigan at lider sa Simbahan ay matutuwa ring tumulong.
11. Tingnan sa James E. Enstrom at Lester Breslow, "Lifestyle and Reduced Mortality among Active California Mormons, 1980–2004," *Preventive Medicine*, tomo 46 (2008), 135.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:36.
13. Tingnan sa *U.S. Religious Knowledge Survey* (Pew Forum on Religion and Public Life, Set. 28, 2010), 7.
14. Tingnan sa Ram Cnaan, Van Evans, and Daniel W. Curtis, *Called to Serve: The Prosocial Behavior of Active Latter-day Saints* (University of Pennsylvania School of Social Policy and Practice, 2012); "Mormon Volunteerism Highlighted in New Study" (Mar. 16, 2012), <http://www.mormonnewsroom.org/article/mormon-volunteerism-report>; *Mormons in America: Certain in Their Beliefs, Uncertain of Their Place in Society* (Pew Forum on Religion and Public Life, Ene. 12, 2012), 43; Robert D. Putnam at David E. Campbell, *American Grace: How Religion Divides and Unites Us* (2010), 444–54.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Panghihinayang at Pagpapasiya

Kapag mas pinagtuunan nating kamtin ang kabanalan at kaligayahan, mas malamang na wala tayong panghihinayangan.

Mga Panghihinayang

Pangulong Monson, minamahal ka namin. Salamat sa maganda at mahalaga mong ibinalita tungkol sa mga itatayong bagong templo at sa gawaing-misyonero. Dahil sa mga ito, tiyak kong bubuhos ang mga pagpapala sa atin at sa maraming henerasyong darating.

Mga kapatid, mahal kong mga kaibigan! Lahat tayo ay mortal. Sana hindi na ito ikagulat ng sinuman.

Wala ni isa sa atin ang mabubuhay sa mundo nang napakatagal. May tiyak na bilang ng taon ang itatagal natin sa mundo, na, kung ibabatay sa kawalang-hanggan, ay halos isang kikap-mata lang ito.

At pagkatapos ay papanaw na tayo. Ang ating mga espiritu ay "dadalhin pabalik sa Diyos na sa [atin] ay nagbigay-buhay."¹ Ihihimlay natin ang ating katawan at iiwan ang mga materyal na bagay ng mundong ito pagpunta natin sa kabilang-buhay.

Kapag bata pa tayo, parang wala tayong kamatayan. Inisip nating hindi matatapos ang pagsikat ng araw, at ang hinaharap ay tuluy-tuloy na daan na walang-katapusang nakalatag sa ating harapan.

Gayunpaman, sa pagtanda natin, mas nakapag-iisip tayo at namamangha na maikli lang pala ang daang iyon. Nagtataka tayo kung bakit napakabilis na lumipas ang panahon. At naiisip natin ang ating naging mga desisyon at mga bagay na ating ginawa. Dahil diyan, naaalala natin ang kasiya-siyang mga sandali na nagpasigla sa ating kaluluwa at nagpagalak sa ating puso. Ngunit naiisip din natin ang ating mga pinanghihinayangan—mga bagay na sana'y maibalik natin at mabago.

Sinabi ng isang nurse na nag-aalaga ng mga may malubhang karamdaman na madalas niyang tanungin ang kanyang mga pasyenteng naghahanda nang lisanin ang buhay na ito.

"May pinanghihinayangan po ba kayo?" ang itinatanong niya.²

Madalas kapag napakalapit na ng kamatayan mas napagninilay ang mga bagay at gumaganda ang pananaw. Kaya nang tanungin ang mga taong ito tungkol sa mga pinanghihinayangan nila, sinabi nila ang kanilang saloobin. Inisip nila ang kanilang babagu-hin kung maibabalik lang nila ang nakaraan.



Habang iniisip ko ang sinabi nila, nalaman ko kung gaano kabuti ang epekto ng mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo sa buhay natin kung susundin natin ang mga ito.

Walang mahiwaga sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Napag-aralan natin ang mga ito sa banal na kasulatan, tinalakay natin ito sa Sunday School, at narinig natin sa mga pulpito nang maraming beses. Ang mga banal na alituntunin at pinahalagahang ito ay simple at malinaw; ang mga ito ay maganda, malalim, at mabisa; at tiyak na tutulong sa ating maiwasang may panghinayangan sa hinaharap.

Sana Mas Marami Akong Oras na Inukol sa mga Taong Mahal Ko

Marahil ang karaniwang pinanghihinayangan ng mga pasyenteng malapit nang mamatay ay ang hindi nila pag-ukol ng mas maraming oras sa mga taong mahal nila.

Karaniwang kalalakihan ang bumi-bigkas sa malungkot na mga salitang ito: sila ay “nanghihinayang dahil naging subsob sila sa trabaho.”³ May magagandang alaala sana na napasakanila kung nakapag-ukol lamang sila ng panahon sa pamilya at mga kaibigan. Hindi sila nagkaroon ng malalim na ugnayan sa mga taong pinakamahalaga sa kanila.

Hindi ba’t totoong madalas ay mas-yado tayong abala? At, nakalulungkot na itinuturing pa nating kapuri-puri ang pagiging abala natin, na para bang ito ay tanda ng tagumpay o mas maunlad na buhay.

Hindi ba?

Iniisip ko ang ating Panginoon at Perpektong Halimbawa, na si Jesucristo, at ang maikli Niyang buhay kasama ang mamamayan ng Galilea at Jerusalem. Pinilit kong isipin na nagmamadali Siya sa pagdalo sa mga pulong o pinagsabay-sabay ang maraming gawaing dapat tapusin.

Hindi ganoon ang nakikita ko.

Sa halip, ang nakikita ko ay ang mahabagin at mapagmalasakit na Anak ng Diyos na ipinamumuhay ang bawat araw nang may layunin. Nang kinausap Niya ang mga taong nakapalibot sa Kanya, nadama nilang mahalaga at minamahal sila. Alam Niya ang walang hanggang kahalagahan ng mga taong Kanyang nakilala. Sila’y Kanyang binasbasan at pinaglingkuran. Sila’y Kanyang pinasigla at pinagaling. Pinag-ukulan Niya sila ng Kanyang panahon.

Sa ating panahon, madaling magkunwaring nag-uukol tayo ng oras sa iba. Sa isang klik sa mouse “makakaugnay” na natin ang libu-libong “kaibigan” nang hindi kailangang personal na makausap ang isa man sa kanila. Ang teknolohiya ay napakalaking tulong, lalo na kung malayo tayo sa ating mga mahal sa buhay. Malayo ang tirahan naming mag-asawa sa mahal naming pamilya; kaya alam namin iyan. Gayunpaman, naniniwala akong hindi tayo sumusulong, bilang indibiduwal o bilang lipunan man, kung ang karaniwang ginagamit natin sa pakikipag-ugnayan sa pamilya o kaibigan ay ang pag-post ng mga nakakatawang larawan, pag-forward ng walang kabuluhang bagay, o pag-link sa kanila sa mga website sa Internet.

Palagay ko may tamang lugar para sa ganitong aktibidad, pero gaano karaming oras ang handa nating iukol dito? Kung hindi natin naibibigay ang pinakamagandang maibabahagi natin at buong panahon sa mga taong tunay na mahalaga sa atin, pagsisisihan natin ito balang-araw.

Magpasiya tayong pahalagahan ang ating mga minamahal sa pag-ukol ng makabuluhang panahon sa kanila, at pagkakaroon ng magagandang alaala sa piling nila.

Sana Naabot Ko ang Aking Potensyal

Isa pang pinanghihinayangan ng mga tao ay ang kabiguan nilang maging uri ng taong sa palagay nila ay kaya nila at dapat nilang kahinatnan. Nang suriin nila ang kanilang buhay, nalaman nila na hindi nila naabot ang kanilang potensyal, na maraming bagay ang hindi pa naisasakatuparan.

Hindi ko tinutukoy dito ang pag-akyat sa tugatog ng tagumpay sa ating iba’t ibang propesyon. Ang tagumpay na iyon, gaano man katayog sa mundong ito, ay hindi makapapantay kahit kaunti sa walang hanggang pagpapalang naghihintay sa atin.

Sa halip, ang tinutukoy ko ay ang pagiging uri ng taong nais ng Diyos na kahinatnan natin.

Dumating tayo sa mundong ito, tulad ng sabi ng makata na, “lahat tayo’y isinilang na may kabanalan”⁴ mula sa premortal na daigdig.

Nakikita ng ating Ama sa Langit ang ating tunay na potensyal. Ang mga bagay na hindi natin alam tungkol sa ating sarili ay alam Niya. Hinihikayat Niya tayo sa buhay na ito na abutin ang hangganan ng paglikha sa atin, mamuhay nang matwid, at bumalik sa Kanyang piling.

Kung gayon, bakit natin pinagbubuhusan ng oras at lakas ang mga bagay na panandalian lang, walang halaga, at walang katuturan? Hindi ba natin nalalaman na kahangalan ang hangaring kamtin ang mga walang kabuluhan?

Hindi ba mas makatutulong sa atin na “mangagtipon [tayo] ng mga kayamanan sa langit, na doo’y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo’y hindi nanghuhukay

at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw.⁵

Paano natin ito gagawin? Sa pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas, pagsasabuhay ng Kanyang mga turo, at pagmamahal nang tapat sa Diyos at sa ating kapwa.

Hindi tayo dapat na napipilitan lang, laging nagmamadali, at nagrerek-lamo sa mga dapat gawin, kung gusto nating maging disipulo.

Sa pamumuhay ng ebanghelyo, hindi natin dapat tularan ang batang nagtampisaw lang sa tubig at pagkatarpos ay sinabing lumangoy siya. Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, higit pa riyan ang kaya nating gawin. Upang magawa iyan, hindi sapat na mabuti lang ang layunin. Tayo ay dapat *kumilos*. Higit na mahalaga, dapat nating marating ang nais ng Ama sa Langit na *kahinatnan* natin.

Ang pagpapatotoo sa ebanghelyo ay mabuti, ngunit ang pamumuhay ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay mas mabuti. Ang naising maging mas matapat sa ating mga tipan ay mabuti; ang pagiging tapat sa mga sagradong tipan—kabilang na ang malinis na pamumuhay, pagbabayad ng ating mga ikapu at handog, pagsunod sa Word of Wisdom, at paglilingkod sa mga nangangailangan—ay higit na mabuti. Ang pagsasabing mas pag-uukulan ng ating pamilya ang pagdarasal, pag-aaral ng banal na kasulatan at makabuluhang paglilibang ay mabuti; ngunit ang paggawa ng lahat ng ito ay magdudulot ng pagpapala ng langit sa ating buhay.

Ang pagiging disipulo ay paghanguad na maging banal at maligaya. Ito ang landas para tayo lubos na bumuti at lumigaya.

Magpasiya tayong tularan ang Tagapagligtas at magsumikap na maging uri ng tao na dapat nating kahinatnan. Pakinggan natin at sundin ang mga pahiwatig ng Banal na Espiritu. Sa paggawa nito, ihahayag sa atin ng Ama sa Langit ang mga bagay na hindi natin alam tungkol sa ating sarili. Ipa-pakita Niya sa atin ang daan at tutulungan tayong makita ang mga talento na hindi natin alam at marahil hindi natin sukat-akalain na taglay natin.

Kapag mas pinagtuunan nating kamtin ang kabanalan at kaligayahan, mas malamang na wala tayong pang-hihinayangan. Kapag mas nagtiwala tayo sa biyaya ng Tagapagligtas, mas madarama natin sa ating buhay na tumatahak tayo sa landas na nais ng Ama sa Langit para sa atin.

Sana Hinayaan Kong Maging Mas Masaya ang Aking sarili

Ang isa pang pinanghihinayangan ng mga taong malapit nang mamatay ay hindi natin gaanong aakalain. Sabi nila, sana ay hinayaan nilang maging mas masaya ang kanilang sarili.

Madalas na napapaniwala tayo na may isang bagay na hindi natin kayang kamtin pero magpapasaya sa atin: mas mabuting sitwasyon ng pamilya, mas maunlad na kabuhayan, o katapusan ng mahirap na pagsubok.

Habang nagkakaedad tayo, mas nagbabalik-tanaw tayo at nalalaman natin na may mga bagay na panlabas na hindi talaga mahalaga o nagpapasaya sa atin.

Tayo ay talagang mahalaga. *Tayo* ang nagpapasiya kung ano ang ikasasaya natin.

Nasasaiyo at nasasaakin kung pano maging maligaya.

Kami ng asawa kong si Harriet ay mahilig magbisikleta. Napakasayang mamasyal at masdan ang kagandahan ng kalikasan. May mga gusto kaming dinaraan sakay ng bisikleta, pero hindi namin gaanong pinapansin kung gaano na kami kalayo o kabilis kumpara sa ibang nagbibisikleta.

Pero, kung minsan, iniisip ko na dapat ay mas galingan namin ang

pagbibisikleta. Sa palagay ko mas bibilis ang takbo namin at mas malayo ang mararating kung magpupursigi pa kami nang kaunti. At kung minsan hindi ko mapigilang banggitin ang mungkahing ito sa aking butihing maybahay.

Ang karaniwang reaksiyon niya sa mungkahi ko ay laging magiliw, malinaw, at diretsahan. Nakangiti niyang sasabihin, “Dieter, hindi tayo nakikipag-unahan; naglalakbay tayo. Namnamin natin ang sandali.”

Tama nga siya!

Kung minsan sa buhay, masyado tayong nakatuon sa finish line kaya hindi tayo nasisiyahan sa paglalakbay. Hindi ako nagbibisikleta kasama ng aking asawa dahil gusto kong makarating sa gusto kong puntahan. Nagbibisikleta ako dahil masaya ako na makasama siya.

Hindi ba’t kahangalan na dimaranasan ang tuwa at saya ng isang pangyayari dahil ang lagi nating inaabangan ay kung kailan ito matatapos?

Pinapakinggan ba natin ang magandang musika na ang hinihintay marinig ay ang huling nota bago natin hayaan ang sariling masiyahan dito? Hindi. Nakiking tayo at nakakaugnay sa iba’t ibang himig, ritmo, at magandang tunog sa buong komposisyon.

Nagdarasal ba tayo na ang iniisip lang ay ang salitang “amen” sa dulo? Siyempre hindi. Nagdarasal tayo upang maging malapit sa ating Ama sa Langit, matanggap ang Kanyang Espiritu at madama ang Kanyang pagmamahal.

Hindi natin dapat hintayin ang bukas para maging masaya, at matuklasang maaari palang maging maligaya—sa lahat ng sandali! Hindi rin dapat isipin ang nakaraan para lamang mapahalagahan ang buhay. “Ito ang araw na ginawa ng Panginoon . . .,” ang isinulat ng Mang-aawit. “[Mangagalak at ating [katuwaan].”⁶

Mga kapatid, anuman ang ating kalagayan, anuman ang ating mga hamon sa buhay o pagsubok, may isang bagay sa bawat araw na ikatutuwa at itatangi. May isang bagay bawat araw na mapasasalamat at ikagalak kung makikita lang natin ito at pahahalagahan.





Palagay ko dapat nating hanapin ito na mas ginagamit ang puso kaysa mata. Gustung-gusto ko ang mga katagang: “Tanging sa paggamit lamang ng puso makakakita nang tama ang tao. Anumang bagay na mahalaga ay hindi nakikita ng mata.”⁷

Inutusan tayong “magbigay-pasalamat sa lahat ng bagay.”⁸ Kaya hindi ba mas mabuting tingnan gamit ang ating mga mata at puso ang kahit maliliit na bagay na *maaari* nating ipagpasalamat, sa halip na pagtutunan ang di-maganda sa kasalukuyan nating kalagayan?

Nangako ang Panginoon, “Siya na tumatanggap ng lahat ng bagay nang may pasasalamat ay gagawing maluwalhati; at ang mga bagay sa mundong ito ay idaragdag sa kanya, maging isandaang ulit, oo, higit pa.”⁹

Mga kapatid, sa masaganang pagpapala ng ating Ama sa Langit, sa Kanyang plano ng kaligtasan na puno ng pagmamahal, sa dakilang mga katotohanan ng ebanghelyo, at sa kagandahan ng buhay na ito sa lupa, “hindi ba’t may dahilan upang tayo ay magsaya?”¹⁰

Magpasiya tayong maging masaya, anumang ating kalagayan.

Mga Pagpasiya

Balang-araw kakailanganin na nating pumanaw sa mundong ito

at magtungo sa kabilang-buhay. Balang-araw susuriin natin ang ating buhay at itatanong kung naging mas mabuti ba tayo, nakagawa ba tayo ng mas magandang desisyon, o ginamit ba natin nang tama ang ating panahon.

Upang huwag magkaroon ng panghihinayangan sa buhay, makatutulong na gumawa na ngayon ng ilang pagpasiya. Kung gayon, tayo’y:

- Magpasiyang mag-ukol ng mas maraming oras sa ating mga minamahal.
- Magpasiyang magsumikap pa na maging uri ng taong nais ng Diyos na kahinatnan natin.
- Magpasiyang maging masaya, anumang ating kalagayan.

Pinatototohanan ko na marami sa mga panghihinayangan natin sa hinaharap ang maiiwasan sa pagsunod sa Tagapagligtas ngayon. Kung tayo ay nagkasala o nakagawa ng mali—kung may mga desisyon tayo na pinagsisisihan natin ngayon—nasa atin ang natatanging kaloob ng Pagbabayad-sala ni Cristo, na siyang paraan upang mapatawad tayo. Hindi na natin mababalikan ang nakaraan at mababago ito, ngunit maaari tayong magsisi. Papahirin ng Tagapagligtas ang ating mga luha ng kalungkutan¹¹ at aalisin ang bigat ng ating

mga kasalanan.¹² Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala malilimutan natin ang nakaraan at susulong nang may malinis na mga kamay, at dalisay na puso,¹³ at determinasyong gawin ang mas mabuti at higit sa lahat maging mas mabuti.

Oo, mabilis lang ang buhay na ito; madali lang lumipas ang ating mga araw; at tila nakakatakot ang kamatayan kung minsan. Gayunpaman, ang ating espiritu ay patuloy na mabubuhay at balang-araw ay sasanib muli sa ating nabuhay na mag-uling katawan upang tumanggap ng walang hanggang kaluwalhatian. Taimtim kong pinatototohanan na dahil sa mahabang si Cristo, tayong lahat ay mabubuhay na muli magpakailanman. Dahil sa ating Tagapagligtas at Manunubos, balang-araw lubos nating mauunawaan at ikagagalak ang mga salitang “ang tibo ng kamatayan ay nalulon kay Cristo.”¹⁴

Ang landas tungo sa pagsasakatauparan ng ating banal na tadhana bilang mga anak ng Diyos ay walang hanggan. Mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, dapat nating simulang tahakin ang landas na iyan; *ngayon*; huwag nating sayangin kahit isang araw. Dalangin ko na hindi natin hintayin pa ang oras ng ating kamatayan bago natin tunay na matutuhan kung paano mabuhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Alma 40:11.
2. Tingnan sa See Susie Steiner, “Top Five Regrets of the Dying,” *Guardian*, Feb. 1, 2012, www.guardian.co.uk/lifeandstyle/2012/feb/01/top-five-regrets-of-the-dying.
3. Bronnie Ware, sa Steiner, “Top Five Regrets of the Dying.”
4. “Ode: Intimations of Immortality from Recollections of Early Childhood,” *The Complete Poetical Works of William Wordsworth* (1924), 359.
5. Mateo 6:20.
6. Mga Awit 118:24.
7. Antoine de Saint-Exupéry, *The Little Prince*, trans. Richard Howard (2000), 63.
8. Mosias 26:39; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:7.
9. Doktrina at mga Tipan 78:19.
10. Alma 26:35.
11. Tingnan sa Paghahayag 7:17.
12. Tingnan sa Mateo 11:28–30.
13. Tingnan sa Mga Awit 24:4.
14. Mosias 16:8; tingnan din sa 1 Mga Taga Corinto 15:54.



Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Si Elder Jay E. Jensen ay na-release bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Sa mga makikiisa sa amin sa pasasalamat, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Elder Craig C. Christensen bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing i-release natin

nang may pasasalamat sa kanyang napakahusay na serbisyo si Elder Marlin K. Jensen bilang Church Historian at Recorder.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Elder Steven E. Snow bilang Church Historian at Recorder.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon.

Iminumungkahing i-release natin sina Elder Keith K. Hilbig, Jay E. Jensen, Marlin K. Jensen, at Octaviano Tenorio bilang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu at italaga sila bilang mga emeritus General Authority.

Iminumungkahi rin na i-release natin sina Elder Keith R. Edwards at Larry W. Gibbons bilang mga miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pagpapasalamat sa mga Kapatid na ito sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, ipakita lamang.

Salamat, mga kapatid, sa inyong boto ng pagsang-ayon, at sa inyong pananampalataya, katapatan, at mga dalangin. ■





Ni Elder L. Tom Perry
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagiging Butihing mga Magulang

Napakaraming paraan para makatanggap ng tulong at suporta ang butihing mga magulang na kailangan nila para maituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang mga anak.

Sumapit ang espesyal at napakahalagang pangyayari sa buhay ko nitong tag-init—ipinagdiwang ko ang aking ika-90 kaarawan. Kapag sumapit kayo sa napakahalagang pangyayari sa inyong buhay, makatutulong at makapagpapasigla na pagmuni-munihin ang lumipas na mga kaganapan at karanasan. Kayong mga kabataan na nakikinig o nagbabasa ng mensaheng ito maaaring walang gaanong epekto sa inyo na umabot ng 90 anyos ang isang tao, ngunit noong kapanahunan ko, ang umabot sa ganitong edad ay isa nang malaking tagumpay. Araw-araw nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit na biniyayaan Niya ako ng mahabang buhay.

Napakarami nang nagbago sa buong buhay ko. Nakita ko ang pag-unlad ng industriya at teknolohiya. Ang napakaraming nilikhang mga sasakyan at telepono at eroplano ay magagandang imbensyon noong kabataan ko. Ngayon halos araw-araw ay nagbabago ang paraan ng ating paghahanap, pagbabahagi, at paggamit ng impormasyon. Sa edad kong ito namamangha ako sa mabilis na pagbabago sa mundong ating

ginagalawan. Napakarami sa mga imbensyon ngayon ang nakasisigla sa imahinasyon dahil sa potensyal nitong mapagbuti pa ang ating buhay.

Sa lahat ng mabilis na pagbabagong ito sa ating paligid, taimtim tayong nagdarasal at nagsisikap para matiyak na mananatili ang mga pinahahalagahan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ilan na sa mga ito ang nanganganib na mawala. Unang-una na sa mga pinahahalagahan ito at, samakatwid, ang mga pangunahing pinupuntirya ng kaaway, ay ang kasagraduhan ng kasal at malaking kahalagahan ng mga pamilya. Ang mga ito ay naglalaan ng matatag at ligtas na tahanan kung saan bawat anak ng mapagmahal na Ama sa Langit ay maiimpluwensyahan sa kabutihan at magkakaron ng mga walang-hanggang pinahahalagahan.

Ang sarili kong pamilya, na umaasam sa pagdiriwang ng aking ika-90 kaarawan, ay sinimulan akong tulungang maalala at mapahalagahan ang mga karanasan ng mahaba kong buhay. Halimbawa, tinipon at ibinahagi sa akin ng aking pamangkin ang ilang liham na isinulat ko sa aking

mga magulang halos 70 taon na ang nakararaan mula sa marine outpost ko sa pulo ng Saipan sa Pacific noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Natuon ang pansin ko sa isa sa mga liham na ito. Isang liham iyon na isinulat ko sa aking ina para buksan at basahin niya sa Mother's Day noong 1945. Gusto kong ikuwento ang ilang bahagi nito sa pag-asang makita ninyo kung bakit walang hanggan ang pasasalamat ko sa aking mapagmahal na ama't ina sa mga natutuhan ko mula sa mga itinuro nila sa aming pamilya. Ang aking mga magulang ang itinuturing kong pinakamabuting halimbawa ng butihing mga magulang na inuna ang kanilang pamilya at wastong pagpapalaki sa mga anak.

Nagsimula ang liham ko noong Mother's Day ng 1945 sa:

“Mahal kong Inay,

“Nitong huling apat na taong nagdaan lungkot na lungkot akong magdiwang ng Mother's Day na malayo sa inyo. Bawat taon ninais kong makasama kayo at masabi sa inyo kung gaano ko kayo kamahal at naaalala, ngunit dahil imposible na naman itong mangyari, kailangan kong gawin ang susunod na pinakamabuting gawin at isulat sa inyo ang mga nasa isipan ko.

“Ngayong taon lalo kong natanto kung gaano ako kapalad sa pagkakaroon ng mabuting ina. Una sa lahat, naaalala ko ang maliliit na bagay na dati ninyong ginagawa para sa akin. Tuwing gigising ako sa umaga, hindi ko kailangang mag-alala kailanman kung may isusuot akong malinis na kamiseta at medyas. Ang kinailangan ko lang gawin ay buksan ang isang drawer, at naroon ang mga iyon. Sa hapag-kainan alam ko na lagi akong makakakita ng pagkaing gusto ko, na napakasarap ng pagkaluto. Sa gabi alam ko na lagi kong makikitang malinis ang kubrekama sa higaan ko at may sapat na kumot para maging komportable ang pagtulog ko. Tala-gang malaking kasiyahang tumira sa isang tahanan.”

Nang mabasa ko ang unang dalawang talata ng liham na ito, nagulat ako dahil napakasentimental nito. Marahil ang pagtira sa isang tolda at



pagtulog nang nakakulambo sa isang tiheras sa kampo ang nagpaalala sa akin sa napakaespesyal naming tahanan.

Sabi ko pa sa liham ko sa aking ina: “Ngunit higit ko kayong naaalala dahil sa ipinakita ninyong halimbawa sa akin. Naging napakasaya ng buhay ng ating pamilya kaya ninais naming sundan ang inyong halimbawa, upang patuloy naming maranasan ang kagalakan namin noong mga bata pa kami. Lagi kayong may oras na ipasyal ang pamilya, at lagi namin kayong naaasahang gawin ang anumang bagay mula sa pag-akyat ng bundok hanggang sa pakikipaglaro ng bola sa amin. Hindi kayo nagbakasyon ni Itay nang kayo lang. Lagi ninyong kasama ang buong pamilya. Ngayong malayo ako sa inyo, gusto kong pag-usapan palagi ang buhay ko sa piling ninyo dahil napakasaya nito. Hindi ko mababalewala ngayon ang mga turo ninyo dahil iisipin ng iba na hindi ninyo ako napalaki nang maayos. Malaking hamon sa buhay ko ang maging karapat-dapat na matawag na anak ni Nora Sonne Perry. Ipinagmamalaki kong matawag na anak ninyo, at sana ay lagi akong maging karapat-dapat dito.

“Sana sa susunod na taon makasama ko na kayo para maipasyal ko kayo sa Mother’s Day na matagal ko nang planong gawin nitong nakalipas na apat na taon.

“Nawa’y pagpalain kayo ng Pagninooon sa lahat ng magagandang

bagay na nagawa ninyo sa magulong mundong ito.

“Lubos na nagmamahal, Tom”¹

Nang muli kong basahin ang aking liham, pinag-isipan ko rin ang kultura ng pamilya, ward, stake, at komunidad na kinalakhan ko.

Ang kahulugan ng kultura ay ang paraan ng pamumuhay ng tao. May natatanging kultura ng ebanghelyo, isang grupo ng mga pinahahalagahan at inaasahan at kaugalian na karaniwan sa lahat ng miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang kulturang ito ng ebanghelyo, o paraan ng pamumuhay, ay nagmumula sa plano ng kaligtasan, sa mga kautusan ng Diyos, at mga turo ng mga buhay na propeta. Ito ay nakikita sa paraan ng pangangalaga natin sa ating pamilya at sa pamumuhay ng bawat isa.

Ang unang tagubilin kay Adan para sa kanyang responsibilidad sa buhay ay matatagpuan sa Genesis 2:24: “Kaya’t iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila’y magiging isang laman.”

Ang pagsasama ng isang lalaki at isang babae na legal na ikinasal ayon sa batas ay hindi lamang paghahanda sa darating na mga henerasyon para manahin ang lupa, kundi nagdudulot din ito ng napakalaking kagalakan at kasiyahang matatagpuan sa buhay na ito. Ito ay totoo lalo na kapag ipinahayag ng mga kapangyarihan ng

priesthood na ang kasal ay para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ang mga batang isinilang sa gayong mga kasal ay may katiyakang hindi matatagpuan saanman.

Ang mga itinuturo sa tahanan ng butihing mga magulang ay lalong nagiging mahalaga sa mundo sa panahong ito, kung saan napakalaganap ng impluwensya ng kaaway. Tulad ng alam natin, tinatangka niyang pabagsakin at wasakin ang pinakapundasyon ng lipunan—ang pamilya. Sa tulo at patagong mga paraan, inaatake niya ang katapatan sa pamilya sa buong mundo at pinarurupok ang kultura at mga tipan ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw. Dapat ipasiya ng mga magulang na ang pagtuturo sa tahanan ay isang napakasagrado at mahalagang responsibilidad. Kahit ang ibang mga institusyon, tulad ng simbahan at paaralan, ay makatutulong sa mga magulang na “turuan . . . ang bata sa daan na dapat niyang lakaran” (Mga Kawikaan 22:6), ang responsibilidad na ito ay talagang nakaatang sa balikat ng mga magulang. Ayon sa dakilang plano ng kaligayahan, butihing mga magulang ang pinagkatiwalaan sa pangangalaga at pag-unlad ng mga anak ng Ama sa Langit.

Sa malaking responsibilidad natin bilang mga magulang, napakaraming paraan para makatanggap ng tulong at suporta ang butihing mga magulang na kailangan nila para maituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang

mga anak. Magmumungkahi ako ng limang bagay na magagawa ng mga magulang para magkaroon ng mas matatag na kultura ng pamilya:

Una, maaaring manalangin nang taimtim ang mga magulang, na humihiling sa Amang Walang Hanggan na tulungan silang mahalín, unawain, at gabayan ang mga anak na ibinigay Niya sa kanila.

Ikalawa, maaari silang manalangin bilang pamilya, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at magdaos ng mga family home evening at kumain nang sabay-sabay nang madalas hangga't maaari, na ginagawa itong pagkaka-taon para mag-usap-usap at magturo ng kagandahang-asal.

Ikatlo, maaaring lubos na makinabang ang mga magulang sa organisasyon ng Simbahan, na kinakausap ang mga Primary teacher, lider ng mga kabataan, at presidency ng klase at korum ng kanilang mga anak. Sa pakikipag-usap sa mga tinawag at itinalagang tumulong sa kanilang mga anak, makauunawa ang mga magulang sa espesyal at partikular na mga pangangailangan ng isang anak.

Ikaapat, ang mga magulang ay maaaring magbahagi ng patotoo nang madalas sa kanilang mga anak, turuan silang sundin nang tapat ang mga utos ng Diyos, at ipangako ang mga pagpapalang ipinangako ng ating Ama sa Langit sa Kanyang matatapat na anak.

Ikalima, maitatag natin ang ating pamilya batay sa malilínaw at simpleng patakaran at inaasahan ng pamilya, mabubuting tradisyon at aktibidad, at “kabuhayan ng pamilya,” kung saan ang mga anak ay binibigyan ng mga responsibilidad sa bahay at maaaring kumita para matuto silang magbadyet, mag-impok, at magbayad ng ikapu sa perang kinita nila.

Ang mga mungkahing ito sa pagkakaroon ng mas matatag na *mga kultura ng pamilya* ay nakatutulong sa kultura ng Simbahan. Ang napatataag na mga kultura ng ating pamilya ay magiging proteksyon sa ating mga anak mula sa “nag-aapoy na sibat ng kaaway” (1 Nephi 15:24) na nakaakibat sa kultura ng kanilang mga kaedad, sa mga kultura ng libangan at ng tanyag



na mga tao, ng mga papuri at inaakalang karapatan, at ng Internet at media kung saan sila laging nakalantad. Tutulungan ng matatag na kultura ng pamilya ang ating mga anak na mamuhay sa sanlibutan at hindi maging “taga sanglibutan” (Juan 15:19).

Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith: “Tungkulin ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang nakapagliligtas na mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo, nang sa gayo’y malaman nila kung bakit kailangan silang mabinyagan at magkaroon ng tapat na hangarin na magpatuloy sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos matapos silang mabinyagan, nang sila ay makabalik sa kanyang piling. Gusto ba ninyo, butihin kong mga kapatid, ang inyong pamilya, ang inyong mga anak; gusto ba ninyong mabuklod sa inyong mga ama at ina na nauna sa inyo . . . ? Kung gayon, dapat ninyong simulan ang pagtuturo habang bata pa sila. Turuan ninyo sila sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin.”²

Nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa pamilya:

“Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalín at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. ‘Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon’ (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling

palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa’t isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. . . .

“ . . . Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtutulongan bilang magkasama na may pantay na pananagutan.”³

Naniniwala ako na plano ng Diyos na bigyang-diin sa tungkulin ng ina ang pag-aaruga at pagtuturo sa susunod na henerasyon. Ngunit magandang makita na magkatuwang ang mga mag-asawa sa pagpapalaki sa mga anak at pinagsasama ang kanilang impluwensya at epektibong pinag-uusapan at kinakausap ang kanilang mga anak.

Ang matinding pagsalakay ng kasamaan sa ating mga anak ay mas tuso at hayagan kaysa noon. Ang pagkakaroon ng mas matatag na kultura ng pamilya ay nagdaragdag ng proteksyon sa ating mga anak, at napapangalagaan sila mula sa mga impluwensya ng mundo.

Pagpalain kayong butihing mga ina at ama sa Sion. Ipinagkatiwala Niya sa inyong pangangalaga ang Kanyang mga walang-hanggang anak. Bilang mga magulang katuwang tayo, at kaisa, ng Diyos, sa pagsasakatu-paran ng Kanyang gawain at kaluwalhatian sa Kanyang mga anak. Sagradong tungkulin natin ang gawin ang lahat ng ating makakaya. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Liham ni L. Tom Perry sa kanyang ina noong Mother’s Day, mula sa Saipan, na may petsang Mayo 3, 1945.
2. Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Okt. 1948, 153.
3. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.



Ni Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Maging Sabik sa Paggawa

Nangyayari ang mga dakilang bagay at gumagaan ang mga pasanin sa pagsisikap ng maraming kamay na “sabik sa paggawa ng mabuting bagay.”

Elder Perry, palagay ko ikaw ang pinakabatang 90-taong-gulang sa buong Simbahan. Napansin ninyo kung paano siya tumayo mula sa kanyang upuan.

Mahal kong mga kapatid, tuwing kakain ako ng bagong pitas na hinog na kamatis o hinog at makatas na peach, nagugunita ko na 60 taon na ang nakararaan ay may maliit na peach orchard ang aking ama sa Holladay, Utah. Naglagay siya ng mga bahay-pukyutan doon para malagyan ng polen ang mga usbong ng peach na kalauna’y magiging malalaki at masasarap na peach.

Minahal ni Itay ang mababait niyang pukyutan at namangha sa paraan ng pagtutulungan ng libu-libo nito upang ang nektar na natipon mula sa mga usbong ng peach ay maging matatamis na ginintuang pulot—isa sa mga pagkain ng kalikasan na nakalulusog. Katunayan, sinasabi sa atin ng mga nutritionist na isa ito sa mga pagkaing naroon ang lahat ng sustansya—mga enzyme, bitamina, mineral, at tubig—na kailangan para mabuhay.

Lagi akong pinatutulong ng aking ama sa ginagawa niya sa kanyang mga

bahay-pukyutan, pero tuwang-tuwa akong hayaan siyang mag-alaga sa kanyang mga bubuyog. Gayunman, simula noon, marami pa akong natutuhan tungkol sa napaka-organisadong bahay-pukyutan—isang kolonya ng 60,000 bubuyog.

Ang mga pukyutan ay masipag magdala ng polen, manguha ng nektar, at gawin itong pulot. Ang pagkahumaling nilang gawin ito ay likas na katangiang bigay sa kanila ng ating Lumikha. Tinatayang para makagawa ng isang libra (0.45 kg) na pulot,

kailangang sama-samang puntahan ng 20,000 hanggang 60,000 bubuyog sa karaniwang bahay-pukyutan ang milyun-milyong bulaklak at liparin nila ang katumbas ng dalawang beses na pag-ikot sa mundo. Sa maikling buhay nito na iilang linggo hanggang apat na buwan lamang, ang kontribusyong pulot ng iisang pukyutan sa bahay nito ay 1/12 lamang ng isang kutsarita.

Kahit tila kakatiting kumpara sa kabuuan, ang 1/12 ng isang kutsaritang pulot na bigay ng bawat bubuyog ay mahalaga sa ikatatagal ng bahay-pukyutan. Ang mga bubuyog ay umaasa sa isa’t isa. Ang trabahong mahirap para sa iilang bubuyog ay gumagaan dahil tapat na ginagawa ng lahat ng bubuyog ang kanilang bahagi.

Ang bahay-pukyutan ay mahalagang simbolo ng kasaysayan ng ating Simbahan noon pa man. Nalaman natin sa Aklat ni Mormon na nagdala ng mga pukyutan ang mga Jaredita (tingnan sa Eter 2:3) nang maglakbay sila patungong mga lupain ng Amerika libu-libong taon na ang nakararaan. Pinili ni Brigham Young ang bahay-pukyutan bilang simbolo para hikayatin at pasiglahin ang pagtutulungan kailangan ng mga pioneer upang ang disyertong nakapaligid sa Great Salt Lake ay maging mayamang lambak na mayroon tayo ngayon. Tayo ang nakikinabang sa kanilang sama-samang pananaw at kasipagan.

Ang simbolo ng bahay-pukyutan ay makikita kapwa sa loob at labas ng maraming templo natin. Ang podium na kinatatayuan ko ay yari sa kahoy





ating pagkatao ang katapatang iyon? Marami sa atin ang masigasig na dumadalo sa ating mga pulong sa Simbahan. Pinagsisikapan nating gawin ang ating mga tungkulin lalo na tuwing Linggo. Talagang kapuri-puri iyan. Ngunit sabik din ba ang ating puso't isipan sa paggawa ng mabubuting bagay sa mga karaniwang araw ng linggo? Ginagampanan lang ba natin ang ating tungkulin, o talagang lubos tayong naniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo? Paano natin maitatanim sa ating kaluluwa ang binhi ng pananam-palataya na nasa ating isipan para lalo itong mapayabong? Paano tayo magkakaroon ng malaking pagbabago ng puso na sinabi ni Alma na mahalaga sa ating walang-hanggan kaligayahan at kapayapaan? (tingnan sa Alma 5:12–21).

Tandaan, nasa pulot ang lahat ng sustansyang kailangan para mabuhay sa mundo. At ang doktrina at ebanghelyo ni Cristo ang tanging daan para matamo ang buhay na walang hanggan. Mahihikayat lamang tayong magmahal at maglingkod na katulad ng sa Tagapagligtas kapag lumago ang ating patotoo nang higit kaysa nasa ating isipan at naisapuso natin ito. Sa gayon lamang tayo nagiging mga tunay na disipulo ni Cristo na binigyang-kapangyarihan ng Espiritu upang maantig ang puso ng ating kapwa.

Kapag hindi na nakatuon ang ating puso sa mga bagay ng mundo, hindi na natin hahangarin ang parangal ng tao o bibigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan (tingnan sa D at T 121:35–37). Bagkus, nagtataglay tayo ng mga katangiang katulad ng kay Cristo na Kanyang itinuro:

- Tayo ay mahinahon at maamo at mapagtiis (tingnan sa D at T 121:41).
- Tayo ay mabait, walang pagkukunwari o pandaraya (tingnan sa D at T 121:42).
- Nakadarama tayo ng pag-ibig sa lahat ng tao (tingnan sa D at T 121:45).
- Ang ating isipan ay laging puspos ng kabanalan (tingnan sa D at T 121:45).

ng punong walnut na lumaki sa likod-bahay ni Pangulong Gordon B. Hinckley at nagagayakan ng inukit na imahe ng mga bahay-pukyutan.

Lahat ng symbolismong ito ay patunay sa isang katotohanan: nangyayari ang mga dakilang bagay at gumagaan ang mga pasanin sa pagsisikap ng maraming kamay na “sabik sa paggawa ng mabuting bagay” (D at T 58:27). Isipin ang magagawa ng milyun-milyong Banal sa mga Huling Araw sa mundo kung kikilos tayo na parang bahay-pukyutan habang nakatuon ang ating pansin at lubos ang katapatan natin sa mga turo ng Panginoong Jesucristo.

Itinuro ng Tagapagligtas na ang una at dakilang utos ay:

“Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. . . .

“At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

“Sa dalawang utos na ito’y nauwi ang buong kautusan, at ang mga propeta” (Mateo 22:37, 39–40).

Ang mga salita ng Tagapagligtas ay simple, ngunit ang kahulugan nito ay malawak at napakahalaga. Dapat nating mahalín ang Diyos at mahalín at pangalagaan ang ating kapwa tulad sa ating sarili. Isipin kung anong buti ang magagawa natin sa mundo kung magsasama-sama tayo, magkakaisa bilang mga disipulo ni Cristo, sabik at abalang tumutugon sa mga pangangailangan ng iba at naglilingkod sa mga nakapaligid sa atin—sa ating pamilya, mga kaibigan, kapitbahay, kababayan.

Sabi nga sa Sulat ni Santiago, paglilingkod ang mismong kahulugan

ng dalisay na relihiyon (tingnan sa Santiago 1:27).

Nababasa natin ang paglilingkod ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo at lalo na ang paglilingkod sa mga tao tuwing may krisis—mga sunog at baha at bagyo at buhawi. Ang kailangang-kailangan at napakahalagang pagtugon na ito sa emergency ay talagang dapat magpatuloy bilang paraan ng pagpasan ng pasanin ng isa’t isa. Pero paano naman ang buhay natin sa araw-araw? Ano ang kabuuang epekto ng milyun-milyong mumunting pagkakawanggawa natin araw-araw dahil sa taos na pagmamahal natin sa iba bilang Kristiyano? Sa paglipas ng panahon mapagbabago nito ang lahat ng anak ng ating Ama sa Langit sa pagpapaabot ng Kanyang pagmamahal sa kanila sa pamamagitan natin. Higit kailanman kailangan ng magulong mundong ito ang pag-ibig ni Cristo ngayon, at mas kakailanganin pa nila ito sa darating na mga taon.

Ang simple at araw-araw na paglilingkod ay maaaring tila hindi naman gayon kalaki, ngunit kapag pinagsama-sama ay nagiging parang 1/12 ng isang kutsaritang pulot na iniambag ng isang bubuyog sa bahay-pukyutan. May kapangyarihan ang pagmamahal natin sa Diyos at sa Kanyang mga anak, at kapag ang pagmamahal na iyon ay nakita sa milyun-milyong paggawa ng kabutihan ng Kristiyano, mapapabuti at pangangalagaan nito ang mundo sa pamamagitan ng nagbibigay-buhay na nektar ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa.

Ano ang kailangan nating gawin para maging katulad ng matatapat na pukyutan at maging bahagi ng

- Tayo ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama (tingnan sa Mosias 5:2).
- Ang Espiritu Santo ang lagi nating kasama, at ang mga doktrina ng priesthood ay padadalisyayn ang ating kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit (tingnan sa D at T 121:45–46).

Ngayon, mga kapatid, hindi ko hinihikayat na maging masyado kayong relihiyoso o panatiko. Kabaligtaran iyan! Sinasabi ko lang na gawin natin ang susunod na tamang hakbang sa ating lubos na pagbabalik-loob sa ebanghelyo ni Cristo sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga doktrina nito sa ating puso't kaluluwa upang maisagawa at maipamuhay natin—nang may integridad—ang sinasabi nating ating pinaniniwalaan.

Ang integridad na ito ay nagpapasimple sa ating buhay at nagpapalakas ng ating pakiramdam sa Espiritu at sa mga pangangailangan ng iba. Pinasasaya nito ang ating buhay at pinapayapa ang ating kaluluwa—ang uri ng kagalakan at kapayapaang dumarating sa atin kapag nagsisisi tayo sa ating mga kasalanan at sinusunod ang mga utos ng Tagapagligtas.

Paano natin maisasagawa ang pagbabagong ito? Paano natin maisasapuso ang pag-ibig na ito ni Cristo?

May isang simpleng gawain sa araw-araw na makagagawa ng kaibhan sa bawat miyembro ng Simbahan, pati na sa inyo mga batang lalaki at babae, mga binatilyo at dalagita, mga single adult at mga magulang.

Ang simpleng gawaing iyon ay: Sa pagdarasal ninyo tuwing umaga, hilingin sa Ama sa Langit na gabayan kayo na magkaroon ng pagkakataong mapaglingkuran ang isa sa Kanyang mahal na mga anak. At saka humayo sa buong maghapon na ang puso ay puno ng pananampalataya at pagmamahal, naghahanap ng matutulongan. Kailangang nakatuong mabuti ang ating pansin, tulad ng pagtutuon ng pansin ng mga pukyutan sa mga bulaklak na kukunan nila ng nektar at polen. Kung gagawin ninyo ito, lalakas ang inyong espirituwal na pakiramdam at makakakita kayo ng mga pagkakataong maglingkod na hindi ninyo aakalaing posible.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na sa maraming pagkaka-taon ay sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin ng ibang tao sa pamamagitan natin—sa pamamagitan ko at ninyo—sa pamamagitan ng ating mabubuting salita at gawa, sa ating simpleng paglilingkod at pagmamahal.

At sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Tunay na napapansin tayo

ng Diyos, at binabantayan Niya tayo. Ngunit karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao Niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan. Samakatwid lubhang mahalaga na paglingkuran natin ang bawat isa” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 100)

Alam ko na kung gagawin ninyo ito—sa bahay, sa paaralan, sa trabaho, at sa simbahan—gagabayon kayo ng Espiritu, at mahihiwatigan ninyo ang mga nangangailangan ng partikular na paglilingkod na kayo lamang ang makapagbibigay. Bubulungan kayo ng Espiritu at mahihikayat kayong tumulong na impluwensyahan ang mundo ng dalisay na pag-ibig ni Cristo at ng Kanyang ebanghelyo.

At tandaan, tulad ng 1/12 na kutsaritang pulot na laan ng munting pukyutan sa bahay-pukyutan, kung pararamihin natin ang ating mga pagsisikap nang libu-libo, maging ng milyun-milyong pagsisikap nang may panalangin na ibahagi ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng paglilingkod ng isang Kristiyano, mabilis na lalago ang kabutihang maghahatid ng Liwanag ni Cristo sa mundong ito na pasama nang pasama. Sa pagkakaisa, mai-pararating natin ang pagmamahal at pagkahabag sa sarili nating pamilya at sa nalulumbay, maralita, nagdadalamhati, at sa mga anak ng ating Ama sa Langit na naghahanap ng katotohanan at kapayapaan.

Mapagpakumbaba kong dalangin, mga kapatid, na hihingi tayo ng inspirasyon sa ating araw-araw na mga panalangin na makakita ng isang taong mapaglilingkuran natin nang makabuluhan, kabilang na ang pagbabahagi ng mga katotohanan ng ebanghelyo at ng ating patotoo. Sa pagtatapos ng bawat araw, nawa'y masagot natin ng oo ang mga tanong na: “Ako ba'y may kabutihang nagawa? Ako ba ay nakatulong?” (*Mga Himno*, blg. 135).

Ito ang gawain ng Diyos. Nawa'y tapat nating maisagawa ito na tulad ng masisigasig na pukyutan, ang mapagpakumbaba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Mexico City, Mexico



Ni Elder Larry Echo Hawk
Ng Pitumpu

“Magsilapit Kayo sa Akin, O Kayong Sambahayan ni Israel”

Kapag lumapit tayong lahat sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo at pinadalisay natin ang ating puso, magiging kasangkapan tayong lahat sa pagsasakatuparan ng mga dakilang pangako sa Aklat ni Mormon.

Nagboluntaryo akong maglingkod sa United States Marine Corps noong Vietnam War. Pagdating na pagdating ko sa Quantico, Virginia, para sa training, natagpuan ko ang aking sarili na nakatayo sa harapan ng aking higaan sa aming kuwartel kasama ang 54 na iba pang bagong marino. Nakilala ko ang aking drill instructor, isang matapang na beterano sa digmaan, nang pasipa niyang buksan ang pinto ng kuwartel at pumasok habang pasigaw na nagsasalita nang masama.

Matapos ang nakasisindak na pagpapakilalang ito, nagsimula siya sa isang dulo ng kuwartel at isa-isang tinanong ang mga bagong marino. Walang pinipili, maparaang naghanap ng dahilan ang drill instructor para malait ang bawat marino sa masama at mahahalay na pananalita. Inisa-isa niya ang mga marino, na sinagot naman siya nang pasigaw tulad ng utos niya: “Opo” o “Hindi po, Sergeant Instructor.”

Hindi ko gaanong makita ang ginagawa niya, dahil inutusan kaming tumayo nang tuwid at direktang tingin. Nang ako na, hinablot niya ang aking bag at ibinuhos ang laman nito sa kama ko sa aking likuran. Tiningnan niya ang mga dala-dala ko, pagkatapos ay bumalik para harapin ako. Inihanda ko ang aking sarili sa pang-iinsulto niya. Hawak niya ang aking Aklat ni Mormon. Inasahan kong sisigawan niya ako; sa halip, lumapit siya sa akin at bumulong, “Mormon ka ba?”

Bilang pagsunod, sumigaw ako, “Opo, Sergeant Instructor.”

Muli kong inasahan na may masamang mangyayari. Sa halip, tumigil siya at itinaas niya ang kamay na may hawak ng Aklat ni Mormon at sa napakahinang tinig ay sinabing, “Naniniwala ka ba sa aklat na ito?”

Muli akong sumigaw, “Opo, Sergeant Instructor.”

Sa puntong ito natiyak kong pipintasan niya ang mga Mormon at

ang Aklat ni Mormon, pero tahimik lang siyang nakatayo roon. Sa isang saglit ay bumalik siya sa higaan ko at maingat na inilapag ang aking Aklat ni Mormon. Pagkatapos ay nilagpasan niya ako at patuloy na ininsulto at pinintasan ang lahat ng natitira pang bagong marino.

Madalas kong isipin kung bakit hindi ako ininsulto ng mabagsik na Marine Corps sergeant sa araw na iyon. Ngunit nagpapasalamat ako at nasabi ko nang walang pag-aalangan, “Opo, miyembro po ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw” at “Opo, alam ko na totoo ang Aklat ni Mormon.” Ang patotoong ito ay mahalagang kaloob na ibinigay sa akin sa pamamagitan ng Espiritu Santo sa tulong ng dalawang misyonero at ng isang priests quorum adviser.

Noong ako ay 14 na taong gulang, dalawang misyonero, sina Lee Pearson at Boyd Camphuysen, ang nagturo sa aking pamilya ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, at nabin-yagan ako. Makalipas ang dalawang taon ay hinamon ako ng aming priests quorum adviser na si Richard Boren na basahin ang Aklat ni Mormon. Tinanggap ko ang hamong iyon, at nagbasa ako ng hindi kukulangin sa 10 pahina bawat gabi hanggang sa matapos ko ito.

Sa pahina ng pamagat nabasa ko na ito ay “isinulat para sa mga Lamanita, na mga labi ng sambahayan ni Israel; gayon din sa mga Judio at Gentil.” Sa pambungad sa Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo, sinasabi na ang mga Lamanita “ang mga pangunahing ninuno ng mga Amerikanong Indiyano.” Habang binabasa ko ang Aklat ni Mormon, sa tingin ko ito ay tungkol sa aking mga ninunong Amerikanong Indian. Ito ay tungkol sa isang grupo ng mga tao, ang isang bahagi nito ay tinukoy kalaunan bilang “mga Lamanita,” na mula sa Jerusalem ay nagtungo sa “lupang pangako” (1 Nephi 2:20) mga 600 B.C. Tungkol ito sa pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga sinaunang taong ito sa isang lugar sa mga kontinente ng Amerika. Kabilang dito ang tungkol sa pagmimistryo ni



Jesucristo sa kanila pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Sinabi sa mga talata sa Aklat ni Mormon na sa paglipas ng panahon ay nangakalat sila sa iba't ibang kontinente ng Amerika at sa mga pulo sa kalapit na karagatan (tingnan sa Alma 63:9–10). Ipinropesiya ng kanilang mga propeta na maraming Gentil ang darating kalaunan sa lupang pangakong ito at ang poot ng Diyos ay mapapasa mga Lamanita at sila ay ikakalat, pahihirapan, at halos malilipol (tingnan sa 1 Nephi 13:10–14).

Ang aking lolo-sa-tuhod na si Echo Hawk, isang Pawnee Indian, ay isinilang noong kalagitnaan ng 1800s sa lugar na tinatawag ngayong Nebraska. Noong siya ay 19 na taong gulang, ang mga taong Pawnee ay napilitang ibigay ang kanilang 23-milyong-akre (9.3 milyong ektarya) na lupain sa mga nandayuhan. Noong 1874 naglakad nang ilang daang milya ang mga taong Pawnee patimog patungo sa isang lupaing nasa Oklahoma Indian Territory. Ang populasyon ng mga taong Pawnee ay bumaba, mula sa mahigit 12,000 ito ay naging halos wala pang 700 nang makarating sila sa Oklahoma. Ang Pawnee, gaya ng iba pang mga tribo, ay ikinalat, pinahirapan, at halos malipol.

May espesyal na mensahe ang Aklat ni Mormon para sa mga inapong mga Lamanita, isang labi ng

sambahayan ni Israel. Ipinahayag ni Nephi ang mensaheng ito habang binibigyang-kahulugan ang pangitain ng kanyang ama tungkol sa mga huling araw na ito: “At sa araw na yaon ay malalaman ng labi ng ating mga binhi na sila ay kabilang sa sambahayan ni Israel, at na sila ang mga pinagtipanang tao ng Panginoon; at pagkatapos makikilala nila at makararating sila sa kaalaman ng kanilang mga ninuno, at gayon din sa kaalaman ng ebanghelyo ng kanilang Manunubos, na kanyang ipinangaral sa kanilang mga ama; anupa’t makararating sila sa kaalaman ng kanilang Manunubos at sa bawat bahagi ng kanyang doktrina, nang malaman nila kung paano lalapit sa kanya at maligtas” (1 Nephi 15:14).

Ang Aklat ni Mormon ay sagradong banal na kasulatan. Naglalaman ito ng kabuuan ng walang-hanggang ebanghelyo. Isinulat ni Propetang Joseph Smith na “ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 74). Sa gayon, ito ay may mensahe sa lahat ng tao sa mundo.

Noong 17 taong gulang ako at nagbabasa ng Aklat ni Mormon sa unang

pagkakataon, pinagtuunan ko ng pansin ang pangako ni Moroni: “At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo” (Moroni 10:4).

Nang lumuhod ako at manalangin, nakatanggap ako ng malakas na espirituwal na patotoo na ang Aklat ni Mormon ay tunay. Ang patotoong iyan ang nakatulong sa akin sa pagpapalano at pagdedesisyon sa aking buhay.

Hinihikayat ko ang lahat ng tao na basahin ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo.

Hinihiling ko lalo na sa labi ng sambahayan ni Israel, na mga inapong mga tao sa Aklat ni Mormon, saanman kayo naroon, na paulit-ulit na basahin ang Aklat ni Mormon. Alamin ang mga pangakong nasa Aklat ni Mormon. Sundin ang mga turo at halimbawa ni Jesucristo. Makipagtipan sa Panginoon at tuparin ang mga ito. Hangarin at sundin ang patnubay ng Banal na Espiritu.

Magtatapos ako sa mga salitang sinabi ni Amaleki, isa pang propeta sa Aklat ni Mormon: “At ngayon, mga minamahal kong kapatid, nais kong lumapit kayo kay Cristo, na Siyang Banal ng Israel, at makibahagi sa kanyang kaligtasan, at sa kapangyarihan ng kanyang pagtubos. Oo, lumapit sa kanya, at ialay ang inyong buong kaluluwa bilang handog sa kanya, at magpatuloy sa pag-aayuno at pananalangin, at magtiis hanggang wakas; at yamang buhay ang Panginoon kayo ay maliligtas” (Omni 1:26).

Kapag lumapit tayong lahat sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo at pinalalisay natin ang ating puso, magiging kasangkapan tayong lahat sa pagsasakatuparan ng mga dakilang pangako sa Aklat ni Mormon. Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Robert C. Gay
Ng Pitumpu

Anong Ibibigay ng Tao na Katumbas sa Kaniyang Buhay?

Talikuran natin ang lahat ng ating kasalanan, maliit man o malaki, para sa buhay na walang hanggan na gantimpala ng Ama.

Minsa'y itinanong ito ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo: “Anong ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?”¹

Ito ay tanong na itinuro sa akin ng aking ama na pag-isipan kong mabuti maraming taon na ang nakalilipas. Habang lumalaki ako, binigyan ako ng mga magulang ko ng mga gawaing-bahay at binigyan ako ng allowance para sa gawaing iyon. Madalas kong gamitin ang perang iyon, na mahigit 50 cents kada linggo, para manood ng sine. Ang halaga ng tiket sa sinehan noon ay 25 cents para sa isang batang 11-taong-gulang. May natitira pa akong 25 cents para ipambili ng kendi, na tig-5 cents ang isa. May sine na, may kendi pa! Ang sarap ng buhay ko noon.

Maayos ang lahat hanggang sa mag-12 anyos ako. Habang nakapila isang hapon, nalaman ko na ang halaga ng tiket para sa mga 12-anyos ay 35 cents, at ibig sabihin niyan ay mababawasan ng dalawa ang kendi.

Dahil hindi ako handang isakripisyon, ikinatwiran ko na, “Tulad pa rin noong isang linggo ang hitsura mo.” Pagkatapos ay lumapit ako at humingi ng tiket na halagang 25 cents. Hindi nagduda ang kahera, at lima pa rin ang nabili kong kendi sa halip na tatlo.

Sa tuwa sa nagawa ko, nagmadali akong umuwi para ikuwento kay Itay ang malaking tagumpay ko. Habang ikinukuwento ko ang mga detalye, wala siyang imik. Pagkatapos ko, tumingin lang siya sa akin at sinabing, “Anak, ipagbibili mo ba ang kaluluwa mo sa halagang singko?” Tumimo ang sinabi niya sa batang puso ko. Hinding-hindi ko nalimutan ang aral na ito.

Makalipas ang ilang taon itinanong ko rin ito sa isang di-gaanong aktibong mayhawak ng Melchizedek Priesthood. Kahanga-hanga siyang tao na nagmamahal sa kanyang pamilya. Gayunman, maraming taon na siyang hindi nagsisimba. Mayroon siyang matalinong anak na lalaki na kabilang

sa napakahusay na sports team na sumasali sa mga kumpetisyon sa ibang bansa na nagpapraktis at naglalaro sa araw ng Linggo. Maraming beses nang nagwagi ang team sa malalaking kampeonato. Nang magkausap kami, ipinaalala ko sa kanya na, bilang mayhawak ng priesthood, pinangkuan siya na kung tutuparin niya ang kanyang sumpa at tipan, tatanggapin niya ang “lahat ng mayroon ang [ating] Ama.”² Pagkatapos ay tinanong ko siya, “Higit ba ang halaga ng pambansang kampeonato kaysa lahat ng mayroon ang Ama?” Magiliw niyang sinabi, “Nauunawaan ko po ang ibig ninyong sabihin” at nagpa-iskedyul siya para makausap ang kanyang bishop.

Ngayon napakadaling matangay ng ingay ng mundo—sa kabila ng mabubuti nating hangarin. Pinipilit tayo ng daigdig na “[tumingin] nang lampas sa tanda.”³ May nagtanong sa akin kamakailan, “Talaga bang hindi puwede kahit isang lagok lang ng alak?” Hindi ba’t iyan ang tanong ng kaaway? Tanong ni Cain, “Sino ang Panginoon na nararapat ko siyang makilala?”⁴ at napariwara ang kanyang kaluluwa. Sa pangangatwiran sa maliliit na kasalanan, nagtatagumpay si Satanas. Sa isang bote ng gatas,⁵ maling baybay ng pangalan,⁶ nilutong pagkain,⁷ ipinagpalit ang mga pagkapananay at mana.

Kapag inisip natin ang kapalit na singko o pambansang kampeonato sa ating buhay, maaari nating pangatwiran ang ating mga ginagawa, tulad ni Cain, o kaya’y sundin ang kalooban ng Diyos. Ang tanong ay hindi kung ginagawa ba natin ang mga bagay na kailangang itama, dahil lagi naman nating ginagawa iyon. Sa halip, ang tanong ay “tatalikuran” o “susundin” ba natin ang utos na gawin ang kalooban ng Ama?⁸

Natutuwa ang Panginoon sa ating kabutihan ngunit iniuutos Niya na patuloy tayong magsisi at sumunod. Sa Biblia mababasa natin na isang taong masunurin sa mga kautusan at mayaman ang lumuhod sa harapan ng Tagapagligtas at nagtanong kung ano ang kailangan niyang gawin para magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Umalis siyang malungkot nang sabihin ng Tagapagligtas na, “Isang bagay ang kulang sa iyo: . . . ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik.”⁹

Ngunit, may isa pang mayaman ngunit makamundong lalaki, ang punong hari ng mga Lamanita, na ama ni Lamoni, ang nagtanong nang gayon din tungkol sa buhay na walang hanggan, at nagsabing: “Ano ang nararapat kong gawin upang isilang sa Diyos, nang ang masamang espiritung ito ay mabunot mula sa aking dibdib, at matanggap ang kanyang Espiritu[?] . . . Tatalikuran ko ang aking kaharian, upang matanggap ko ang labis na kagalakang ito.”¹⁰

Naaalala ba ninyo ang sagot ng Panginoon sa hari sa pamamagitan ng Kanyang lingkod na si Aaron? “Kung magsisisi kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan, at yuyukod sa harapan ng Diyos, at mananawagan sa kanyang pangalan nang may pananampalataya, naniniwalang makatanggap kayo, sa gayon inyong matanggap ang pag-asang ninanais ninyo.”¹¹

Nang maunawaan ng hari ang sakripisyong kailangang gawin, nagpakumbaba siya at nagpatirapa at pagkatapos ay nanalangin, “O Diyos, . . . tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala kayo.”¹²

Ito ang hinihinging kapalit ng Tagapagligtas sa atin: talikuran ang lahat ng ating kasalanan, maliit man o malaki, para sa buhay na walang hanggan na gantimpala ng Ama. Kailangan nating kalimutan ang mga pangangatwiran, pagdadahilan, pagpapaliban, pagpapanggap, kapalaluan, panghuhusga sa kapwa, at paggawa ng mga bagay sa paraang gusto natin. Dapat nating ihiwalay ang ating sarili sa lahat ng kamunduhan at taglayin sa ating sarili ang larawan ng Diyos.¹³

Mga kapatid, tandaan na ang utos na ito ay hindi lamang pagtigil sa paggawa ng masama. Dahil nakabantay ang kaaaway kailangan din tayong kumilos at hindi maupo na lamang sa “kapabaya-an.”¹⁴ Ang ibig sabihin ng taglayin sa ating sarili ang larawan ng Diyos ay paglingkuran ang isa’t isa. May masasamang bagay tayong ginagawa at mabubuting bagay na



hindi natin ginagawa, at dapat nating iwasan ito pareho.

Noong naglilingkod ako bilang mission president sa Africa, hindi ko malilimutan ang natutuhan kong dakilang katotohanang ito. Papunta ako noon sa isang miting nang makita ko ang isang batang lalaking nag-iisa at humahagulgol sa tabing-daan. May tinig na nagsabi sa akin, “Tumigil ka at tulungan mo ang bata.” Nang marinig ko ang tinig, sa isang iglap ay nangatwiran ako: “Hindi ka puwedeng tumigil. Mahuhuli ka. Ikaw ang namumunong opisyal at hindi ka puwedeng mahuli.”

Pagdating sa meetinghouse, narinig ko ulit ang tinig na nagsasabing, “Tulungan mo ang bata.” Ibinigay ko ang susi ng kotse ko sa isang miyembro ng Simbahan na nanggangalang Afasi at hiniling kong dalhin niya sa akin ang bata. Pagkaraan ng 20 minuto, may tumapik sa balikat ko. Nasa labas na ang bata.

Mga 10 taong gulang siya. Nalaman namin na patay na ang tatay niya at nakakulong ang nanay niya. Nakatira siya

sa pook ng mahihirap sa Accra kasama ang isang tagapag-alaga, na nagpapakain at kumukupkop sa kanya. Para may makain at matulugan, naglalako siya ng tuyo sa kalye. Ngunit matapos ang maghapon paglalako, pagdukot niya sa bulsa niya, nakita niyang butas ito. Nawala ang lahat ng kinita niya. Nalaman namin kaagad ni Afasi na kung babalik siya nang walang dalang pera, tatawagin siyang sinungaling, malamang na bugbugin, at saka siya itataboy sa lansangan. Ganoon ang kanyang takot at pangamba nang una ko siyang makita. Pinawi namin ang kanyang pangamba, pinalitan ang nawala sa kanya, at ibinalik siya sa tagapag-alaga niya.

Pag-uwi ko nang gabing iyon, natanto ko ang dalawang dakilang katotohanan. Una, noon ko lang nalaman na nagmamalasakit ang Diyos sa bawat isa sa atin at hindi Niya tayo pababaya-an kailanman; at pangalawa, nalaman ko na kailangan nating dinggin palagi ang tinig ng Espiritu sa ating kalooban at “kaagad”¹⁵ sumunod anuman ang mangyari, kahit may



pangamba tayo o hindi ito madali para sa atin.

Isang araw tinanong ng mga disipulo ang Tagapagligtas kung sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit. Sinabi Niya sa kanila na magbalik-loob, magpakumbaba, at sumunod na tulad ng maliliit na bata. Pagkatapos ay sinabi Niya, “Ang Anak ng Tao ay naparito upang ilitas ang [yaong] nawala.”¹⁶ Sa isang pangungusap na iyan, niliwanag Niya ang ating misyon. Tayo ang sasagip—sa nali-ligaw, nahuhuli, at pinakaaba. Hindi sapat na iwasan ang kasamaan; dapat nating “batahin ang kanyang krus”¹⁷ at “maging sabik sa paggawa,”¹⁸ na tumutulong sa iba na magbalik-loob. May habag at pagmamahal nating tanggapin ang alibugha,¹⁹ tugunan ang pag-iyak ng nababagabag na mga ulila, ang pagsamo ng mga taong nasa dilim at nalulungkot,²⁰ at ang namimighating pagsamo ng mga pamilyang nangangailangan. “Hindi kailangan ni Satanang na gawing tulad ni Cain o ni Judas ang lahat, . . .” sabi ni Elder Neal A. Maxwell. “Kailangan lang niyang ipaisip sa mga taong may-kakayahan . . . na sila ay mga taong walang pinapanigan.”²¹

Pagkatapos ng isang stake conference kamakailan, nilapitan ako at

tinanong ng isang binatilyo, “Mahal po ba ako ng Diyos?” Nawa ang ating buhay na puno ng paglilingkod ay magpapatunay sa tuwina na hindi pinababayaan ng Diyos ang sinuman.

Sa tanong na, “Anong ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?” Gugustuhin ni Satanang na ipagpalit natin ang ating buhay sa mga kendi at kampeonato ng mundong ito. Gayunman, iniuutos sa atin ng Tagapagligtas, nang walang katumbas na halaga, na ipagpalit ang ating mga kasalanan, taglayin ang Kanyang larawan, at tulungan ang mga tao sa ating paligid na gayon din ang gawin. Kapalit nito’y matatanggap natin ang lahat ng may-roon ang Diyos, na sinasabi sa atin na mas marami kaysa pinagsama-samang kayamanan ng mundong ito.²² Maiisip kaya ninyo iyan?

Sa biyahe kamakailan patungong Nicaragua, napansin ko ang isang plake sa simpleng tahanan ng isang pamilyang binisita namin. Nakasaad doon, “Ang aking patotoo ang pinakamahalaga kong pag-aari.” Gayundin ang sa akin. Ang aking patotoo ang yaman ng aking kaluluwa, at sa buong katapatan ng aking puso, iniwan ko sa inyo ang aking patotoo na ang Simbahang ito ang tunay na Simbahan ng Diyos, na ang ating Tagapagligtas ang

pinuno nito at ginagabayan Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang piniling propeta. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 16:26.
2. Doktrina at mga Tipan 84:38.
3. Jacob 4:14.
4. Moises 5:16.
5. Ang isang bote ng gatas at ang krema nito ang pinagmulan ng sigalot sa pagitan ng asawa ni Thomas B. Marsh at ni Gng. Harris, na nagkasundong pagsamahin ang kanilang mga sangkap at gumawa ng keso. Nang malaman ni Gng. Harris na hindi isinama ni Gng. Marsh ang krema ng gatas kundi itinago ito para sa kanyang sarili, nagreklamo si Gng. Harris, at nag-away ang dalawa. Idinulog ni Thomas Marsh ang bagay na ito sa bishop, na pumanig naman kay Gng. Harris. Ipinarating ito ng bishop sa high council hanggang sa Unang Panguluhan, na pawang sumang-ayon na si Gng. Marsh ang mali. Naging balakid ito kay Thomas Marsh at sa mga Kapatid. Di-naglaon pagkatapos niyon, tumestigo si Thomas Marsh sa harap ng mahistrado ng Missouri na ang mga Mormon ay kalaban ng estado ng Missouri. (Tingnan sa George A. Smith, “Discourse,” *Deseret News*, Abr. 16, 1856, 44.)
6. Nang tawagin ni Propetang Joseph Smith si Simonds Ryder na maglingkod bilang misyonero, natuklasan ni Ryder na nagkamali ang pagbaybay sa kanyang pangalan at naging “Rider” ito sa nakalimbag na paghahayag. Nagdamdam siya, at human-tong ito sa kanyang apostasiya at sa huli’y nakasama siya sa pagbubuhos ng alkitran at balahibo sa propeta. Hindi alam ni Ryder na karaniwan ay idinidikta ni Joseph Smith ang mga paghahayag sa kanyang mga tagasulat at wala siyang kinalaman sa pagbaybay. (Tingnan sa Milton V. Backman Jr., *The Heavens Resound: A History of the Latter-day Saints in Ohio, 1830–1838* [1983], 93–94; Donald Q. Cannon at Lyndon W. Cook, mga ed., *Far West Record: Minutes of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 1830–1844* [1983], 286.)
7. Sa Genesis 25 nalaman natin na ipinagbili ni Esau ang kanyang pagkapanganay kapalit ng “tinapay at nilutong lenthas” ni Jacob (talata 34).
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:18–19.
9. Tingnan sa Marcos 10:21–22.
10. Alma 22:15.
11. Alma 22:16.
12. Alma 22:18.
13. Tingnan sa Alma 5:14–19.
14. Alma 60:7.
15. Marcos 1:18.
16. Mateo 18:11.
17. Jacob 1:8.
18. Doktrina at mga Tipan 58:27.
19. Tingnan sa Lucas 15:11–32.
20. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–16.
21. Neal A. Maxwell, *Deposition of a Disciple* (1976), 88.
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:38.



Ni Elder Scott D. Whiting
Ng Pitumpu

Pamantayan ng Templo

Ang matataas na pamantayan sa pagtatayo ng templo na sinusunod ng Simbahang ito ay ang uri at simbolo ng kung paano tayo dapat mamuhay.

Kamakailan habang nililibot ko ang magandang Brigham City Utah Temple, naalala ko ang isang karanasan noong naglilingkod ako bilang coordinator sa open house, muling paglalaan, at kultural na pagdiriwang ng makasaysayang Laie Hawaii Temple.

Ilang buwan bago natapos ang malawakang renobasyon, inanyayahan akong libutin ang templo kasama ang Executive Director ng Temple Department na si Elder William R. Walker at ang kanyang mga kasamahan sa Temple Department. Bukod dito, naroon din ang iba't ibang miyembro ng kontratistang kompanyang nagsagawa ng renobasyon. Bahagi ng layunin ng paglilibot na alamin ang progreso at kalidad ng trabahong isinasagawa. Sa sandaling iyon, 85 porsiyento na ang natatapos sa renobasyon.

Habang nililibot namin ang templo, minasdan ko at pinakinggan si Elder Walker at ang kanyang mga kasamahan habang iniinspeksyon nila ang trabaho at kinakausap ang kontratista. Paminsan-minsan nakita ko na hinahaplos ng isang lalaki ang mga dingding nang magpalipat-lipat kami ng silid. Pagkatapos na makailang beses itong gawin, pagkukuskusin niya ang kanyang mga daliri at saka lalapit sa

kontratista at sasabihing, “Magaspang pa ang dingding na ito. Ang magaspang na dingding ay hindi ayon sa pamantayan ng templo. Kailangan ninyong pakinisin ang dingding na ito.” Masunuring itinatala ng kontratista ang bawat obserbasyon.

Nang malapit na kami sa isang lugar sa templo na iilang tao lamang ang makakakita, pinahinto kami ng lalaki ring iyon at itinuro sa amin ang kalalagay na magandang bintana na yari sa leaded-glass. Ang salaming ito ay may lapad na dalawang talampakan (0.6 m) at may taas na anim na talampakan (1.8 m) at may maliliit na geometric pattern na yari sa stained-glass. Itinuro niya ang isang maliit na dalawang-pulgadang (5 cm) parisukat na salaming de-kolor na bahagi ng simpleng dibuho at sinabing, “Tabingi ang parisukat na iyan.” Tiningnan ko ang parisukat, at sa tingin ko ay pantay naman ang pagkalagay rito. Gayunman, sa malapitang inspeksyon gamit ang dalang panukat, nakita ko na may depekto nga at ang maliit na parisukat na ito ay nakatabingi nang one-eight inch (3 mm). Pagkatapos ay pinagbilinan ang kontratista na kailangang palitan ang bintanang ito dahil hindi ito ayon sa pamantayan ng templo.

Inaamin ko na nagulat ako na kailangan pang palitan ang buong bintana dahil sa gayon kaliit at halos di-kapansin-pansing depekto. Sigurado namang hindi malalaman o mapapansin ng sinuman ang bintanang ito dahil nasa bahagi iyon ng templo na hindi kita ng tao.

Habang nagmamaneho pauwi mula sa templo noong araw na iyon, pinagmuni-munihan ko ang natutuhan ko sa karanasang ito—o, ibig kong sabihin, ang inakala kong natutuhan ko. Luminaw lamang sa akin ang naranasan ko sa paglibot sa templo nang makalipas ang ilang linggo ay anyayahan akong libutin ang templo ring iyon na natapos na.

Nang pumasok ako sa natapos nang Laie Hawaii Temple, labis akong humanga sa ganda nito at sa husay ng pagkagawa rito. Mauunawaan ninyo ang kasabikan kong makitang muli ang “magaspang” na dingding at “may depektong” bintana. Pinakinis ba ng kontratista ang mga dingding? Talaga bang pinalitan ang bintana? Nang lapitan ko ang magaspang na dingding, nagulat akong makita na may magandang wallpaper nang idinikit sa buong dingding. Ang una kong naisip ay, “Ganito pala inayos ng kontratista ang magaspang na dingding—tinakpan niya ito.” Pero, hindi pala, nalaman ko na talagang kasama na sa plano na lagyan ng wallpaper ang mga dingding na ito. Inisip ko kung bakit inayos pa ang maliit at halos di-mapansing kaspangan kung tatakpan naman pala ito ng wallpaper. Pagkatapos ay sabik kong pinuntahan ang lugar na kinaroroonan ng may depektong bintana at nagulat akong makita ang isang magandang halamang sintaas ng kisame sa harapan mismo ng bintana. Muli kong naisip na, “Ganito pala inayos ng kontratista ang tabinging parisukat—itinago niya ito.” Nang lumapit pa ako, hinawi ko ang mga dahon ng halaman at napangiti ako nang makita kong pinalitan nga ang bintana. Ang dating tabinging maliit na parisukat ay maayos at pantay na ang pagkalagay. Nalaman ko na kasama na sa plano ng loob ng templo na maglagay ng halaman sa harapan ng bintanang ito.



Bakit kailangan ng karagdagang trabaho at pakinisin ang mga dingding na medyo magaspang at palitan pa ang bintanang may maliit na depekto gayong hindi naman ito mapapansin ninuman? Bakit kailangang sundin ng kontratista ang gayon katataas na pamantayan?

Habang palabas ako ng templo na nag-iisip nang malalim, nakita ko ang sagot nang tumingala ako sa inayos na pader at nabasa ko ang mga salitang ito: “Kabanalan sa Panginoon, ang Bahay ng Panginoon.”

Ang mga templo ng Simbahang ito ay gayon nga tulad ng inihayag tungkol dito. Ang mga sagradong gusaling ito ay itinayo para gamitin natin, at sa loob nito isinasagawa ang sagrado at nakapagliliigtas na mga ordenansa. Ngunit hindi dapat pag-alinlanganan kung kaninong bahay ito. Sa pag-uutos na sundin nang tumpak ang mga pamantayan sa pagtatayo ng templo hanggang sa kaliit-liitang mga detalye, hindi lang natin ipinapakita ang ating pagmamahal at paggalang sa Panginoong Jesucristo, kundi ipinapakita rin natin sa lahat ng nagmamasid

na iginagalang at sinasamba natin Siya na may-ari ng bahay na ito.

Sa paghahayag kay Propetang Joseph Smith na magtayo ng templo sa Nauvoo, iniutos ng Panginoon:

“Pumarito kayo, dala ang lahat ng inyong ginto, at inyong pilak, at inyong mahahalagang bato, at lakip ang lahat ng yaong gamit noong sinaunang panahon; at lahat ng yaong may kaalaman sa gamit noong sinaunang panahon, . . . at dala . . . [ang mga] mahalagang puno ng lupa;

“. . . At magtayo ng bahay sa aking pangalan, para sa Kataas-taasan upang manahanan doon.”¹

Sumusunod ito sa huwaring itinatatag ni Haring Solomon sa Lumang Tipan nang magtayo siya ng templo sa Panginoon na ang gamit lamang ay pinakamaaiinam na materyales at husay sa paggawa.² Ngayon patuloy nating sinusunod ang huwaring ito, nang may angkop na moderasyon, sa pagtatayo natin ng mga templo ng Simbahan.

Nalaman ko na kahit maaaring hindi makita o mahaplos ng mga tao ang depekto kailanman, alam ng

Panginoon kung gaano ang pagsisikap natin at kung ginawa natin ang lahat sa abot-kaya natin. Totoo rin ito sa sarili nating pagsisikap na mamuhay nang karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo. Ipinayo ng Panginoon:

“At yayamang ang aking mga tao ay magtatayo ng isang bahay sa akin sa pangalan ng Panginoon, at hindi pahihintulutan ang anumang maruming bagay na pumasok dito, upang ito ay hindi madungisan, ang aking kaluwalhatian ay mananatili rito;

“Oo, ako ay paroroon, dahil ako ay papasok doon, at lahat ng may dalisay na puso na papasok dito ay makikita ang Diyos.

“Ngunit kung ito ay dudungisan hindi ako papasok doon, at ang aking kaluwalhatian ay hindi paroroon; dahil sa ako ay hindi paroroon sa mga hindi banal na templo.”³

Tulad ng kontratista, kapag nalaman natin na may mga bagay sa sarili nating buhay na hindi nakaayon sa mga turo ng Panginoon, kapag hindi natin ginagawa ang lahat ng kaya natin, dapat nating itama kaagad ang mga bagay na mali, na nauunawaan

na hindi natin maitatago ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Kailangan nating alalahanin na “kung ating tatangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan, . . . masdan, ang kalangitan ay lalayo; [at] ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati.”⁴

Nalaman ko rin na ang matataas na pamantayan sa pagtatayo ng templo na sinusunod ng Simbahang ito ay ang uri at simbolo ng kung paano tayo dapat mamuhay. Maipamumuhay ng bawat isa sa atin ang mga turo ni Apostol Pablo na ibinigay sa sinaunang Simbahan nang sabihin niya:

“Hindi baga ninyo nalalaman na kayo’y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?”

“Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya’y igigiba ng Dios; sapagka’t ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo.”⁵

Tayong lahat ay nilikha sa pinakamaiinam na materyales, at tayo ang mahimalang bunga ng banal na paglikhang iyan. Gayunman, pagsapit natin sa edad ng pananagutan at nahirapan tayong labanan ang kasalanan at tukso, kailangan nating magsisi at magbago. Marahil ay may mga bagay sa ating buhay na magaspang at kailangang kinisin o mga kasalananang kailangang pagsisihan upang makatayo tayo sa mga banal na lugar. Salamat na lang at ang pinatutugunan sa atin na pamantayan ng templo ay hindi ang maging perpekto, bagama’t nagsisikap tayong maging gayon, kundi ang sundin natin ang mga kautusan at gawin ang lahat para mamuhay bilang mga disipulo ni Jesucristo. Dalangin ko na pagsikapan nating lahat na mamuhay nang marapat sa mga pagpapala ng templo sa paggawa ng lahat sa abot ng ating makakaya, pagpapakabait at pagwaksi sa mga kamalian at kakulangan upang mapasaatin tuwina ang Espiritu ng Diyos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 124:26–27.
2. Tingnan sa I Mga Hari 6–7.
3. Doktrina at mga Tipan 97:15–17.
4. Doktrina at mga Tipan 121:37.
5. I Mga Taga Corinto 3:16–17; tingnan din sa talata 19.



Ni Elder Neil L. Andersen

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagsubok sa Inyong Pananampalataya

Gaya ng napakainit na apoy na nilulusaw ang metal para maging bakal, kapag nanatili tayong tapat sa matinding pagsubok sa ating pananampalataya, lalong dumadalisay at lumalakas ang ating espiritu.

Sampung taon na ang nakalilipas, noong nakatira kami ng asawa kong si Kathy sa São Paulo, Brazil, si President David Marriott ang namumuno sa Brazil São Paulo Interlagos Mission. Sila ng asawa niyang si Neill, at mga anak nilang sina Will, Wesley, at Trace ay nakatira malapit sa amin. Iniwan nila ang kanilang tahanan, negosyo, at marami sa kanilang pamilya para tumugon sa tawag ng propeta na magmisyon.

Tinawagan ako ni President Marriott isang hapon. Nabundol ng trak ang 21-taong-gulang na anak nilang si Georgia, isang senior sa violin performance sa Indiana University, habang nagbibisikleta pauwi matapos ang isang miting sa Simbahan. Noong una, nabalita na maayos ang kalagayan ni Georgia. Makalipas ang ilang oras ay biglang lumala ang kanyang kalagayan.

Nagsimulang mag-ayuno at manalangin ang pamilya at mga kaibigan na magkaroon ng himala para kay Georgia. Sumakay ng eroplano ang kanyang ina nang gabing iyon mula

sa Brazil. Pagdating niya sa Indiana kinabukasan, sinalubong siya ng kanyang mga anak na mas matanda [kay Georgia], na umiiyak na nagpaliwanag na nasa tabi sila ni Georgia nang pumanaw ito.

Minasdan ko ang pagdadalamhati ng pamilya Marriott sa pagkakataong ito at sa sumunod pang mga buwan at taon. Sila ay nanangis, nagdasal, binanggit-banggit nila si Georgia, nadama nila ang matinding sakit at kalungkutan, ngunit hindi humina ang kanilang pananampalataya. Sa sesyon kaninang umaga, narinig natin ang gayon ding pananampalataya sa magandang buhay ng mga pamilya Bowen at Wilberger.¹

Ang kaloob na pananampalataya ay napakahalagang espirituwal na kaloob. “Ito ang buhay na walang hanggan,” dalangin ni Jesus, “na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga’y si Jesucristo.”²

Ang ating pananampalataya ay nakasentro sa ating Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, na



ating Tagapagligtas at Manunubos. Suportado ito ng ating kaalaman na ang kabuuan ng ebanghelyo ay ipinanimbalik sa mundo, ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, at ang mga propeta at apostol ngayon ang mayhawak ng mga susi ng priesthood. Pinakaiingatan natin ang ating pananampalataya, sinisikap na palakasin ito, ipinagdasal na maragdagan pa ito, at ginagawa ang lahat ng kaya natin para protektahan at ipagtanggol ang ating pananampalataya.

Tinukoy ni Apostol Pedro ang isang bagay na tinawag niyang “pagsubok sa iyong pananampalataya.”³ Naranasan niya ito. Alalahanin ang mga salita ni Jesus:

“Simon, . . . hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo:

“Datapuwa’t ikaw ay ipinamanhiko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya.”⁴

Kalaunan ay hinikayat ni Pedro ang iba: “*Huwag* kayong mangagtaka,” wika niya, “tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na waring ang nangyayari sa inyo’y di karaniwang bagay.”⁵

Ang matitinding pagsubok na ito ang magpapalakas sa inyo, ngunit kaya nitong bawasan o sirain ang inyong tiwala sa Anak ng Diyos at pahinain ang determinasyon ninyong tuparin ang inyong mga pangako sa Kanya. Ang mga pagsubok na ito ay kadalasang nakabalatkayo, kaya mahirap itong matukoy. Nagsisimula ito sa ating mga kahinaan, pagkamaramdamin, pagkasensitibo, o sa mga bagay na pinakamahalaga sa atin. Ang tunay ngunit kakayaning pagsubok sa isang tao ay maaaring isang matinding pagsubok sa iba.

Paano kayo mananatiling “matatag at di natitinag”⁶ sa oras ng pagsubok sa inyong pananampalataya? Magtuon kayo sa mismong mga bagay na nagpalakas sa inyong pananampalataya: manampalataya kay Cristo, manalangin, pagnilayan ang mga banal na kasulatan, magsisi, sundin ang mga utos, at maglingkod sa kapwa.

Kapag naharap sa pagsubok ng pananampalataya—anuman ang gawin ninyo, huwag kayong lumayo sa Simbahan! Ang paglayo ninyo sa kahirian ng Diyos sa oras ng pagsubok sa pananampalataya ay parang pag-alis sa ligtas na kanlungan nang matanaw ninyo ang buhawi.

Sabi ni Apostol Pablo, “Hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo’y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios.”⁷ Sa loob ng ligtas na kanlungan ng Simbahan natin napoprotektahan ang ating pananampalataya. Sa pakikipagpulong sa ibang naniniwala, nagdasal tayo at nakahahanap ng kasagutan sa ating mga dalangin; tayo ay sumasamba sa pamamagitan ng musika, nagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas, naglilingkod sa isa’t isa, at nadarama natin ang Espiritu ng Panginoon. Nakikibahagi tayo ng sakramento, tumatanggap ng mga pagpapala ng priesthood, at dumadalo sa templo. Sinabi ng Panginoon, “Sa mga ordenansa . . . , ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.”⁸ Kapag naharap kayo sa isang pagsubok sa pananampalataya—manatiling ligtas sa loob ng sambahayan ng Diyos. Laging may lugar dito para sa inyo. Walang pagsubok na napakalaki na hindi natin makakayang daigin nang sama-sama.⁹

Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “[Mabilis ding nagbabago]

ang mga pamantayan ng lipunan tungkol sa moralidad. Ang mga ugali na dati ay hindi angkop at mahalay . . . ngayon [ay] itinuturing pang katanggap-tanggap ng marami.”¹⁰

Maraming single adult sa Simbahan na may edad nang talaga. Samantalang nakikita nilang kaiba ang buhay nila ngayon kaysa inasam nila noon, sinusunod nila ang batas ng kalinisang-puri.¹¹ Maaaring isang pagsubok ito sa kanilang pananampalataya. Ipinaaabot ko ang matinding paggalang at paghanga sa mga disipulong ito ni Cristo.

“Ipinag-utos ng Diyos na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.”¹² Sa Bagong Tipan itinaas ng Tagapagligtas ang pamantayan ng kagandahang-asal para sa Kanyang mga disipulo nang sabihin Niyang, “Ang bawa’t tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso.”¹³ Tinuruan Niya tayo na huwag isumpa ang iba, ngunit hindi Siya takot magsalita nang tuwiran: “Humayo ka,” wika niya, “[at] huwag ka nang magkasala.”¹⁴

May kaibigan ang aming pamilya. Malamang ay may kakilala kayong katulad niya, o baka katulad niya kayo. Laging tapat, marangal na naglilingkod sa Simbahan, hinahangaan sa kanyang propesyon, minamahal ng kanyang pamilya, at kahit inasam niyang makapag-asawa at magkaanak, dalaga pa rin siya. “Nagdesisyon na ako,” wika niya, “na magtiwala ako . . . kay Jesucristo. Ang madalas na pagpunta sa templo ay tumutulong sa akin na higit na magtuon sa kawalanghangan. Ipinaaalala nito sa akin na hindi ako nag-iisa kailanman. Nananalig ako . . . na walang . . . pagpapalang ipagkakait . . . habang ako’y . . . nananatiling tapat sa aking mga tipan, pati na sa batas ng kalinisang-puri.”¹⁵

Isa pang kaibigan ang napakahusay na naglingkod sa misyon, na sinundan ng puspusang pag-aaral. Umasa siyang magkakaroon ng pamilya. Ang pagsubok sa kanyang pananampalataya: naaakit siya sa kapwa niya lalaki.

Sumulat siya sa akin kamakailan: “Ang pangako sa patriarchal blessing ko ay magkakaroon ako ng sariling pamilya. Mangyari man iyan sa buhay na ito o sa kabilang-buhay, hindi ko alam. Ngunit ang alam ko ay ayaw kong gumawa ng anumang bagay na pipigil sa mga pagpapalang ipinangako ng Diyos sa akin at sa aking magiging mga inapo. . . . Ang pagsunod [sa batas ng kalinisang-puri] ay isang hamon, ngunit hindi ba’t kaya nga tayo naparito sa mundo ay para humarap sa mga hamon at ipakita sa Diyos ang ating pagmamahal at paggalang . . . sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan? Biniya-yaan ako ng mabuting kalugusan, ng ebanghelyo, ng mapagmahal na pamilya, at ng matatapat na kaibigan. Nagpapasalamat ako sa marami kong pagpapala.”¹⁶

Giit ng daigdig, bakit ang dami ninyong hinihiling? Sumagot ang Panginoon:

“Ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad. . . .

“Sapagka’t kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pag-iisip kay sa inyong mga pag-iisip.”¹⁷

Nadama ng dalawang disipulong ito ni Cristo at libu-libong tulad nila ang pangako ng Tagapagligtas: “Ang aking kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihan ang inyong puso, ni matakot man.”¹⁸

Narito ang isa pang pagsubok. Noon pa man ay may mangilan-ngilan nang gustong siraan ang Simbahan at wasakin ang pananampalataya. Gamit nila ngayon ang Internet.

Ang ilang impormasyon tungkol sa Simbahan, nakakakumbinsi man ito, ay hindi totoo. Noong 1985, naaalala ko ang isang kasamahan na pumasok sa opisina ko sa Florida. Hawak niya ang isang artikulo sa *Time* magazine na pinamagatang “Challenging Mormonism’s Roots.” Tungkol ito sa isang

liham na natuklasan kamakailan, na sinasabing isinulat ni Martin Harris, na salungat sa salaysay tungkol sa pagkakatagpo ni Joseph Smith sa mga lamina ng Aklat ni Mormon.¹⁹

Nagtanong ang kasamahan ko kung makasisira sa Simbahang Mormon ang bagong impormasyong ito. Binanggit sa artikulo ang sinabi ng isang lalaki na aalis siya sa Simbahan dahil sa dokumentong ito. Kalaunan, may iba pa raw na umalis ng Simbahan.²⁰ Tiyak ko na isang pagsubok ito sa kanilang pananampalataya.

Makalipas ang ilang buwan, natuklasan ng mga eksperto (at umamin ang naghuwad nito) na ang liham ay huwad. Naaalala ko na umasa ako na sana ay makabalik ang mga umalis sa Simbahan dahil sa panlilinlang na ito.

Pinagdududahan ng ilan ang kanilang pananampalataya kapag nakakakita sila ng pahayag ng isang pinuno ng Simbahan noong araw na tila hindi tugma sa ating doktrina. May mahalagang alituntuning sumasaklaw sa doktrina ng Simbahan. Ang doktrina ay itinuturo ng lahat ng 15 miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa. Hindi ito nakatago sa malabong talata ng isang mensahe. Ang tunay na mga alituntunin ay itinuturo nang madalas at ng



maraming tao. Ang ating doktrina ay hindi mahirap hanapin.

Ang mga pinuno ng Simbahan ay matatapat ngunit hindi sila perpekto. Alalahanin ang mga salita ni Moroni: “Huwag ninyo akong hatulan dahil sa aking kahinaan, ni ang aking ama . . . ; kundi magbigay-pasalamat sa Diyos na kanyang ipinaalam sa inyo ang aming mga kahinaan nang inyong matutuhan na maging higit na matatalino kaysa sa amin noon.”²¹

Sinabi ni Joseph Smith, “Kahit kailan hindi ko sinabi sa inyong perpekto ako; ngunit walang mali sa [mga] paghahayag.”²² Ang himala ng kamay ng Diyos sa kasaysayan at tadhana ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay lubusan lamang mauunawaan sa liwanag na hatid ng espirituwal na pagtatanong. Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, “Kalaunan bawat [tao] ay aasa sa pananampalataya, at doon . . . ay kailangan niyang manindigan.”²³ Huwag kayong magulat kung mangyari ito sa inyo!

Ibig sabihin, ang mga pagsubok ay magiging mahirap. Maaari kayong makaranas ng dalamhati, pagkalito, mga gabing hindi kayo makatulog, at mga unan na basa sa luha. Ngunit ang mga pagsubok sa atin ay hindi kailangang maging sanhi ng espirituwal na kapahamakan. Hindi ito dapat maging sanhi ng paglayo sa ating mga tipan at sa sambahayan ng Diyos.

“Tandaan, . . . sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak.”²⁴

Gaya ng napakainit na apoy na nilulusaw ang metal para maging bakal,



kapag nanatili tayong tapat sa matinding pagsubok sa *ating* pananampalataya, lalong dumadalisay at lumalakas ang ating espiritu.

Ipinaliwanag ni Elder D. Todd Christofferson ang natutuhan niya sa isang personal na pagsubok: “Bagama’t nahirapan ako noon, kapag nililingon ko iyon ngayon, nagpapasalamat ako na walang agarang solusyon sa problema ko. Ang katotohanan na halos araw-araw akong napilitang humingi ng tulong sa Diyos nang napakatalagal na panahon ay talagang nagturo sa akin kung paano manalangin at masagot ang mga dalangin at naturuan ako sa napakapraktikal na paraan na manampalataya sa Diyos. Nakilala ko ang aking Tagapagligtas at aking Ama sa Langit sa paraan at sa antas na hindi sana nangyari sa ibang paraan o na natagalan sana akong makamit. . . . Natuto akong magtiwala nang buong puso sa Panginoon. Natuto akong lumakad kasama Siya araw-araw.”²⁵

Inilarawan ni Pedro ang mga karanasang ito bilang “lalong mahalaga kay sa ginto.”²⁶ Idinagdag pa ni Moroni na ang patunay ay kasunod ng “pagsubok sa inyong pananampalataya.”²⁷

Nagsimula ako sa kuwento ng pamilya Marriott. Noong isang linggo sumama kami ni Kathy sa kanila sa puntod ni Georgia. Sampung taon na ang nakalipas. Binanggit ng pamilya at mga kaibigan ang pagmamahal at alaala nila tungkol kay Georgia. May mga puting lobo para ipagdiwang ang kanyang buhay. Sa gitna ng mga luha, magiliw na binanggit ng ina ni Georgia ang dagdag na pananalig at pag-unawang natanggap niya, at mahina ring sinabi sa akin ng ama ni Georgia ang ipinangakong patunay na dumating sa kanya.

Kasama sa pananampalataya ang mga pagsubok sa pananampalataya, na nagdudulot ng dagdag na pananampalataya. Ang nakapapanatag na pagtiyak ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith ang mismong pangako Niya sa pagsubok sa inyong pananampalataya: “Maging matatag . . . , huwag [matakot] . . . , sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan.”²⁸ Ito ang aking sagradong patotoo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Shayne M. Bowen, “Because I Live, Ye Shall Live Also,” at sa Ann M. Dibb,

- “Alam ko Ito. Ipinamumuhay ko Ito. Mahal ko Ito,” sa sesyon sa Sabado ng umaga ng pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012.
2. Juan 17:3.
3. I Ni Pedro 1:7.
4. Lucas 22:31–32.
5. I Ni Pedro 4:12; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Alma 1:25.
7. Mga Taga Efeso 2:19.
8. Doktrina at mga Tipan 84:20.
9. Tingnan sa Mosias 18:8–10.
10. Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 82.
11. Tingnan sa Ezra Taft Benson, “The Law of Chastity,” *New Era*, Ene. 1988, 4–7; “The Law of Chastity” sa *Brigham Young University 1987–88 Speeches* (1988), 1–5, speeches.byu.edu; tingnan din sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 267–76.
12. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
13. Mateo 5:28.
14. Juan 8:11.
15. Personal na liham, 2012.
16. Personal na liham, 2012.
17. Isaias 55:8–9.
18. Juan 14:27.
19. Tingnan sa Richard N. Ostling, “Challenging Mormonism’s Roots,” *Time*, Mayo 20, 1985, 44.
20. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, “Lord, Increase Our Faith,” *Ensign*, Nob. 1987, 52.
21. Mormon 9:31.
22. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 609–10.
23. Ezra Taft Benson, “The Book of Mormon Is the Word of God,” *Tambuli*, Mayo 1988, 6.
24. Helaman 9:12.
25. D. Todd Christofferson, “Ibigay Mo sa Amin Ngayon ang Aming Kakanin sa Araw-Araw” (Church Educational System fireside, Ene. 9, 2011), lds.org/broadcasts.
26. I Ni Pedro 1:7; tingnan din sa I Ni Pedro 4:13.
27. Eter 12:6.
28. Doktrina at mga Tipan 122:9; Sabi ni Pangulong George Q. Cannon: “Gaano man kabigat ang pagsubok, gaano man katindi ang dalamhati, gaano man katindi ang hirap, hindi tayo kailanman iiwan ng [Diyos]. Hindi Niya tayo iniwan noon, at hindi Niya tayo iiwan kailanman. Hindi Niya ito magagawa. Hindi ganito ang Kanyang pagkatao. Hindi Siya nagbabago; Siya ang kahapon, ang ngayon, at Siya pa rin ang bukas hanggang sa mga darating na kawalang-hanggan. Natagpuan natin ang Diyos na iyon. Siya’y naging kaibigan natin, sa pagsunod sa Kanyang Ebanghelyo; at mananatili Siya sa ating tabi. Maaari tayong dumaan sa nag-aapoy na hurno; maaari tayong dumaan sa malalim na karagatan; ngunit hindi tayo masusunog ni malulunod. Lalabas tayo mula sa lahat ng pagsubok at kahirapang ito na mas mabait at mas dalisay para sa kanila, kung magtiwala lamang tayo sa ating Diyos at susundin ang Kanyang mga kautusan” (“Remarks,” *Deseret Evening News*, Mar. 7, 1891); tingnan din sa Jeffrey R. Holland, “Come unto Me,” *Ensign*, Abr. 1998, 16–23.



Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Protektahan ang mga Bata

Walang dapat tumutol sa panawagang magkaisa tayo para mapag-ibayo ang ating malasakit sa kapakanan at kinabukasan ng ating mga anak—ang bagong henerasyon.

Maalala nating lahat ang ating nadama nang isang batang musmos ang umiyak at humingi ng tulong sa atin. Ibinigay sa atin ng mapagmahal na Ama sa Langit ang damdaming iyon para hikayatin tayong tulongan ang Kanyang mga anak. Gunitain sana ang damdaming iyon habang tinatalakay ko ang ating responsibilidad na protektahan at pangalagaan ang kapakanan ng mga bata.

Nagsasalita ako ayon sa pananaw ng ebanghelyo ni Jesucristo, kabilang na ang Kanyang plano ng kaligtasan. Iyan ang tungkulin ko. Ang mga lokal na lider ng Simbahan ay may responsibilidad sa iisang lugar, gaya ng ward o stake, ngunit ang isang Apostol ay responsableng sumaksi sa buong mundo. Sa bawat bansa, ng bawat lahi at doktrina, lahat ng bata ay anak ng Diyos.

Kahit hindi ako nagsasalita tungkol sa pulitika o patakarang pam-publiko, gaya ng iba pang mga lider ng Simbahan hindi ako maaaring magsalita para sa kapakanan ng mga bata nang walang mga pahiwatig tungkol sa mga pagpapasiya ng mga mamamayan, opisyal ng pamahalaan,

at nagtatrabaho sa mga pribadong organisasyon. Lahat tayo ay inutusan ng Tagapagligtas na mahalín at pangalagaan ang isa't isa at lalo na ang mahihina at walang kalaban-laban.

Ang mga bata ay madaling mabiktima. May kakatiting o wala silang lakas na protektahan o paglaanan ang kanilang sarili at maliit ang impluwensya nila sa napakaraming bagay na mahalaga sa kanilang kapakanan. Kailangan ng mga bata ng ibang taong magsasalita para sa kanila, at mga taong magpapasiya na unahin ang kanilang kapakanan kaysa mga sakim na interes ng matatanda.

I.

Sa buong mundo, nagugulat tayo sa milyun-milyong batang nabiktima ng masasamang krimen at kasakiman ng matatanda.

Sa ilang bansang nakikipagdigma, kinikidnap ang mga bata para mag-silbing mga sundalo sa mga hukbong magkakalaban.

Inireport ng United Nations na mahigit dalawang milyong bata ang nabibiktima ng prostitusyon at pornograpiya taun-taon.¹

Mula sa pananaw ng plano ng kaligtasan, isa sa mga pinakamatinding pang-aabuso sa mga bata ang ipagkait sa kanila ang karapatang maisilang. Laganap ito sa buong mundo. Ang dami ng isinilang sa mga bansa sa Estados Unidos ay pinakamababa sa loob ng 25 taon,² at ang mga isinilang sa halos lahat ng bansa sa Europe at Asia ay mababa pa sa replacement levels sa loob ng maraming taon. Hindi lamang ito usaping pangrelihiyon. Habang nababawasan ang bagong henerasyon, humihina ang mga kultura at maging ang mga bansa at kalaunan ay nawawala.

Ang isang dahilan ng bumababang bilang ng mga isinisilang ay aborsyon. Sa buong mundo, tinatayang mahigit 40 milyon ang nagpapalaglag [ng sanggol] taun-taon.³ Maraming batas ang nagtutulot o nagsusulong ng aborsyon, ngunit para sa atin ito ay matinding kasamaan. Ang iba pang mga pang-aabuso sa mga bata habang nasa sinapupunan pa sila ay ang pinsala sa mga sanggol dahil sa di-sapat na nutrisyon o paggamit ng droga ng ina.

Nakalulungkot na maraming batang pinatay o sinaktan bago isinilang samantalang napakaraming mag-asawang hindi magkaanak na sabik magkaroon at naghahanap ng mga sanggol na aampunin.

Mas lantaran na ang mga pang-aabuso o pagpapabaya sa mga bata matapos silang isilang. Sa buong mundo, halos walong milyong bata ang namamatay bago sumapit ang kanilang ikalimang kaarawan, karamihan ay mula sa mga sakit na maaaring magamot at maagapan.⁴ At inireport ng World Health Organization na isa sa apat na bata ang hindi malusog ang isipan at katawan, dahil kulang sa nutrisyon.⁵ Dahil nakatira at naglalakbay kaming mga pinuno ng Simbahan sa iba't ibang bansa, halos lahat ng ito ay nakikita namin. Inireport ng Primary general presidency ang mga batang nabubuhay sa mga kalagayang “hindi natin maubos-maisip.” Sabi ng isang ina sa Pilipinas: “Kung minsan wala kaming sapat na pera para sa pagkain, pero okey lang kasi pagkakataon iyon para turuan ang aking mga anak

tungkol sa pananampalataya. Nagtiti-pon kami at nagdarasal para maginhawahan, at nakikita ng mga bata na pinagpapala kami ng Panginoon.”⁶ Sa South Africa, nakilala ng isang Primary worker ang isang batang babae, na nag-iisa at malungkot. Sa mahihinang sagot sa magiliw na mga tanong, sinabi niya na wala siyang ina, ama, at lola—lolo lang niya ang nag-aalaga sa kanya.⁷ Ang gayong mga trahedyang ay karaniwan sa isang kontinente kung saan maraming tagapag-alaga ang namatay sa AIDS.

Kahit sa mayayamang bansa napapahamak ang mga batang musmos dahil napapabayaang sila. Ang mga batang lumalaki sa karukhaan ay hindi napapangalagaan ang kalusugan at hindi makapag-aral. Lantad din sila sa panganib sa kanilang pisikal at kultural na kapaligiran at maging sa kapabayaang ng kanilang mga magulang. Ibinahagi ni Elder Jeffrey R. Holland kamakailan ang karanasan ng isang LDS police officer. Sa isang imbestigasyon nakita niya ang limang batang musmos na magkakayakap at sinisikap matulog nang walang sapin sa maruming sahig sa isang tirahan habang ang kanilang ina at iba pa ay nag-iinum at nagkakasayahan. Walang pagkain sa apartment para maibsan ang kanilang gutom. Matapos ihiga ang mga bata sa isang pansamantalang kama, lumuhod ang pulis at nagdasal na maprotektahan sila. Nang palabas na siya ng pintuan, isa sa kanila, mga anim na taong gulang, ang humabol sa kanya, hinawakan ang kanyang kamay, at nagsumamo, “Puwede po ba ninyo akong ampunin?”⁸

Maaalala natin ang turo ng ating Tagapagligtas nang iharap Niya ang isang batang musmos sa Kanyang mga disipulo at sinabi:

“At sinomang tumanggap sa isa sa ganitong maliit na bata sa aking pangalan ay ako ang tinanggap.

“Datapuwa’t sinomang magbigay ng ikatitiosod sa isa sa maliliit na ito na nagsisisampalataya sa akin, ay may pakikinabangin pa siya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang malaking batong gilingan, at siya’y ilubog sa

kalaliman ng dagat” (Mateo 18:5–6).

Kapag inisip natin ang mga panganiib na kung saan dapat protektahan ang mga bata, dapat din nating isama ang pang-aabuso sa isipan. Ang mga magulang o iba pang tagapag-alaga o guro o barkadang nanghahamak, nananakot, o nanghihiya sa mga bata o kabataan ay maaaring makapinsala nang mas permanente kaysa makapanakit nang pisikal. Kapag nadama ng isang bata o kabataan na siya ay walang halaga, hindi minamahal, o inaayawan, maaaring makasama iyon nang husto at matagal na makaapekto sa kanyang damdamin at paglaki.⁹ Ang mga kabataang may naiibang kalagayan, kabilang na ang pagkaakit sa kapareho niya ang kasarian, ay mas madaling masaktan at nangangailangan ng mapagmahal na pag-unawa—hindi ng pananakot o pagtatakwil.¹⁰

Sa tulong ng Panginoon, maaari tayong magsisi at magbago at maging mas mapagmahal at matulungin sa mga bata—sa ating mga anak at sa mga bata sa paligid natin.

II.

May ilang halimbawa ng pisikal o emosyonal na pananakot sa mga bata na kasinghalaga niyaong mga nagmumula sa pakikipag-ugnayan nila sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Binanggit ni Pangulong Thomas S. Monson ang tinawag niyang “masasamang gawa” ng pang-aabuso sa bata, kung saan binalian o pininsala ng isang magulang ang katawan ng anak, sa pisikal o emosyonal.¹¹ Nalungkot ako nang pag-aralan ko ang

nakagugulat na ebidensya ng gayong mga kaso noong naglilingkod ako sa Utah Supreme Court.

Ang isang napakahalaga sa kapakanan ng mga bata ay kung kasal ang kanilang mga magulang, paano at gaano katagal silang nagsama, at, higit pa rito, ang kaugalian at mga inaasahan sa pag-aasawa at pangangalaga sa anak kung saan sila nakatira. Ipinaliwanag ng dalawang eksperto tungkol sa pamilya: “Sa buong kasaysayan, noon pa man ay kasal na ang una at pinakamahalagang institusyon para sa paglikha ng mga bata at pagpapalaki ng mga anak. Nakapaglaan ito ng kultural na koneksyon na nagmimithing iugnay ang ama sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng pagbubuklod nila ng ina ng kanyang mga anak. Subalit sa panahon ngayon, patuloy na naisasantabi ang mga bata.”¹²

Ipinaliwanag ng isang Harvard law professor ang batas at saloobin ngayon patungkol sa kasal at diborsyo: “Ang [kasalukuyang] saloobin sa Amerika tungkol sa kasal, ayon sa batas at sa napakabantog na literatura, ay ganito: ang kasal ay isang relasyong umiiral para lamang sa kasiyahan ng mag-asawa. Kung hindi na ito nakasisiya, walang ibang masisisi at mawawakasan ito ng sinuman sa mag-asawa kung kailan niya gusto. . . . Halos hindi iniisip dito ang mga anak; itinuturing silang hindi mahalaga sa sitwasyon.”¹³

Itinuro ng mga pinuno ng ating Simbahan na ang pagturing sa kasal “bilang isang kontrata lamang na maaaring pasukan kung kailan gusto . . . at tapusin kapag nahirapan . . . ay isang



kasamaang marapat na isumpa,” lalo na kapag “nagdurusa ang mga anak.”¹⁴ At ang mga anak ay naapektuhan ng mga diborsyo. Mahigit kalahati ng mga diborsyo nitong nakaraang taon ang kinasangkutan ng mga mag-asawang musmos pa ang mga anak.¹⁵

Maraming bata sana ang napagpalang mapalaki ng kanilang ama't ina kung sinunod lamang ng kanilang mga magulang ang inspiradong turong ito sa paghahayag tungkol sa pamilya: “Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalín at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. . . . Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, at turuan silang magmahalan at maglingkod sa isa't isa.”¹⁶ Ang pinakamabisang pagtuturo sa mga bata ay sa pamamagitan ng halimbawa ng kanilang mga magulang. Ang nagdidiborsyong mga magulang ay nagtuturo ng masamang aral.

Siguradong may mga kaso na kailangan ang diborsyo para sa kabutihan ng mga anak, ngunit pambihira ang gayong mga sitwasyon.¹⁷ Sa karamihan ng alitan ng mag-asawa dapat mas pahalagahan ng nag-aaway na mga magulang ang kapakanan ng mga anak. Sa tulong ng Panginoon, magagawa nila ito. Kailangan ng mga bata ang emosyonal at personal na lakas na nagmumula sa pagpapalaki ng dalawang magulang na nagkakaisa sa kanilang pagsasama at mga mithiin. Bilang isang anak na pinalaki ng inang balo, alam ko mismo na hindi palaging nakakamtan ito, ngunit ito ang huwarang dapat hangarin hangga't maaari.

Ang mga bata ang unang mga biktima ng kasalukuyang mga batas na nagtutulot sa tinatawag na “diborsyong walang dahilan.” Sa pananaw ng mga bata, napakadali ng diborsyo. Sa pagbubuod ng mga social science research na ginawa sa loob ng maraming taon, ang naging konklusyon ng madetalyeng scholar ay “ang karaniwang istruktura ng pamilya na nagdulot ng pinakamagandang resulta sa mga anak ay ang dalawang magulang na nananatiling magkasama.”¹⁸ Isinaad



ng isang manunulat sa *New York Times* na “ang nakagugulat na katotohanan na kahit na ang mga tradisyonal na kasal ay humina na sa Estados Unidos . . . lumutang ang ebidensya na mahalaga ang institusyon sa kapakanan ng mga anak.”¹⁹ Ang katotohanang iyan ay dapat magbigay ng mahalagang patnubay sa mga magulang at magiging mga magulang sa kanilang mga desisyon tungkol sa kasal at diborsyo. Kailangan ding mas pagtuunan ng pansin ng mga pulitiko, mambabatas, at opisyal kung ano ang pinakamabuti para sa mga bata kaysa mga sakim na interes ng mga botante na hayagang sumusuporta sa interes ng matatanda.

Napapahamak din ang mga batang isinilang sa mga magulang na hindi kasal. Mas nakababahala ang ilang katotohanan tungkol sa kapakanan ng ating bagong henerasyon kaysa sa huling report na 41 porsiyento ng lahat ng isinilang sa Estados Unidos ay sa mga babaeng hindi kasal.²⁰ Ang mga inang hindi kasal ay may malalaking hamon na kinakaharap, at malinaw ang ebidensya na hindi maayos ang buhay ng kanilang mga anak kumpara sa mga batang pinalaki ng mga magulang na ikinasal.²¹

Karamihan sa mga batang isinilang sa mga inang hindi kasal—58 porsiyento—ay isinilang sa mga magkasintahang nagsasama nang hindi kasal.²² Anuman ang sabihin natin tungkol sa hindi nila pagpapakasal, makikita sa mga pag-aaral na ang kanilang mga

anak ay hindi maayos ang buhay kumpara sa ibang mga bata.²³ Para sa mga bata, mahalaga ang matatag na pagsasama ng kanilang mga magulang.

Dapat nating isipin na gayon din kagulo ang buhay na kauuwian ng mga batang pinalaki ng dalawang taong magkapareho ang kasarian. Kontrobersyal at mapulitika ang social science literature tungkol sa matagalang epekto nito sa mga anak, dahil, ayon sa puna ng isang manunulat sa *New York Times*, “ang kasal ng kapwa lalaki at kapwa babae ay isang eksperimento ng lipunan, at tulad ng halos lahat ng eksperimento matagal bago maunawaan ang mga ibubunga nito.”²⁴

III.

Nagsalita na ako alang-alang sa mga bata—mga bata sa lahat ng dako. Maaaring tutulan ng ilan ang ilan sa mga halimbawang ito, ngunit walang dapat tumutol sa panawagang magkaisa tayo para mapag-ibayo ang ating malasakit sa kapakanan at kinabukasan ng ating mga anak—ang bagong henerasyon.

Tinutukoy namin ang mga anak ng Diyos, at sa makapangyarihang tulong Niya, mas marami tayong magagawa para tulungan sila. Sa panawagang ito nakikiusap ako hindi lamang sa mga Banal sa mga Huling Araw kundi maging sa lahat ng taong may pananampalataya sa Diyos at sa iba pa na nagpapahalaga sa mga



pangangailangan ng iba kaysa sa sarili nila, lalo na sa kapakanan ng mga bata.²⁵

Nauunawaan din ng mga taong relihiyoso ang turo ng Tagapagligtas sa Bagong Tipan na ang dalisay na mga batang musmos ang ating huwaran ng taong mapagpakumbaba at madaling turuan:

“Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo’y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsipaspasok sa kaharian ng langit.

“Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit” (Mateo 18:3–4).

Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang tungkol sa pagtuturo ng nagbangong Panginoon sa mga Nephita na dapat silang magsisi at magpabinyag “at maging katulad ng isang maliit na bata” o hindi nila mamanahin ang

kaharian ng Diyos (3 Nephi 11:38; tingnan din sa Moroni 8:10).

Dalangin ko na magpakumbaba tayong tulad ng maliliit na bata at sikaping protektahan ang ating maliliit na anak, dahil sila ang kinabukasan para sa atin, sa ating Simbahan, at sa ating bansa. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa UNICEF, *The State of the World's Children 2005: Childhood under Threat* (2004), 26.
2. Tingnan sa Haya El Nasser, “National Birthrate Lowest in 25 Years,” *USA Today*, Hulyo 26, 2012, A1.
3. Tingnan sa Gilda Sedgh at iba pa, “Induced Abortion: Incidence and Trends Worldwide from 1995 to 2008,” *The Lancet*, tomo 379, blg. 9816 (Feb. 18, 2012), 625–32.
4. Tingnan sa UNICEF, “Young Child Survival and Development,” <http://www.unicef.org/childsurvival/index.html>.
5. Tingnan sa World Health Organization, *World Health Statistics 2012* (2012), 109, 118.
6. Report ng Primary general presidency, Set. 13, 2012.

7. Report ng Primary general presidency.
8. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Israel, Diyos ay Tumatawag” (Church Educational System devotional para sa mga young adult, Set. 9, 2012), lds.org/broadcasts; tingnan din sa R. Scott Lloyd, “Zion Not Only Where, but How We Live, Says Elder Holland,” *Deseret News*, Set. 10, 2012, B2.
9. Tingnan sa Kim Painter, “Parents Can Inflict Deep Emotional Harm,” *USA Today*, Hulyo 30, 2012, B8; Rachel Lowry, “Mental Abuse as Injurious as Other Forms of Child Abuse, Study Shows,” *Deseret News*, Ago. 5, 2012, A3.
10. Tingnan sa “End the Abuses,” *Deseret News*, Hunyo 12, 2012, A10.
11. Thomas S. Monson, “A Little Child Shall Lead Them,” *Liahona*, Hunyo 2002, 2.
12. W. Bradford Wilcox at Elizabeth Marquardt, mga editor, *The State of Our Unions: Marriage in America* (2011), 82.
13. Mary Ann Glendon, *Abortion and Divorce in Western Law: American Failures, European Challenges* (1987), 108.
14. David O. McKay, “Structure of the Home Threatened by Irresponsibility and Divorce,” *Improvement Era*, Hunyo 1969, 5.
15. Tingnan sa Diana B. Elliott and Tavia Simmons, “Marital Events of Americans: 2009,” *American Community Survey Reports*, Ago. 2011.
16. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
17. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Diborsyo,” *Liahona*, Mayo 2007, 71.
18. Charles Murray, *Coming Apart: The State of White America, 1960–2010* (2012), 158.
19. Ross Douthat, “Gay Parents and the Marriage Debate,” *New York Times*, Hunyo 11, 2012, <http://douthat.blogs.nytimes.com/2012/06/11/gay-parents-and-the-marriage-debate>.
20. Tingnan sa Joyce A. Martin and others, “Births: Final Data for 2010,” *National Vital Statistics Reports*, tomo 61, blg. 1 (Ago. 2012), 10.
21. Tingnan sa William J. Doherty and others, *Why Marriage Matters: Twenty-One Conclusions from the Social Sciences* (2002); W. Bradford Wilcox and others, *Why Marriage Matters: Thirty Conclusions from the Social Sciences*, 3rd ed. (2011).
22. Tingnan sa Martin, “Births: Final Data for 2010,” 10–11.
23. Tingnan sa Wilcox, *Why Marriage Matters*.
24. Douthat, “Gay Parents and the Marriage Debate.” Nakita sa pinakahuli at pinakamasusing pag-aaral ang di-magandang kalagayang inireport ng mga young adult na may magulang na nakisama sa kapwa nila lalaki o babae bago tumuntong ng 18 anyos ang bata (tingnan sa Mark Regnerus, “How Different Are the Adult Children of Parents Who Have Same-Sex Relationships? Findings from the New Family Structures Study,” *Social Science Research*, tomo 41 [2012], 752–70).
25. Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay lalong tapat sa pagiging magulang bilang isa sa mga pinakamahalagang mithiin nila sa buhay (tingnan sa Pew Research Center’s Forum on Religion and Public Life, *Mormons in America: Certain in Their Beliefs, Uncertain of Their Place in Society*, Ene. 12, 2012, 10, 16, 51).



Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mga Kapatid, May Gawain Tayong Isasagawa

Bilang kalalakihan ng priesthood, may mahalaga tayong gagampanan sa lipunan, tahanan, at sa Simbahan.

Mga kapatid, marami nang nasabi at naisulat nitong mga nakaraang taon tungkol sa mga hamon sa kalalakihan at mga batang lalaki. Ilan sa halimbawa ng mga ito ay ang mga aklat na *Why There Are No Good Men Left*, *The Demise of Guys*, *The End of Men*, *Why Boys Fail*, at *Manning Up*. Ang nakakatuwa, halos lahat ng ito ay tila isinulat ng mga babae. Magkagayunman, iisang tema ang makikita sa mga ito, na sa maraming lipunan ngayon ang mga kalalakihan ay tumatanggap ng magkakasalungat at mapanirang mga mensahe tungkol sa kanilang tungkulin at kahalagahan sa lipunan.

Ganito ang paglalarawan ng awtor ng *Manning Up*: “Halos patakaran na ng lahat ng sibilisasyon sa mundo na samantalang ang mga batang babae ay nagiging ganap na dalaga batay lamang sa pisikal na anyo, ang mga batang lalaki ay kailangang makapasa sa isang pagsubok. Kailangan

nilang magpakita ng tapang, lakas ng katawan, o kadalubhasaan sa mga kasanayan. Ang mithiin ay patunayan ang kanilang kakayahan bilang tagapangalaga ng kababaihan at mga bata; ito palagi ang kanilang pangunahing tungkulin. Gayunman, sa panahong ito na sumusulong ang kababaihan sa makabagong ekonomiya, ang mga asawa at ama na tagapaglaan sa pamilya ay nagiging opsiyonal na, at ang mga katangian na kailangan ng kalalakihan para magampanan ang kanilang tungkulin—lakas ng loob, tiyaga, katatagan, katapatan—ay lipas na at medyo ikinahihiya.”¹

Sa kanilang pagsisikap na maglaan ng oportunidad sa kababaihan, na ikinatutuwa natin, may mga taong minamaliit ang kalalakihan at kanilang mga nagawa. Inaakala nila na ang buhay ay kompetisyon ng lalaki at babae—na ang isa ay dapat magdomina, at ngayon na ang pagkakataon ng kababaihan. Ikinakatwiran ng ilan na pinakamahalaga ang

trabaho at ang pag-aasawa at pagkakaroon ng mga anak ay dapat maging opsiyonal—samakatwid, bakit natin kailangan ang mga lalaki?² Sa napakaraming Hollywood film, TV at cable show, at maging sa mga commercial, ang mga lalaki ay inilalarawan bilang walang kakayahan, batang-isip, o makasarili. May masamang epekto ang kulturang ito na pagkakait sa kalalakihan ng kanilang tungkulin.

Sa Estados Unidos, halimbawa, ibinalita na: “Daig na ngayon ng mga batang babae ang mga lalaki sa lahat ng antas, mula elementarya hanggang graduate school. Pagsapit sa ikawalong grado, halimbawa, 20 porsiyento lamang ng mga batang lalaki ang mahusay magsulat at 24 na porsiyento ang mahusay magbasa. Samantala, ang SAT score ng mga binatilyo noong 2011 ang pinakamababa sa loob ng 40 taon. Ayon sa National Center for Education Statistics (NCES), ang mga batang lalaki ay 30 porsiyentong mas malamang na hindi makapagtapos sa hayskul at kolehiyo kaysa mga batang babae. . . . Nakikinita na ang mga babae ay magtatamo ng 60 porsiyento ng bachelor’s degree, 63 porsiyento ng master’s degree, at 54 na porsiyento ng mga doctorate degree sa taong 2016. Dalawa sa bawat tatlong estudyante sa mga special education remedial program ay mga lalaki.”³

Naging dahilan ng ilang kalalakihan at kabataang lalaki ang negatibong senyales na ito para makaiwas sa responsibilidad at hindi magsumikap kailanman. Sa isang obserbasyon na kadalasan ay tama, sinabi ng isang propesor sa unibersidad, “Dumarating ang kalalakihan sa klase na nakasuot ng baseball cap at [may walang kuwentang] mga dahilan na ‘kinain ng word processor ang homework ko’. Samantala, sinusuri ng mga babae ang nakaiskedyul nilang mga gawain at humihingi ng mga rekomendasyon para sa law school.”⁴ Pakutyang sinabi ng isang babaeng movie reviewer na “ang tanging maaasahan natin sa mga lalaki, kung masuwerte tayo at nagpasiyang magkaroon ng katuwang, ay iyon lang—maging katuwang. Isang taong naroroon lang sa kanyang



sariling mundong ginagalawan at hinahayaan tayo sa sarili natin.”⁵

Mga kapatid, hindi ito maaari sa atin. Bilang kalalakihan ng priesthood, may mahalaga tayong gagampanan sa lipunan, tahanan, at sa Simbahan. Ngunit dapat tayong maging mga kalalakihan na pinagkakatiwalaan ng kababaihan, ng mga bata, at ng Diyos. Sa Simbahan at kaharian ng Diyos sa mga huling araw na ito, hindi natin mapahihintulutan na may mga batang lalaki at kalalakihan tayo na hindi aktibong kumikilos. Hindi natin mapahihintulutan na may mga kabataang lalaki na walang disiplina sa sarili at nabubuhay lamang para magsaya. Hindi natin mapahihintulutan na may mga young adult na walang patutunghuan sa buhay, na hindi seryoso sa pagkakaroon ng pamilya at pagtulong sa mundong ito. Hindi natin mapahihintulutan na may mga asawa at ama na hindi nakapagbibigay ng espirituwal na pamumuno sa tahanan. Hindi natin mapahihintulutan na ang mga mayhawak at gumagamit ng Banal na Priesthood, alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos, ay sayangin ang kanilang lakas sa pornograpiya o gugulin ang kanilang buhay sa Internet (isang kabalintunaan, sila ay *makamundo* habang wala rito sa mundo).

Mga kapatid, may gawain tayong isasagawa.

Mga kabataang lalaki, kailangan ninyong pagbutihan ang inyong

pag-aaral at ipagpatuloy ito pagkatapos ng hayskul. Ilan sa inyo ay gustong mag-aral sa unibersidad at kumuha ng kurso sa komersyo, agrikultura, gobyerno, o iba pang propesyon. Ang ilan ay magiging mahusay sa sining, musika, o pagtuturo. Ang ilan naman ay pipiliing maging sundalo o matututo ng isang kasanayan. Sa nakalipas na mga taon, maraming mahuhusay na manggagawa ang nag-remodel at nagkumpuni sa aking bahay, at hanga ako sa tiyaga at husay ng kalalaking ito. Mahalagang maging mahusay kayo sa anumang propesyong inyong pinili nang sa gayon ay makapagtaguyod kayo ng pamilya at makatulong sa inyong komunidad at bansa.

Kamakailan ay napanood ko ang isang video tungkol sa isang araw sa buhay ng isang 14-na-taong-gulang na lalaki na si Amar sa India. Gumigising siya nang maaga at may dalawang trabaho, nagtatrabaho bago at pagkatapos pumasok sa eskwela, anim at kalahating araw sa isang linggo. Ang kita niya ay nakatutulong nang malaki sa kabuhayan ng kanyang pamilya. Nagmamadali siyang umuwi sakay ng kanyang lumang bisikleta mula sa kanyang pangalawang trabaho at isinisingit ang paggawa ng homework bago matulog sa sahig sa gitna ng natutulog na mga kapatid nang bandang alas onse ng gabi. Bagama’t hindi ko siya kakilala,

ipinagmamalaki ko siya sa kanyang kasigasigan at lakas ng loob. Ginagawa niya ang lahat ng kanyang makakaya gamit ang kanyang limitadong mapagkukunan at oportunidad, at isa siyang biyaya sa kanyang pamilya.

Kayong mas nakatatanda—mga ama, single adult, lider, home teacher—maging huwaran at tulungan na magpakalalaki ang bagong henerasyon ng mga batang lalaki. Turuan ninyo sila ng mga kasanayan sa pakikihalubilo at ng iba pa: paano makibahagi sa usapan, paano makipagkilala at makihalubilo sa iba, paano makipag-ugnayan sa kababaihan at mga batang babae, paano maglingkod, paano maging aktibo at maglibang, paano magkaroon ng libangan na hindi malululong dito, at paano itama ang pagkakamali at gumawa ng mas mabubuting pasiya.

Kaya nga sa lahat ng nakikinig, saanman ninyo marinig ang mensaheng ito, sinasabi ko tulad ng sinabi ni Jehova kay Josue, “Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti” (Josue 1:6). Magpakatapang at maghanda kayo sa abot ng inyong makakaya, anuman ang inyong kalagayan. Maghanda para maging mabuting asawa at ama; maghanda para maging isang mabuti at kapaki-pakinabang na mamamayan; maghanda para maglingkod sa Panginoon, na siyang pinagmulan ng priesthood na hawak ninyo. Saanman kayo naroroon, inaalala kayo ng inyong Ama sa Langit. Hindi kayo nag-iisa, kayo ay may priesthood at kaloob na Espiritu Santo.

Sa maraming lugar na kailangan kayo, ang isa sa mga pinakamahalaga ay ang inyong priesthood quorum. Kailangan natin ng mga korum na nakapaglalaan ng espirituwal na kalusugan sa mga miyembro nito sa araw ng Linggo at naglilingkod din. Kailangan natin ng mga lider ng korum na nakatuon sa paggawa ng gawain ng Panginoon at sa pagsuporta sa mga miyembro ng korum at kanilang pamilya.

Pag-isipan ang gawaing misyongero. Mga kabataang lalaki, wala kayong dapat aksayahing panahon. Huwag ninyong hintaying mag-17 o 18 kayo bago kayo magseryoso

sa paghahanda. Matutulungan ng mga Aaronic Priesthood quorum ang kanilang mga miyembro na maunawaan ang sumpa at tipan ng priesthood at maghanda na maorden bilang mga elder, matutulungan nila sila na maunawaan at maghanda para sa mga ordenansa sa templo, at matutulungan din nila silang magtagumpay sa misyon. Matutulungan ng mga Melchizedek Priesthood quorum at ng Relief Society ang mga magulang na maghanda ng mga missionary na alam ang Aklat ni Mormon at tapat na maglilingkod sa misyon. At sa bawat ward at branch, ang mga korum ding ito ang mangunguna sa epektibong pakikipag-ugnayan sa mga full-time missionary na naglilingkod doon.

Ang isang gawain na pangunahing responsibilidad ng priesthood ay ang panawagan ng Tagapagligtas, na muling binanggit ni Pangulong Thomas S. Monson, na sagipin ang mga taong nawala sa Simbahan o nalihis sa anumang kadahilanan. Malaki ang tagumpay natin sa gawaing ito, kabilang ang mahusay na nagawa ng mga kabataang lalaki. Isang Aaronic Priesthood quorum sa Rio Grande (Spanish) Ward sa Albuquerque, New Mexico, ang nag-usap-usap tungkol sa mga taong ibabalik nila at pagkatapos, binisita nila bilang isang grupo ang bawat isa sa mga ito. Sabi ng isa, “Nang dumating sila, nadama ko na ako ay mahalaga,” at sabi naman ng isa, “Masaya ako na may taong nagnanais na ako ay magsimba; gusto ko na tuloy magsimba ngayon.” Nang bisitahin at anyayahan ng mga miyembro ng korum ang isang binatilyo na magsimba, hiniling nila sa kanya na sumama ito sa susunod na pagbisita, at sumama nga siya. Hindi lamang nila inanyayahan siya na magsimba sa susunod na linggo; kaagad nila siyang ibinilang na bahagi ng kanilang korum.

Ang isa pang hamon ngunit nakahihikayat na gawain ng priesthood ay ang family history at ang templo. Antibayanan ang pagdating ng liham ng Unang Panguluhan na magbibigay ng panibagong pagtawag at mas mataas na pananaw tungkol sa mahalagang bahagi ng kailangang gawin natin.

Ang mga korum natin ay bumubuo rin ng kapatiran na nagtutulungan. Minsa’y sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Magiging napakagandang araw nito, mga kapatid—ang araw na maisasakatuparan ang mga layunin ng Panginoon—kung kailan ang ating mga priesthood quorum ay magiging lakas ng bawat lalaki na kabilang dito, kapag nasabi ng mga lalaking ito na, ‘ako ay miyembro ng priesthood quorum ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Handa akong tulungan ang aking mga kapatid sa lahat ng kanilang pangangailangan, at tiwala akong handa rin sila na tulungan ako. . . . Sa pagtutulungan, makapananaig kami, nang walang pagkapahiya at takot, laban sa maaaring paghagupit ng paghihirap, maging ito man ay sa ekonomiya, panlipunan, o espirituwal.’”⁶

Sa kabila ng ating mga pagsisikap, may mga bagay talaga na hindi inaasahan, at isang partikular na problemang maaaring dumating sa buhay ng isang tao ay ang pagkawala ng trabaho. Nakasaad sa isang dating welfare pamphlet ng simbahan: “Ang isang lalaking walang trabaho ay napakahalaga sa Simbahan dahil, pinagkaitang magtrabaho, siya ay sinusubukan tulad ni Job—sa kanyang katapatan. At nang ang paghihirap ay umabot na ng mga linggo at buwan at maging mga taon, mas lalong tumitindi ang pighati. . . . Huwag asahan ang Simbahan na tumulong sa isang tao tuwing Linggo kung sa ibang mga araw naman ay nakikita nito ang kanyang paghihirap at wala siyang ginagawang anuman para lunasan ito.”⁷

Noong Abril 2009, ang dating Presiding Bishopric counselor na si Richard C. Edgley ay nagkuwento tungkol sa isang kahanga-hangang korum na kumilos para tulungan ang kamiyembro na nawalan ng trabaho:

“Ang Phil’s Auto ng Centerville, Utah, ay isang saksi sa magagawa ng pamunuan ng priesthood at ng korum. Si Phil ay miyembro ng elders quorum at nagtatrabaho bilang mekaniko sa isang lokal na talyer. Sa kasamaang-palad, naghirap ang talyer na

pinagtatrabahuhan ni Phil at natanggal si Phil sa trabaho. Nanlumo siya sa nangyaring ito.

“Nang marinig na nawalan ng trabaho si Phil, ang bishop niyang si Leon Olson at kanyang elders quorum presidency ay mapanalangin nag-isip kung paano tutulungan si Phil na bumangon. Tatal, siya ay kamiyembro ng korum, isang kapatid, at kailangan niya ng tulong. Nabuo sa isip nila na maraming alam si Phil para magpatakbo ng sarili niyang negosyo. Isa sa mga miyembro ng korum ang nag-alok ng lumang kamalig niya na maaaring gawing talyer. Ang iba pang mga miyembro ng korum ay makatutulong sa pagkalap ng kailangang mga kagamitan at suplay para sa bagong talyer. Halos lahat sa korum ay makatutulong sa paglilinis ng lumang kamalig.

“Ibinahagi nila ang kanilang mga ideya kay Phil; pagkatapos ay ibinahagi nila ang kanilang plano sa mga miyembro ng kanilang korum. Ang kamalig ay nilinis at binago, natipon ang mga kagamitan, at lahat ay naisaayos. Nagtagumpay ang Phil’s Auto at kalaunan ay nalipat sa mas maganda at permanenteng lugar—lahat dahil sa tulong ng mga kapatid niya sa korum sa oras ng krisis.”⁸

Mangyari pa, tulad ng paulit-ulit na sinasabi ng mga propeta sa nakalipas na mga taon, “Ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin ninyo ay ang nasa loob mismo ng inyong mga tahanan.”⁹ Marami tayong gagawin upang mapatatag ang samahan ng mag-asawa sa mga lipunang binabale-wala ang kahalagahan at layunin nito. Marami tayong gagawin upang maturuan ang ating mga anak “na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon” (D at T 68:28). Ang gawain natin ay wala nang iba pa kundi tulungan ang ating mga anak na maranasan ang malaking pagbabago ng puso o pagbabalik-loob sa Panginoon na malinaw na binanggit sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Mosias 5:1–12; Alma 26). Kasama ang Relief Society, magagawa ng mga priesthood quorum na patatagin ang mga magulang at ang

kanilang pagsasama, at maipararating ng mga korum ang mga biyaya ng priesthood sa mga solong magulang na pamilya.

Oo, mga kapatid, may gawain tayong isasagawa. Salamat sa mga sakripisyo at kabutihan na inyong ginagawa. Ipagpatuloy ninyo iyan, at tulungan kayo ng Panginoon. Marahil minsan ay hindi ninyo gaanong alam kung ano ang dapat ninyong gawin o sabihin—gayunpaman, magpatuloy lang kayo sa pagsulong. Kumilos kayo, at tinitiyak ng Panginoon na “isang mapakikinabangang pintuan ang mabubuksan para sa [inyo]” (D at T 118:3). Magsalita, at ipinangako Niya, “Hindi kayo malilito sa harapan ng mga tao; sapagkat ibibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin” (D at T 100:5–6). Totoong tayo ay karaniwan at hindi perpekto sa maraming aspeto, ngunit tayo ay may perpektong Panginoon na siyang nagsakatuparan ng Pagbabayad-sala, at tayo ay may pribilehiyong tumanggap ng Kanyang biyaya at kapangyarihan ng Kanyang priesthood. Kapag tayo ay nagsisi at nalinis ang ating kaluluwa, tayo ay pinangakuan na tayo ay tuturuan at pagkakalooban ng kapangyarihan mula sa kaitaasan

(tingnan sa D at T 43:16).

Ang Simbahan at ang daigdig at kababaihan ay naghahanap ng kala-lakihan na pinapahusay ang kanilang mga kakayahan at talento, na handang gumawa at magsakripisyo, na tutulungan ang iba na makamtan ang kaligayahan at kaligtasan. Nagsusumamo sila, “Magbangon, O kalalakihan ng Diyos!”¹⁰ Tulungan nawa tayo ng Diyos na magawa ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Kay S. Hymowitz, *Manning Up: How the Rise of Women Has Turned Men into Boys* (2011), 16.
2. “Kapag tinanong mo ang mga kabataan ngayon kung ano ang magbabansag sa kanila bilang mga adult, halos wala ni isa ang magbabanggit ng pag-aasawa. Mas binibigyang-pansin nila ang mga bagay na may kinalaman sa trabaho—pagtatamo ng edukasyon, sapat na pananalapi, full-time na trabaho—bilang mga tanda ng tagumpay. Trabaho, hanapbuhay, pagsasarili: ang mga ito ngayon ang pangunahing batayan ng pagkakakilanlan ng isang tao” (Hymowitz, *Manning Up*, 45). Matindi ang ginagawang panghihikayat sa mga kababaihan na tanggapin ang pananaw na ito na tumutulong sa pag-aasawa. Isinulat ng isang kontribyutor sa *Times of London*: “Walang sinuman, ni ang aking pamilya o mga guro, ang nagsabing, ‘Ay, siyanga pala, baka gusto mo ring maging isang asawa at ina.’ Determinado silang sumunod kami sa bago, demokratiko, at modernong landas kung saan ang lubos na ninanais ng

maraming henerasyon ng kababaihan—ang pag-aasawa at ang pagtatatag ng isang pamilya—ay sadyang inaalisa sa kanilang mga plano para sa aming kinabukasan. (Eleanor Mills, “Learning to Be Left on the Shelf,” *Sunday Times*, Apr. 18, 2010, www.thetimes.co.uk; in Hymowitz, *Manning Up*, 72). Sinipi ng isa pang manunulat na mahigit 40 ang edad ang mga tugon sa isinulat niyang artikulo tungkol sa kanyang panghihinayang na hindi siya nag-asawa: “Ako ay lubos na nalulungkot sa pangangailangan mo ng isang lalaki.” “Pahalagahan mo ang iyong sarili!” “Masyado mo namang iniya ang sarili mo sa iba,” at “Kapag lumaki ang aking anak na babae na nagnanais na makasama ang isang lalaki, kahit na ang pagnanais niya ay kalahati lang ng sa iyo, alam ko na may nagawa akong mali sa pagpapalaki sa kanya.” (Lori Gottlieb, *Marry Him: The Case for Settling for Mr. Good Enough* [2010], 55).

Ang magandang balita ay karamihan sa mga tao, kabilang na ang mga young adult na may pinag-aralan, ay hindi naniniwala sa mga mensaheng tutul sa pag-aasawa at pagpapamilya. “Ayon sa pag-aaral ng isang ekonomista sa University of Pennsylvania, noong 2008 sa Estados Unidos, 86 na porsiyento ng mga puting babae na nakapagtapos sa kolehiyo ay may asawa na sa edad na 40, kumpara sa 88 porsiyento ng mga yaong walang four-year degree. Ganoon din sa mga lalaking puti na nakapagtapos sa kolehiyo: 84 na porsiyento sa kanila ang may asawa na sa edad na 40 noong 2008. Ayon sa pananaw ng karamihan, at tandaan na hindi dahil sa pananaliksik, ang pag-aasawa marahil ay di matimbang para sa kababaihan. Ngunit parang hindi ito pinaniniwalaan ng mga babaeng puti na nakapagtapos sa kolehiyo. Kumpara sa ibang grupo ng tao, sila ang mas naniniwala na ‘sa kabuuan, ang mga may asawa ay mas masaya kaysa sa mga hindi nakapag-asawa.’ . . . Karamihan—70 porsiyento—sa mga first-year college student ay naniniwala na ang pagkakaroon ng pamilya ay ‘kailangan’ o ‘napakahalaga’ para sa kanilang kinabukasan” (Hymowitz, *Manning Up*, 173–74).

3. Philip G. Zimbardo at Nikita Duncan, *The Demise of Guys: Why Boys Are Struggling and What We Can Do about It* (2012), e-book; tingnan ang kabanatang “Behind the Headlines.”
4. Barbara Dafoe Whitehead, *Why There Are No Good Men Left: The Romantic Plight of the New Single Woman* (2003), 67.
5. Amanda Dickson, “‘Hunger Games’ Main Character a Heroine for Our Day,” *Deseret News*, Abr. 2, 2012, www.deseretnews.com.
6. Gordon B. Hinckley, “Welfare Responsibilities of the Priesthood Quorums,” *Ensign*, Nob. 1977, 86.
7. *Helping Others to Help Themselves: The Story of the Mormon Church Welfare Program* (1945), 4.
8. Richard C. Edgley, “Sa Iyo ang Tawag na Ito,” *Liahona*, Mayo 2009, 54.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Harold B. Lee (2001), 155.
10. “Rise Up, O Men of God,” *Hymns*, no. 323.





Ni Bishop Gary E. Stevenson
Presiding Bishop

Maging Matapang sa Kagitingan, Lakas, at Gawain

Maging karapat-dapat kayo tulad ng 2,000 kabataang kawal sa pamamagitan ng pagiging matapang sa kagitingan bilang marapat na mayhawak ng priesthood.

Ngayong gabi partikular akong pinagpala na magsalita bilang isang bishop sa mga kabataang lalaki, mga mayhawak ng Aaronic Priesthood, na nagtipon mula sa iba't ibang panig ng mundo para sa pangkalahatang pulong na ito ng priesthood. Ibabahagi ko sa inyo ang kuwento sa Aklat ni Mormon tungkol kay Helaman at kanyang 2,000 kabataang kawal. Ilalahad ng banal na kasulatang ito ang katangian ng mga kabataang iyon—at magbibigay ng inspirasyon para sa inyo, mga kabataang lalaki. Babanggitin ko ang isang paboritong banal na kasulatan: “At lahat sila ay mga kabataang lalaki, at sila ay napakagiting, at gayon din sa lakas at gawain; subalit masdan, hindi lamang ito—sila’y kalalakahang matatapat sa lahat ng panahon.”¹ Kagitingan, lakas, gawain, at katotohanan—kahanga-hangang mga katangian!

Gusto kong pagtuunan ang unang katangiang naglalarawan sa kanila: “matapang sa kagitingan.” Para sa

akin, inilalarawan nito ang pananalig ng mga kabataang ito na magpakagiting sa paggawa ng tama, o tulad ng inilarawan ni Alma, “tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon . . . at sa lahat ng lugar.”² Ang 2,000 kabataang kawal ay nagkaroon ng napakaraming pagkakataon upang ipamalas ang kanilang katapangan. Bawat isa sa inyo ay magkakaroon din ng mahahalagang sandali na kailangan ang kagitingan. Ikinuwento ng kaibigan kong si John ang isa sa mga sandaling iyon sa kanyang buhay.

Ilang taon na ang nakalilipas natanggap si John sa isang kilalang unibersidad sa Japan. Magiging bahagi siya ng international student program kasama ang iba pang pinakamahuhusay na estudyante sa iba't ibang panig ng mundo. Ang ilan ay nagpalista sa pag-asang mapalalim ang kaalaman nila sa kultura at lengguage, ang iba naman ay para makapagtrabaho sa Japan, ngunit lahat sila ay niwan ang kanilang tahanan para mag-aral sa ibang bansa.

Pagkarating ni John sa Japan, ipinaalam sa kanila na may gaganaping party sa rooftop ng isang bahay para sa mga dayuhang estudyante. Nang gabing iyon, pinuntahan nina John at dalawang kaibigan ang nakapaskil na address.

Pagkalabas mula sa elevator sa pinakamataas na palapag ng gusali, inakyat ni John at ng kanyang mga kaibigan ang makipot na hagdan papuntang rooftop at nakihalubilo sila sa iba. Habang lumalalim ang gabi, nag-iiba ang nangyayari sa paligid. Tumindi ang ingay, lakas ng tugtog, at amoy ng alkohol, gayundin ang pagkaasiwa ni John. Maya-maya, biglang may nagsabi sa mga estudyante na tumayo nang pabilog para mapahitit sila ng marijuana. Napangiwi si John at mabilis na sinabihan ang kanyang dalawang kaibigan na oras na para umalis. Isa sa kanila ang sumagot nang halos pakutya, “John, simple lang naman iyan—tatayo lang tayo sa bilog, at kapag nasa atin na ang marijuana, ipapasa lang natin ito at hindi hihititin. Sa ganyang paraan hindi tayo mapapahiya, kaysa naman basta na lang tayo aalis.” Mukhang simple nga lang ito kay John, ngunit hindi tama. Alam niyang dapat niyang sabihin ang gusto niyang mangyari at gawin iyon. Kaagad siyang nag-ipon ng lakas ng loob at sinabi sa kanila na bahala sila sa gusto nilang gawin, pero siya ay aalis. Ipinasiya ng isa niyang kaibigan na huwag umalis at sumama sa mga nakabilog; ang isa naman ay atubiling sinundan si John pababa sa hagdan papuntang elevator. Laking gulat nila dahil nang bumukas ang pinto ng elevator, naglabasan ang mga pulis na Hapones at nagmamadaling inakyat ang hagdan papuntang rooftop. Sumakay na sina John at kanyang kaibigan sa elevator at umalis.

Nang nasa itaas na ng hagdan ang mga pulis, dali-daling itinapon ng mga estudyante ang ilegal na droga sa labas ng rooftop para hindi sila mahuli. Matapos harangan ang hagdan, gayon man, pinapila ng mga opisyal ang lahat ng nasa rooftop at ipinalahad sa bawat estudyante ang kanilang dalawang kamay. Pagkatapos ay isa-isang inamoy ng mga opisyal ang mga

hinlalaki at hintuturo ng bawat estudyante. Lahat ng humawak sa marijuna, hinitit man nila ito o hindi, ay itinuring na nagkasala, at malaki ang naging kapalit nito. Halos lahat ng estudyanteng nadatnan sa rooftop ay napaalis sa kani-kanilang unibersidad, at ang mga nahatulan ay malamang na itinapon palabas sa Japan. Ang mga pangarap na makapag-aral, ang maraming taong paghahanda, at ang posibilidad na makapagtrabaho sa Japan, ay nawasak sa ilang saglit lamang.

Ngayon sasabihin ko sa inyo ang nangyari sa tatlong magkakaibigan. Ang kaibigang hindi umalis sa rooftop ay pinaalis sa unibersidad sa Japan na pinagsikapan pa naman niyang matamo at inatasang umuwi. Ang kaibigang umalis sa party kasama si John nang gabing iyon ay nakatapos ng pag-aaral sa Japan at nakapagtapos ng mga kurso sa dalawang pangunahing unibersidad sa Estados Unidos. Dahil sa kanyang propesyon, nakabalik siya sa Asia, kung saan lalo siyang nagtagumpay sa trabaho. Hanggang sa araw na ito ay nagpapasalamat siya sa magiting na halimbawa ni John. Ang kinahinatnan naman nito sa buhay ni John ay halos hindi masukat. Sa paglagi niya sa Japan nang taong iyon ay nagkaroon siya ng isang masayang


buhay may-asawa kasunod ang pagkakaroon ng dalawang anak na lalaki. Nagtagumpay siya nang labis sa negosyo at kamakailan ay naging propesor sa isang unibersidad sa Japan. Isipin na lang ninyo kung gaano ang naging kaibhan ng buhay niya kung hindi siya nagkaroon ng lakas ng loob na umalis sa party sa kritikal na gabing iyon sa Japan.³

Mga kabataan, may mga pagkakataon na kayo, tulad ni John, ay kailangang magpakita ng inyong matwid na kagitingan sa harap ng inyong mga kaibigan, na ang kahihinatnan ay maaaring pangungutya at pagkapahiya. Bukod pa ryan, sa makabagong daigdig, ang paglaban sa tukso ay mangyayari din sa isang tahimik at solong lugar sa harap ng computer. Kasama ng maraming tulong na nagagawa ng teknolohiya ay ang pagkakaroon din ng mga pagsubok na hindi naranasan ng mga naunang henerasyon. Natuklasan sa isang survey kamakailan na ang mga kabataan ngayon ay hindi lamang nakakaranas ng matinding tukso bawat araw sa paaralan kundi maging sa Internet din. Ipinahayag dito na ang mga kabataang nakakakita ng mga larawang may umiinom ng alak o gumagamit ng droga sa mga social

networking site ay tatlo hanggang apat na beses na malamang na uminom ng alak at gumamit ng droga. Nagbigay ng kanyang pananaw sa survey ang dating US cabinet secretary: “Nakita sa survey sa taong ito na may bagong napakatinding pressure sa kabataan—ang digital peer pressure. Ang digital peer pressure ay nakakaimpluwensya sa bata hindi lang sa oras na kasama niya ang kanyang mga kaibigan. Sinasalakay nito ang tahanan at ang bata sa kanyang silid sa pamamagitan ng Internet.”⁴ Ang pagpapakita ng kagitingan kadalasan ay nasusubok sa maliliit na bagay tulad ng kung magki-klik ba [sa computer] o hindi. Mula sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, itinuro sa mga misyonero na “Ang pinipili mong isipin at gawin kapag nag-iisa ka at sa palagay mo’y walang sinumang nakakakita ay mainam na sukatan ng iyong kabaitan.”⁵ Maging magiting! Maging matatag! “Tumayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag.”⁶

Mga kabataang lalaki, ipinangangako ko na palalakasin kayo ng Panginoon. “Sapagka’t hindi tayo binigyan ng Dios ng Espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan”⁷ Bibiyayaan Niya kayo sa inyong kagitingan at matwid na pag-uugali—ng ligaya at galak. Ang gayong kagitingan ay bunga ng inyong pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, inyong mga panalangin at sa pag-sunod ninyo sa mga kautusan.

Si Pangulong N. Eldon Tanner ay nagsabi: “Ang isang batang lalaki sa paaralan ay makakaimpluwensya nang malaki para sa kabutihan. Ang isang binatilyo sa football team, o sa kampus, o sa kanyang trabaho, ay makakagawa ng di-masusukat na kabutihan kapag ipinamuhay niya ang ebanghelyo, iginalang ang kanyang piesthood, at nanindigan sa tama. Karaniwang makararanas kayo ng maraming pagpuna at pagkutya maging sa mga kapareho ninyo ng paniniwala, kahit na nirerespeto nila kayo sa paggawa ng tama. Ngunit alalahanin na ang Tagapagligtas mismo ay pinahirapan, kinutya, dinuraan, at ipinako sa krus dahil





pinanindigan niya ang kanyang pananalig. Napag-isip-isip ba ninyo kung ano kaya ang mangyayari kung nanghina siya at sabihing, ‘Ano ba ang kabuluhan nito?’ at kalimutan ang kanyang misyon? Gusto ba nating sumuko, o gusto ba nating manatiling magiting na tagapaglingkod sa kabila ng lahat ng pagsalungat o kasamaan ng mundo? Maging matapang tayong manindigan upang tayo ay mapabilang sa tunay at tapat na mga tagasunod ni Cristo.”⁸

Inaanyayahan ko kayong maging karapat-dapat tulad ng 2,000 kabataang kawal sa pamamagitan ng pagiging magiting sa katapangan bilang marapat na mayhawak ng priesthood. Tandaan, ang ginagawa ninyo, ang pinupuntahan ninyo, ang nakikita ninyo ang huhubog sa inyong pagkatao. Ano ang nais ninyong maging pagkatao? Maging karapat-dapat na deacon, karapat-dapat na teacher, at karapat-dapat na priest. Mithiin na maging karapat-dapat na pumasok sa templo at tumanggap ng susunod na ordenansa sa wastong edad hanggang sa matanggap ang Melchizedek

Priesthood. Ito ang landas ng kabutihan na nag-aanyaya sa tulong ng langit. Ipinahayag ng Panginoon, “Sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.”⁹

Ang mga magulang, mga lider ng priesthood, mga dapat unahin ayon sa mga propeta na matatagpuan sa mga polyeto na *Tungkulin sa Diyos* at *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ang siyang gagabay sa inyo.

Ipinayo ni Pangulong Thomas S. Monson kamakailan:

“Para magawa [ang mga desisyon] nang buong talino, lakas ng loob ang kailangan—lakas ng loob na humindi, lakas ng loob na [magsabi ng oo]. . . .

“Nakikiusap ako na magpasiya na kayo . . . ngayon mismo, na huwag lumihis mula sa landas na hahantong sa ating mithiin: ang buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit.”¹⁰

Tulad ng pagtugon ng 2,000 kawal sa panawagang lumaban ng kanilang pinunong si Helaman, at pagpapamalas nila ng kagitingan, magagawa rin ninyo iyan sa pagsunod sa inyong

pinunong propeta, si Pangulong Thomas S. Monson.

Aking mga kabataang mayhawak ng Aaronic Priesthood, sa pagtatapos ay iniaalay ko ang aking patotoo sa Diyos Ama at kay Jesucristo at sa mga salita ni Joseph Smith: “Mga kapatid, hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sumulong at huwag umurong. Lakas ng loob, mga kapatid; at humayo, humayo sa pananagumpay!”¹¹ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Alma 53:20.
2. Mosias 18:9.
3. Personal na kuwentong ibinahagi sa awtor.
4. Joseph A. Califano Jr., nagtatag at chairman emeritus ng Center on Addiction and Substance Abuse sa Columbia University, sa isang pahayag tungkol sa pag-aaral, casacolumbia.org.
5. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyoner* (2004), 136.
6. Doktrina at mga Tipan 87:8.
7. II Kay Timoteo 1:7.
8. N. Eldon Tanner, “For They Loved the Praise of Men More Than the Praise of God,” *Ensign*, Nob. 1975, 74–75.
9. Doktrina at mga Tipan 84:20.
10. Thomas S. Monson, “Ang Tatlong Prinsipyo ng Pagpili” *Liahona*, Nob. 2010, 68.
11. Doktrina at mga Tipan 128:22.



Ni Elder Anthony D. Perkins
Ng Pitumpu

Mag-ingat Hinggil sa Inyong Sarili

Manatili sa landas ng priesthood sa pamamagitan ng pagpapalalim ng inyong pagbabagong-loob at pagpapatatag ng inyong pamilya. . . . Umiwas sa trahedyang sa pamamagitan ng pagsunod sa espirituwal na mga karatulang “Mag-ingat” na inilagay ng Diyos at ng mga propeta sa ating daanan.

Noong binatilyo pa ako, nagdaraan ang aming pamilya sa Rocky Mountains ng Amerika para bisitahin ang mga lolo’t lola. Nagsisimula ang daan sa mga sagebrush flatland, paakyat sa matatarik na dalisdal na punung-puno ng mga punong aguho, at sa huli ay palabas sa kakayuhan ng mga punong aspen at kaparangan sa tuktok ng bundok kung saan halos walang hanggan ang tanaw namin.

Ngunit hindi ganap na ligtas ang magandang daang ito. Karamihan sa daan ay inukit sa matarik na gilid ng bundok. Para maprotektahan ang mga naglalakbay, naglagay ng mga baranda at karatula ang mga gumagawa ng daan na may nakasaad na “Mag-ingat: Bumabagsak ang mga Bato.” Nakita namin ang sapat na dahilan ng mga babalang ito. Nagkalat ang maliliit at malalaking bato sa ilog sa ibaba ng daan. Paminsan-minsan ay may nakikita kaming warak na mga kotse sa ibaba, isang kalunus-lunos na katibayan ng mga hindi nag-ingat na tsuper.

Sumpa at Tipan ng Priesthood

Mga kapatid, bawat isa sa inyo ay nakapasok na, o papasok, sa sumpa at tipan ng Melchizedek Priesthood.¹ Sa tipang iyon ay nakapaloob ang maluwaluhating paglalakbay na nagsisimula sa pagtanggap kapwa ng mababa at mas mataas na priesthood, na umuunlad sa pagganap natin sa tungkulin, at paakyat tungo sa pinakamagandang tanawin ng Diyos, hanggang sa matanggap natin ang “lahat ng mayroon [ang] Ama.”²

Ang matalinong nagdisenyo ng selestiyal na daang iyon ay naglagay ng mga karatulang babala para sa ating paglalakbay. Ang sumpa at tipan ng priesthood ay naglalaman ng nanunuot-sa-budhing babalang ito: “Binibigyan ko kayo ngayon ng isang kautusan na mag-ingat hinggil sa inyong sarili.”³

Bakit tayo pinag-iingat ng Diyos? Alam Niya na si Satanas ay totoong nilalang⁴ na hangad hilahin ang ating kaluluwa pababa sa look ng kalungkutan.⁵ Alam din ng Diyos na nasa

kalooban ng mga may priesthood ang “likas na tao”⁶ na “naliligaw ng landas.”⁷ Kaya nga, inanyayahan tayo ng mga propeta na “[ihubad] . . . ang datihang pagkatao”⁸ at “ibihis si Cristo”⁹ sa pamamagitan ng pagsampalataya, pagsisisi, nakapagliligtas na mga ordenansa, at pamumuhay ng ebanghelyo araw-araw.

Pag-iwas sa Trahedyang

Habang paakyat sa landas ng priesthood, sinumang lalaki, bata man o matanda, ay maaaring hilahin pababa kung hindi siya mag-iingat. Nasindak at nalungkot na ba kayo sa di-inaasahang pagbagsak ng isang bukod-tanging binatilyo, bagong uwing missionary, respetadong priesthood leader, o minamahal na kapamilya?

Ang kuwento tungkol kay David sa Lumang Tipan ay nakalulunon na halimbawa ng sinayang na kapangyarihan ng priesthood. Bagama’t natalo niya si Goliath noong bata pa siya at namuhay nang matwid nang maraming taon,¹⁰ may kahinaan pa rin ang espirituwalidad ng propetang-haring ito. Sa kritikal na sandaling iyon nang makita niya mula sa itaas ng kanyang bubungan na naliligo ang magandang si Bath-sheba, walang bantay na malapit para sumigaw ng, “Ingat, David, kahangalan iyan!” Ang kabiguan niyang mag-ingat hinggil sa kanyang sarili¹¹ at kumilos ayon sa mga bulong ng Espiritu¹² ay humantong sa pagkawala ng kanyang walang-hanggang pamilya.¹³

Mga kapatid, kung si David mismo na makapangyarihan ay nailalayo mula sa landas patungong kadakilaan, paano natin maiiwasang magkagayon din?

Ang dalawang nagpoprotektang alituntunin na malalim na personal na pagbabagong-loob at matatag na pag-uugnayan ng pamilya ay papanatilihin tayo sa daan patungo sa langit.

Dahil alam ito ni Satanas, hinahadlangan niya ang pag-angat natin sa priesthood para masira ang ating pagbabalik-loob at mawasak ang ating pamilya. Mabuti na lang at naglagay si Jesucristo at ang Kanyang mga propeta ng mga karatulang “Mag-ingat” sa daan. Lagi tayo nitong binabalaan tungkol sa kapalaluang sumisira sa ating

pagbabagong-loob¹⁴ at mga pagkaka-salang tulad ng galit, pagkagahaman, at pagnanasa na nagwawasak sa pamilya.

Ipinayo ni Moises noong araw, “Magingat ka nga, baka iyong malimutan ang Panginoon.”¹⁵ Sa ating mundo na mabilis ang takbo at puno ng libangan, ang mga tao ay mabilis pa ring “makalimot . . . sa Panginoon, . . . gumawa ng kasamaan, at maakay palayo ng yaong masama.”¹⁶

Palalimin ang Pagbabagong-loob at Patatagin ang Pamilya

Para manatiling ligtas sa landas ng priesthood sa gitna ng mga tukso, ipinaaalala ko sa atin ang anim na mahahalagang alituntuning nagpapalalim ng pagbabagong-loob at nagpapatatag ng pamilya.

Una, ang pagdarasal ay laging nagbubukas ng daan para makamit natin ang tulong ng langit upang “[magapi] si Satanas.”¹⁷ Tuwing babalaan ni Jesus ang mga may priesthood na “mag-ingat . . . , sapagkat ninanis ni Satanas na bistayin [ka],” iminumungkahi Niyang manalangin para malabanan ang tukso.¹⁸ Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: “Kung mayroon sa atin na mabagal makinig sa payo na laging manalangin, wala nang mas maganda pang oras para mag-simula kundi ngayon. . . . Ang isang tao ay mas matangkad kapag siya ay nakaluhod.”¹⁹

Ikalawa, ang pag-aaral ng sinauna at makabagong banal na kasulatan ay nag-uugnay sa atin sa Diyos. Binalaan ng Panginoon ang mga miyembro ng Simbahan na “mag-ingat kung paano nila hinahawakan ang mga [propeta] at baka ipalagay ang mga ito bilang isang bagay na walang halaga, at mapasailalim ng sumpa dahil doon, at matisod at madapa.”²⁰ Para maiwasan ang nakalulumong sumpang ito, dapat tayong magsumigagis sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at ng mga magasin at website ng Simbahan para tayo “mapayuhan sa matalik at personal na paraan ng hinirang na propeta [ng Panginoon].”²¹

Ikatlo, ang pagiging marapat sa paglahok sa mga ordenansa ay ini-handa tayong tanggapin “ang Banal



na Espiritu bilang [ating] patnubay.”²² Nang magbabala ang Tagapagligtas na, “Mag-ingat at baka kayo ay malinlang,” nangako Siya na hindi tayo malilinlang kung ating “[ha]hanapin . . . ang mga pinakamahusay na kaloob” ng Espiritu.²³ Ang pagiging marapat na makibahagi ng sakramento lingguling ay nagbibigay ng karapatan sa mga miyembro na “sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu.”²⁴ Sa pagsamba sa templo maaari tayong “makatanggap ng kaganapan ng Espiritu Santo.”²⁵

Ikaapat, pagpapakita ng tunay na pagmamahal ang sentro ng personal na pagbabagong-loob at mga pag-uugnayan ng pamilya. Iniutos ni Haring Benjamin, “Mag-ingat kayo, na baka magkaroon ng mga pagtatalo sa inyo.”²⁶ Laging tandaan na si Satanas ang “ama ng pagtatalo”²⁷ at hangad niyang “[maglaban-laban] at [mag-away-away]” ang magpapamilya.²⁸ Mga kapatid, kung sinasaktan natin ang damdamin, katawan, o sa ating pananalita ang sinumang miyembro ng ating pamilya, nawawalan tayo ng kapangyarihan ng priesthood.²⁹ Piliing supilin ang galit. Ang mga miyembro ng pamilya ay dapat makarinig ng mga basbas mula sa ating bibig, hindi ng masasamang salita.

Dapat lamang nating impluwensyahan ang iba sa pamamagitan ng panghihikayat, mahabang pagtitiis, kahinahunan, kaamuan, hindi pakunwaring pag-ibig, kabaitan, at pag-ibig sa kapwa.³⁰

Ikalima, ang pagsunod sa batas ng ikapu ay mahalagang bahagi ng pananampalataya at pagkakaisa ng pamilya. Dahil ginagamit ni Satanas ang pagkagahaman at pagnanasa sa kasaganaan para ilayo ang mga pamilya sa selestiyal na daan, ipinayo ni Jesus, “Mangagingat sa lahat ng kasakiman.”³¹ Ang kasakiman ay napipigil kapag nagplano tayo para sa ating kita, nagbayad ng tapat na ikapu at malaking handog-ayuno, nagbadyet ng kailangang gastusin, umiwas sa dikailangang pangungutang, nag-ipon para sa kinabukasan, at nakaya nating tustusan ang ating temporal na mga pangangailangan. Ang pangako ng Diyos sa atin ay, “hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.”³²

Ikaanim, sa lubos na pagsunod sa batas ng kalinisang-puri magkakaroon kayo ng tiwalang tumayo “sa harapan ng Diyos” na ang Espiritu Santo ang ating “kasama sa tuwina.”³³ Inaatake ni Satanas ang kabanalan at kasal ng daluhong ng kalaswaan. Nang balaan ng Panginoon ang mga nangangalunya na “mag-ingat at magsisi agad,” ang Kanyang pakahulugan ay hindi lamang pisikal na pangangalunya kundi pati na ang pagnanasa sa isipan bago pa iyon.³⁴ Tinalakay na nang madalas at malinaw ng mga makabagong propeta at apostol ang salot ng pornograpiya. Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Ang [pornograpiya] ay parang nagngangalit na bagyo, na nagwawasak sa mga tao at pamilya, at lubos na sumisira sa dating mabuti at maganda. . . . Dumating na ang panahon para sinuman sa atin na sangkot dito ay iahon ang kanyang sarili mula sa kasalanan.”³⁵ Kung natutukso kayong labagin ang batas ng kalinisang-puri sa anumang anyo, sundan ang halimbawa ni Jose ng Egipto, na “tumakas, at lumabas.”³⁶

Ang anim na mahahalagang alituntuning ito ay tumutulong sa mga may

taglay ng priesthood na magpatuloy sa ligtas na daan patungo sa langit sa gitna ng mga nagpoprotektang alituntunin ng sariling pagbabagong-loob at pag-uugnayan ng pamilya. Mga kabataan, ang pagsunod sa mga alituntuning ito ay maghahanda sa inyo sa paggawa ng mga tipan sa templo, paglilingkod bilang full-time missionary, at walang-hanggang kasal. Mga asawang lalaki at mga ama, ang pamumuhay ng mga alituntuning ito ay tutulong sa inyo na maging marapat na mangulo sa tahanan sa kabutihan, na naglilingkod bilang espirituwal na pinuno ng inyong pamilya, kasama ang inyong asawa bilang kapantay na katuwang.³⁷ Ang landas ng priesthood ay isang paglalakbay na puno ng kagalakan.

Pananatili sa Landas ng Priesthood

Sa paggunita ko sa mga karanasan ko noong binatilyo ako, naaalala ko ang isang insidente ng pagtawid sa Rocky Mountains. Paglagpas sa isang karatulang “Mag-ingat: Bumabagsak ang mga Bato,” napansin ng tatay ko ang mga graba at maliliit na batong nahuhulog sa kalsada sa aming harapan. Agad niyang binagalan ang takbo ng kotse hanggang halos tumigil ito nang may bumagsak na batong sinlaki ng bola ng basketball malapit sa amin. Hinintay ni Itay na tumigil ang pagda-usdos ng mga bato bago siya tumuloy. Ang pagiging alerto at mabilis na pagkilos ng aking ama ang dahilan upang ligtas na makarating ang aming pamilya sa aming destinasyon.

Mga kapatid, hangad ni Satanang “mawasak ang mga kaluluwa ng tao.”³⁸ Kung ang inyong kaluluwa ay malapit na sa bingit ng espirituwal na bangin, tumigil ngayon bago kayo mahulog, at bumalik sa tamang landas.³⁹ Kung pakiramdam ninyo ay warak na ang inyong kaluluwa sa kailaliman ng bangin sa halip na nasa kaitaasan ng landas ng priesthood dahil nakaligtaan ninyong sundin ang mga karatulang “Mag-ingat” at nagkasala kayo, pinatotohanan ko na sa pamamagitan ng taos na pagsisisi at kapangyarihan ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo, maaari kayong makaahon at makabalik sa daan ng Diyos patungo sa langit.⁴⁰

Itinuro ni Jesus, “Mangagingat kayo sa . . . pagpapaimbabaw.”⁴¹ Kung hindi kayo karapat-dapat na humawak ng priesthood, kausapin ang inyong bishop, at matutulungan niya kayong magsisi. Maging matapang na kahit maring sinasabi ng Tagapagligtas na, “Mag-ingat, . . . at tumigil sa paggawa ng kasalanan,”⁴² ipinangako rin Niya: “Ako, ang Panginoon, ay pinatatawad kayo . . . Humayo kayo sa inyong mga lakad at huwag magkasala pa.”⁴³

Inaanyayahan ko ang bawat kalalakhing bata at matanda na manatili sa landas ng priesthood sa pamamagitan ng pagpapalalim ng inyong pagbabagong-loob at pagpapatatag ng inyong pamilya. Ang mga panalangin, banal na kasulatan, at ordenansa ay nagpapaigting ng pagbabagong-loob. Ang pagmamahal, ikapu, at kalinisang-puri ay nagpapatatag sa pamilya. Umiwas sa trahedya sa pamamagitan ng pagsunod sa espirituwal na mga karatulang “Mag-ingat” na inilagay ng Diyos at ng mga propeta sa ating daanan. Sikaping tularan ang sakdal na halimbawa ni Jesucristo, na “nagdanas ng mga tukso subalit hindi siya nagpadaig sa mga ito.”⁴⁴

Ipinangako ko na kung tutu-parin ng kalalakhian ang tipan ng priesthood na “mag-ingat hinggil sa inyong sarili,”⁴⁵ makatitiyak tayo at ang ating pamilya na ligtas at masaya tayong makarating sa ating dakilang destinasyon sa kahariang selestiyal. Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–44.
2. Doktrina at mga Tipan 84:38.
3. Doktrina at mga Tipan 84:43.
4. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16; tingnan din sa Moises 1:12–22.
5. Tingnan sa Helaman 5:12; tingnan din sa 2 Nephi 1:13; Helaman 7:16.
6. Mosias 3:19; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 2:14.
7. “Come, Thou Fount of Every Blessing,” *Hymns* (1948), blg. 70.
8. Tingnan sa Mga Taga Colosas 3:8–10; tingnan din sa Mga Taga Efeso 4:22–24.
9. Mga Taga Galacia 3:27; tingnan din sa Mga Taga Roma 13:14.
10. Tingnan sa Samuel 13:14; 17:45–47.
11. Tingnan sa II Samuel 11:1–17.
12. “Hindi kayo makagagawa ng malaking

kasalanan nang hindi muna nababalaan ng mga paramdam ng Espiritu” (Boyd K. Packer, “Payo sa Kabataan,” *Liahona*, Nob. 2011, 18).

13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:39; tingnan din sa Bible Dictionary, “David.”
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 23:1; 25:14; 38:39; tingnan din sa Ezra Taft Benson, “Beware of Pride,” *Ensign*, Mayo 1989, 4–7.
15. Deuteronomio 6:12; tingnan din sa Deuteronomio 8:11–19.
16. Alma 46:8.
17. Doktrina at mga Tipan 10:5.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 52:12–15; tingnan din sa Lucas 22:31–32; Alma 37:15–17; 3 Nephi 18:18–19.
19. Thomas S. Monson, “Lumapit sa Kanya sa Panalangin at Pananampalataya,” *Liahona*, Mar. 2009, 4.
20. Doktrina at mga Tipan 90:5; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 41:1, 12.
21. Gordon B. Hinckley, “Faith: The Essence of True Religion,” *Ensign*, Nob. 1981, 5.
22. Doktrina at mga Tipan 45:57.
23. Doktrina at mga Tipan 46:8; tingnan din sa Mga Taga Efeso 4:14; Doktrina at mga Tipan 52:14–16; Mga Taga Colosas 2:8.
24. Moroni 4:3; Doktrina at mga Tipan 20:77; tingnan din sa 3 Nephi 18:1–11.
25. Doktrina at mga Tipan 109:15.
26. Mosias 2:32.
27. Tingnan sa 3 Nephi 11:29–30.
28. Mosias 4:14.
29. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:36–37; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 63:61–63.
30. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41–45.
31. Lucas 12:15; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 38:39.
32. Mateo 6:33; tingnan din sa 3 Nephi 13:33.
33. Doktrina at mga Tipan 121:45–46; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 67:11; Moises 1:11.
34. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 63:14–16; tingnan din sa Mateo 5:27–28; 3 Nephi 12:27–30.
35. Gordon B. Hinckley, “Isang Kalunus-lunos na Kasamaan sa Ating Paligid,” *Liahona*, Nob. 2004, 59, 62; tingnan din sa Dallin H. Oaks, “Pornograpiya,” *Liahona*, Mayo 2005, 87–90; Jeffrey R. Holland, “Huwag nang Magbigay-Puwang Kailanman sa Kaaway ng Aking Kaluluwa,” *Liahona*, Mayo 2010, 44–46.
36. Genesis 39:12.
37. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.3.
38. Doktrina at mga Tipan 10:27; tingnan din sa I Ni Pedro 5:8.
39. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 3:9–10; I Mga Taga Corinto 10:12–13; I Ni Pedro 3:17.
40. Tingnan sa Alma 13:27–29; Doktrina at mga Tipan 109:21.
41. Lucas 12:1; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 50:6–9.
42. Doktrina at mga Tipan 82:2.
43. Doktrina at mga Tipan 82:1, 7.
44. Doktrina at mga Tipan 20:22; tingnan din sa Sa Mga Hebreo 2:17–18; 4:14–16.
45. Doktrina at mga Tipan 84:43; tingnan din sa Deuteronomio 4:9; Mosias 4:29–30.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Kagalakan sa Pagkakaroon ng Priesthood

Ating tanggapin at arukin ang karingalan at pribilehiyong dulot ng priesthood. Tanggapin at mahalín natin ang mga responsibilidad na ipinagagawa sa atin.

Ang Kagalakan sa Pagpapalipad

Maraming taon na ang nakaraan nagpasiya kaming tuparin ng dalawang kong kapwa piloto ang pangarap namin noong bata pa na buuing muli ang isang antigong eruplano. Magkakasama naming binili ang lumang 1938 Piper Cub at sinimulang ibalik ito sa dating anyo. Ginawa namin ang proyektong ito nang may pagmamahal. May espesyal na kahulugan ito sa akin dahil sa ganoon ding eruplano ako natutong magpapalipad noong ako'y bata pa.

Unang binuo ang eruplanong ito 35 taon matapos ang bantog na unang pagpapalipad ng Wright brothers. Kapag iniisip ko iyan pakiramdam ko napakatanda ko na.

Walang electric starter ang makina nito; kapag paaandarin mo ang makina mula sa cockpit, hahawakan ng isang tao sa ibaba ang elise at paiikutin ito nang ubod ng lakas para umandar ang makina. Bawat pagpapaandar ng makina ay kapana-panabik na sandali

at nangangailangan ng katapangan.

Kapag nasa himpapawid na, kitang-kita ang kabagalan ng Piper Cub. Sa katunayan, kapag tumatama ang hangin sa nguso ng eruplano, parang hindi kami gumagalaw. Naaalala ko noong paliparin namin iyon ng binitilyo kong anak na si Guido sa ibabaw ng autobahn sa Germany, talaga namang mas mabilis pa ang mga kotse sa ibaba namin!

Pero gustung-gusto ko ang maliit na eruplanong ito! Ito ang pinakama-inam na paraan na mararanasan mo ang saya at ganda ng pagpapalipad. Maririnig, mararamdaman, maaamoy, matitikman, at makikita mo kung ano talaga ang ibig sabihin ng pagpapalipad. Ganito ang pagkakalahad dito ng Wright brothers: “[Walang] makapantay sa nararamdaman ng mga piloto habang tinatangay sila ng hangin sakay ng malalaki at puting pakpak.”¹

Kabaligtaran niyan, nitong kasisimula ng taon nagkaroon ako ng pribilehiyong paliparin ang makabagong

F-18 fighter jet kasama ang kilala sa buong mundo na Blue Angels, ang flight demonstration team ng United States Navy. Habang nasa himpapawid, para akong nagbabalik-tanaw dahil eksaktong 50 taon bago iyon, halos sa eksaktong araw, nakumpleto ko ang training bilang air force fighter pilot.

Ang naranasan ko nang paliparin ko ang F-18, siyempre pa, ay tala-gang kaiba sa naranasan ko sa Piper Cub. Ipinakita nito sa akin ang higit na saya at ganda ng pagpapalipad. Para itong paggamit ng kasalukuyang mga tuntunin sa aerodynamics sa mas perpektong paraan. Gayunpaman, ang pagpapalipad kasama ang Blue Angels ay kaagad na nagpadama sa akin na ang jet fighter ay para sa mga batang piloto lang. Muli, sabi ng Wright brothers, “Higit sa alinpaman ang pakiramdam [sa pagpapalipad] ay isang ganap na kapayapaan na kaakibat ang kasabikang nanunuot sa bawat kalamnan.”² Samantala, ang pagpapalipad kasama ang Blue Angels ay malayung-malayo sa pagkakaroon ng “mga anghel” sa paligid ninyo at dinadala kayo.

Kung itatanong ninyo kung alin sa dalawang karanasang ito sa pagpapalipad ang mas nagustuhan ko, hindi ko tiyak kung masasabi ko sa inyo. Kitang-kita sa ilang aspeto na magkaibang-magkaiba ang dalawang ito. Subalit sa ibang aspeto, halos magkatulad ang mga ito.

Sa Piper Cub at sa F-18, naramdaman ko ang kasabikan, kagandahan, at kasiyahan ng paglipad. Sa dalawang ito nadarama ko ang sinabi ng makata na “[lumayo] sa malupit na gapos ng Mundo at [sumayaw] sa kalangitan sa mga pakpak na animo’y pilak sa galak.”³

Iisang Priesthood Saan Man

Ngayon, marahil itatanong ninyo, ano ang kaugnayan ng dalawang magkaibang karanasang ito sa pagpapalipad sa ating pulong ngayon o sa priesthood na pribilehiyo nating hawakan o sa paglilingkod sa priesthood na mahal nating lahat?

Mga kapatid, hindi ba’t totoo na ang ating kani-kanyang karanasan



sa paglilingkod sa priesthood ay magkakaiba? Masasabi natin na ang ilan sa inyo ay nagpapalipad ng F-18 jet, samantalang ang iba naman ay nagpapalipad ng Piper Cub. Ang ilan sa inyo ay nakatira sa mga ward at stake, kung saan ang bawat posisyon, mula assistant high priest group leader hanggang sa deacons quorum secretary, ay ginagampanan ng aktibong mayhawak ng priesthood. May pribilehiyo kayong makibahagi sa organisasyon ng ward na may mga taong makagaganap sa lahat ng tungkulin dito.

Ilan sa inyo ay nakatira sa mga lugar na kaunti lang ang mga miyembro ng Simbahan at lider ng priesthood. Nadarama ninyo marahil na nag-iisa kayo at nahihirapan sa mga kailangang gawin. Maaaring kailangang kayo mismo ang kumilos para mapandar ang makina ng paglilingkod sa priesthood. Kung minsan parang hindi na talaga sumusulong ang inyong branch o ward.

Gayunpaman, anuman ang inyong responsibilidad o kalagayan, alam natin na laging may kakaibang galak na nagmumula sa tapat na paglilingkod sa priesthood.

Gustung-gusto kong magpalipad, iyan man ay Piper Cub, F-18, o kahit anong eroplano. Noong nasa Piper Cub ako, hindi ako nagreklamo kahit mabagal ito; noong nasa F-18 ako hindi ako dumaing nang nahirapan ako sa

pabali-baligtad na pagmamaniobra dahil sa aking katandaan.

Oo, laging may kakulangan ang alinmang sitwasyon. Oo, madalang makahanap ng bagay na mairereklamo.

Ngunit mga kapatid, tayo ay mga mayhawak ng Banal na Priesthood, alinsunod sa orden ng Anak ng Diyos! Bawat isa sa atin ay napatungan ng mga kamay sa ating ulo, at natanggap natin ang priesthood ng Diyos. Binigyan tayo ng awtoridad at responsibilidad na kumilos sa Kanyang pangalan bilang Kanyang mga tagapaglingkod sa mundo. Tayo man ay nasa malaki o maliit na branch, tinawag tayo upang maglingkod, magbasbas, at kumilos sa lahat ng oras para sa ikabubuti ng lahat ng taong ipinagkatiwala sa atin. Mayroon pa bang mas kasiya-siya rito?

Ating arukin, pahalagahan, at damhin ang galak ng paglilingkod sa priesthood.

Ang Kagalakan sa Pagkakaroon ng Priesthood

Ang pagmamahal ko sa pagpiloto ay nakaimpluwensya sa takbo ng buhay ko. Bagama't masaya at puno ng biyaya ang mga karanasan ko bilang piloto, ang mga karanasan ko bilang miyembro ng Simbahang ito ay mas malalim, mas nakagalak, at mas makabuluhan. Sa pagtutuon ko nang lubos sa paglilingkod sa Simbahan, nadama ko ang

pinakamakapangyarihang lakas ng Diyos pati na ang Kanyang magiliw na awa.

Bilang piloto, naabot ko ang kala-ngitan. Bilang miyembro ng Simbahan, nadama ko ang pagmamahal at pangangalaga ng langit.

Paminsan-minsan, hinahanapanap ko ang pag-upo sa cockpit. Ngunit dahil sa paglilingkod kasama ng aking mga kapatid sa Simbahan, kaagad ko itong nalilimutan. Ang madama ang kapayapaan at galak na dulot ng pagiging maliit na bahagi ng dakilang adhikain at gawaing ito, ay bagay na hindi ko ipagpapalit sa anupaman sa mundo.

Ngayon ay nagtitipon tayo bilang malaking lupon ng priesthood. Sagradong kagalakan at pribilehiyo natin ang paglingkuran ang Panginoon at ating kapwa, ibigay ang pinakamabuti nating katangian sa dakilang adhi-kaing tulungan ang iba at itayo ang kaharian ng Diyos.

Nalalaman at nauunawaan natin na ang priesthood ang walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Madali nating sambitin ang pakahulugang ito na naisaulo natin. Gayunpaman, talaga bang nauunawaan natin ang kahalagahan ng ating sinasabi? Uulitin ko: *ang priesthood ay ang walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos.*

Isipin ninyo. Sa pamamagitan ng priesthood, nilikha at pinamamahalalan ng Diyos ang langit at lupa.

Sa kapangyarihang ito, Kanyang tinubos at dinakila ang lahat ng Kanyang anak, na isinasakatuparan “ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”⁴

Ang priesthood, tulad ng ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith ay “daluyan kung saan sinimulang ihayag ng Maykapal ang Kanyang kaluwalhatian sa . . . paglikha sa mundong ito, at sa pamamagitan nito ay patuloy Niyang inihahayag ang kanyang sarili sa mga anak ng tao hanggang sa ngayon, at ihahayag Niya ang kanyang mga layunin hanggang sa katapusan ng panahon.”⁵

Ipinagkatiwala ng pinakamakapangyarihang Ama sa Langit ang

awtoridad ng priesthood sa atin—mga mortal na nilalang, na may mga pagkakamali at hindi perpekto. Binigyan Niya tayo ng awtoridad na kumilos sa Kanyang pangalan para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Sa kapangyarihang ito may karapatan tayong ipangaral ang ebanghelyo, pangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan, tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mundo, at basbasan at paglingkuran ang ating pamilya at kapwa-tao.

Matatanggap ng Lahat

Ito ang sagradong priesthood na hawak natin.

Ang priesthood, o alinman sa responsibilidad na sakop nito, ay hindi mabibili o maiuutos. Ang paggamit sa kapangyarihan ng priesthood ay hindi maiimpluwensiyahan, makukumbinsi, o maipipilit dahil sa posisyon, yaman, o impluwensya. Ito ay espirituwal na kapangyarihan na kumikilos ayon sa batas ng langit. Ito ay nagmula sa ating dakilang Ama sa Langit. Ang kapangyarihan nito ay hindi mapamamahalaan at mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan,⁶ at hindi ng pagmamagaling.

Si Cristo ang pinagmumulan ng lahat ng tunay na awtoridad at kapangyarihan ng priesthood sa mundo.⁷ Ito ang Kanyang gawain, kung saan tayo ay may pribilehiyong tumulong. “At walang sinuman ang makatutulong sa gawaing ito maliban kung siya ay magiging mapagpakumbaba at puno ng pagmamahal, may pananampalataya,

pag-asa at pag-ibig sa kapwa-tao, na mahinahon sa lahat ng bagay, anuman ang ipinagkatiwala sa kanyang pangangalinga.”⁸

Hindi tayo kumikilos para makinabang, sa halip hangad nating maglingkod at tumulong sa iba. Hindi tayo namumuno nang may pamimilit kundi sa pamamagitan ng “paghihikayat, . . . mahabang pagtitiis, . . . kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig.”⁹

Ang priesthood ng Pinakamakapangyarihang Diyos ay matatanggap ng lahat ng karapat-dapat na kalalakihan saan man sila naroon—anuman ang kanilang angkan, gaano man kaaba ang kanilang kalagayan, sa pinakamalapit o pinakamalayo mang bahagi ng daigdig. Matatanggap ito nang walang salapi at walang bayad. Kung ipapakahulugan ang sinabi ng sinaunang propetang si Isaias, *lahat* ng nauuhaw ay maaaring magpunta sa tubig, at walang salaping kailangan para makapunta at kumain!¹⁰

At dahil sa walang hanggan at dimaarok na Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas, si Jesucristo, ang priesthood ng Diyos ay maaari ninyong matanggap kahit kayo ay nagkamali o naging hindi karapat-dapat noon. Sa espirituwal na pagdadalisay at paglilinis ng pagsisisi, kayo ay maaaring “bumangon at magliwanag!”¹¹ Dahil sa walang hanggan at mapagpatawad na pagmamahal ng ating Tagapagligtas at Manunubos, maitatanaw ninyo ang inyong mata, maaari kayong maging malinis at karapat-dapat, at mararantal na anak ng Diyos—mararapat

na mayhawak ng pinakasagradong priesthood ng Pinakamakapangyarihang Diyos.

Ang Karingalan at Pribilehiyong Dulot ng Priesthood

Nalulungkot ako sa mga hindi nakauunawa at nagpapahalaga sa karingalan at pribilehiyong dulot ng priesthood. Para silang mga pasahero sa eruplano na sinasayang ang oras sa pagrereklamo dahil lang sa maliit na supot ng mani habang sila ay nasa himpapawid, sa ibabaw ng mga ulap—isang bagay na malamang na maghikayat sa mga sinaunang hari na ipagpalit ang lahat ng kanilang kayamaman para maranasan ito kahit minsan!

Mga kapatid, pinagpala tayo na maging abang tagapagtaglay ng dakilang awtoridad at kapangyarihang ito ng priesthood. Atin nang itanaw ang ating mga mata at tingnan, kilalanin, at tanggapin ang oportunidad na ito sa tunay na layunin nito.

Sa matwid, mapagmahal, at tapat na paglilingkod sa priesthood, mararanasan natin ang tunay na kahulugan ng paghahayag: “Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo.”¹²

Ating tanggapin at arukin ang karingalan at pribilehiyong dulot ng priesthood. Tanggapin at mahalin natin ang mga responsibilidad na ipinagagawa sa atin—sa ating tahanan at sa ating yunit ng Simbahan, gaano man ito kalaki o kaliit. Ipagpatuloy natin ang kabutihan, katapatan, at paglilingkod sa priesthood. Magalak tayo sa paglilingkod sa priesthood!

Magagawa natin ito nang napaka-inam sa pamumuhay ng mga alituntunin ng kaalaman, pagsunod, at pananampalataya.

Ibig sabihin, kailangan muna nating alamin at ipamuhay ang doktrina ng priesthood na makikita sa ipinahayag na salita ng Diyos. Mahalagang maunawaan natin ang mga tipan at kautusan kung saan kumikilos ang priesthood.¹³

Sobral, Brazil



Susunod, maging matalino tayo at gamitin ang natamong kaalamang ito nang patuloy at may dangal. Kapag sinunod natin ang mga batas ng Diyos, dinisiplina ang ating isipan at katawan, at iniayon ang ating mga ginagawa sa mga huwaran ng kabutihang itinuro ng mga propeta, magagalak tayo sa paglilingkod sa priesthood.

At sa huli, patibayin natin ang ating pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo. Taglayin natin sa ating sarili ang Kanyang pangalan at ipangako bawat araw na tumahak na muli sa landas ng pagkadisipulo. Gawin nating ganap ang ating pananampalataya sa ating mga gawa.¹⁴ Sa pagiging disipulo, maaari tayong gawing perpekto nang paunti-unti ng ating paglilingkod sa pamilya, sa kapwa, at sa Diyos.

Kapag tayo ay naglilingkod sa priesthood nang buong puso, kaka-yahan, pag-iisip, at lakas, bibiyayaan tayo ng dakilang kaalaman, kapayapaan, at mga espirituwal na kaloob. Sa pagpaparalang natin sa banal na priesthood, ikararantal tayo ng Diyos, at tayo ay “[makatatayong] walang-sala sa harapan [Niya] sa huling araw.”¹⁵

Nawa ay lagi tayong magkaroon ng mga matang makakakita at pusong makadarama ng karingalan at kagala-kan ng priesthood ng ating dakila at makapangyarihang Diyos ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Wilbur Wright, sa James Tobin, *To Conquer the Air: The Wright Brothers and the Great Race for Flight* (2003), 238.
2. Wright brothers, sa Tobin, *To Conquer the Air*, 397.
3. John Gillespie Magee Jr., “High Flight,” sa Diane Ravitch, ed., *The American Reader: Words That Moved a Nation* (1990), 486.
4. Moises 1:39.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 126.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:36.
7. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 5:4–10; Doktrina at mga Tipan 107:3.
8. Doktrina at mga Tipan 12:8.
9. Doktrina at mga Tipan 121:41.
10. Tingnan sa Isaia 55:1.
11. Doktrina at mga Tipan 115:5.
12. Doktrina at mga Tipan 84:88.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–44; 121:34–46.
14. Tingnan sa Santiago 2:22.
15. Doktrina at mga Tipan 4:2.



Ni Pangulong Henry B. Eyring

Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Tulongan Silang Magtakda ng Mataas na Mithiin

Sa inyong patnubay, ang mga ginagabayan ninyo ay makikita, magnanais, at maniniwala na maaabot nila ang kanilang potensiyal para makapaglingkod sa kaharian ng Diyos.

Ako ay lubos na nagpapasalamat sa oportunidad na makadalo sa dakilang pulong na ito ng priesthood, at makarinig ng magandang turo at malakas na patotoo. Dahil dito naalala ko tuloy ang aking karanasan. Halos lahat ng aking nagawa bilang isang mayhawak ng priesthood ay dahil sa mga taong kakilala ko na nakita sa akin ang mga bagay na hindi ko nakikita.

Noong bata pa akong ama, nagdasal ako para malaman kung ano ang maaaring maiambag ng mga anak ko sa kaharian ng Panginoon. Sa mga lalaki, alam kong magkakaroon sila ng mga pagkakataon sa priesthood. Sa mga babae, alam kong magbibigay sila ng serbisyong kakatawan sa Panginoon. Lahat sila ay gagawin ang Kanyang gawain. Alam kong bawat isa ay isang indibidwal, at dahil dito bibigyan ng Panignoon ang bawat isa ng mga kaloob na kanilang magagamit sa paglilingkod sa Kanya.

Ngayon, hindi ko masasabi sa bawat

ama at lider ng kabataan ang mga detalye ng pinakamainam na magagawa ninyo. Ngunit maipapangako ko sa inyo na babasbasan ninyo sila para tulongan silang malaman ang mga espirituwal na kaloob na taglay nila sa pagsilang. Bawat tao ay kaiba at makagagawa ng iba-ibang kontribusyon. Walang taong nakatakadang mabigo. Habang naghahangad kayo ng paghahayag na makita ang mga kaloob na nakikita ng Diyos sa inyong mga ginagabayan sa priesthood—lalo na ang kabataan—pagpapalain kayo na matanawan nila ang magagawa nilang paglilingkod. Sa inyong patnubay, ang mga ginagabayan ninyo ay makikita, magnanais, at maniniwala na maaabot nila ang kanilang potensiyal para makapaglingkod sa kaharian ng Diyos.

Sa sarili kong mga anak, nagdasal ako na ipaalam sa akin kung paano ko matutulungan ang bawat isa sa kanila na maghanda para maglingkod sa Diyos. At sinikap kong tulongan silang wariin, umasa, at kumilos para

sa hinaharap na ito. Umukit ako ng isang tabla para sa bawat anak kong lalaki na may nakalagay na talata mula sa banal na kasulatan na naglalarawan sa kanyang espesyal na kaloob at isang larawan na sumasagisag dito. Sa ilalim ng larawan at ng paliwanag nito, inukit ko ang petsa ng binyag at ordenasyon sa mga katungkulan sa priesthood ng bawat bata, na nakatala kung gaano sila katangkad sa petsa ng bawat mahalagang pangyayari.

Ipaliliwanag ko ang tabla na inukit ko para sa bawat anak kong lalaki para tulungan siya na makita ang kanyang mga espirituwal na kaloob at kung ano ang maaari niyang maiambag sa gawain ng Panginoon. Gaya ko, maaari din kayong mabigyang-inspirasyon na makita ang mga kaloob at kakaibang oportunidad para sa bawat kabataang minamahal at ginagabayan ninyo.

Nang ang panganay kong anak ay naging deacon at Eagle Scout, isang larawan ng agila ang pumasok sa isip ko habang iniisip ko siya at ang kanyang kinabukasan. Nakatira kami noon sa Idaho malapit sa paanan ng South Teton Mountain, kung saan sabay kaming naglalakad at minamasdan ang pag-ilanlang ng mga agila. Naipadama sa akin ng larawang iyon sa aking isipan ang mga salita ni Isaias:

“Siya’y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana niya sa kalakasan.

“Pati ng mga kabinataan ay manlatala at mapapagod, at ang mga binata ay lubos na mangabubuwal:

“Nguni’t silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila’y paililanglang na may mga pakpak na parang mga aguila; sila’y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila’y magsisilakad, at hindi manganghihina.”¹

Sa katunayan, tumigil kami ng panganay kong anak sa paglalakad sa may ibaba ng tuktok ng South Teton dahil napagod na siya. Gusto niyang huminto na. Sabi niya, “Palagi po ba akong hihingi ng paumanhin dahil hindi tayo nakarating sa tuktok? Itay, magpatuloy kayo—ayokong mabigo kayo.”

Sagot ko naman, “Hindi ako mabibigo kailanman, at hindi ka kailanman



hihingi ng paumanhin. Palagi nating maaalala na magkasama tayong umakyat dito.” Sa itaas ng kanyang height board, umukit ako ng agila at isinulat ko ang “Sa mga Pakpak ng Agila.”

Sa pagdaan ng mga taon, umangat pa bilang misyonero ang anak ko nang higit pa kaysa inasahan ko. Sa mga hamon sa misyon, ang ilan sa mga kanarasan niya ay parang hindi niya kakayanin. Para sa batang iniaangat ninyo, gaya ng nangyari sa anak ko, maaaring inangat siya nang mas mataas ng Panginoon sa pangangaral ng ebanghelyo sa isang wikang inakala kong mahirap matutuhan. Kung pagsisikap ninyong ipadama sa sinumang binatilyo ang kanyang magagawa sa priesthood, nangangako ako na sasabihin sa inyo ng Panginoon ang kailangan ninyo. Ang potensiyal ng bata ay maaaring higit kaysa ihahayag sa inyo ng Panginoon. Tulungan siyang magtakda ng mataas na mithiin.

Ang batang hinihikayat ninyo ay maaaring mukhang napakama-hiyain para maging mahusay na

tagapaglingkod sa priesthood. Isa sa mga anak kong lalaki ang masyadong mahiyain noon na ayaw niyang pumasok sa isang tindahan at kausapin ang kahera. Labis ang takot niya kaya nag-alala ako habang ipinagdarasal ang kinabukasan niya sa priesthood. Naisip ko siya bilang misyonero—at tila ba hindi siya magtatagumpay. Natuon ang pansin ko sa isang talata sa Mga Kawikaan: “Ang masama ay tumatakas ng walang taong humahabol: nguni’t ang matuwid ay matapang na parang leon.”²

Iniukit ko ang “Kasingtapang ng Leon” sa kanyang tabla, sa ibaba ng larawan ng malaking ulo ng leon na umaatungal. Sa kanyang misyon at nang sumunod na mga taon, tinupad niya ang pag-asang makikita sa aking inukit. Ang minsay mahiyain kong anak ay ipinangaral ang ebanghelyo nang buong katapatan at buong tapang na sinuong ang mga panganib. Pinalawak siya sa kanyang mga tungkulin na maging kinatawan ng Panginoon.

Maaaring mangyari iyan sa binatilyong ginagabayan ninyo. Kailangan ninyong patatagin ang kanyang pananampalataya na maaari siyang baguhin ng Panginoon at gawing matapang na lingkod kumpara sa mahiyaing batang nakikita ninyo ngayon.

Alam nating ginagawang matapang ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod. Ang binatilyong si Joseph na nakakita sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak, si Jesucristo, sa kakahuyan ay nagbago at nagkaroon ng espirituwal na lakas. Nakita iyon ni Parley P. Pratt nang pagalitan ni Propetang Joseph Smith ang mga lapastangang guwardiya na bumihag sa kanila. Itinala ni Elder Pratt:

“Bigla siyang tumayo, at nagsalita sa isang dumadagundong na tinig, o tulad ng umaatungal na leon, na sinasabi ang sumusunod na mga salita ayon sa naaalala ko:

“*TUMAHIMIK, kayong mga diyablo ng impiyerno. Sa pangalan ni Jesucristo ay pinagsasabihan ko kayo, at inuutusang manahimik; hindi ako mabubuhay ng isa pang minuto at pakikinggan ang ganyang pananalita. Ihinto ninyo ang ganyang salita, dahil*

kung hindi kayo o ako ay mamamata NGAYON DIN!"

Tungkol sa karanasang iyon, isinulat ni Elder Pratt, "Ang kadakilaan at kamaharlihan ay nakita ko *minsang lamang*, habang ito ay nakatayong may mga tanikala, sa hatinggabi, sa bartolina ng isang di-kilalang nayon sa Missouri."³

Bibigyan ng Panginoon ang Kanyang mabubuting lingkod ng mga pagkakataon na maging kasingtapang ng mga leon, kapag nagsasalita sila sa Kanyang pangalan at bilang mga saksi sa Kanyang priesthood.

Ang isa pang anak ko, kahit noong bata pa, ay maraming kaibigan na gustung-gusto siyang kasama. Madali siyang makipagkaibigan sa mga tao. Habang ako ay nananalangin at sinisikap kong makinita ang kanyang magiging kontribusyon sa kaharian ng Diyos, nadama kong kailangan niyang tipunin ang mga tao sa pagmamahal at pagkakaisa.

Iyon ang dahilan kaya humantong ako sa salaysay sa Doktrina at mga Tipan na naglalarawan sa pagsisikap ng mga elder ng priesthood na itayo ang Sion sa Missouri na ikinagalak ng mga anghel na nakakita sa kanilang kontribusyon. Nangailangan iyon ng malaking sakripisyo. Sinasabi sa paghahayag sa Doktrina at mga Tipan, "Gayunman, kayo ay pinagpala, sapagkat ang patotoo na inyong sinabi ay nakatala sa langit upang tingnan ng mga anghel; at sila ay nagagalak sa inyo, at pinatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan."⁴

Sa height board ng aking anak, iniukit ko ang "Nagagalak sa Iyo ang mga Anghel."

Ang kakayahan ng anak kong ito na tipunin at impluwensyahan ang mga tao ay nanatili kahit tapos na siya sa pag-aaral. Kasama ang iba pang mga mayhawak ng priesthood, nag-organisa siya ng mga aktibidad sa stake na nagdulot sa mga kabataan sa kanyang lugar ng pananampalatayang makapagtiis at magtagumpay kahit sa mahihirap na situwasyon. Habang pinalalakas niya ang pananampalataya ng mga kabataang ito, tumulong siya sa pagbuo ng mga panlabas na himpilan ng Sion sa mga sentrong lungsod ng Amerika. Sa inukit kong tabla, naglagay ako ng

mga anghel na umiihip ng trumpeta, na maaaring hindi talaga nila ginagawa sa gayong paraan, pero mas madaling iukit iyon kaysa sigaw.

Nagagalak ang mga anghel habang ang mga lider ng priesthood sa lahat ng panig ng mundo ay nagtatayo ng Sion sa kanilang ward, stake, at mission. At magagalak sila sa mga kabataang tinutulungan ninyo na makapagtayo ng Sion saanman sila naroon at anuman ang kanilang katayuan. Ang Sion ay bunga ng mga taong binigkis ng tipan at pagmamahal. Inaanyayahan ko kayong tulongan ang inyong kabataan na makiisa.

Para sa isa sa mga anak ko, nadama kong dapat kong iukit ang araw—iyon ay, ang araw sa langit—at ang mga salita sa Panalangin ng Pamamagitan ng Tagapagligtas: "Ito ang Buhay na Walang Hanggan." Nang malapit nang magwakas ang Kanyang mortal na ministeryo, nagdasal ang Tagapagligtas sa Kanyang Ama:

"Ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo.

"Niluwalhati kita sa lupa, pagkaganap ko ng gawa na ipinagawa mo sa akin."⁵

Ang anak ko ay naglingkod sa priesthood sa tatlong kontinente ngunit higit sa lahat sa kanyang tahanan at kanyang pamilya. Dito umiikot ang kanyang buhay. Malapit sa tahanan ang kanyang trabaho, at madalas ay umuuwi siya para makasama ang kanyang asawa at maliliit na anak sa tanghalian. Ang kanyang pamilya ay nakatira malapit sa amin ni Sister Eyring. Inaalagaan nila ang aming bakuran na parang kanila ito. Ang anak na ito ay nabubuhay hindi lamang upang maging marapat sa buhay na walang hanggan kundi upang habampahang mapalibutan ng nagpapasalamat na mga miyembro ng pamilya na kanyang tinitipon sa kanyang paligid.

Ang buhay na walang hanggan ay ang mabuhay sa pagkakaisa, sa mga pamilya, kapiling ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo. Ang buhay na walang hanggan ay posible lamang sa pamamagitan ng mga susi ng

priesthood ng Diyos, na ipinanimbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang pagkakaroon ng ganyang walang-hanggan mithiin sa harapan ng mga kabataan na inyong ginagabayan ay napakainam na regalong maibibigay ninyo sa kanila. Gagawin ninyo ito unang-una sa inyong halimbawa sa sarili ninyong pamilya. Ang mga ginagabayan ninyo ay maaaring walang pamilya sa Simbahan, ngunit hinahamon ko kayong tulongan silang madama ang pagmamahal ng pamilya sa magkabilang panig ng tabing.

Ang mga height board na inilarawan ko ay isang paraan lamang ng pagtulong sa kabataan na masulyapan ang karingalan na nakikita sa kanila ng Diyos at ang kanilang kinabukasan at ang kakaibang paglilingkod na inihahanda Niyang maibibigay nila. Tutulungan niya kayong malaman kung paano gawin ito sa inyong mga anak o sa mga kabataan na inyong ginagabayan. Ngunit habang may panalangin ninyong hinahangad na masulyapan ang hinaharap na ito, at pagkatapos ay ipaalam ito sa bawat kabataan, malalaman ninyo na kilala at mahal ng Diyos ang bawat isa sa Kanyang mga anak at nakikita Niya ang mga dakila at kakaibang kaloob na nasa kanila.

Bilang isang ama, mapalad akong makita ang dakilang hinaharap ng aking mga anak na babae at mga anak na lalaki sa kaharian ng Diyos. Nang ako ay mapanalanging humingi ng patnubay, ipinakita sa akin ang paraan para matulungan ang mga anak kong babae na makita ang pagtitiwala ng Diyos sa kanila bilang mga tagapaglingkod na makapagtatayo ng Kanyang kaharian.

Noong maliliit pa ang mga anak kong babae, nakita ko na matutulongan namin ang iba na madama ang pagmamahal ng mga pumanaw na, sa maraming henerasyon. Nalaman ko na ang pagmamahal ay nagmumula sa paglilingkod at nagbibigay ng pag-asa sa buhay na walang hanggan.

Kaya gumawa kami ng mga breadboard na pinaglagyan namin ng mga tinapay na lutong-bahay at sama-sama kami sa pagbibigay nito sa mga



Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Oktubre 2012

ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Boyd K. Packter



L. Tom Perry



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



Todd Christofferson



Neil L. Andersen

ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Ronald A. Rasband



Walter F. González



L. Whitney Clayton



Donald L. Hallstrom



Todd R. Callister



Richard J. Maynes



Craig C. Christensen



Salamat sa tinawag ni Pangulong Thomas S. Monson na "mas malawak kaysa rati [na] pagsasahimpapawid," at natamasa ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo ang mga pagpapala ng pangkalahatang kumpe-rensya. Nakalarawan nang paikot mula itaas sa kaliwa ang mga miyembro at missionary sa Quelimane, Mozambique; Tallinn, Estonia; Warsaw, Poland; Mexico City, Mexico; Edinburgh, Scotland; Taipei, Taiwan; at Gaborone, Botswana.



balo, at mga pamilya. Ang paliwanag na inilagay ko sa bawat breadboard ay nagsasaad ng, “J’aime et J’es-pere,” French ng “Nagmamahal ako’t umaasa.” Ang katibayan ng kanilang kakaibang espirituwal na mga kaloob ay hindi lamang nakita sa mga tablang ginawa ko kundi mas nakikita ito habang ibinabahagi namin ang mga ito sa mga nangangailangan ng katiyakan na ang pagmamahal ng Tagapagligtas at ang Kanyang Pagbabayad-sala ay magdudulot ng ganap na kaliwanagan ng pag-asa, sa gitna ng dalamhati at kawalan. Ito ang buhay na walang hanggan, para sa mga anak kong bae, at para sa bawat isa sa amin.

Ngayon, baka iniisip ninyo, “Brother Eyring, ibig ba ninyong sabihin dapat akong matutong umukit?” Ang sagot ay hindi. Natuto akong umukit sa tulong lamang ng mabait at mahusay na guro, ang dating Elder Boyd K. Packer. Ang kaunting natutuhan ko ay utang ko sa kanyang mahusay na talento bilang tagaukit at sa tiyaga niya bilang guro. Langit lamang ang makalilikha ng guro na tulad ni Pangulong Packer. Ngunit maraming paraan para mahubog ang puso ng mga bata nang hindi umuukit ng mga tabla para sa kanila.

Halimbawa, sa bagong teknolohiya ng komunikasyon ay mabilis tayong makapagbabahagi ng mga mensahe ng pananampalataya at pag-asa kahit sa malalayong lugar, sa kaunting halaga o kaya’y libre. Tinutulungan ako ng aking asawa na gawin ito. Nagsisimula kami sa pakikipag-usap sa telepono sa aming mga apo o mga anak na maaaring matawagan. Hinihiling naming magkuwento sila tungkol sa tagumpay nila at ginawang paglilingkod. Sinasabi rin namin na magpadala sila ng mga retrato ng mga ginawa nila. Ginagamit namin ang mga retratong ito para ilarawan ang ilang talata ng teksto. Nagdaragdag kami ng isa o dalawang talata mula sa Aklat ni Mormon. Siguro hindi masyadong hahanga sina Nephi at Mormon sa espirituwal na kalidad ng mga isinulat namin o sa limitadong nagawa upang makalikha ng tinatawag naming “Ang Journal ng Pamilya: Ang Maliit na Lamina.” Ngunit nabibiyayaan

kami ni Sister Eyring sa gawaing ito. Nakadarama kami ng inspirasyon sa pagpili ng mga talata mula sa banal na kasulatan at sa maiikling mensahe ng patotoo na isinusulat namin. At nakakakita kami ng katibayan sa kanilang buhay na ang kanilang puso ay nababaling sa amin at sa Tagapagligtas.

May iba pang paraan para tumulong; ginagawa na ninyo ang marami sa mga ito. Ang nakaugalian ninyong panalangin ng pamilya at pagbabasa ng banal na kasulatan ay lilikha ng mas matibay na mga alaala at mas malaking pagbabago ng puso kaysa nalalaman ninyo ngayon. Kahit ang mga temporal na aktibidad, gaya ng pagdalo sa isang palaro o panonood ng sine, ay makahuhubog sa puso ng isang bata. Hindi ang aktibidad ang mahalaga kundi ang nadarama ninyo habang ginagawa ito. Nakatuklas ako ng mabuting panukat sa pagtukoy ng mga aktibidad na maaaring makagawa ng malaking kaibhan sa buhay ng isang kabataan. Ito ay ang pagmumungkahi nila ng aktibidad na gusto nila na dama nilang mula sa Diyos. Alam kong posible ito dahil na rin sa sarili kong karanasan.

Nang maging deacon ako sa edad na 12, nakatira ako noon sa New Jersey, 50 milya (80 km) ang layo sa New York City. Nangarap akong maging bantog na manlalaro ng baseball. Pumayag ang tatay ko na isama ako para makapanood ng isang laro sa lumang Yankee Stadium, sa Bronx. Parang nakikita ko pa rin ang paghataw ng bat ni Joe DiMaggio nang maka home run siya at ang bola ay napunta sa may mga upuan sa center field habang katabi kong nanonood si itay, ang tanging pagkakataon lamang na magkasama kaming nanood ng larong major league baseball.

Ngunit may isa pang araw na kasama ko ang aking itay na habampanhong humubog sa aking buhay. Dinala niya ako mula sa New Jersey tungo sa tahanan ng isang inorden na patriarch sa Salt Lake City. Noon ko lamang siya nakita. Iniwang ako ni itay sa may pintuan. Pinaupo ako ng patriarch sa isang silya, ipinatong ang kanyang kamay sa aking ulo, at binigkas ang basbas bilang kaloob mula sa Diyos na kasama ang pinakamatinding

hangarin ng aking puso.

Sinabi niya na isa ako sa mga sinabihan na, “Mapalad ang mga tagapamayapa.”⁶ Nagulat ako na nalaman ng isang tunay na estranghero ang nasa puso ko kaya’t iminulat ko ang aking mga mata para makita ang silid na pinangyayarihan ng gayong himala. Ang basbas tungkol sa mga maaari kong magawa ang humubog sa buhay ko, sa pag-aasawa ko, at sa paglilingkod ko sa priesthood.

Mula sa karanasang iyon at sa mga sumunod pa rito, mapatotohanan ko na, “Sapagkat hindi lahat ay pinagkalooban ng lahat ng kaloob; sapagkat maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.”⁷

Sa paghahayag sa akin ng Panginoon ng isang kaloob, natanto ko at napaghandaan ang mga pagkakataong magamit ito para pagpalain ang mga mahal ko at pinaglilingkuran.

Batid ng Diyos ang ating mga kaloob. Ang hamon ko sa inyo at sa akin ay ipagdasal na malaman ang mga kaloob na ibinigay sa atin, para malaman kung paano pauunlarin ang mga ito, at matanto ang mga pagkakataong ibinibigay sa atin ng Diyos upang makapaglingkod sa iba. Higit sa lahat, dalangin ko na mabigyan kayo ng inspirasyong tulongan ang iba na tuklasin ang kanilang espesyal na kaloob mula sa Diyos upang makapaglingkod.

Nangangako ako na kung hihilingin ninyo, pagpapalain kayong matulungan ang iba na maabot ang kanilang ganap na potensiyal sa paglilingkod sa mga taong kanilang ginagabayan at minamahal. Pinatotohanan ko sa inyo na buhay ang Diyos, si Jesus ang Cristo, ito ang priesthood ng Diyos, na taglay natin, at inihanda tayo ng Diyos nang may espesyal na mga kaloob upang mapaglingkuran Siya nang higit pa sa ating inaasahan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Isaias 40:29–31.
2. Mga Kawikaan 28:1.
3. *Autobiography of Parley P. Pratt*, ed. Parley P. Pratt Jr. (1938), 211.
4. Doktrina at mga Tipan 62:3.
5. Juan 17:3–4.
6. Mateo 5:9.
7. Doktrina at mga Tipan 46:11.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Tingnan ang Kapw ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila

Kailangang magtamo tayo ng kakayahang makita ang tao hindi sa kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaari nilang kahinatnan.

Mahal kong mga kapatid, dalawang beses sa bawat taon napupuno ang maringal na Conference Center na ito ng mga mayhawak ng priesthood ng Diyos sa pagtitipon-tipon natin upang makinig sa mga mensaheng puno ng inspirasyon. May kamangha-manghang diwa na bumabalot sa general priesthood meeting ng Simbahan. Ang diwang ito ay nagmumula sa Conference Center at pumapasok sa bawat gusali kung saan nagtitipon ang mga anak na lalaki ng Diyos. Tiyak na dama natin ang diwang iyon ngayong gabi.

Ilang taon na ang nakararaan, bago itinayo ang magandang Conference Center na ito, isang bisita sa Temple Square sa Salt Lake City ang dumalo sa isang sesyon ng general conference sa Tabernacle. Nakinig siya sa mga mensahe ng mga Kapatid. Nakinig siyang mabuti sa mga panalangin. Narinig niya ang magandang musika ng Tabernacle Choir. Namangha siya sa rangya ng magandang Tabernacle

organ. Pagkatapos ng pulong, may nakarinig na sinabi niya, “Ibibigay ko ang lahat ng ari-arian ko kung alam kong totoo ang sinabi ng mga nagsalitang iyon ngayon.” Parang sinasabi niya, “Sana may patotoo ako sa ebanghelyo.”

Walang ibang bagay sa mundong ito na makapagbibigay ng higit na kapanatagan at kaligayahan kaysa sa patotoo tungkol sa katotohanan. Bagama’t magkakaiba sa antas, naniniwala ako na bawat lalaki o kabataang lalaking narito ngayong gabi ay may patotoo. Kung nadarama ninyo na hindi pa malalim ang inyong patotoo tulad ng nais ninyo, pinapayuhan ko kayo na magsumigasig na makamtan ang patotoong iyan. Kung ito ay malakas at malalim na, pagsikapang mapanatili iyan. Kaypalad natin na may kaalaman tayo sa katotohanan.

Ang mensahe ko ngayong gabi, mga kapatid, ay ang di-mabilang na mga taong may katiting o walang patotoo ngayon, yaong maaari at

handang tanggapin ang patotoong iyan kung kusa nating ibabahagi ang ating patotoo at tutulungan silang magbago. Sa ilang pagkakataon mabibigyan *natin* sila ng dahilan para magbago. Babanggitin ko muna yaong mga miyembro na, pero hindi pa ganong tapat ngayon sa ebanghelyo.

Maraming taon na ang nakararaan, sa isang area conference na ginanap sa Helsinki, Finland, narinig ko ang isang matindi, di-malilimutan, at nakahihikayat na mensaheng ibinigay sa sesyon para sa mga ina at anak na babae. Hindi ko pa nalilimutan ang mensaheng iyon, kahit halos 40 taon na ang lumipas mula nang marinig ko ito. Kabilang sa maraming katotohanang tinalakay ng tagapagsalita, sinabi niya na kailangang masabi sa isang babae na siya ay maganda. Kailangang sabihin sa kanya na siya ay pinahahalagahan. Kailangang sabihin sa kanya na siya ay may kabuluhan.

Mga kapatid, alam ko na ang kalalakihan ay katulad na katulad din ng kababaihan sa aspetong ito. Kailangang sabihin sa atin na tayo ay may halaga, na tayo ay may kakayahan at kapaki-pakinabang. Kailangan nating mabigyan ng pagkakataong maglingkod. Para sa mga miyembrong hindi aktibo o nag-aatubili at ayaw magkompromiso, maaari tayong mapanalanging maghanap ng ilang paraan na matulungan sila. Ang paghiling sa kanila na maglingkod sa isang tungkulin ay maaaring ang mismong dahilan na kailangan nila upang maging lubos na aktibo. Ngunit yaong mga lider na maaaring tumulong sa ganitong paraan ay nag-aatubili kung minsan na gawin ito. Dapat nating isaisip na maaaring magbago ang mga tao. Maaari nilang talikuran ang kanilang masasamang bisyo. Maaari silang magsisi sa kanilang mga kasalanan. Maaari silang maging karapat-dapat na humawak ng priesthood. At maaari silang maglingkod sa Panginoon nang buong sigasig. Magbibigay ako ng ilang halimbawa.

Noong una akong maging miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, nagkaroon ako ng pagkakataon na makasama si Pangulong N. Eldon Tanner, tagapayo ni



Pangulong David O. McKay, sa isang stake conference sa Alberta, Canada. Sa pulong na iyon, binasa ng stake president ang mga pangalan ng apat na kalalakihan na karapat-dapat na maordena na elder. Ang kalalakihang ito ay kilala ni Pangulong Tanner, dahil dati siyang tumira sa lugar na iyon. Ngunit kilala at naalala ni Pangulong Tanner ang pinagdaanan nila at hindi niya alam na binago na nila ang kanilang buhay at lubos na naging marapat na maging mga elder.

Binasa ng stake president ang pangalan ng unang lalaki at pinatayo ito. Bumulong sa akin si Pangulong Tanner, “Tingnan mo siya. Hindi ko akalain na magiging karapat-dapat siya.” Binasa ng stake president ang pangalan ng ikalawang lalaki, at tumayo ito. Muli akong kinalabit ni Pangulong Tanner at sinabi ang kanyang pagkamangha. At gayon ang nangyari sa lahat ng apat na lalaki.

Matapos ang pulong, nagkaroon kami ni Pangulong Tanner ng pagkakataon na batiin ang apat na kalalakihang ito. Naipamalas nila na maaaring magbago ang tao.

Noong 1940s at 1950s, isang prison warden na Amerikano, si Clinton Duffy, ang nakilala sa kanyang pagsisikap na pagbaguhin ang kalalakihan sa kanyang bilanguan. Puna ng isang

tao, “Dapat alam mo na hindi mababago ng mga leopardo ang mga batik sa kanilang katawan!”

Sagot ni Warden Duffy, “Dapat alam mong hindi ako nagtatrabaho para sa mga leopardo. Ang tinutulongan ko ay tao, at nagbabago ang tao araw-araw.”¹

Maraming taon na ang lumipas nagkaroon ako ng pagkakataong maglingkod bilang pangulo ng Canadian Mission. May branch kami roon na kakaunti ang may priesthood. Palaging missionary ang nangungulo sa branch. Nakatanggap ako ng malakas na impresyon na kailangang may isang miyembro ng branch na mangulo roon.

Mayroon kaming isang adult member sa branch na isang deacon sa Aaronic Priesthood pero hindi siya dumadalo o nakikilahok nang lubos para mapagkalooban ng mas mataas na priesthood. Nainspirasyonan ako na tawagin siya bilang branch president. Hindi ko malilimutan ang araw na ininterbyu ko siya. Sinabi ko sa kanya na nainspirasyonan ako ng Panginoon na tawagin siya bilang president ng branch. Matapos ang labis niyang pagtutol, at lubos na panghihikayat ng kanyang asawa, napahinuhod siya na maglingkod. Inorden ko siyang priest.

Iyon ang simula ng isang bagong araw para sa taong iyon. Kaagad niyang isinaayos ang kanyang buhay, at tiniyak niya sa akin na susundin niya ang mga kautusan tulad ng inaasahan sa kanya. Ilang buwan pa ay naorden na siyang elder. Silang mag-asawa at pamilya kalaunan ay nagtungo sa templo at nabuklod. Ang kanilang mga anak ay nagmisyon at ikinasal sa bahay ng Panginoon.

Kung minsan ang ipaalam sa ating mga kapatid na sila ay kailangan at may halaga ay nakatutulong sa kanila na maging matapat at lubos na aktibo. Totoo rin ito sa mga mayhawak ng priesthood anuman ang edad nila. Responsibilidad natin na bigyan sila ng mga pagkakataon na mamuhay nang karapat-dapat. Matutulungan natin sila na mapunuan ang kanilang mga kakulangan. Kailangang magtamo tayo ng kakayahang makita ang tao hindi sa kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaari nilang kahinatnan.

Minsan ay dumalo ako sa isang pulong sa Leadville, Colorado. Ang Leadville ay nasa taas na mahigit 10,000 talampakan (3,000 m). Naalala ko ang partikular na pulong na iyon dahil sa mataas na kinaroroonan niyon at dahil din sa nangyari nang gabing iyon. Kakaunti lamang ang bilang ng mga mayhawak ng priesthood na naroon.

Tulad ng branch sa Canadian Mission, ang branch na iyon ay palaging pina-ngunguluhan ng isang missionary.

Nang gabing iyon maganda ang aming pulong, ngunit nang kinakanta na namin ang pangwakas na himno, nagkaroon ako ng inspirasyon na kailangang magkaroon ng mangungulong branch president na tagaroon. Bumaling ako sa mission president at nagtanong, “May isa bang tao rito na maaaring mangulo—isang tagarito?”

Tumugon siya, “Wala akong kilala.”

Habang kumakanta, pinagmasdan kong mabuti ang kalalakihan na naka-upo sa unang tatlong hanay. Natuon ang pansin ko sa isa sa kalalakihan. Sinabi ko sa mission president, “Maaari ba siyang maglingkod bilang branch president?”

Tumugon siya, “Hindi ko alam. Marahil pwede.”

Sabi ko, “President, isasama ko siya sa isa pang silid at iinterbyuhin. Mag-salita ka pagkatapos ng pangwakas na himno hanggang sa makabalik kami.”

Nang makabalik kami sa silid, tinapos ng mission president ang kanyang pagpapatotoo. Inihayag ko ang pangalan ng kapatid para masang-ayunan bilang bagong branch president. Mula nang araw na iyon, ang Leadville, Colorado, ay may nangungulo nang miyembro na tagaroon.

Ang alituntunin ding iyan, mga kapatid, ay angkop sa mga hindi pa miyembro. Dapat magtamo tayo ng kakayahang makita ang tao hindi sa kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaari nilang kahinatnan kapag sila ay mga miyembro ng Simbahan, kapag nagkaroon sila ng patotoo tungkol sa ebanghelyo, at kapag ang buhay nila ay nakaayon sa mga turo nito.

Noong 1961 isang pandaigdigang kumperensya ang ginanap para sa mga mission president, at bawat mission president sa Simbahan ay ipinadala sa Salt Lake City para sa mga pulong na iyon. Dumating ako sa Salt Lake City mula sa aking mission sa Toronto.

Sa isang partikular na pulong, si N. Eldon Tanner, na noon ay Assistant sa Korum ng Labindalawa, ay kababalik lamang mula sa una niyang

pangungulo sa mga mission sa Great Britain at kanlurang Europe. Ikinuwento niya ang tungkol sa isang naging napakamatagumpay na missionary na nakausap niya sa lahat ng interbyung isinagawa niya. Sinabi niya na habang iniinterbyu niya ang missionary na iyon, sinabi niya, “Palagay ko lahat ng taong nabinyagan mo sa Simbahan ay mga referral lang sa iyo.”


Sumagot ang binata, “Hindi po, nakilala po namin sila sa pagta-tracting.”

Tinanong siya ni Brother Tanner kung ano ang naiiba sa paraan niya—bakit pambihira ang tagumpay niya samantalang ang iba ay hindi ganoon. Sinabi ng binata na pinlano niyang mabinyagan ang bawat taong nakilala niya. Sinabi niya na kapag kumatok siya sa pintuan at nakitang naninigarilyo ang isang tao at nakasuot ng lumang damit at tila hindi interesado—lalo na sa relihiyon—inilalarawan ng missionary sa kanyang isipan kung ano ang hitsura ng taong iyon kapag nasa ibang sitwasyon. Sa kanyang isipan nakikita niya ito na ahit

ang balbas at nakasuot ng puting polo at pantalon. At nakikita ng missionary ang kanyang sarili na inaakay ang taong iyon sa tubig ng pagbibinyag. Sabi niya, “Kapag ganyan ang nakikita ko sa isang tao, nakakaya kong magpatotoo sa kanya sa paraang maaantig ang kanyang puso.”

Responsibilidad natin na makita sa ganitong paraan ang ating mga kaibigan, kasamahan, at kapitbahay. Muli, responsibilidad nating makita ang tao hindi sa kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaaring kahinatnan nila. Makikiusap ako sa inyo na isipin ninyo sila sa ganitong paraan.

Mga kapatid, may sinabi sa atin ang Panginoon tungkol sa kahalagahan ng priesthood na ito na hawak natin. Sinabi Niya sa atin na tinanggap natin ito nang may sumpa at tipan. Tinagubilinan Niya tayo na dapat tayong maging tapat at totoo sa lahat ng nata-tanggap natin, at may responsibilidad tayo na tupdin ang tipang ito maging hanggang sa wakas. At pagkatapos lahat ng mayroon ang Ama ay ibibigay sa atin.²



Katapangan ang dapat nating marinig at maisapuso—tapang na talikuran ang tukso, tapang na itaas ang ating mga tinig sa pagpapatotoo sa lahat ng makikilala natin, inaalala na lahat ay dapat magkaroon ng pagkakataong marinig ang mensahe. Hindi madali para sa maraming tao na gawin ito. Ngunit mapapaniwalaan natin ang mga salita ni Pablo kay Timoteo:

“Sapagka’t hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan.

“Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon.”³

Noong Mayo 1974 kasama ako ni Brother John H. Groberg sa Tongan Islands. May iskedyul kaming bisitahin ang hari ng Tonga, at nakausap namin siya sa isang pormal na pulong. Nagbatian kami na karaniwang ginagawa. Ngunit, bago kami umalis, may sinabi si John Groberg na talagang kakaiba. Sabi niya, “Kamahalan, dapat talaga kayong maging Mormon at gayundin ang inyong nasasakupan, sapagkat ang marami sa mga problema ninyo at problema nila ay malulutas.”

Ngumiti ang hari at sumagot, “John Groberg, marahil tama ka.”

Naalala ko si Apostol Pablo sa harapan ni Agripa. Naalala ko ang sagot ni Agripa sa patotoo ni Pablo: “Sa kakaunting paghikayat ay ibig mo akong maging Cristiano.”⁴ Si Brother Groberg ay may tapang na magpapatotoo sa isang hari.

Ngayong gabi libu-libo sa atin ang naglilingkod nang full-time sa Panginoon bilang Kanyang mga missionary. Bilang tugon sa pagtawag, iniwan nila ang kanilang tahanan, pamilya, mga kaibigan at pag-aaral at humayo upang maglilingkod. Yaong hindi nakauunawa ay nagtatanong: “Bakit handang-handa silang sumunod at magbigay nang lubos?”

Maaaring sagutin iyan ng ating mga missionary gamit ang mga salita ni Pablo, ang walang kapantay na missionary na nabuhay noong unang panahon: “Sapagka’t kung ipinangangaral ko ang evangelio, ay wala akong sukat ipagmapuri; sapagka’t ang pangangailangan ay iniatang sa

akin; sapagka’t sa aba ko kung hindi ko ipangaral ang evangelio!”⁵

Wala sa mga banal na kasulatan ang napapanahong paghahayag, mas mahigpit na responsibilidad, at aral na mas matuwid kaysa utos na ibinigay ng nabuhay-na-mag-uling Panginoon nang magpakita Siya sa Galilea sa labing-isang disipulo. Sabi Niya:

“Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin.

“Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

“Ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.”⁶

Ang banal na utos na ito, lakip ang maluwalhatang pangako nito, ay siyang mithiin natin ngayon, tulad noong kalagitnaan ng panahon. Ang gawaing misyonero ay pinakama-halagang bahagi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ganyan na iyan noon pa man; at magpasawalang-hanggan. Tulad ng pahayag ni Propetang Joseph Smith, “Matapos masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakama-halagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo.”⁷

Sa loob ng maikling dalawang taon, lahat ng full-time missionary na kasalukuyang naglilingkod sa maharlikang hukbong ito ng Diyos ay magtatapos ng kanilang mga gawain sa misyon at makauwi na sa kanilang mga tahanan at mga mahal sa buhay. Ang kahalili nila ay naririto ngayong gabi sa mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ng Simbahan. Mga kabataang lalaki, handa ba kayong sumunod? Handa ba kayong maglilingkod?

Ibinuod ni Pangulong John Taylor ang mga kinakailangan: “Ang uri ng kalalakhian na nais nating maging mga tagapagdala ng mensaheng ito ng ebanghelyo ay kalalakhianang may pananampalataya sa Diyos; kalalakhianang may pananampalataya sa kanilang

relihiyon; kalalakhianang iginagalang ang kanilang priesthood; . . . kalalakhianang puspos ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan ng Diyos . . . kalalakhianang may karangalan, integridad, kalinisan at kadalisan.”⁸

Mga kapatid, sa bawat isa sa atin iniutos na ibahagi ang ebanghelyo ni Cristo. Kapag ang ating buhay ay nakaayon sa pamantayan ng Diyos, yaong sakop ng impluwensya natin ay hindi mananangis ng: “Ang pagaani ay nakaraan, ang taginit ay lipas na, at tayo’y hindi ligtas.”⁹

Ang sakdal na Pastol ng mga kaluluwa, ang missionary na tumubos sa sangkatauhan, ay ibinigay sa atin ang Kanyang banal na katiyakan:

“Kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

“At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!”¹⁰

Sa Kanya na nangusap ng mga salitang ito, nagpapatotoo ako. Siya ang anak ng Diyos, ang ating Manunubos, at ating Tagapagligtas.

Dalangin ko na magkaroon tayo ng tapang na makipagkaibigan sa ating kapwa, at determinasyong magsikap tuwina, at ng kababaang-loob na kailangan upang mapatnubayan ng ating Ama habang tinutupad natin ang utos na ibahagi ang ebanghelyo. Ang responsibilidad ay nasa atin, mga kapatid. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Sa Bill Sands, *The Seventh Step* (1967), 9.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–39.
3. II Kay Timoteo 1:7–8.
4. Ang Mga Gawa 26:28.
5. I Mga Taga Corinto 9:16.
6. Mateo 28:18–20.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 386.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2002), 87.
9. Jeremias 8:20.
10. Doktrina at mga Tipan 18:15–16.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Nasaan ang Pabilyon?

Ang pabilyong tila nakaharang sa banal na tulong ay hindi ikinukubli ang Diyos kundi paminsan-minsan ay ikinukubli tayo nito. Ang Diyos ay hindi nakakubli kailanman, kundi tayo ang nakakubli kung minsan.

Sa katindihan ng kanyang pagdadalamhati sa Liberty Jail, humiyaw si Propetang Joseph Smith: “O Diyos, nasaan kayo? At nasaan ang pabilyon na tumatakip sa inyong pinagkukublihang lugar?”¹ Marami sa atin, sa mga sandali ng sariling pagdadalamhati, ay nadarama na malayo ang Diyos sa atin. Ang pabilyong tila nakaharang sa banal na tulong ay hindi ikinukubli ang Diyos kundi paminsan-minsan ay ikinukubli tayo nito. Ang Diyos ay hindi nakakubli kailanman, kundi tayo ang nakakubli kung minsan, natatakpan ng pabilyon ng mga panghihikayat na naglalayo sa atin sa Diyos at ginagawang tila malayo Siya at hindi natin maabot. Ang sarili nating mga naisin, sa halip na ang damdaming “[Mangyari] nawa ang iyong kalooban,”² ay nagpapadama sa atin na may pabilyong nakaharang sa Diyos. Nakikita o kinakausap tayo ng Diyos, ngunit maaaring ayaw nating makinig o sumunod sa Kanyang gustuhan at itinakdang panahon.

Ang ating damdamin na nahiwalay tayo sa Diyos ay mababawasan kapag mas katulad tayo ng bata sa Kanyang harapan. Hindi iyan madali sa mundo

kung saan ang mga opinyon ng ibang tao ay malaki ang epekto sa ating mga motibo. Ngunit ipauunawa niyan sa atin ang katotohanang ito: ang Diyos ay malapit sa atin at sinusubaybayan tayo at hindi nagkukubli sa Kanyang mga anak kailanman.

Inilarawan ng tatlong-taong-gulang na apo kong babae ang bisa ng kawalang-malay at pagpapakumbaba upang makaugnay tayo sa Diyos. Sumama siya sa kanyang pamilya sa open house ng Brigham City Temple sa Utah. Sa isang silid sa magandang gusaling iyon, luminga-linga siya at nagtanong, “Mommy, nasaan si Jesus?” Ipinaliwanag ng kanyang ina na hindi niya makikita si Jesus sa templo, ngunit madarama ng kanyang puso ang Kanyang impluwensya. Pinag-isipang mabuti ni Eliza ang tugon ng kanyang ina at mukhang nasiyahan naman siya at sinabi, “Ah, wala si Jesus at tinutuluhan ang iba,” patapos niyang sabi.

Walang pabilyong humadlang sa pag-unawa o humarang sa pag-alam ni Eliza sa katotohanan. Malapit sa kanya ang Diyos, at nadarama niyang malapit siya sa Kanya. Alam niya na ang templo ang bahay ng Panginoon

ngunit naunawaan din niya na ang nabuhay na mag-uli at niluwalhating Jesucristo ay may katawan at isang lugar lamang ang maparoroonan sa bawat pagkakataon.³ Kung wala Siya sa Kanyang bahay, naunawaan niya na nasa ibang lugar Siya. At sa pagkaalam niya sa Tagapagligtas, alam niya na nasa ibang lugar Siya at gumagawa ng mabuti sa mga anak ng Kanyang Ama. Malinaw na inasahan niyang makita si Jesus, hindi para mapagtibay ang himala na Siya ay buhay kundi dahil lamang sa mahal niya Siya.

Maihahayag ng Espiritu sa kanyang puso’t isipan na katulad ng taglay ng isang bata ang kapanatagang kailangan at nais nating lahat. Si Jesucristo ay buhay, kilala tayo, binabantayan tayo, at mahal tayo. Sa mga sandali ng pasakit, lumbay, o pagkalito, hindi natin kailangang makita si Jesucristo para malaman na alam Niya ang ating sitwasyon at na ang Kanyang misyon ay magpala.

Alam ko mula sa sarili kong buhay na ang naranasan ni Eliza ay maaari nating maranasan kahit matatanda na tayo. Sa mga unang taon ko sa trabaho, nagpakasipag ako para matiyak na tatagal ako hanggang magretiro bilang propesor sa Stanford University. Akala ko nabigyan ko na ng magandang buhay ang sarili ko at pamilya ko. Malapit lang ang tirahan namin sa mga magulang ng asawa ko sa napakatiwasay na kapaligiran. Ayon sa mga pamantayan ng mundo, matagumpay na ang narating ko. Ngunit nabigyan ako ng pagkakataon ng Simbahan na lisanin ang California at magpunta sa Ricks College sa Rexburg, Idaho. Ang habambuhay kong mga adhikain sa propesyon ay maaaring isang pabilyon na naghihiwalay sa akin sa isang mapagmahal na Ama na mas nakakaalam kung ano ang magiging kinabukasan ko kaysa sa akin. Ngunit pinagpala akong malaman na anumang tagumpay ang marating ko sa aking propesyon at buhay-pamilya hanggang sa oras na iyon ay kaloob ng Diyos. Kaya nga, tulad sa isang bata, lumuhod ako sa panalangin para itanong ang dapat kong gawin. Narinig ko ang isang mahinang tinig sa aking isipan na



nagsabing, “Paaralan Ko ito.” Walang pabilyong nagkubli sa akin mula sa Diyos. May pananampalataya at pagpakumbaba, sinunod ko ang Kanyang kalooban, at nadama kong mahal Niya ako at malapit Siya sa akin.

Habang nasa Ricks College ako, kung saan sinikap kong alamin ang kalooban ng Diyos at gawin ito, walang pabilyong nagkubli sa akin o humadlang sa papel ng Diyos sa buhay ko. Nang hangarin kong gawin ang Kanyang gawain, naging malapit ako sa Kanya at natiyak ko na alam Niya ang aking sitwasyon at gustung-gusto Niya akong lumigaya. Ngunit tulad ng nangyari sa Stanford, nagsimulang pumasok ang mga panghihikayat ng mundo. Isa na rito ang napakagandang alok na trabaho, na ipinarating noong patapos na ang ikalimang taon ko bilang pangulo ng Ricks College. Pinag-isipan ko ang alok at ipinagdasal ko ito at tinalakay ko pa ito sa Unang Panguluhan. Tumugon sila nang may kabaitan at kaunting biro ngunit tinitiyak ko na wala iyong pamimilit. Pinakinggan ni Pangulong Spencer W. Kimball ang paliwanag ko tungkol sa alok ng isang malaking korporasyon at sinabi niya: “Hal, mukhang magandang pagkakataon iyan! At kung kailanganin ka man namin, alam namin kung

saan ka makikita.” Malalaman nila kung saan ako makikita, pero ang mga hangarin ko para magtagumpay sa propesyon ay maaaring lumikha ng pabilyong magpapahirap sa akin na makita ang Diyos at mas mahihirapan akong makinig at sumunod sa Kanyang mga paanyaya.

Ang asawa ko, na nakatunog dito, ay naramdaman na hindi kami dapat umalis ng Ricks College. Sabi ko, “Sapat na sa akin iyan.” Ngunit iginiit niya, nang buong talino, na dapat akong makatanggap ng sarili kong paghahayag. Kaya nagdasal akong muli. Sa pagkakataong ito nakatanggap nga ako ng utos, mula sa isang tinig sa aking isipan na nagsabing, “*Hahayaan* pa kitang magtagal nang kaunti sa Ricks College.” Ang mga personal kong ambisyon ay maaaring nakalito sa pag-unawa ko sa katotohanan at nahirapan akong makatanggap ng paghahayag.

Tatlumpung araw matapos akong mabigyang-inspirasyong magdesisyon na tanggihan ang alok na trabaho at manatili sa Ricks College, nagiba ang kalapit na Teton Dam. Alam ng Diyos na magigiba ang dam at daan-daang tao ang mangangailangan ng tulong. Hinayaan niyang humingi ako ng payo at matamo ang Kanyang pahintulot na

manatili sa Ricks College. Alam Niya ang lahat ng dahilan na baka kailanganin pa ang aking serbisyo sa kolehiyo at sa Rexburg. Kaya naroon ako para madalas na itanong sa Ama sa Langit sa panalangin kung ano ang nais Niyang ipagawa sa akin para sa mga taong nasalanta ang mga ari-arian at buhay. Maraming oras akong tumulong sa ibang tao na mag-alis ng putik at tubig sa mga tahanan. Ang hangarin kong malaman at gawin ang Kanyang kalooban ay nagbigay sa akin ng pagkakataong magmuni-muni.

Inilalarawan ng pangyayaring iyan ang isa pang paraan na makalilikha tayo ng hadlang sa pag-alam sa kalooban ng Diyos o pagdama sa Kanyang pagmamahal sa atin: sa paggigiit ng *ating* takdang panahon samantalang may sariling takdang panahon ang Panginoon. Akala ko sapat na ang ginugol kong panahon sa pagseserbisyo sa Rexburg at nagmadali na akong makalipat. Kung minsan ang paggigiit nating kumilos ayon sa sarili nating takdang panahon ay maaaring humadlang sa Kanyang kalooban para sa atin.

Sa Liberty Jail, hiniling ni Propetang Joseph sa Panginoon na parusahan ang mga nagpapahirap sa mga miyembro ng Simbahan sa Missouri. Nanalangin siya para sa tiyak at mabilis na paghihiganti. Ngunit tumugon ang Panginoon na “hindi bibilang ng maraming taon mula [noon],”⁴ haharapin Niya ang mga kaaway na iyon ng Simbahan. Sa ika-24 at ika-25 na talata ng bahagi 121 ng Doktrina at mga Tipan, sinabi Niya:

“Masdan, ang aking mga mata ay nakikita at nalalaman ang lahat ng kanilang mga gawa, at ako ay may nakalaang isang mabilis na paghahatol sa sandaling yaon, para sa kanilang lahat;

“Sapagkat may panahong nakatakda sa bawat tao, alinsunod sa kanyang mga magiging gawain.”⁵

Inaalis natin ang pabilyon kapag nadarama at ipinagdarasal nating, “[mangyari] nawa ang [In]yong kalooban” at “sa Inyong sariling panahon.” Malapit nang dumating ang Kanyang panahon para sa atin dahil alam natin na tanging pinakamabuti lamang ang nais Niya.

Isa sa mga manugang kong babae ang nakadama nang maraming taon na tinakpan siya ng Diyos ng pabilyon. Bata pa siyang ina ng tatlong bata at sabik na magkaroon pa ng mga anak. Matapos makunan nang dalawang beses, ang kanyang mga pagsamo sa panalangin ay napuno ng dalamhati. Sa paglipas ng mga taon na hindi siya nagkaanak, parang gusto na niyang magalit. Nang mag-aral ang kanyang bunso, ang kahungkagan sa kanyang tahanan ay parang nakabalisa sa kanyang desisyong pagtuunan ang kanyang pagiging ina—idagdag pa ang di-inasam at di-gustong pagbubuntis ng mga kakilala. Nadama niya na parang siya si Maria na tapat at itinalaga, na nagsabing, “Narito, ang alipin ng Panginoon.”⁶ Ngunit kahit sinambit niya ang mga salitang ito sa kanyang puso, wala siyang narinig na sagot.

Sa pag-asang mapasigla siya, isinama siya ng asawa niya sa business trip nito sa California. Habang nasa miting ang asawa, naglakad-lakad siya sa maganda at walang katau-taong dalampasigan. Sasabog na ang dibdib niya, kaya nagdasal siya nang malakas. Sa unang pagkakataon, hindi siya humiling ng isa pang anak kundi ng isang banal na utos. “Ama sa Langit,” ang malakas niyang sabi, “Ibibigay ko sa Inyo ang lahat ng oras ko; mangyari pong ipakita ninyo sa akin kung paano ito pupunan.” Nagpahayag siya ng kahandaang dalhin ang kanyang pamilya saanman sila papuntahin. Ang panalanging iyon ay nagpadama sa kanya ng di-inaasahang kapayapaan. Hindi iyon nakasiya sa paghahangad ng kanyang isipan para sa katiyakan, ngunit sa unang pagkakataon pagkaraan ng maraming taon, pinanatag nito ang kanyang puso.

Ang panalangin ay nag-alis sa pabilyon at nagbukas ng mga dungawan sa langit. Sa loob ng dalawang linggo nalaman niyang nagdadalangtao siya. Isang taong gulang lamang ang bagong sanggol nang matawag sa misyon ang anak kong lalaki at kanyang asawa. Dahil nangako siyang gawin ang anuman at magpunta saanman, isinantabi niya ang takot

at dinala ang kanyang mga anak sa ibang bansa. Sa misyon nagkaroon siya ng isa pang anak—sa araw ng lipatan ng mga missionary.

Ang ganap na pagsunod sa ka-looban ng langit, tulad ng bata pang inang ito, ay mahalaga para maalis ang mga espirituwal na pabilyon na kung minsan ay itinatakip natin sa ating ulo. Ngunit hindi nito tinitiyak ang agarang mga sagot sa ating mga dalangin.

Mukhang matwid na ang puso ni Abraham bago pa man ipinagdalantao ni Sara si Isaac at bago nila natanggap ang kanilang lupang pangako. May iba pang mga layunin ang langit na dapat munang matupad. Kasama sa mga layuning iyon hindi lamang ang pagkakaroon ng pananampalataya nina Abraham at Sara kundi pati na ang pagtuturo sa kanila ng mga walang-hanggang katotohanan na ibinahagi nila sa iba sa kanilang mahaba at paikut-ikot na daan patungo sa lupaing inihanda para sa kanila. Ang mga pagpapaantala ng Panginoon ay kadalasang tila matagal; ang ilang pagpapaantala ay habambuhay. Ngunit ang mga ito ay laging inaasahang magpala. Hindi kailangang maging mga oras ito ng kalungkutan o pighati o pagkabagot.

Bagama’t ang Kanyang panahon ay hindi laging katulad ng sa atin, makatitayak tayo na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako. Para sa sinuman sa inyo na nadarama ngayon na mahirap Siyang maabot, pinatotohanan ko na darating ang araw na lahat tayo ay makakaharap Siya. Kung walang nakahadlang ngayon sa Kanyang pagtanaw sa atin, walang makahahadlang sa ating pagtanaw sa Kanya. Lahat tayo ay tatayo sa Kanyang harapan, nang personal. Tulad ng aking apo, nais nating makita si Jesucristo ngayon, ngunit ang tiyak na pakikipagkita nating muli sa Kanya sa hukumang-luklukan ay magiging mas kasiya-siya kung gagawin muna natin ang mga bagay na magiging pamilyar Siya sa atin at gayon din tayo sa Kanya. Kapag pinaglingkuran natin Siya, nagiging katulad Niya tayo, at napapalapit tayo sa Kanya kapag walang nakahadlang sa ating pagtanaw.

Maaaring tuluy-tuloy ang pagkilos palapit sa Diyos. “Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan,”⁷ ang turo ng Tagapagligtas. At sinabi Niya sa atin kung paano:

“Sapagka’t ako’y nagutom, at ako’y inyong pinakain; ako’y nauhaw, at ako’y inyong pinainom; ako’y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy;

“Naging hubad, at inyo akong pinaramtan: ako’y nagkasakit, at inyo akong dinalaw: ako’y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan.

“Kung magkagayo’y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauhaw, at pinainom ka?

“At kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka?

“At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin?

“At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”⁸

Kapag ginagawa natin ang ipinagagawa Niya sa atin para sa mga anak ng Kanyang Ama, itinuturing ito ng Panginoon na kabaitan sa Kanya, at madarama natin na mas malapit tayo sa Kanya kapag nadama natin ang Kanyang pagmamahal at pagsangayon. Pagdating ng panahon magiging katulad Niya tayo at iisipin natin ang Araw ng Paghuhukom nang may masayang pag-asam.

Ang pabilyong tila itinatago kayo sa Diyos ay maaaring pagkatakot sa tao sa halip na sa hangaring ito na maglingkod. Ang tanging layon ng Tagapagligtas ay tulungan ang mga tao. Marami sa inyo, katulad ko, ang takot na lumapit sa isang taong nasaktan ninyo o nakasakit sa inyo. Ngunit nakita ko nang palambutin ng Panginoon ang mga puso nang paulit-ulit, pati na ang puso ko. Kaya nga hinahamon ko kayo na lumapit sa isang tao

alang-alang sa Panginoon, anumang takot ang nadarama ninyo, upang magmahal at magpatawad. Ipinapanagako ko na kapag ginawa ninyo ito, madarama ninyo ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa taong iyon at sa inyo, at tila hindi malayo ang pagmumulan ng damdaming iyon. Para sa inyo, ang hamong iyan ay maaaring sa pamilya, sa komunidad, o sa ibang bansa.

Ngunit kung gagawin ninyo ito para mapagpala ng Panginoon ang iba, makikita at gagantimpalaan Niya ito. Kung gagawin ninyo ito nang madalas at matagal, madarama ninyo ang pagbabago sa inyong pagkatao mismo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Hindi lamang kayo mapapalapit sa Kanya, lalo't higit pa ninyong madarama na nagiging katulad Niya kayo. Sa gayon, kapag nakita nga ninyo Siya, at makikita natin Siyang lahat, magiging katulad kayo ni Moroni nang sabihin niyang: "At ngayon, ako ay namamaalam sa lahat. Ako ay malapit nang magtungo sa kapahingahan sa paraiso ng Diyos, hanggang sa ang aking espiritu at katawan ay muling magsama, at ako ay matagumpay na madadala ng hangin, upang kayo ay tagpuin sa harapan ng nakalulugod na hukuman ng dakilang Jehova, ang Walang Hanggang Hukom ng kapwa buhay at patay. Amen."⁹

Kung maglilingkod tayo nang may pananampalataya, pagpapakumbaba, at hangaring gawin ang kalooban ng Diyos, pinatotohanan ko na ang hukumang-luklukan ng dakilang Jehova ay magiging kasiya-siya. Makikita natin ang ating mapagmahal na Ama at ang Kanyang Anak na katulad ng pagkakita Nila sa atin ngayon—na may sakdal na kalinawan at pagmamahal. Sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 121:2.
2. Tingnan sa Mateo 6:10; Lucas 11:2; 3 Nephi 13:10; Eter 12:29; Doktrina at mga Tipan 109:44; Moises 4:2.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22.
4. Doktrina at mga Tipan 121:15.
5. Doktrina at mga Tipan 121:24–25.
6. Lucas 1:38.
7. Mateo 25:34.
8. Mateo 25:35–40.
9. Moroni 10:34.



Ni Pangulong Boyd K. Packer

Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Pagbabayad-sala

Saanman magtungo ang ating mga miyembro at misyonero, ang ating mensahe ay iisang pananampalataya at pag-asa sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Ang mensahe ko ay para sa sinuman sa atin na nagdurusa, binabagabag ng kasalanan at kahinaan at kabiguan, lungkot, at kawalan ng pag-asa.

Noong 1971, naatasan ako sa mga kumperensya ng stake sa Western Samoa, kabilang na ang pag-organisa ng bagong stake sa isla ng Upolu. Matapos mag-interbyu sumakay kami sa isang maliit na eruplano papunta sa isla ng Savai'i upang magdaos ng kumperensya ng stake roon. Lumapag ang eruplano sa madamong kapatagan ng Faala at babalik din kinabukasan nang hapon para ibalik kami sa isla ng Upolu.

Noong araw na aalis na kami sa Savai'i, umuulan. Dahil alam namin na hindi makalalapag ang eroplano sa basang kapatagan, nagbiyahe kami sa dulong kanluran ng isla, kung saan naroon ang parang isang runway sa ibabaw ng mahaba't makitid na koral na naghiiwalay sa tubig. Naghintay kami hanggang gabi, pero walang eruplanong dumating. Kalaunan, nalaman namin mula sa mensahe sa radio na may bagyo, at hindi makalilipad ang eruplano. Nagpadala kami ng mensahe sa radio na darating kami sakay ng barko. Kailangang may sumalubong sa amin sa Mulifanua.

Nang paalis na kami sa daungan ng Savai'i, ang kapitan ng 40-talampakan (12 m) na barko ay nagtanong sa misyon president kung may flashlight ito. Mabuti na lang at may dala siya at ibinigay ito sa kapitan. Nakatawid kami sa 13-milya (21 km) patungo sa Upolu Island sa napakaalong dagat. Walang sinumang nakaalam sa amin na isang napakalakas na bagyo ang tumama sa isla, at doon kami mismo papunta.

Nakarating kami sa daungan ng Mulifanua. May makitid kaming daraanan na babaybayin sa kahabaan ng reef. Ang ilaw sa ituktok ng burol sa may dalampasigan at ang pangalawang ilaw sa ibaba nito ang tumatanglaw sa makitid na daan. Kapag patungo rito ang barko, sabay na tatanglaw ang dalawang ilaw na ito, at ang barko ay magagabayan nang tama para makaraan sa delikadong malalaking bato na nakahilera sa daraanan.

Ngunit nang gabing iyon iisa lang ang ilaw. Dalawang elder ang nag-aabang sa amin sa dalampasigan, ngunit ang paglayag patawid ay mas tumagal kaysa karaniwan. Matapos mag-abang nang maraming oras para sa senyas na parating na ang aming barko, napagod ang mga elder at nakatulong, nakalimutang buksan ang pangalawang ilaw, ang ilaw na nasa



*Kadiliman ng kasalanan lumatag na;
Dagundong ng alon ay nagngangalit.
Sabik na mga matang nagbabantay,
naghihintay,
Sa mga ilawan sa dalampasigan.*

*Ilawan ay pagningasin, aking
kapatid;
Abang mandaragat sa bagyo'y
sumasagupa,
Dalampasiga'y hangad marating,
Sa kadilima'y maaaring masawi.¹*

Nagsasalita ako ngayon sa mga taong maaaring nalilihis at naghahanap ng liwanag na gagabay sa kanila pabalik.

Naunawaan natin sa simula pa lamang na sa mortalidad na ito hindi tayo magiging perpekto. Hindi inaasahang mabubuhay tayo nang walang nalalabag na batas.

“Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang bibigyang-daan ang panghihi-kayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon.”²

Mula sa Mahalagang Perlas, nauunawaan natin na “walang maruming bagay ang makatatahan [sa kaharian ng Diyos],”³ kaya isang paraan ang inilaan para sa lahat ng nagkasala upang makapagsisi at maging karapat-dapat na makapiling muli ang ating Ama sa Langit.

Isang Tagapamagitan, isang Manunubos, ang pinili, isang Tao na mabubuhay nang sakdal, walang anumang kasalanan, at ihahandog ang “kanyang sarili na isang hain para sa kasalanan, upang tugunin ang layunin ng batas para sa lahat ng yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu; at walang sinumang maaaring makatugon sa mga layunin ng batas.”⁴

Hinggil sa kahalagahan ng Pagbabayad-sala, itinuro ni Alma, “Sapagkat kinakailangan na ang pagbabayad-sala ay maisagawa; . . . at kung hindi, ang buong sangkatauhan ay tiyak na hindi makaiwas na masawi.”⁵

ibaba. Dahil dito, hindi makita ang daraanan papasok sa reef.

Pinatakbo ng kapitan ang barko sa abot ng kanyang makakaya patungo sa natatanggalan ng isang ilaw na nasa ituktok mula sa dalampasigan habang ang isang tripulante na hawak ang hiniram na flashlight ay naroon sa unahang bahagi ng barko at inaaninag mabuti ang mga bato sa daraanan. Naririnig namin ang paghampas ng mga alon sa mga bato. Kapag nakita namin ito nang malapitan gamit ang flashlight, sumisigaw ang kapitan na iatras ang barko at susubukang muli na hanapin ang daan.

Matapos ang maraming pagtanggapka, alam niyang imposibleng mahanap ang daan. Ang magagawang namin ay sikaping makarating sa daungan sa Apia na ang layo ay 40 milya (64 km). Wala kaming magawa sa napakalakas na bagyo. Noon lang ako napunta sa napakadilim na lugar.

Hindi kami makausad sa una, bagama't itinodo na ang pag-andar ng makina. Hirap na makalayag ang barko sa malalaking alon at tumitigil ito sa tuktok ng mga alon at palitaw-litaw ang mga propeller ng barko sa tubig. Ang pag-ikot ng mga propeller ay yu-mayanig sa barko na halos ikawasak nito bago ito lumubog sa tubig.

Nakadipa kami sa pinaglalagyan ng kargo, nakakapit ang aming mga kamay at ang aming mga paa ay nakaipit para hindi kami maanod ng

tubig. Nakahulagpos sa pagkakapit si Brother Mark Littleford at naibalibag sa harang na bakal. Nasugatan ang kanyang ulo, pero dahil sa harang na bakal hindi siya naanod sa tubig.

Sa wakas, nakausad kami at halos magbubukang-liwayway na nang makarating kami sa daungan sa Apia. Ang mga bapor doon ay pinagtali-tali sa isa't isa para hindi maanod. Halos maharangan ng mga barkong ito ang daungan. Dinaanang namin ang mga ito, sinisikap na hindi maistorbo ang mga taong natutulog sa kubyerta [deck]. Nakarating kami sa Pesega, pinatuyo ang kasuotan namin, at tumuloy sa Vailuutai para mag-organisa ng bagong stake.

Hindi ko alam kung sino ang nag-abang sa amin sa Mulisanua. Ayaw kong sabihin nila sa akin. Ngunit totoo na dahil wala ang isa pang ilaw na iyon, maaari naming ikamatay iyon.

Nasa ating himnaryo ang isang napakaluma at bihirang kantahing himno na napakaespesyal ng kahulugan sa akin.

*Awa ng ating Ama'y nagliliwanag
Mula sa Kanyang parola
magpakailanman,
Ngunit atas niya'y panatilihin
Ating ilawan sa dalampasigan.
Hayaang iyon ay magliwanag;
Tumanglaw sa karagatan.
Aba at pagod na mandaragat
Inyong masasagip, maliligtas.*

Kung hindi kayo nagkakasala, kung gayon hindi ninyo kailangan ang Pagbabayad-sala. Kung may mga kasalanan kayo, at lahat tayo ay may-roon, maliit man o malaki, kung gayon kailangang-kailangang malaman ninyo kung paano mabubura ang mga ito nang sa gayon hindi kayo manatili sa kadiliman.

[Si Jesucristo] ang ilaw at ang buhay ng daigdig.”⁶ Kapag itinuon natin ang ating paningin sa Kanya at sa Kanyang mga turo, tayo ay magagabayan patungo sa daungan ng espirituwal sa kaligtasan.

Nakasaad sa ikatlong saligan ng pananampalataya, “Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo.”⁷

Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith: “Hindi maaaring patawarin ng mga tao ang kanilang mga sariling kasalanan; hindi nila maaaring linisin ang kanilang sarili mula sa mga kinahinatnan ng kanilang mga kasalanan. Ang mga tao ay maaaring tumigil sa paggawa ng kasalanan at makagawa ng tama sa hinaharap, at [hangga’t] ang kanilang mabubuting gawa [ay katanggap-tanggap] sa harapan ng Panginoon [ito ay nagiging] karapat-dapat sa pagsasaalang-alang. Ngunit sino ang mag-aayos sa mga kamaliang ginawa nila sa kanilang sarili at sa iba, na para bang imposible sa kanila na ayusin ito ng kanilang sarili? Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo ang mga kasalanan ng nagsipagsisi ay mapapalis; bagaman ang mga ito ay maging mapula, gagawin itong mapuputi na parang niebe [tingnan sa Isaias 1:18]. Ito ang pangakong ibinigay sa inyo.”⁸

Hindi natin lubos na nalalaman kung paano isinagawa ng Panginoon ang Pagbabayad-sala. Ngunit alam natin na ang labis na paghihirap sa Pagkakapako sa krus ay bahagi lamang ng kalagim-lagim na pagdurusa na nagsimula sa Getsemani—ang sagra-dong lugar na iyon ng pagdurusa—at natapos sa Golgota.

Itinala ni Lucas:



“Siya’y humiwalay sa kanila na may agwat na isang itsang bato; at siya’y nanikluhod at nanalangin,

“Na sinasabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma’y huwag mangyari ang aking ka-looban, kundi ang iyo.

“At napakita sa kaniya ang isang anghel na mula sa langit, na nagpala-kas sa kaniya.

“At nang siya’y nanggulumo ay nanalangin siya ng lalong maningas; at ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa.”⁹

Sa nalalaman ko, may nag-iisang salaysay sa sariling mga salita ng Tagapagligtas na naglalarawan ng dinanas Niya sa Halamanan ng Getsemani. Itinala ng paghahayag:

“Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

“Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

“Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat.”¹⁰

Sa buhay ninyo, maaaring may mga panahong naparoon kayo sa mga lugar na hindi ninyo dapat puntahan at nakagawa ng mga bagay na hindi

ninyo dapat ginawa. Kung inyong tatalikuran ang kasalanan, malalaman ninyo balang-araw ang kapayapaang dumarating sa pagtahak sa landas ng ganap na pagsisisi.

Anuman ang naging mga kasalanan natin, gaano man tayo nakasakit sa iba, ang kasalananang iyan ay mabuburang lahat. Para sa akin, marahil ang pinakamagandang mga kataga sa mga banal na kasulatan ay nang sabihin ng Panginoon, “Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito.”¹¹

Iyan ang layunin ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng Pagbabayad-sala: tanggapin ang sinumang lalapit, ang sinumang sasama, at susubukan sila nang sa gayon sa katapusan ng paglalakbay ng kanilang buhay, ay makapapasok sila sa tabing na naka-pagsisi ng kanilang mga kasalanan at nalinis sa pamamagitan ng dugo ni Cristo.¹²

Iyan ang ginagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo. Iyan ang Liwanag na maibibigay natin sa mga yaong nasa kadiliman at naliligaw. Saanman magtungo ang ating mga miyembro at misyonero, ang ating mensahe ay iisang pananampalataya at pag-asa sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Isinulat ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang titik sa himnong

“Does the Journey Seem Long?
[Paglalakbay Ba ay Tila Walang
Katapusan?]” Siya ay matalik kong
kaibigan. Ito ay naglalaman ng pang-
hihikayat at pangako sa mga naghahangad na sundin ang mga turo ng
Tagapagligtas:

*Paglalakbay ba ay tila walang
katapusan,*

Daan ay mabato at matarik?

Madawag at matinik?

Matulis na bato’y nakasugat ba sa iyo

Sa pagsisikap na maakyat

Tuktok ng bundok sa init ng

sikat ng araw?

*Nanghina at nalungkot ba ang
iyong puso,*

Napagod ba ang iyong kaluluwa,

Sa hirap na nararanasan?

Pasanin ba’y mabigat

Na sinisikap na mabata?

Sa iyo ba ay may tutulong?

Puso’y huwag mawalan ng pag-asa

Simula na ng iyong paglalakbay;

Naroon Siya tumatawag sa iyo.

Kaya’t umasa at magalak

At tanganan kanyang kamay;

Ika’y kanyang aakayin sa isang

bagong lugar—

Isang lupaing banal at dalisay,

Doon ay walang paghihirap,

At ligtas sa lahat ng kasalanan,

Doon ay wala nang luhang dadaloy,

Sapagkat wala nang kalungkutan.


Kanyang kamay ay hawakan at

pumasok kasama niya.¹³

Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. “Brightly Beams Our Father’s Mercy,”
Hymns, blg. 335.
2. Mosias 3:19.
3. Moises 6:57.
4. 2 Nephi 2:7.
5. Alma 34:9.
6. Mosias 16:9.
7. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan:*
Joseph F. Smith (1998), 119.
9. Lucas 22:41–44.
10. Doktrina at mga Tipan 19:16–18.
11. Doktrina at mga Tipan 58:42.
12. Tingnan sa Apocalipsis 1:5.
13. “Does the Journey Seem Long?” *Hymns*,
blg. 127.



Ni Linda K. Burton

Relief Society General President

Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod

*Kung palaging ginagawa, bawat isa sa atin ay magiging
higit na katulad ng Tagapagligtas kapag pinaglingkuran
natin ang mga anak ng Diyos.*

Isa sa pinakamalalaking katibayan na mayroon tayo na ang ating mahal na propeta na si Pangulong Thomas S. Monson ay piniling tagapaglingkod ng Panginoon ay natutuhan niyang sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas—naglingkod sa bawat tao. Tayo na mga nabinyagan ay nakipagtipan na gagawin din ang gayon. Tayo ay nakipagtipan na “[laging] alalahanin [ang Tagapagligtas] at susundin ang kanyang mga kautusan,”¹ at sinabi Niya, “Ito ang aking utos, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.”²

Pansinin kung paanong ang mga salita ni Pangulong Monson ay naglalaman ng paanyaya ring iyon: “Napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan ng ating pansin, ating paghikayat, ating suporta, pag-alo, kabaitan. . . . Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin.”³

Narinig ba ninyo—ang paanyaya na mahalín ang isa’t isa? Sa ilan, ang paglingkod sa bawat tao, na sinusunod ang halimbawa ng Tagapagligtas, ay hindi madaling gawin. Ngunit kung palaging ginagawa, bawat isa sa atin ay magiging higit na katulad ng Tagapagligtas kapag pinaglingkuran natin ang mga anak ng Diyos. Upang matulungan tayo na lalo pang mahalín ang isa’t isa, gusto kong magmungkahi ng anim na salita na aalalahanin: “Magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod.”

Halos 40 taon na ang nakaraan, kaming mag-asawa ay nagpunta sa templo nang Biyernes ng gabi. Bagong kasal pa lang kami noon, at kinakabahan ako dahil pangalawa ko pa lang itong pagpunta mula noong mag-asawa ako. Isang miyembrong babae, na nakaupo sa tabi ko, ang nakapansin. Marahan siyang bumulong sa akin, “Huwag kang mag-alala. Tutulungan kita.” Napawi ang pangamba ko, at naging panatag na sa buong

temple session. Siya ay nagmasid muna at pagkatapos ay naglingkod.

Lahat tayo ay inaanyayahang sundin ang mga turo ni Jesus at maglingkod sa kapwa. Ang paanyayang ito ay hindi limitado sa mga butihing kababaihan. Sa pagbabahagi ko ng ilang halimbawa ng mga miyembro na natutong magmasid muna at pagkatapos ay naglingkod, pakinggan ang mga turo ni Jesus na inilalarawan ng mga ito.

Sabi ng isang anim na taong gulang na bata sa Primary: “Nang mapili akong class helper, pwede akong pumili ng isang kaibigan na makakasama ko. Pinili ko [ang isang batang lalaki sa klase namin na laging nananakot sa akin] dahil hindi siya pinipili ng iba. Gusto kong maging masaya siya.”⁴

Ano ang naobserbahan ng batang ito? Napansin niya na hindi napipili ang siga-siga sa klase. Ano ang ginawa niya para makapaglingkod? Pinili niya ito na maging kaibigan niya bilang class helper. Itinuro ni Jesus, “Ibigin ninyo ang inyong mga kaway, at idalangin ninyo ang sa inyo’y nagsisiusig.”⁵

Sa isang ward, nagmasid muna ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood at ngayon ay naglilingkod na sa makabuluhang paraan. Tuwing linggo dumarating nang maaga ang mga kabataang lalaki at tumatayo sa labas ng meetinghouse, sa ulan, niyebe, o mainit na panahon, naghihintay sa pagdating ng maraming matatandang miyembro ng kanilang ward. Kanilang binubuhay ang mga wheelchair at waliker palabas sa mga sasakyan, inaalalayan at matiyagang inihahatid sa loob ang matatanda. Talagang ginagawa nila ang kanilang tungkulin sa Diyos. Nang sila ay magmasid at pagkatapos ay naglingkod, sila ay mga halimbawa ng turo ng Tagapagligtas: “Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”⁶ Sa implementasyon ng bagong kurikulum para sa mga kabataan, tiyak na magkakaaroon ng mas maraming pagkakataon ang mga kabataang ito na maglingkod nang katulad ni Cristo.

Ang pagmamasid at paglilingkod kung minsan ay kailangang



pagsikapan nang husto. Napansin ng isang inspiradong dalagita na nagngangalang Alexandria na ang kanyang pinsan na si Madison ay hindi kayang tapusin ang kanyang Pansariling Pag-unlad dahil malubha ang autism nito. Kinausap ni Alexandria ang mga kabataang babae sa kanyang ward, sumangguni sa kanyang mga lider, at determinadong gawin ang hindi makakayang gawin ni Maddy para sa kanyang sarili. Masigasig na tinapos ng bawat kabataang babae ang bahagi ng mga aktibidad at proyekto sa Pansariling Pag-unlad para matanggap ni Maddy ang kanyang medalyon.⁷

Ang mga kabataang babaeng ito ay magiging mabuting ina at Relief Society dahil natuto silang magmasid muna at maglingkod nang may pagmamahal.

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Monson na ang pag-ibig sa kapwa-tao, “ang dalisay na pag-ibig ni Cristo”⁸—o sa madaling salita pagmamasid at paglilingkod—ay “kitang-kita kapag ang isang matandang babaeng balo ay naaalala at dinadala sa mga aktibidad sa ward” at “kapag ang miyembro na mag-isang nakaupo sa Relief Society ay tumanggap ng paanyayang, ‘Halika—tabi-tabi tayo.’”⁹ Angkop dito ang golden rule na: “Lahat ng bagay na nais ninyong gawin ng [kalahakihan o kababaihan] sa inyo, gayon ang gawin ninyo sa kanila.”¹⁰

Isang mapagmasid na asawa ang naglingkod sa dalawang mahalagang paraan. Ikinuwento niya:

“Tinutulungan ko noon ang asawa ko isang araw ng Linggo sa Primary class niya na puno ng malilikot na batang pitong taong gulang. Nang magsimula ang oras ng pagbabahagi sa Primary, napansin ko ang isa sa mga [bata] na nakasiksik sa kanyang silya at halatang masama ang pakiramdam. Ibinulong sa akin ng Espiritu na kailangan niyang guminhawa [sa nararamdaman niya], kaya umupo ako sa tabi niya at marahang itinanong kung ano ang problema niya. Hindi siya sumagot, . . . kaya’t sinimulan ko siyang kantahan nang mahina.

“Pinag-aaralan ng Primary ang isang bagong awitin noon, at nang kumanta kami ng, ‘Kung makikinig nang taos, Siya’y aking maririnig,’ pinuspos ng di-kapani-paniwalang liwanag at init ang aking kaluluwa. . . . Tumanggap ako ng . . . patotoo sa pagmamahal ng ating Tagapagligtas sa kanya, . . . at sa akin. . . . Natutuhan ko na tayo ang mga kamay [ng Tagapagligtas] kapag naglilingkod tayo sa isang tao.”¹¹

Hindi lamang napansin ng mapagmahal na lalaking ito na kailangan ng tulong ng kanyang asawa sa klase nito na puno ng malilikot na batang pitong taong gulang; tinulungan niya rin ang isang batang nangangailangan. Sinunod niya ang Tagapagligtas, na nagturong, “Ang mga gawaing nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin.”¹²

Kamakailan isang pagbaha ang nagbigay ng maraming pagkakataon sa mga disipulo ni Jesucristo na

magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod. Nakita ng kalalakhian, kababaihan, kabataan, at mga bata na nawasak ang mga negosyo at tahanan at kanilang iniwan ang lahat ng iba pang bagay upang tumulong na maglinis at magkumpuni ng mga nasirang istruktura. Namasdan ng ilan na kailangan nilang tumulong sa napakaraming labahin. Ang iba ay matiyagang nilinis ang mga retrato, legal na dokumento, liham, at iba pang mahahalagang papeles at maingat na isinabit para matuyo at maisalba ang maaari pang maisalba. Ang pagmamamagid at pagkatapos ay paglilingkod ay hindi palaging madali at akma sa ating sariling iskedyul.


Ano pa bang mas mahalagang lugar na dapat pagmasdan muna at pagkatapos ay paglilingkod kundi ang tahanan? Isang halimbawa sa buhay ni Elder Richard Scott ang naglalarawan nito:

“Isang gabi nagising [at umiyak] ang musmos naming anak na si Richard, na may sakit sa puso. . . . Karaniwan ay asawa ko ang laging tumatayo para aluin ang batang umiyak, ngunit sa pagkakataong ito sabi ko, ‘Ako na ang mag-aasikaso sa kanya.’

“Dahil sa sakit niya, kapag nagsisimula na siyang umiyak, bumibilis ang pintig ng munting puso niya. Nagsusuka siya at narurumahan ang kobrekama. Nang gabing iyon niyakap ko siya nang mahigpit para kumalma ang pintig ng kanyang puso at tumahan siya sa pag-iyak habang pinapalitan ko ang damit niya at ang kobrekama. Yakap ko siya hanggang sa makatulong siya. Hindi ko alam noon na ilang buwan na lang ay papanaw na siya. Lagi kong maaalala ang pagyakap ko sa kanya noong hatinggabing iyon.”¹³

Sinabi ni Jesus, “Sinomang magibig na dumakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo.”¹⁴

Kung minsan natutukso tayong maglingkod sa paraang gusto natin at hindi sa paraang kailangan sa sandaling iyon. Nang ituro ni Elder Robert D. Hales ang alituntunin ng masinop na pamumuhay, ibinahagi niya ang halimbawa ng pagbili ng regalo sa kanyang asawa. Itinanong



ng kanyang asawa, “Binibili mo ba ito para sa akin o para sa iyo?”¹⁵ Kung iaangkop natin ang tanong na iyan sa ating sarili kapag naglilingkod tayo at itatanong, “Ginagawa ko ba ito para sa Tagapagligtas, o para sa akin?” ang ating paglilingkod ay higit na makahahalintulad ng paglilingkod ng Tagapagligtas. Nagtanong ang Tagapagligtas, at dapat tayo rin, “Ano ang ibig ninyong gawin ko sa inyo?”¹⁶

Ilang linggo na ang nakararaan, lagi akong nagmamadali at pagud na pagod, sa napakarami kong kailangang gawin. Inasam ko na makapunta sa templo nang araw na iyon pero napakarami kong ginagawa. Nang pumasok sa isipan ko na abala ako para makapunta sa templo, kaagad akong napukaw nito sa dapat kong unang gawin. Iniwan ko ang opisina at naglakad papunta sa Salt Lake Temple, iniisip ko kung kailan ko mababawi ang mga oras na mawawala sa akin. Salamat na lamang at mapagpasensya at mahabagin ang Panginoon at tinuruan ako ng magandang aral nang araw na iyon.

Habang nakaupo ako sa session room, isang bata pang babae ang magalang na bumulong sa akin, “Kinakabahan po talaga ako. Pangalawa ko pa lang na pagpunta ito sa templo. Pwede po bang tulongan ninyo ako?” Paano niya nalaman na iyon mismo ang mga salitang kailangan kong marinig?

Hindi niya alam, ngunit alam ng Ama sa Langit. Nakita Niya ang malaking pangangailangan ko. Kailangan kong maglingkod. Binigyang-inspirasyon Niya ang mapagkumbabang babaeng ito na paglilingkodan ako sa pamamagitan ng pag-anyaya sa akin na paglilingkodan siya. Tinitiyak ko sa inyo na ako ang higit na natulungan dito.

Kinikilala ko nang may lubos na pasasalamat ang maraming tao na tulad ni Cristo na naglingkod sa aming pamilya sa maraming taon. Buong puso akong nagpapasalamat sa aking mahal na asawa at pamilya, na lubos na naglingkod nang may malaking pagmamahal.

Nawa ay hangarin nating lahat na magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod. Kapag ginawa natin ito, tinutupad natin ang ating mga tipan, at ang ating paglilingkod, tulad ng kay Pangulong Monson, ay magpapakita ng ating pagiging disipulo. Alam ko na buhay ang Tagapagligtas. Ang Kanyang Pagbabayad-sala ay nagtulot sa atin na ipamuhay ang Kanyang mga turo. Alam ko na si Pangulong Monson ang ating propeta ngayon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 20:77.
2. Juan 15:12.
3. Thomas S. Monson, “Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?” *Liahona*, Nob. 2009, 86.
4. Canyon H., “A Good Choice,” *Friend*, Ene. 2012, 31.
5. Mateo 5:44.
6. Mateo 25:40.
7. Tingnan sa “For Madison,” lds.org/youth/video/for-madison.
8. Moroni 7:47.
9. Thomas S. Monson, “Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang,” *Liahona*, Nob. 2010, 125; tingnan din sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 119.
10. 3 Nephi 14:12.
11. Al VanLeeuwen, “Paglilingkod sa Isang Tao,” *Liahona*, Ago. 2012, 19; tingnan din sa Sally DeFord, “Kung Makikinig ng Taos,” *Outline para sa Oras ng Pagbabahagi*, 28.
12. 3 Nephi 27:21.
13. Richard G. Scott, “Ang mga Walang-Hanggang Pagpapala ng Kasal o Pag-aasawa,” *Liahona*, Mayo 2011, 96.
14. Mateo 20:26.
15. Robert D. Hales, “Pagiging Masisinop na Tagapaglaan sa Temporal at sa Espirituwal,” *Liahona*, Mayo 2009, 9.
16. Mateo 20:32.



Ni Elder Walter F. González
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Matuto Gamit ang Ating Puso

Isang paraan para makalapit kay Cristo ay ang hangaring matutuhan ang mahahalagang katotohanan gamit ang ating puso.

“Lumapit sa akin, nang inyong madama at makita.”¹ Ito ang utos na ibinigay ng Tagapagligtas sa mga taong nabuhay noon sa sinaunang Amerika. Nadama nila sa kanilang mga kamay at nakita ng kanilang mga mata na si Jesus ang Cristo. Ang kautusang ito na natanggap nila na mahalaga sa kanila noon ay mahalaga rin sa atin ngayon. Sa paglapit natin kay Cristo madarama at makikita at “[malalaman] natin nang may katiyakan”²—hindi sa ating mga kamay at mata kundi sa ating puso’t isipan—na si Jesus ang Cristo.

Isang paraan para makalapit kay Cristo ay ang hangaring matutuhan ang mahahalagang katotohanan gamit ang ating puso. Sa paggawa natin nito, ang mga inspirasyong mula sa Diyos ay magbibigay sa atin ng kaalaman na hindi natin makukuha sa anupamang paraan. Alam ni Apostol Pedro nang may katiyakan na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos. Ipinaliwanag ng Tagapagligtas na ang pinagmulan ng kaalaman ni Pedro ay hindi [ipinahayag] ng “laman at ng dugo . . . kundi ng . . . Ama na nasa langit.”³

Si Abinadi ang nagpaliwanag sa tungkulin ng mga damdaming nagmula sa Diyos tungo sa ating puso. Itinuro niya na hindi natin mauunawaan nang ganap ang mga banal na kasulatan kung hindi natin gagamitin ang ating puso sa pag-unawa.⁴

Ang katotohanang ito ay napakagandang ipinahayag sa aklat para sa mga bata, ang *The Little Prince* ni Antoine de Saint-Exupéry. Sa kuwento, naging kaibigan ng batang prinsipeng ang isang soro o fox. Nang maghihiwalay na, may sinabing lihim ang soro sa batang prinsipeng. Sabi nito, “Heto ang sikreto ko . . . : Tanging sa paggamit lamang ng puso makakakita nang tama ang tao; ang pinakamahalagang bagay ay hindi nakikita ng mata.”⁵

Ang walumpung-taong-gulang na si Brother Thomas Coelho ay magandang halimbawa ng isang nakakita ng mahahalagang bagay gamit ang kanyang puso. Isa siyang matapat na miyembro ng aming high council sa Paysandú, Uruguay. Bago siya naging kasapi ng Simbahan, naaksidente siya habang sakay ng kanyang motorsiklo. Habang nakahandusay sa lupa at

hindi makatayo, dalawa sa ating mga misyonero ang tumulong sa kanyang tumayo at iniuwi siya ng mga ito sa kanyang bahay. Sinabi niya na may nadama siyang hindi pangkaraniwan nang tulungan siya ng mga misyonero. Kalaunan may matindi na naman siyang nadama nang turuan siya ng mga misyonero. Napakatindi ng epekto ng nadama niyang iyon kaya natapos niyang basahin ang Aklat ni Mormon nang ilang araw lamang. Nabinyagan siya at naglingkod nang buong katapatan mula nang araw na iyon. Naaalala ko siya na nakamotorsiklong nililibot ang mga kalye sa aming lungsod, kahit sa maulang taglamig, para dalhin ang mga tao sa simbahan nang sa gayon ay makakita, makadama, at makaalam sila nang may katiyakan tulad niya.

Dahil napapalibutan tayo ngayon ng maraming impormasyon, maaaring isipin natin na ang pagtingin sa milyun-milyong website ay magbibigay sa atin ng lahat ng dapat nating malaman. Makakakita tayo ng mabuti at masamang impormasyon sa internet, ngunit hindi sapat ang impormasyon lamang. Binigyan tayo ng Diyos ng iba pang pagkukunan ng mas malaking kaalaman,⁶ maging ng kaalamang mula sa langit. Mabibigyan tayo ng Ama sa Langit ng gayong kaalaman kapag hinangad natin ang kaalamang mula sa langit sa ating puso’t sipan. Sinabi ni propetang Joseph Smith na “nakakintal sa puso [niya] ang pinakalumang aklat, maging ang kaloob na Espiritu Santo.”⁷

Napasasaatin ang Espiritu Santo kapag nagbabasa tayo ng mga banal na kasulatan, nakikinig sa buhay na propeta, at nagdarasal. Bukod dito, mahalaga rin na mapanatag at magnilaynilay⁸ at damhin ang mga pahiwatig ng langit. Kapag ginawa natin ito, “madrarama at makikita” natin ang mga bagay na hindi matututuhan sa makabagong teknolohiya. Sa sandaling hangarin natin ang kaalamang ito mula sa langit, madarama natin ang katotohanan, kahit nagbabasa pa tayo ng sekular na kasaysayan o iba pang paksa. Ang matatapat na naghahangad ng katotohanan ay malalaman ang katotohanan ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.⁹



Barcelona, Spain

Ngayon, ito ang babala: hindi tayo magkakaroon ng kaalamang ito mula sa langit kung tayo ay masama at nakalilimot sa Panginoon. Sinabi ni Nephi sa kanyang mga kapatid na hindi nila “madama ang kanyang mga salita” dahil sila ay “mabilis sa paggawa ng kasamaan [at] mabagal sa pag-aalaala sa Panginoon.”¹⁰ Ang kasamaan ay hadlang sa ating kakayahang makakita, makadama, at magma-hal ng iba. Ang mabilis na pag-alaala sa Panginoon sa pamamagitan ng pag-darasal “nang buong lakas ng puso”¹¹ at pag-alaala ng ating mga espirituwal na karanasan ay nagpapalawak sa ating kakayahang makita at madama ang mga bagay ni Cristo. Ngayon ay tatanungin ko kayo:

- Naaalala ba ninyo ang kapayapaang inyong nadama nang, matapos ang matinding pagsubok, nagsu-mamo kayo sa Ama sa mataimtim na panalangin?
- Natatandaan ba ninyong binago ninyo ang mga plano ninyong gawin para sundin ang ipinahiwatig sa inyong puso?

Naragdagan ang kaalaman ng mga kalalakhian sa Aklat ni Mormon nang alalahanin nila ang mahahalaga nilang espirituwal na karanasan. Pinatatag at pinalakas ni Alma ang kanyang mga anak sa pagpapaalala sa kanila ng kanyang naranasan sa pagbabalik-loob.¹² Itinuro ni Helaman kina Nephi at Lehi na tandaan—tandaan na sa bato na si Cristo nila kailangang itayo ang kanilang saligan nang sa gayon ang diyablo ay hindi magkaroon ng

kapangyarihan sa kanila.¹³ Dapat din nating gawin iyon. Ang pag-alaala sa Diyos ay tutulong sa ating makadama at makakita. Ito ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mga salita ni Haring Benjamin, na nagsabing, “At ngayon, O tao, pakatandaan at nang huwag masawi.”¹⁴

Isa sa mga pinakasagrang alalang itinatangi ko ay ang nadama ko noong malaman ko na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos. Natutuhan ko na makadarama tayo ng galak na hindi sapat na mailalarawan ng mga salita. Nang mismong araw na iyon, habang ako’y nagdarasal, nadama ko at nalaman nang may katiyakan ang mga bagay na hindi ko marahil nalaman sa ibang paraan. Ang gayong alaala ay dahilan para magpasalamat ako nang walang hanggan at mapalaks sa mga araw ng pagsubok.

Ang mga tumatanggap ng kaalaman, na hindi nagmula sa laman at dugo kundi sa ating Ama sa Langit, ay malalaman nang may katiyakan na si Jesus ang Cristo at ito ang Kanyang Simbahan. Ang kaalamang iyan ang nagbibigay ng lakas na magawa ang kinakailangan upang makalapit kay Cristo. Dahil dito, inaanyayahan natin ang bawat tao na magpabinyag, magsisi, at lumapit sa Kanya.¹⁵

Sa paglapit kay Cristo, sinuman ay makikita, madarama, at malalaman nang may katiyakan na nagdusa si Cristo at nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Kung tayo’y magsisisi, hindi na natin kailangang magdusa.¹⁶ Salamat sa Kanya, lahat ng nasugatang kaluluwa

ay mapagagaling at ang mga nasak-tang puso ay mapahihilom. Walang pasaning hindi Niya kayang pagaanin o alisin. Alam niya ang ating mga kahi-naan at karamdaman. Ipinapangako at pinatotohanan ko na kapag tila hindi na ninyo kayang magpatuloy, kapag tila wala nang pag-asa, hindi Niya kayo pababayaan. Si Cristo ay tutulong at sasagip, kayo man ay nagdurusa sa pagkalulong, matinding lungkot, o iba pa. Alam Niya “kung paano tutulungan ang kanyang mga tao.”¹⁷ Ang mga mag-asawa at pamilya na naghihirap sa anupamang dahilan—problema sa kabuhayan, masamang impluwensya ng media, o mga sitwasyon sa pa-milya—ay makadarama ng kapana-tagan mula sa langit. Nakapapanatag na “madama at makita” na Siya na nagbangon mula sa mga patay ay may pagpapagaling sa Kanyang mga bagwis,¹⁸ na dahil sa Kanya, ating makikita at mayayakap na muli ang mga minamahal nating nagsipanaw na. Tunay ngang sa pagbabalik-loob natin sa Kanya tayo ay mapagagaling.¹⁹

Alam ko nang may katiyakan na totoo ang lahat ng ito. Dahil dito naki-kiisa ang aking tinig sa mga nabuhay noon sa Amerika sa pagsasabi ng: Ho-sana! Purihin ang pangalan ng Kataas-taasang Diyos!²⁰ Binibigyan Niya tayo ng kaligtasan. Pinatotohanan ko na si Jesus ang Cristo, ang banal na Mesiyas. Siya ang Panginoon ng mga Hukbo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. 3 Nephi 18:25.
2. 3 Nephi 11:15.
3. Tingnan sa Mateo 16:16–17.
4. Tingnan sa Mosias 12:27.
5. Antoine de Saint-Exupéry, *The Little Prince*, trans. Katherine Woods (1971), 87.
6. Tingnan sa Eter 4:13.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 132.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:16.
9. Tingnan sa Moroni 10:3–5.
10. 1 Nephi 17:45.
11. Moroni 7:48.
12. Tingnan sa Alma 36:5–24; 38:6–9.
13. Tingnan sa Helaman 5:12.
14. Mosias 4:30.
15. Tingnan sa 3 Nephi 9:13.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:16.
17. Alma 7:12.
18. 2 Nephi 25:13; tingnan din sa 3 Nephi 25:2.
19. Tingnan sa 2 Nephi 16:10; 3 Nephi 9:13.
20. Tingnan sa 3 Nephi 11:15–17.



Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Unang Dakilang Utos

Dapat tayong mamuhay bilang matatapat na disipulo para ipamalalas ang ating pagmamahal sa Panginoon.

Halos wala nang ibang grupo sa kasaysayan ng tao na mas kinahahabagan ko kaysa sa labing-isang natirang Apostol kasunod ng pagkamatay ng Tagapagligtas ng sanlibutan. Sa tingin ko nalilimutan natin kung minsan na kulang pa sila sa karanasan at kailangan pa nilang lubos na umasa kay Jesus. Sinabi Niya sa kanila, “Malaon nang panahong ako’y inyong kasama, at hindi mo ako nakikilala . . . ?”¹

Ngunit, mangyari pa, para sa kanila ay hindi pa sapat ang panahong itinagal Niya sa piling nila. Maikli ang tatlong taon para tawagin ang isang buong Korum ng Labindalawang Apostol mula sa iilang bagong miyembro, alisin sa kanila ang mga maling kaugalian, ituro sa kanila ang kagan-dahan ng ebanghelyo ni Jesucristo, at pagkatapos ay iwan sila para ituloy ang gawain hanggang sa sila man ay paslangin. Mahirap na gawain ito para sa grupo ng mga bagong orden na mga elder.

Lalo na ang bahaging naiwan silang mag-isa. Paulit-ulit na sinikap ni Jesus na sabihin sa kanila na *hindi* Siya pisikal na mananatili sa piling nila, ngunit hindi nila maunawaan o ayaw nilang

unawain ang gayong nakapanlulumong bagay. Isinulat ni Marcos:

“Tinuruan niya ang kanyang mga alagad, at sa kanila’y sinabi, Ibibigay ang Anak ng tao sa mga kamay ng mga tao, at siya’y papatayin nila; at pagkapatay sa kaniya, ay siyang magbabangong muli pagkaraan ng ikatlong araw.

“Nguni’t hindi nila naunawa ang sabling ito, at nangatakot silang magsipagtanong sa kaniya.”²

At, makalipas ang gayong kaikling panahon para matuto at kakaunting panahon pa para maghanda, nangyari ang hindi nila inaasahan at pinaniniwalaan. Ang kanilang Panginoon at Guro, kanilang Tagapayo at Hari, ay ipinako sa krus. Natapos ang Kanyang mortal na ministeryo, at ang nagpupunyaging maliit na Simbahan na Kanyang itinatag ay tila nakatadhanang hamakin at maglaho. Nakita nga ng Kanyang mga Apostol na nabuhay Siyang mag-uli, ngunit lalo lang silang nagulumihan dahil doon. Kaya nga tiyak na itinangong nila, “Ano ang gagawin natin ngayon?” at hiningi ang sagot kay Pedro, ang senior na Apostol.

Tulutan ninyo akong ilarawan ang maaaring naging pag-uusap nila

gamit ang mga salitang wala sa mga banal na kasulatan. Parang ganito ang sinabi ni Pedro sa mga kasama niya: “Mga kapatid, tatlong taon na ang maluwalhating lumipas. Walang nag-akala sa atin na sa nakalipas na iilang buwan nakakita tayo ng mga himala at nagkaroon ng mga sagra-dong karanasan. Nakausap natin, nakasama sa pagdarasal at sa gawain ang mismong Anak ng Diyos. Kasama natin Siyang naglakad at nanangis, at sa gabing iyon ng kalunus-lunos na wakas, walang higit na nanangis kaysa sa akin. Ngunit tapos na iyon. Natapos na Niya ang Kanyang gawain, at Siya ay nagbangon mula sa libingan. Naisagawa na Niya ang Kanya at ating kaligtasan. Kaya itatanong ninyo, ‘Ano ang gagawin natin ngayon?’ Wala na akong masasabi pa sa inyo kundi bumalik kayo sa dati ninyong buhay na nagagalak. Balak kong ‘mangisda.’” At di-kukulangin sa anim sa sampung natirang Apostol ang nagsabi, “Sasama rin kami sa iyo.” Isinulat ni Juan, na isa sa kanila, “Sila’y nagsiyaon, at nagsilulan sa daong.”³

Ngunit, ang malungkot, walang isdang nahuli. Sa unang gabi ng kanilang pangingsda, wala silang nahuli—ni isang isda. Nang magbukang-liwayway, bigong ibinalik nila sa pampang ang kanilang bangka, kung saan nakita nila sa di-kalayuan ang isang tao na tinatawag sila, “Mga anak, may nahuli ba kayo?” Malungkot na isinagot ng mga Apostol na ito na nagbalik-sa-pangingsda ang hindi nanaising isagot ng sinumang mangingisda. “Wala kaming nahuli,” pag-ungol nila, at ang mas masakit pa, tinawag silang “mga anak.”⁴

“Ihulog ninyo ang lambat sa dakong kanan ng daong, at makakasampung kayo,”⁵ sabi ng estranghero—at sa mga simpleng salitang iyon, nakilala nila ang nagsalita. Tatlong taon lamang bago iyon ang kalalakihan ding ito ay nangisda sa dagat ding iyon. Noon din sila “buong magdamag [na] nagsipagpagal, at walang [silang] nahuli.”⁶ sabi sa banal na kasulatan. Ngunit sinabihan sila ng isang kapwa taga-Galilea sa pampang na ihulog ang kanilang lambat, at nakahuli sila ng “lubhang

maraming isda,”⁷ kaya napunit ang kanilang mga lambat, at bumigat nang husto ang dalawang bangka sa dami ng isda kaya nagsimula silang lumubog.

Nangyayari na naman iyon. Ang “mga anak” na ito, na angkop lamang sa gayong tawag, ay sabik na inihulog ang kanilang lambat, at “hindi na nila [ito] mahila dahil sa karamihan ng mga isda.”⁸ Sinabi ni Juan ang malinaw, “Ang Panginoon nga.”⁹ At mula sa gilid ng bangka, tumalon ang dimapigilang si Pedro.

Matapos ang masayang pagkikita nilang muli ng nabuhay na mag-uling si Jesus, kinausap ni Pedro ang Tagapagligtas na itinuturing kong pinakamahalagang sandali ng simula ng ministeryo ng mga apostol at lalo na ni Pedro, na nagbigay-inspirasyon sa matatag na taong ito na mamuhay na tapat na naglilingkod at namumuno. Habang nakatingin sa kanilang sira at maliliit na bangka, punit na mga lambat, at salansan ng 153 isda, sinabi ni Jesus sa Kanyang senior na Apostol, “Pedro, iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?” Sabi ni Pedro, “Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita’y iniibig.”¹⁰

Tumugon ang Tagapagligtas sa sagot na iyon ngunit patuloy na nakatingin sa mga mata ng Kanyang disipulo at muling sinabi, “Pedro, iniibig mo baga ako?” Halatang nalito nang bahagya sa inulit na tanong, sumagot ang dakilang mangingisda sa ikalawang pagkakataon, “Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita’y iniibig.”¹¹


Muling tumugon nang maikli ang Tagapagligtas, ngunit masusing itinanong sa ikatlong pagkakataon, “Pedro, iniibig mo baga ako?” Ngayon ay tiyak na talagang nabalisa si Pedro. Marahil sa kanyang kalooban ay naalala pa niya na ilang araw pa lang ang nakararaan ay tatlong beses siyang tinanong ng ibang tanong at gayon din kalinaw ang kanyang sagot—ngunit sumagot siya ng hindi. O marahil inisip niya na hindi niya naunawaan ang tanong ng Dalubhasang Guro. O marahil sinusuri niya ang kanyang puso, at naghahanap ng tapat na patibay sa sagot na napakadali at halos kagyat niyang ibinigay. Anuman

ang nadama niya, sinabi ni Pedro sa ikatlong pagkakataon, “Panginoon, . . . nalalaman mo na kita’y iniibig.”¹²

Na sinagot ni Jesus, (at dito ay inaamin ko muli akong gumamit ng mga salitang wala sa banal na kasulatan) marahil parang ganito ang sinabi Niya, “Pedro, bakit ka narito? Bakit narito tayong muli sa pampang na ito, sa tabi ng mga lambat ding ito, at ito pa rin ang pinag-uusapan natin? Hindi pa ba malinaw noon at ngayon na kung gusto ko ng isda, makakakuha ako? Ang kailangan ko, Pedro, ay mga disipulo—at kailangan ko sila magpakailanman. Kailangan ko ng magpapakain at magliligtas sa aking mga tupa. Kailangan ko ng mangangaral ng aking ebanghelyo at magtatanggol sa aking simbahan. Kailangan ko ng isang taong mahal ako, totoong mahal ako, at minamahal ang ipinagagawa sa akin ng ating Ama sa Langit. Hindi mahina ang ating mensahe. Hindi ito pansamantalang gawain. Hindi ito sawimpalad; hindi ito nawalan ng pag-asa; hindi ito malilimutan sa paglipas ng panahon. Ito ay gawain ng Pinakamakapangyarihang Diyos, at babaguin nito ang mundo. Kaya, Pedro, sa ikalawa at malamang ay huling pagkakataon, hinihiling kong iwan mo ang lahat ng ito at humayo ka at magturo at magpatotoo, gumawa at maglingkod nang tapat hanggang sa araw na gawin nila sa iyo ang mismong ginawa nila sa akin.”

Pagkatapos, pagbaling Niya sa lahat ng Apostol, marahil ay sinabi Niya, “Wala rin ba kayong alam na tulad ng mga eskriba at Fariseo? Tulad nina Herodes at Pilato? Inisip ba ninyo, tulad nila, na patayin lang nila ako ay mahihinto na ang gawaing ito? Inisip ba ninyo, tulad nila, na nagwakas ang lahat ng ito sa pagpapako sa krus at sa libingan at bawat isa ay masayang makababalik sa inyong pinagmulan? Mga anak, hindi ba nakaantig sa puso ninyo ang buhay at pagmamahal ko nang higit kaysa riyan?”

Minamahal kong mga kapatid, hindi ko tiyak kung ano ang mangyayari sa atin sa Araw ng Paghuhukom, ngunit ikagugulat ko nang lubos kung sa ating pakikipag-usap sa Diyos ay hindi niya itatanong sa atin ang mismong itinanong ni Cristo kay Pedro na, “Iniibig mo baga ako?” Palagay ko nais Niyang malaman kung sa mismong mortal, kakulangan, at kung minsan ay parang batang pag-unawa sa mga bagay, ay naunawaan man lang ba natin ang *isang* utos, ang una at pinakadakilang utos—“Ibibig mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.”¹³ At kung sa gayong sandali ay masasabi nating, “Oo, Panginoon, nalalaman mong iniibig kita,” maaari Niya tayong paalalahanan na ang pinakadakilang katangian ng pag-ibig ay katapatan sa tuwina.





lambat na walang huli. Ang panawagan ay bumalik, manatiling tapat, mahalín ang Diyos, at tumulong na maitayo ang kaharian. Isinasama ko sa panawagang iyon na manatiling tapat ang bawat nakauwi nang missionary na tumayo sa bautismuhan at nagtaas ng kamay at nagsabing, “Bilang naatasan ni Jesucristo.”¹⁶ Ang atas na iyan ay dapat magpabago sa nabinyagan ninyo magpakailanman, at sa inyorin. Sa mga kabataan ng Simbahan na lumalaki at magmimisyon at pupunta sa templo at mag-aasawa, sinasabi namin, “Mahalín ang Diyos at manatiling malinis mula sa dugo at mga kasalanan ng henerasyong ito. Kayo ay may napakahalagang gawaing gagawin, na binigyang-diin ng napakagandang pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson kahapon ng umaga. Inaasahan ng inyong Ama sa Langit ang inyong katapatan at pagmamahal sa bawat yugto ng inyong buhay.”

Sa lahat ng nakaririnig sa aking mensahe, ang tinig ni Cristo ay narinig sa lahat ng panahon, at nagtatatong sa bawat isa sa atin habang may panahon, “Iniibig mo baga ako?” Para sa ating lahat, sumasagot ako nang aking buong dangal at kaluluwa, “Oo, Panginoon, iniibig ka namin.” At yamang tayo ay “[nakahawak na] sa araro,”¹⁷ hindi na tayo tatalikod hanggang sa matapos ang gawain at maghari sa mundo ang tunay na pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 14:9.
2. Marcos 9:31–32.
3. Juan 21:3.
4. Tingnan sa John 21:5.
5. Juan 21:6.
6. Lucas 5:5.
7. Lucas 5:6.
8. Juan 21:6.
9. Juan 21:7.
10. Juan 21:15.
11. Juan 21:16.
12. Juan 21:17.
13. Lucas 10:27; tingnan din sa Mateo 22:37–38.
14. Juan 14:15.
15. Frederick William Farrar, *The Life of Christ* (1994), 656; tingnan sa kabanata 62 para malaman ang iba pa tungkol sa hirap na kalagayan ng bagong tatag na Simbahang ito.
16. Doktrina at mga Tipan 20:73.
17. Lucas 9:62.

“Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos,¹⁴ wika ni Jesus. Kaya may mga kapitbahay tayong tutulungan, mga batang pangangalagaan, mga maralitang kakalingain, at katotohanang ipagtatanggol. May mga mali tayong itatama, mga katotohanang ibabahagi, at kabutihang gagawin. Sa madaling salita, dapat tayong mamuhay bilang matatapat na disipulo para ipamalas ang ating pagmamahal sa Panginoon. Hindi tayo maaaring tumalikod at bumalik sa dati. Matapos makilala ang buhay na Anak ng buhay na Diyos, wala nang mababalik pa sa dati. Ang Pagpapako sa Krus, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ang simula ng buhay-Kristiyano, hindi ang wakas nito. Ang katotohanang ito, ang nagtulot sa ilang mangingisda ng Galilea na nagbalik sa pagiging

Apostol at wala “ni isang sinagoga o espada”¹⁵ na iwan ang mga lambat na iyon sa ikalawang pagkakataon at hubugin ang kasaysayan ng daigdig na ating tinitirhan ngayon.

Pinatotohanan ko mula sa kaibuturan ng aking puso, nang aking buong kaluluwa, sa lahat ng nakaririnig ng aking tinig na ang mga susing iyon ng mga apostol ay naipanumbalik na sa lupa, at matatagpuan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa mga hindi pa nakikiisa sa atin sa dakilang layuning ito ni Cristo, sinasabi natin, “Halina kayo.” Sa mga taong minsay nakiisa sa atin ngunit tumalikod, at mas gustong makibahagi sa ilang aktibidad ng Simbahan ngunit hindi sa mga pagpapala ng Ipinanumbalik na ebanghelyo, sinasabi ko, Nahaharap kayo sa mahahabang gabi at mga



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Isipin ang mga Pagpapapala

Alam ng ating Ama sa Langit ang mga kailangan natin at tutuhungan tayo kapag humingi tayo sa Kanya ng tulong.

Mahal kong mga kapatid, sa kumperensyang ito ay 49 na taon na ang lumipas mula nang masang-ayunan ako, noong Oktubre 4, 1963, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Mahabang panahon ang 49 na taon. Gayunman, sa maraming paraan, pang kailan lang nang tumayo ako sa pulpito sa Tabernacle at ibinigay ang unang mensahe ko sa pangkalahatang kumperensya.

Marami nang nagbago mula noong Oktubre 4, 1963. Nabubuhay tayo sa kakaibang panahon sa kasaysayan ng mundo. Napakarami nating pagpapapala. Gayunman mahirap kung minsan na makita ang mga problema at pagpapabaya sa ating paligid at hindi panghinaan ng loob. Natuklasan ko na sa halip na palaging isipin ang negatibo, kung titingnan nating mabuti at iisipin ang mga pagpapapala sa ating buhay, kabilang na ang tila maliliit, at kung minsan ay hindi napapansin na mga pagpapapala, magiging mas maligaya tayo.

Sa pagbabalik-tanaw ko sa nakaraang 49 na taon, may ilan akong natuklasan. Isa na rito ang maraming karanasan ko na hindi naman talagang

maituturing na pambihira. Sa katunayan, nang maganap ang mga ito, parang napakaliit at pangkaraniwan lang ang mga ito. Gayunman, kung titingnang mabuti, pinagyaman at pinagpala nito ang maraming buhay—pati na ang buhay ko. Imumungkahi kong gawin din ninyo ito—suriin ang inyong buhay at isipin ang mga pagpapapala, malaki at maliit, na natanggap ninyo.

Sa pagbabalik-tanaw ko sa buhay ko palaging napagtibay ang kaalaman ko na ang mga dasal natin ay dinirinig at sinasagot. Pamilyar sa atin ang katotohanang matatagpuan sa 2 Nephi sa Aklat ni Mormon: “Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan.”¹ Pinatotohanan ko na karamihan sa kagalakang iyon ay dumarating kapag natanto natin na maaari tayong manalangin sa Ama sa Langit at ang mga dasal na iyon ay diringgin at sasagutin—siguro hindi ito sasagutin sa paraan at panahon na inaasahan natin, pero *sasagutin* ang mga ito ng Ama sa Langit na nakakikilala at nagmamahal sa atin nang lubos at naghahangad sa ating kaligayahan. Hindi ba’t ipinangako Niya na, “Maging mapagpakumbaba ka; at ang

Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin.”²

Sa susunod na ilang minutong ibinigay sa akin, gusto kong ibahagi ang kaunting karanasan ko kung saan dininig at sinagot ang mga panalangin at, kapag iniisip ko, nagdulot ng mga pagpapapala sa buhay ko gayundin sa buhay ng ibang tao. Ang daily journal ko, na maraming taon ko nang iniingat, ay nakatulong sa pagbibigay ng partikular na mga bagay na malamang na hindi ko na maaalala.

Noong kasisimula ng 1965, inatasan akong dumalo sa mga stake conference at magdaos ng iba pang mga miting sa buong South Pacific area. Ito ang unang pagbisita ko sa dakong iyon ng mundo, at hindi ko iyon malilimutan. Maraming espirituwal na karanasan ang nangyari sa gawaing ito nang makipagpulong ako sa mga lider, miyembro at mga misyonero.

Pagsapit ng Sabado at Linggo, Pebrero 20 at 21, nasa Brisbane, Australia, kami para magdaos ng regular na mga sesyon ng kumperensya ng Brisbane Stake. Sa mga pulong sa araw ng Sabado, ipinakilala ako sa isang district president mula sa kalapit na lugar. Habang kinakamayan ko siya, nadama ko na kailangan ko siyang kausapin at payuhan, kaya’t tinanong ko siya kung puwede niya akong samahan kinabukasan sa sesyon sa Linggo ng umaga para maisagawa ito.

Pagsapit ng sesyon sa araw ng Linggo, nagkaroon kami ng pagkaka-taong makapag-usap. Pinag-usapan namin ang marami niyang responsibilidad bilang district president. Habang nag-uusap kami, nadama kong dapat ko siyang payuhan tungkol sa gawaing misyonero at kung paano siya makakatulong at ang kanyang mga miyembro sa mga full-time missionary sa gawain sa kanyang lugar. Kalauan nalaman ko na ipinagdarasal ng taong ito na magabayan siya tungkol sa bagay na ito. Para sa kanya, ang pag-uusap namin ay espesyal na patunay na ang kanyang mga dasal ay dininig at sinagot. Parang pangkaraniwan lang ang pag-uusap na ito ngunit naniniwala ako na ginabayan iyon ng



Espiritu at nakagawa ito ng kaibhan sa buhay ng district president at sa kanyang pamamahala, sa buhay ng kanyang mga miyembro, at sa tagumpay ng mga misyonerong naroon.

Mga kapatid, ang mga layunin ng Panginoon ay kadalasang naisasakutuparan kapag sinunod natin ang patnubay ng Espiritu. Naniniwala ako na kapag kumilos tayo ayon sa inspirasyon at mga pahiwatig na dumarating sa atin, lalo tayong pinagkakatiwalaan ng Panginoon.

Natutuhan ko, gaya ng nabanggit ko na sa mga mensahe ko noon, na huwag kailanman ipagpaliban ang

isang pahiwatig. Sa isang pagkaka-taon noon, habang lumalangoy ako sa lumang Deseret Gym sa Salt Lake City nadama ko ang inspirasyon na magpunta sa University Hospital para dalawin ang isang mabuting kaibigan na hindi na maigalaw ang kanyang mga binti dahil sa tumor at isinagawang operasyon. Kaagad kong nilisan ang swimming pool, nagbihis, at pinuntahan kaagad ang butihing lalaking ito.

Pagdating ko sa kanyang silid, wala nang tao roon. Nang magtanong ako nalaman ko na malamang ay matagpuan ko siya sa tabi ng swimming pool ng ospital, na gamit noon sa

physical therapy. Totoo ngang naroon siya. Nagpunta siya doon sakay ng kanyang wheelchair at siya lang magisa ang naroon. Nasa kabilang panig siya ng pool, malapit sa malalim na bahagi nito. Tinawag ko siya, at pinaandar niya ang kanyang wheelchair para batiin ako. Masaya ang naging pag-uusap namin, at sinamahan ko siya pabalik sa kanyang silid sa ospital kung saan binigyan ko siya ng basbas.

Nalaman ko kalaunan mula sa kaibigan ko na masyado na siyang nawalan ng pag-asa at inisip niyang magpakamatay na lang. Nagdasal siya at humiling ng kapanatagan ngunit nagsimula niyang madama na hindi sinasagot ang mga dasal niya. Nagpunta siya sa pool na iniisip na ito na ang paraan para tapusin ang kanyang paghihirap—sa pagpapaandar ng kanyang wheelchair papunta sa malalim na bahagi ng pool. Dumating ako sa kritikal na sandali, bilang tugon sa alam kong inspirasyon mula sa Diyos.

Maraming taon pang nabuhay ang kaibigan ko—mga taon na puno ng kaligayahan at pasasalamat. Natutuwa ako na naging kasangkapan ako sa kamay ng Panginoon sa kritikal na araw na iyon sa tabi ng swimming pool.

Sa isa pang pagkakataon, habang pauwi na kami ni Sister Monson matapos dalawin ang mga kaibigan, nadama kong dapat kaming magpunta sa bayan—na malayu-layo rin—para dalawin ang isang matandang balo na minsan tumira sa aming ward. Ang pangalan niya’y Zella Thomas. Noong panahong iyon ay nakatira na siya sa isang bahay-kalinga. Nang hapong iyon nakita naming mahina na siya ngunit payapang nakahiga sa kanyang kama.

Matagal nang bulag si Zella, ngunit kaagad niyang nakilala ang aming bo-ses. Itinanong niya kung puwede ko siyang bigyan ng basbas, at sinabing handa na siyang mamatay kung nais na siyang pabalikin ng Panginoon. May magiliw at payapang diwa sa silid, at alam naming lahat na ang nalalabi niyang oras sa mortalidad ay sandali na lamang. Hinawakan ni Zella ang kamay ko at sinabi niyang taimtim siyang nanalangin na sana magpunta

ako para dalawin siya at bigyan siya ng basbas. Sinabi ko sa kanya na nagpunta kami dahil sa inspirasyong mula sa ating Ama sa Langit. Hinagkan ko siya sa noo, batid na marahil hindi ko na siya muling makikita sa buhay na ito. Gayon nga ang nangyari, dahil pumanaw siya kinabukasan. Ang makapagbigay ng kaunting aliw at kapayapaan sa aming magiliw na si Zella ay pagpapala sa kanya at sa akin.

Ang pagkakataong maging pagpapala sa buhay ng isang tao ay madalas dumating nang hindi inaasahan. Isang napakaginaw na Sabado ng gabi sa taglamig ng 1983–84, naglakbay kami ni Sister Monson ng ilang milya papunta sa lambak ng Midway, Utah, kung saan mayroon kaming bahay. Ang temperatura nang gabing iyon ay minus 24 degrees Fahrenheit, (–31°C), at gusto naming matiyak na maayos ang lahat sa aming tahanan doon. Tiningnan namin at nakita naming ayos naman, kaya't umalis na kami para bumalik sa Salt Lake City. Halos ilang milya pa lang kami sa highway nang tumigil sa pag-andar ang aming kotse. Tuluyan na kaming nahimpil doon. Bihira akong ginawin, kung sakali man, nang kasingtindi nang gabing iyon.

Atubili man nagsimula kaming maglakad papunta sa pinakamalapit na bayan, habang humahagibis ang mga kotseng dumaraan. Sa wakas isang kotse ang tumigil, at isang binatang ang nag-alok ng tulong. Kalaunan nalaman namin na ang kargang diesel sa aming kotse ay lumapot dahil sa lamig, at imposible nang mamaneho ang kotse. Ang mabait na binatang ito ang naghatid sa amin sa aming tahanan sa Midway. Tinangka ko siyang bayaran sa kanyang serbisyo, pero malugod niya itong tinanggihan. Sinabi niyang isa siyang Boy Scout at gusto niyang makatulong. Nagpakilala ako sa kanya, at nagpasalamat siya sa pribilehiyong makatulong. Dahil ipinalagay ko na nasa edad na siya para magmisyon, tinanong ko kung may plano siyang magmisyon. Sinabi niya na hindi niya tiyak kung ano talaga ang gusto niyang gawin.

Nang sumunod na Lunes ng umaga sinulatan ko ang binatang ito

at pinasalamatan ko siya sa kanyang kabaitan. Sa sulat hinikayat ko siyang maglingkod sa full-time mission. Inalok ko ang kopya ng isa sa mga aklat ko at ginuhitan ang mga kabanata tungkol sa pagmimisyon.

Makalipas ang mga isang linggo tumawag ang ina ng binatang ito at sinabing napakahusay ng kanyang anak ngunit dahil sa ilang impluwensya sa buhay nito, unti-unting nawala ang matagal na niyang hangaring magmisyon. Sinabi niya na silang mag-asawa ay nag-ayuno at nanalangin na magbago ang kanyang puso. Isinulat nila ang kanyang pangalan sa prayer roll ng Provo Utah Temple. Umasa sila na kahit paano ay maantig ang puso niya sa kabutihan, at magbalik ang hangarin niyang magmisyon at matapat na maglingkod sa Panginoon. Gustong ipaalam sa akin ng ina na itinuring niyang sagot sa kanilang mga dalangin para sa kanya ang naganap noong maginaw na gabing iyon. Sabi ko, “Sang-ayon ako sa iyo.”

Makaraan ang ilang buwan at mas marami pang pakikipag-ugnayan sa binatang ito, tuwang-tuwa kami ni Sister Monson na nakadalo kami sa kanyang missionary farewell bago siya umalis papuntang Canada Vancouver Mission.

Nagkataon lang ba na nagtagpo ang aming landas sa maginaw na gabing iyon ng Disyembre? Hindi ako naniniwalang nagkataon lang iyon. Sa halip, naniniwala ako na ang pagtagtagpo namin ay sagot sa taos-pusong panalangin ng isang ama't ina para sa kanilang minamahal na anak.

Muli, mga kapatid, alam ng ating Ama sa Langit ang mga kailangan natin at tutulungan tayo kapag humingi tayo sa Kanya ng tulong. Naniniwala ako na wala tayong alalahanin na napakaliit o walang halaga. Pinagmamalasakitan ng Panginoon ang mga detalye ng ating buhay.

Nais kong magtapos sa pagkukuwento ng isa pang karanasan kama-kailan na nagkaroon ng epekto sa daan-daang katao. Nangyari ito sa isang kultural na pagdiriwang para sa Kansas City Temple, limang buwan pa lang ang nakalilipas. Gaya ng maraming nangyayari sa ating buhay,

parang isang karaniwang karanasan lang ito noon na naging maayos ang lahat. Gayunman, nang malaman ko ang mga sitwasyong may kaugnayan sa kultural na pagdiriwang sa gabi bago nilaan ang templo, natanto ko na ang pagtatanghal nang gabing iyon ay hindi pangkaraniwan. Sa halip, talagang pambihira ito.

Gaya ng lahat ng mga kultural na pagdiriwang kaugnay ng mga paglalaan ng templo, ang kabataan sa Kansas City Missouri Temple District ay nag-ensayo sa magkakahiwalay na grupo sa kani-kanilang lugar. Ang plano ay magkikita-kita silang lahat sa isang malaking inarkilang municipal center sa Sabado ng umaga ng pagtatanghal para malaman nila kung kailan at saan papasok, saan sila tatayo, gaano ang puwang sa pagitan nila at ng kasunod nila, paano lalabas sa unang palapag, at marami pang iba—maraming detalye na dapat nilang makuha agad sa maghapon habang binubuo ng mga nangangasiwa ang iba't ibang tagpo o eksena para maging makinis at maganda ang huling pagtatanghal.

Isa lang ang malaking problema sa araw na iyon. Ang buong produksyon ay nakaasa sa nakarekord na mga yugto na ipapalabas sa malaking screen na tinatawag na JumboTron. Ang nakarekord na mga yugtong ito ay napakahalaga sa buong produksyon. Hindi lamang nila pinagdugtong ang lahat ng ito, kundi bawat nakatelewise na yugto ay pasimula ng kasunod na pagtatanghal. Sa mga video segment nakasalalay ang katuturan ng buong produksyon. At ayaw gumana ang JumboTron.

Balisa na ang mga technician sa paglutas ng problema habang naghintay ang daan-daang kabataan, na nauubusan na ng mahalagang oras ng ensayo. Mukhang imposible nang masolusyunan ang sitwasyon.

Ang manunulat at direktor ng pagdiriwang, si Susan Cooper, ay nagpaliwanag kalaunan: “Habang sinusubukan namin ang iba't ibang plano, alam naming hindi ito umuubra. . . . Habang nakatingin kami sa iskediyul, alam naming hindi na namin



makakaya, pero alam naming nasa amin ang isa sa mga pinakamatinding lakas sa palapag sa ibaba—ang 3,000 kabataan. Kailangan kaming bumaba at sabihin [sa kanila] ang nangyayari at humugot ng lakas sa kanilang pananampalataya.”³

Isang oras na lang bago magsimulang pumasok ang mga manonood, ang 3,000 kabataan ay lumuhod at sama-samang nanalangin. Ipinagdasal

nila na ang mga nag-aayos sa JumboTron ay mabigyang-inspirasyon kung paano ito ayusin; hiniling nila sa Ama sa Langit na tulungan sila sa hindi nila kayang gawin dahil kulang na sa oras.

Sabi ng isang nagsulat tungkol dito pagkatapos, “Iyon ay panalanging hindi malilimutan ng mga kabataan, hindi dahil sa matigas na sahig, kundi dahil sa nadama nila nang napakalakas ang Espiritu.”⁴

Hindi nagtagal lumapit ang isa sa mga technician at sinabi sa kanilang nalaman na kung saan ang problema at naayos na ito. Sinabi niyang masuwerte sila na nahanap ang solusyon, ngunit mas alam ng mga kabataan ang talagang dahilan.

Pagpasok namin sa municipal center nang gabing iyon, wala kaming ideya sa mga hirap na pinagdaanan nang araw na iyon. Kalaunan lang namin nalaman ang tungkol dito. Ang aming nasaksihan, gayunman, ay isang maganda, napakahusay na pagtatanghal—isa sa mga pinakamagandang nakita ko. Nabanaag sa kabataan ang maluwalhati, napakalakas na diwa na nadama ng lahat ng naroon. Parang alam na alam nila kung saan papasok, saan tatayo, at paano makikipag-ugnayan sa iba pang mga nagtatanghal na nakapaligid sa kanila. Nang malaman ko na nagkulang na sila sa oras para mag-ensayo at marami sa mga pagtatanghal ang hindi na naensayo ng buong grupo, nagulat ako. Hindi mahahalata ng kahit sino. Ang Panginoon nga ang nagpuno sa kakulangan.

Namamangha ako lagi sa paraan ng Panginoon sa paghikayat at pangangasiwa sa lahat ng bahagi ng Kanyang kaharian at na may oras pa Siyang magbigay ng inspirasyon sa isang tao—o sa isang kultural na pagdiriwang o sa isang JumboTron. Ang katotohanan na kaya Niyang gawin, at ginagawa Niya ito, ay patotoo sa akin.

Mga kapatid, ang Panginoon ay nasa ating buhay. Mahal Niya tayo. Nais Niya tayong pagpalain. Nais Niyang hingin natin ang Kanyang tulong. Sa paggabay Niya sa atin, at sa pagdinig at pagsagot Niya sa ating mga dasal, mapapasaatin ang kaligayahan dito at ngayon na nais Niya para sa atin. Nawa makita natin ang Kanyang mga pagpapala sa ating buhay, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. 2 Nephi 2:25.
2. Doktrina at mga Tipan 112:10.
3. Susan Cooper, sa Maurine Proctor, “Nothing’s Too Hard for the Lord: The Kansas City Cultural Celebration,” *Meridian Magazine*, Mayo 9, 2012, ldsmag.com.
4. Proctor, *Meridian Magazine*, Mayo 9, 2012.



Ni Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagiging Mas Kristiyanong Kristiyano

Ito ang panawagan ni Cristo sa bawat Kristiyano ngayon: “Pakanin mo ang aking mga kordero. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa.”

Ano ang ibig sabihin ng maging Kristiyano?

Ang isang Kristiyano ay may pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na Siya ang literal na Anak ng Diyos, na isinugo ng Kanyang Ama upang magdusa para sa ating mga kasalanan sa dakilang pagpapakita ng pagmamahal na alam natin bilang Pagbabayad-sala.

Ang isang Kristiyano ay naniniwala na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, maaari tayong magsisi, magpatawad sa iba, sumunod sa mga utos, at magmana ng buhay na walang hanggan.

Ang katagang *Kristiyano* ay nangangahulugan na tinataglay natin ang pangalan ni Cristo. Ginagawa natin ito sa pagpapabinyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga mayhawak ng Kanyang priesthood.

Alam ng isang Kristiyano na sa buong kasaysayan, palaging pinatotohanan ng mga propeta ng Diyos si Jesucristo. Ang Jesus ding ito, kasama

ang Ama sa Langit, ay nagpakita kay Propetang Joseph Smith noong 1820 at ipinanumbalik ang ebanghelyo at ang organisasyon ng Kanyang orihinal na Simbahan.

Sa pamamagitan ng banal na kasulatan at patotoo ni Joseph Smith, alam natin na ang Diyos, ang ating Ama sa Langit, ay may niluwalhati at perpektong katawang may laman at buto. Si Jesucristo ang Kanyang Bugtong na Anak sa laman. Ang Espiritu Santo ay isang personahe ng espiritu na ang gawain ay patotohanan ang Ama at ang Anak. Ang Panguluhang Diyos ay tatlong magkakahiwalay at magkakai-bang nilalang, na iisa ang layunin.

Sa mga doktrinang ito na pundasyon ng ating pananampalataya, mayroon pa bang pagdududa o pagtatalo na tayo, bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay Kristiyano? Ngunit sa bawat Kristiyano, may isa pang simpleng tanong: anong klaseng Kristiyano ba tayo? Sa madaling salita, kumusta na ang pagsisikap nating sundin si Cristo?

Isipin natin ang karanasan ng dalawang disipulong Kristiyano:

“At sa paglalakad [ni Jesus] sa tabi ng dagat ng Galilea; ay nakita niya ang dalawang magkapatid, si Simon na tinatawag na Pedro, at si Andres na kaniyang kapatid, na inihuhulog ang isang lambat sa dagat; sapagka’t sila’y mga mamamalakaya.

“At sinabi niya sa kanila, Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao.

“At pagdaka’y iniwan nila ang mga lambat, at nagsisunod sa kaniya.”¹

Bilang mga Kristiyano ngayon, may pagkakataon tayong kumilos pagdaka, at kaagad, at nang may katatagan, tulad nina Pedro at Andres: “iniwan nila ang mga lambat, at nagsisunod sa kaniya.”² Tayo man ay inuutusang iwanan ang ating mga lambat, na itakwil ang mga makamundong gawi, kaugalian, at tradisyon. Iniuutos din sa atin na talikuran ang ating mga kasalanan. “Pinalapit [ni Jesus] sa kaniya ang karamihan . . . , at sa kanila’y sinabi, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.”³ Ang pagkakait sa ating sarili ng di-makadiyos na pag-uugali ay simula ng pagsisisi, na naghahatid ng malaking pagbabago ng puso hanggang sa tayo ay “wala nang hangarin pang gumawa ng masama.”⁴

Ang pagbabagong ito, na tinatawag na pagbabalik-loob, ay posible lamang sa pamamagitan ng Tagapagligtas. Nangako si Jesus: “Kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. . . . At ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin *ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila.*”⁵ Kapag tayo ay *napanibago* kay Cristo, magbabago ang mismong pagkatao natin at hindi na natin nanaising bali-kan ang dati nating pag-uugali.

Magkagayunman, ang matatapat na Kristiyano ay laging pagpapalain sa pagdanas ng mga paghihirap at

kabiguan. Kapag dumating ang mga hamong ito na nagpapadalisay sa atin, maaari tayong matuksong balikan ang dati nating pag-uugali. Matapos ang Pagpapako sa Krus sa Tagapagligtas, nagpakita Siya sa kababaihan at sinabi sa kanila na makikita Siya ng kalalalahanian sa Galilea. Pagbalik ni Pedro, ang nakatatandang Apostol, sa Galilea, nagbalik din siya sa gawaing alam niya—na komportable siyang gawin. “Mangingisda ako,”⁶ paliwanag niya, at nagsama siya ng ilang disipulo.

Tunay ngang si Pedro at ang iba pa ay nangisda buong magdamag na walang mahuling isda. Kinabukasan nagpakita si Jesus sa pampang at tinawag sila sa dagat at sinabi, “Ihulog ninyo ang lambat sa dakong kanan.” Sinunod ng mga disipulong nasa bangka ang mga tagubilin ng Tagapagligtas at agad natuklasan na himalang napuno ng mga isda ang kanilang mga lambat. Nakilala ni Juan ang tinig ng Tagapagligtas, at dagling tumalon si Pedro sa dagat at lumangoy patungong pampang.⁷

Sa mga Kristiyanong nagbalik sa dati nilang di-tapat na pag-uugali, isipin ang halimbawa ng katapatan ni Pedro. Huwag magpaliban. Halina’t pakinggan at kilalanin ang tinig ng Panginoon na tumatawag. At kaagad magbalik sa Kanya at muling tanggapin ang Kanyang saganang pagpapala.

Nang magbalik sa pampang ang mga kapatid, natuklasan nila ang maraming isda at tinapay. “Magsiparito kayo at mangagpawing gutom,”⁸ ang pag-anyaya ng Tagapagligtas. Nang pakainin Niya sila, tatlong beses Niyang tinanong si Pedro, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo baga ako?” Nang ipahayag ni Pedro ang kanyang pagmamahal, hiniling sa kanya ng Tagapagligtas, “Pakanin mo ang aking mga kordero. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa.”⁹

Ito ang panawagan ni Cristo sa bawat Kristiyano ngayon: “Pakanin mo ang aking mga kordero. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa”—ibahagi ang aking ebanghelyo sa mga bata at matatanda, na nagpapasigla, nagpapala, nagpapanatag, naghihikayat, at nagpapalakas sa kanila, lalo na sa mga yaong iba ang iniisip at



pinaniniwalaan kaysa atin. Pinakakain natin ang Kanyang mga kordero sa ating tahanan sa paraan ng pamumuhay natin ng ebanghelyo: sa pagsunod sa mga utos, pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagtulad sa Kanyang pagmamahal. Pinakakain natin ang Kanyang mga tupa sa Simbahan sa paglilingkod sa mga priesthood quorum at auxiliary organization. At pinakakain natin ang Kanyang mga tupa sa buong mundo sa pagiging mabubuting Kristiyano sa ating kapwa, na ipinamumuhay ang dalisay na relihiyon sa pagbisita at paglilingkod sa mga balo, ulila sa ama, maralita, at sa lahat ng nangangailangan.

Para sa marami, ang panawagang maging isang Kristiyano ay maaaring mahirap, at malaking tungkulin. Ngunit hindi tayo dapat matakot o makadama ng kakulangan. Nangako ang Tagapagligtas na gagawin Niya tayong marapat at magagawa natin ang Kanyang gawain. “Magsisunod kayo sa hulihan ko,” ang wika Niya “at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao.”¹⁰ Kapag sumunod tayo sa Kanya, bibiyayaan Niya tayo ng mga kaloob, talento, at lakas na gawin ang Kanyang kalooban, na magtutulot sa atin na gumawa ng higit pa sa mga gawaing madali para sa atin at gawin ang mga bagay na akala natin ay hindi natin magagawa. Maaaring ang kahulugan nito ay ibahagi ang ebanghelyo sa mga kapitbahay, sagipin ang mga naliligaw ng landas, magmisyon, magtrabaho sa templo, magpalaki ng anak na may mga espesyal na pangangailangan, mahalina ang alibughang anak,

maglingkod sa maysakit na asawa, tiisin ang mga di-pagkakasundo, o paghihirap. Nangangahulugan ito na ihanda ang ating sarili sa pagtugon sa Kanyang panawagan at sabihing, “Saanman ako’y tutungo; nais N’yo’y bibigkasin ko; susundin ko ang utos N’yo; [magiging katulad ng nais N’yo].”¹¹

Para maging katulad ng nais ng Ama sa Langit, sinusunod natin si Jesucristo. Pinatotohanan ko na patuloy Siyang nananawagan na sundin natin Siya. Kung ngayon lang ninyo nalaman na tapat na Kristiyano ang mga Banal sa mga Huling Araw o kung hindi kayo aktibo sa Simbahan at nagnanais na sundin Siyang muli—huwag matakot! Ang mga unang disipulo ng Tagapagligtas ay pawang mga bagong miyembro ng Simbahan, na kababalik-loob pa lang sa Kanyang ebanghelyo. Matiyagang tinuruan ni Jesus ang bawat isa sa kanila. Tinulungan Niya silang gampanan ang kanilang mga responsibilidad. Tinawag Niya silang Kanyang mga kaibigan at ibinuwis ang Kanyang buhay para sa kanila. At nagawa na rin Niya iyon para sa inyo at sa akin.

Pinatotohanan ko na sa pamamagitan ng Kanyang walang-katapusang pagmamahal at awa, maaari tayong maging mas Kristiyanong-Kristiyano. Isipin ang sumusunod na mga kataangiang katulad ng kay Cristo. Ano ang ginagawa natin para mapag-ibayo ang mga ito sa ating sarili?

Pagmamahal ng Kristiyano. Pinalalagan ng Tagapagligtas ang lahat. Mabait at mahabagin sa lahat, iniwan



Niya ang siyamnapu't siyam upang hanapin ang isang nawawala,¹² dahil “maging ang mga buhok ng [ating] ulo ay . . . bilang”¹³ sa Kanya.

Pananampalataya ng Kristiyano. Sa kabila ng mga tukso, pagsubok, at pang-uusig, nagtiwala ang Tagapagligtas sa ating Ama sa Langit at piniling maging tapat at masunurin sa Kanyang mga utos.

Pagsasakripisyo ng Kristiyano. Sa buong buhay niya, ibinigay ng Tagapagligtas ang Kanyang oras, lakas, at sa huli, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, ay ibinigay Niya ang Kanyang Sarili upang ang lahat ng anak ng Diyos ay mabuhay na mag-uli at magkaroon ng pagkakataong magmana ng buhay na walang hanggan.

Pagmamalasakit ng Kristiyano. Tulad ng mabuting Samaritan, patuloy na tumutulong ang Tagapagligtas na sagipin, mahalina, at pangalagaan ang mga tao sa Kanyang paligid, anuman ang kanilang kultura, paniniwala, o sitwasyon.

Paglilingkod ng Kristiyano. Umii-gib man ng tubig sa balon, nagluluto ng makakaing isda, o naghuhugas ng maruruming paa, ginugol ng Tagapagligtas ang Kanyang mga araw sa paglilingkod sa kapwa—pinasisigla ang napapagod at pinalalakas ang mahina.

Pagtitiyaga ng Kristiyano. Sa Kanyang sariling kalungkutan at pagdurusa, naghintay ang Tagapagligtas sa tulong ng Kanyang Ama. Nagtiyaga para sa atin, matiyaga Niyang hinintay na makita natin ang tamang landas at bumalik sa Kanya.

Kapayapaan ng Kristiyano. Sa buong paglilingkod Niya hinimok Niyang magkasundo tayo at itinaguyod ang kapayapaan. Lalo sa Kanyang mga disipulo, itinuro Niya na ang mga Kristiyano ay hindi maaaring makipag-talo sa ibang mga Kristiyano, anuman ang kanilang di-mapagkasunduan.

Pagpapatawad ng Kristiyano. Itinuro Niya na pagpalain natin ang mga sumusumpa sa atin. Ipinakita Niya sa

atin ang paraan nang ipagdasal Niya na mapatawad ang mga nagpako sa Kanya sa krus.

Pagbabalik-loob ng Kristiyano. Tulad nina Pedro at Andres, maraming nakauunawa sa katotohanan ng ebanghelyo sa sandaling marinig nila ito. Sila ay kaagad na nagbabalik-loob. Para sa iba maaaring mas matagal ito. Sa isang paghahayag kay Joseph Smith, itinuro ng Tagapagligtas, “Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw,”¹⁴ ang ganap na araw ng ating pagbabalik-loob. Si Jesucristo ang “ilaw at ang Manunubos ng sanlibutan; ang Espiritu ng katotohanan.”¹⁵

Pagtitiis ng Kristiyano hanggang wakas. Sa lahat ng araw ng Tagapagligtas, hindi Siya sumuko kailanman sa paggawa ng kalooban ng Kanyang Ama kundi nagpatuloy Siya sa kabutihan, kabaitan, awa, at katotohanan hanggang sa wakas ng Kanyang mortal na buhay.

Ito ang ilan sa mga katangian ng mga nakikinig at sumusunod sa tinig ng Tagapagligtas. Bilang isa sa Kanyang natatanging saksi sa mundo, pinatotohanan ko bilang isang Kristiyano na nananawagan Siya sa inyo ngayon, “Pumarito ka, sumunod ka sa akin.”¹⁶ Halina't tumahak sa landas patungo sa walang-hanggang kaligayahan, kagalakan, at buhay na walang hanggan sa kaharian ng ating Ama sa Langit. Sa pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas at Manunubos, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 4:18–20.
2. Marcos 1:18.
3. Marcos 8:34.
4. Mosias 5:2.
5. Eter 12:27; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Juan 21:3.
7. Tingnan sa Juan 21:3–8.
8. Juan 21:12.
9. Tingnan sa Juan 21:15–17.
10. Mateo 4:19; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Tingnan sa “Tutungo Ako Saanman,” *Mga Himno*, blg. 171.
12. Tingnan sa Mateo 18:12–14.
13. Lucas 12:7.
14. Doktrina at mga Tipan 50:24.
15. Doktrina at mga Tipan 93:9.
16. Lucas 18:22.



Ni Elder Richard G. Scott
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay

“Kanyang itanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama.”

I nihayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith ang napakagandang doktrina tungkol sa sagradong ordenansa ng binyag. Dumating ang paghahayag na iyon nang itinuturo ng iba pang mga simbahang Kristiyano na ang kamatayan ay hindi madadaig, walang hanggan at nagtatadhana sa kaha-hantungan ng kaluluwa. Itinuro nila na ang mga nabinyagan ay ginagantimplaan ng walang-katapusang kagalakan samantalang ang iba ay dumaranas ng walang-hanggang kaparusahan, na walang pag-asang matubos pa.

Ang paghahayag ng Panginoon na ang binyag ay maaaring isagawa para sa mga patay sa pamamagitan ng wastong awtoridad ng priesthood ay nagbigay-katwiran sa Kanyang pahayag na: “Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya, makapapasok sa kaharian ng Dios.”¹ Ang pagbibinyag para sa mga patay ay mahalagang ordenansa para sa lahat ng pumanaw na karapat-dapat na hindi nakatanggap nito sa mortalidad.

Ang maluwalathing doktrinang ito ay isa pang patotoo sa ganap at walang-hanggang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ginawa Niyang posible

ang kaligtasan sa bawat kaluluwang nagsisisi. Dinaig ng Kanyang Pagbabayad-sala ang kamatayan, at tinulutan Niyang matanggap ng mga karapat-dapat na yumao ang lahat ng ordenansa ng kaligtasan.

Sa isang liham na isinulat mahigit 150 taon na ang nakalilipas, sinabi ni Joseph Smith: “Ang mga Banal ay may pribilehiyong mabinyagan para sa . . . kanilang namatay na mga kamag-anak . . . na tumanggap ng Ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu, sa pamamagitan ng . . . mga inatasang mangaral sa kanila.”² Kalaunan sinabi pa niya, “Ang mga Banal na magbabalewala dito para sa kanilang namayapang mga kamag-anak, ay ginagawa ito sa ikapapahamak ng sarili nilang kaligtasan.”³

Ipinagkaloob ng propetang si Elijah ang mga susi ng pagsasagawa ng mga gawain para sa mga patay kay Joseph Smith sa Kirtland Temple⁴ upang tuparin ang pangako ng Panginoon na “kanyang itanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama.”⁵

Sa dagdag na paghahayag kay

Joseph Smith at sa sumunod na mga propeta, naunawaan at pinaghandaan ang gawain sa templo at sa family history na sumusuporta dito. Binigyang-diin ng bawat propeta magmula kay Joseph Smith na kailangang-kailangang maisagawa ang lahat ng ordenansa para sa ating sarili at sa namatay nating mga ninuno.

Ang gawain sa templo at family history ay isang gawain na nahahati sa dalawang bahagi. Magkaugnay ang mga ito tulad ng mga ordenansa ng binyag at ng kaloob na Espiritu Santo. Maaaring hindi magawa ng ilang miyembro ang mga gawaing ito dahil sa problema sa kalusugan o napakalayo nila sa templo.

Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter:

“Kailangan nating maisagawa ang mga ordenansa ng priesthood sa templo na mahalaga sa ating sariling kadakilaan; pagkatapos ay kailangan nating gawin ang mahalagang gawain para sa mga hindi nagkaroon ng pagkakataon na tanggapin ang ebanghelyo sa buhay na ito. Ang paggawa nito para sa iba ay naisasagawa sa dalawang hakbang: una, sa pagsasaliksik ng family history para matukoy ang ating mga ninuno; at pangalawa, sa pagsasagawa ng mga ordenansa ng templo upang bigyan din sila ng mga pagkakataon tulad ng mga buhay.

“Gayunman maraming miyembro ng Simbahan ang limitado ang pagpasok sa mga templo. Ginagawa nila ang lahat sa abot ng makakaya nila. Nagsasaliksik sila sa family history at ipinagagawa sa iba ang ordenansa sa templo. Gayunman, may ilang miyembro na ginagawa ang gawain sa templo ngunit bigong gawin ang pagsasaliksik ng family history sa kanilang sariling mga ninuno. Bagama’t nagsasagawa sila ng banal na paglilingkod sa pagtulong sa iba, nawawala sa kanila ang mga pagpapala sa hindi pagsasaliksik sa sarili nilang kamag-anak na namatay na gaya ng tagubilin ng mga propeta sa mga huling araw. . . .

“Nalaman ko na ang mga nagsasaliksik ng family history at pagkatapos ay isinasagawa ang mga ordenansa sa templo para sa mga pangalan na nahanap

nila ay makadarama ng dagdag na kagalakan sa pagtanggap sa lahat ng pagpapala na dulot ng mga ito.”⁶

Nais ng Ama sa Langit na matanggap natin ang lahat ng pagpapala na dulot ng mahahalagang gawaing ito para sa mga patay. Inakay Niya ang iba upang ipakita sa atin kung paano maging karapat-dapat. Nasa inyo na at sa akin ang pagtatamo ng mga pagpapalang iyon.

Ang anumang gawain na ginagawa ninyo sa loob ng templo ay hindi pagsasayang ng panahon, bagkus ang pagtanggap ng mga ordenansa para sa isa sa mga yumao ninyong ninuno ay lalong magpapabanal sa oras na ginugol sa templo at mas malalaking pagpapala ang matatanggap. Ipinahayag ng Unang Panguluhan, “Ang pinakamahalagang obligasyon natin ay hanapin at tukuyin ang *sarili* nating mga ninuno.”⁷

Kayong mga kabataan, gusto ba ninyo ng isang tiyak na paraan para maalis ang impluwensya ng kaaway sa inyong buhay? Lubos na makibahagi sa paghahanap ng inyong mga ninuno, ihanda ang kanilang pangalan para sa mga sagradong ordenansa na maisasagawa sa templo, at magpunta sa templo para magsilbing proxy nila sa pagtanggap ng mga ordenansa ng binyag at kaloob na Espiritu Santo. Sa pagtanda ninyo, magagawa ninyong makibahagi sa pagtanggap ng iba pang mga ordenansa. Wala akong maisip na mas mainam na proteksyon laban sa impluwensya ng kaaway sa inyong buhay.

Sa Russia Rostov-na-Donu Mission inanyayahan ang mga kabataan na mag-index ng 2,000 pangalan ang bawat isa sa kanila at ihanda ang kahit isang pangalan lang mula sa sarili nilang pamilya para sa mga ordenansa sa templo. Ang mga nakagawa sa mithiing ito ay inanyayahang pumunta sa bagong Kyiv Ukraine Temple. Isang binatilyo ang nagkuwento ng kanyang karanasan: “Marami akong inuubos na oras noon sa mga computer game. Nang simulan ko ang indexing, wala na akong panahon na maglaro nito. Noong una naisip ko, “Naku! Paano nangyari ito!” Nang matapos ang proyektong ito, nawalan na rin ako ng interes sa

paglalaro. . . . Ang gawain sa genealogy ay isang bagay na magagawa natin dito sa mundo, at mananatili ito sa langit.”

Maraming matatapat na Banal ang nakapagsaliksik na ng kanilang mga ninuno at ginagamit ang reserve feature ng FamilySearch upang sarili nilang pamilya ang mag-proxy sa gagawing mga ordenansa. Ang layon ng pagrereserba ng mga pangalan ay para magkaroon ng sapat na panahon ang bawat isa na isagawa ang mga ordenansa para sa mga ninuno at kaanak nito. Sa ngayon may 12 milyong pangalan at milyun-milyong kaukulang ordenansa ang gagawin para sa mga ito. Maraming pangalan ang ilang taon nang nakareserba. Ang nahanap na mga ninuno ay tiyak na sabik at natutuwa nang mapahintulutang magawan ng mga ordenansa ang kanilang pangalan. Gayunman, maaaring hindi sila masyadong masaya kapag kailangan pang maghintay sila para maisagawa ang mga ordenansa para sa kanila.

Hinihikayat namin kayong may maraming inireserbang pangalan na ipagawa ito sa iba para ang mga kamag-anak ninyo o ang mga miyembro ng ward at stake ay makatulong sa

inyo sa pagkumpleto ng gawaing ito. Magagawa ninyo ito sa pagbibigay ng mga temple card sa mga miyembro ng ward at stake na handang tumulong o sa paggamit ng FamilySearch computer system upang direktang maisumite ang mga pangalan sa templo. Ang huling opsyong ito ang matagal nang ginagawa ni Cindy Blevins ng Casper, Wyoming.

Si Sister Blevins ay nabinyagan noong tinedyer siya at siya lang ang miyembro ng Simbahan sa kanyang pamilya. Napakarami na niyang nagawang genealogy. Ngunit napakarami ng pangalan para makumpleto niya at ng kanyang pamilya. Dahil dito, isinumite ni Sister Blevins ang mga pangalan sa templo, na, sabi niya, kadalasan ay nakukumpleto sa loob ng ilang linggo, karaniwan ay sa isa sa dalawang pinakamalapit na templo sa kanyang tahanan. Natutuwa raw siyang isipin na maaaring kabilang ang mga kaibigan at kapitbahay sa kanyang sariling ward at stake sa mga tumutulong sa pagkumpleto ng gawain para sa kanyang mga ninuno. Pinasasalamatang niya ang paggawa nila nito.

Gustung-gusto ng mahal kong



asawang si Jeanene, ang pagsasaliksik sa family history. Noong maliliit pa ang mga anak namin, nakikipagrelyebo siya ng pagbabantay sa mga bata sa mga kaibigan para makapag-ukol siya ng ilang oras bawat ilang linggo sa pagsasaliksik ng aming mga ninuno. Nang umalis na sa bahay ang bunsong anak namin, itinala niya sa kanyang journal: “Nakapagdesisyon na ako at gusto kong panindigan at ipagsigawan ito. Ang dating silid ni Mike ay naging silid ko sa paggawa ng genealogy. Kumpleto ito ng gamit para maisaayos ang mga talaan at makagawa ako. Ang buhay ko’y matutuon ngayon sa mahalagang pagsasaliksik ng pamilya at pagsusumite ng mga pangalan sa templo. Sabik na sabik na akong gawin ito.”⁸

Mababasa sa isang pang journal entry: “Ang . . . himala ay nangyari sa akin sa Family History office ni Mel Olsen na nagbigay sa akin ng printout ng lahat ng aking nahanap na mga pedigree chart mula sa update ng mga Ancestral File computerized record na ipinadala sa genealogical society. Karumahan dito ay mula sa rekord na bunga ng programa ng Simbahan na ginamit maraming taon na ang nakalipas upang hikayatin ang mga miyembro na saliksikin ang apat na henerasyon ng kanilang family history. Palaging nasa isip ko ang malaking gawaing dapat kong gawin para matipon ang lahat ng nasaliksik na rekord ng aking mga ninuno mula sa mga organisasyon ng pamilya at ilagay lahat ito sa computer para sa kauna-unahang computerized distribution ng Ancestral File. At naroon silang lahat, maganda, maayos at naka-print at nasa ibabaw ng mesa sa harapan ko. Nag-umapaw ang tuwa ko at naupo ako na namamangha at pagkatapos ay nagsimulang umiyak, napakasaya ko. . . . Para sa tulad kong walang-tigil at masigasig na nagsaliksik sa loob ng tatlung taon, ang paglalagay ng lahat ng talaang ito sa computer ay talagang kapana-panabik. At kapag naiisip ko ang libu-libong tao na ngayon o di magtatagal ay maglalagay sa computer ng napakaraming listahan ng mga census at mga disk na personal na sinaliksik. . . . tuwang-tuwa ako. Tunay na ito ang gawain ng Panginoon



at Siya ang namamahala dito.”⁹

Naranasan ko na ang ibinunga ng napakadakilang gawaing ito kaya nalaman ko na ang mga susi ni Elijah na ipinanumbalik kay Joseph Smith ang nagbibigkis sa ating mga puso at nag-uugnay sa atin sa ating mga ninuno na naghihintay ng ating tulong. Sa ating mga gawain sa mga banal na templo dito sa lupa gamit ang awtoridad na ipinagkatiwala ng Tagapagligtas, natanggap ng ating mga ninuno ang mga nakapagliligtas na ordenansa na magbibigay-daan upang matamasa nila ang walang-hanggang kaligayahan.

Noon, dahil sa matinding pananalig sa kabanalan ng gawain, magiting na hinarap ng mga tao ang hamon na para bang kaya nilang anihing mag-isa ang lahat ng butil sa Nebraska. Ngayon, marami na ang nagtutulong-tulong para magawa ito. Sama-sama nating magagawa ang kailangang gawain.

Nagpapatotoo ako na ang Espiritu ni Elijah ang umaantig sa puso ng marami sa mga anak ng Ama sa buong mundo, na siyang nagpapabilis sa gawain para sa mga patay.

Ano naman ang ginagawa ninyo? Ipinagdasal na ba ninyo ang gawain para sa sarili ninyong mga ninuno? Isantabi ang mga bagay sa inyong buhay na hindi mahalaga. Magpasiyang gawin ang isang bagay na magkakaroon ng epekto sa kawalang-hanggan. Marahil nadama na ninyong dapat hanapin ang inyong mga ninuno ngunit

naisip ninyong hindi kayo genealogist. ‘Di ba ninyo nakikita na hindi na ninyo kailangang maging genealogist? Nagsimula ang lahat ng ito sa pagmamahal at matapat na hangaring tulong ang mga nasa kabilang-buhay na hindi matulungan ang kanilang sarili. Magtanjung-tanong kayo. Makahahanap kayo ng isang tao sa inyong lugar na makatutulong sa inyo na magtagumpay.

Ang gawaing ito ay espirituwal, isang napakalaking pagtutulongan sa magkabilang-panig ng tabing na kapwa tumatanggap ng tulong. Saanman kayo naroon, sa pamamagitan ng panalangin, pananampalataya, determinasyon, sigasig, at kaunting sakripisyo, malaki ang maiaambag ninyo. Simulan na ngayon. Ipinapangako ko na tutulongan kayo ng Panginoon na mahanap ang daan. At napakaganda ng mararamdaman ninyo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 3:5.
2. *History of the Church*, 4:231.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 553.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16.
5. Doktrina at mga Tipan 2:2; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Howard W. Hunter, “A Temple-Motivated People,” *Liahona*, Mayo 1995, 5–6.
7. Liham ng Unang Panguluhan, Feb. 29, 2012; idinagdag ang pagbibigay-diin.
8. Jeanene Watkins Scott, personal journal, Abr. 1988.
9. Jeanene Watkins Scott, personal journal, Set. 23, 1989.



Ni Russell T. Osguthorpe
Sunday School General President

Isang Hakbang Palapit sa Tagapagligtas

Pagbabalik-loob ang mithiin ng lahat ng pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo. Ang pagbabalik-loob ay hindi nangyayari nang minsanan. Ito ay habambuhay na pagsisikap na maging higit na katulad ng Tagapagligtas.

Nitong nakaraang tag-init ang isang maikling artikulong isinulat ko ay nalathala sa *Liahona* at *Ensign*. Nag-email ang anak ko na nagsasabing, “Itay, sabihin naman po ninyo sa amin kapag may lababas kayong artikulo.” Ang sagot ko, “Gusto ko lang malaman kung binabasa ninyo ang mga magasin ng Simbahan.” Nag-email siya ulit na nagpapaliwanag na ang kanyang 10-taong gulang na anak na babae ang “nakapasa sa pagsubok. Kinuha niya ang *Ensign* sa mailbox, pumasok sa bahay, at binasa ito. Pagkatapos pumasok siya sa silid namin at ipinakita sa amin ang inyong artikulo.”

Binasa ng apo kong babae ang *Ensign* dahil gusto niyang matuto. Kusa siyang kumilos. Kamakailan ay inaprubahan ng Unang Panguluhan ang bagong mga pag-aaralan para sa kabataan na susuporta sa hangarin ng mga kabataan na matutuhan, ipamuhay, at ibahagi ang ebanghelyo. Ang mga pag-aaralang ito ay maaari na ngayong rebyuhin online. Sa Enero sisimulan nating gamitin ang mga ito

sa mga silid-aralan. (Alamin ang iba pang detalye tungkol sa mga bagong materyal sa pag-aaral para sa kabataan sa lds.org/youth/learn.)

Noong nagtuturo ang Tagapagligtas, ang kalayaan ng nag-aaral ay napakahalaga. Ipinakita Niya sa atin hindi lamang kung ano ang ituturo kundi kung paano rin magturo. Nakatuon ang Kanyang pansin sa mga pangangailangan ng nag-aaral. Tinulungan Niya ang mga tao na matuklasan nila mismo ang katotohanan.¹ Siya ay palaging nakikinig sa kanilang mga tanong.²

Ang mga bagong pag-aaralang ito ay tutulong sa ating lahat na matuto at magturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas sa ating mga tahanan at silid-aralan.³ Kapag ginawa natin ito, makatutugon tayo sa Kanyang paanyaya na “pumarito ka, sumunod ka sa akin,”⁴ tulad ng napakagandang itinuro ni Elder Robert D. Hales. Habang binubuo noon ang mga bagong pag-aaralang ito, nakita ko ang mga lider at guro sa mga auxiliary at seminary na nakikipag-usap sa mga magulang

para matugunan nila ang mga pangangailangan ng kanilang mga tinuturuan. Nakita ko ang mga kabataang babae sa kanilang mga klase, ang mga kabataang lalaki sa kanilang mga korum sa Aaronic Priesthood, at mga kabataan sa Sunday School na natututong gamitin ang kanilang kalayaan at kumilos para sa kanilang sarili.

Isang guro ng mga kabataan sa Sunday School ang nag-isip kung paano tutulungan ang dalawang autistic na binatilyo na kumilos para sa kanilang sarili. Nang anyayahan niya ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang natututuhan, nag-alala siya na baka tanggihan ng dalawang binatilyong ito ang kanyang paanyaya. Pero hindi sila tumanggi. Tumayo ang isa para ituro ang natutuhan niya at nagpatulong pa sa kanyang kaklaseng autistic. Nang magsimulang mahirapan ang una, nanatili sa kanyang tabi ang kaklase niya at bumulong sa kanya para madama niyang nagtagumpay siya. Kapwa sila nagturo nang araw na iyon. Itinuro nila kung *ano* ang itinuro ng Tagapagligtas, at nagturo rin sila kung *paano* nagturo ang Tagapagligtas. Noong nagtuturo ang Tagapagligtas, nagpakita Siya ng pagmamahal sa bawat tao na Kanyang tinuturuan, gaya ng ginawa ng kaklaseng ito sa kanyang kaibigan.⁵


Kapag natuto tayo at itinuro ang Kanyang salita ayon sa Kanyang paraan, tinatanggap natin ang Kanyang paanyaya na “pumarito ka, sumunod ka sa akin.” Sumusunod tayo sa Kanya sa paisa-isang hakbang. Sa bawat hakbang, napapalapit tayo sa Tagapagligtas. Nagbabago tayo. Alam ng Panginoon na ang espirituwal na pag-unlad ay hindi nangyayari nang minsanan. Ito ay nangyayari nang dahan-dahan. Sa tuwing tatanggapin natin ang Kanyang paanyaya at pipiliing sumunod sa Kanya, umuunlad tayo tungo sa lubusang pagbabalik-loob o pagbabago.

Pagbabalik-loob ang mithiin ng lahat ng pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo. Ang pagbabalik-loob ay hindi nangyayari nang minsanan. Ito ay habambuhay na pagsisikap na maging higit na katulad ng Tagapagligtas.

Ipinaalala sa atin ni Elder Dallin H. Oaks na hindi sapat ang “*magkaroon [lang] ng kaalaman.*” “Upang ‘magbalik-loob’ . . . kailangan tayong *gumawa at magkaroon ng kahihinatnan.*”⁶ Kaya’t ang pag-aaral para sa pagbabalik-loob ay tuluy-tuloy na pag-alam, paggawa, at pagkakaroon ng kahihinatnan. Gayundin, kailangan sa pagtuturo para sa pagbabalik-loob ang pangunahing doktrina, paanyayang kumilos, at pangakong mga pagpapala.⁷ Kapag nagtuturo tayo ng totoong doktrina, tinutulungan natin ang nag-aaral na matuto. Kapag inanyayahan natin ang iba na kumilos, tinutulungan natin silang gawin o ipamuhay ang doktrina. At kapag dumating ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon, tayo ay nagbabago. Kagaya ni Alma, tayo ay maaaring maging bagong nilalang.⁸

Ang mga bagong pag-aaralan para sa kabataan ay may isang napakahalagang mithiin: tulungan ang mga kabataan na magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nakita ko kamakailan lang ang isang binatilyo sa klase sa Sunday School na nakatuklas ng katotohanan para sa kanyang sarili. Nang mapansin kong nahihirapan siyang iugnay ang Pagbabayad-sala sa kanyang buhay, itinanong ko kung nakadama na siya ng pagpapatawad. Sagot niya: “Opo, gaya noong nabali ko ang ilong ng kalaro ko habang naglalaro kami ng soccer. Nalungkot po ako dahil dito. Inisip ko po kung ano ang kailangan kong gawin para gumaan ang pakiramdam ko. Kaya nagpunta ako sa bahay niya at humingi ng patawad, pero alam kong may kailangan pa akong gawin, kaya nanalangin ako, at nadama ko na pinatawad din ako ng Ama sa Langit. Iyan po ang ibig sabihin sa akin ng Pagbabayad-sala.”

Nang ikuwento niya ang karanasang ito sa klase nang araw na iyon, binasa niya ang Juan 3:16—“Sapagka’t gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak”—at nagpatotoo sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Ang doktrinang ito ay hindi na isang konsepto lang para sa



binatilyong ito. Naging bahagi ito ng kanyang buhay dahil nagtanong siya at pagkatapos ay ginamit ang kanyang kalayaan para kumilos.⁹

Ang binatilyong ito ay lalo pang nagbabalik-loob, at gayundin ang kanyang mga kaklase. Nagtuon sila sa isang mahalagang doktrina sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Iniugnay nila ang mga sagradong salitang iyon sa sarili nilang buhay at pagkatapos ay nagpatotoo tungkol sa mga pagpapalang dumating sa kanila bunga ng pagsunod sa doktrina. Kapag itinuturo natin ang ebanghelyo ni Jesucristo, tumutuon tayo sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga makabagong propeta. Umaasa tayo sa sagradong teksto para mapalakas ang pananampalataya, magkaroon ng patotoo, at matulungan ang lahat na lubusang magbalik-loob. Ang bagong pag-aaralan para sa kabataan ay tutulong sa lahat ng gagamit nito na maunawaan at maipamuhay ang salita ng Diyos.

Habang nagtuturo sa mga Banal sa Costa Rica, ipinakita ko ang kopya ng *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* at nagtanong, “Ilan sa inyo ang may kopya ng manwal na ito?” Halos lahat ay nagtaas ng kamay. May ngiting sinabi ko, “At tiyak na binabasa ninyo ito araw-araw.” Nagulat ako na isang babae sa harapan ang nagtaas ng kanyang kamay, tanda na binabasa niya ito araw-araw. Pinapunta ko siya sa podyum para magpaliwanag. Sabi niya, “Binabasa ko ang Aklat ni Mormon

tuwing umaga. Pagkatapos ay nagbabasa ako sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* para maituro ko sa aking mga anak ang natutuhan ko sa pinakamainam na paraan.”

Nais niyang matutuhan at ituro ang Kanyang salita ayon sa Kanyang paraan, kaya’t pinag-aralan niya ang Kanyang salita sa mga banal na kasulatan at pagkatapos ay pinag-aralan naman kung paano ituro ang Kanyang salita upang lubusang magbalik-loob ang kanyang mga anak. Ang kanyang paraan ng pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo ay hindi nangyari nang minsanan. Nagdesisyon siyang gawin ang isang bagay. At habang ginagawa niya ang alam niyang dapat niyang gawin, lalo siyang pinalakas ng Panginoon sa pagtahak sa Kanyang landas.

Kung minsan ang landas tungo sa pagbabalik-loob ay mahaba at mahirap. Ang bayaw ko ay di-gaanong aktibo noon sa Simbahan sa loob ng 50 taon. Tinanggap lamang niya ang paanyaya ng Tagapagligtas na bumalik noong siya ay nasa kanyang 60s. Marami ang tumulong sa kanya. Isang home teacher ang nagpapadala sa kanya ng postcard buwan-buwan sa loob ng 22 taon. Ngunit kailangang siya ang magpasiya na gusto na niyang magbalik. Kailangan niyang gamitin ang kanyang kalayaan sa pagpili. Kailangan niyang gawin ang unang hakbang na iyon—at ang mga susunod pang hakbang. Ngayon nabuklod na silang mag-asawa, at naglilingkod siya ngayon sa bishopric.

Kamakailan ipinakita namin sa kanya ang mga video na ginawa para tulungan ang mga lider at guro na ipatupad ang mga bagong pag-aaralan. Pagkatapos panoorin ang mga video, sumandal sa kanyang upuan ang bayaw ko at medyo madamdaming sinabi, “Siguro kung mayroon niyan noong kabataan ko, hindi siguro ako nawala noon sa Simbahan.”

Ilang linggo na ang nakalilipas may nakilala akong isang binatilyo na may problema. Itinanong ko kung miyembro siya ng Simbahan. Sinabi niya na duda siya kung may Diyos o wala ngunit noong kabataan niya ay may alam siya tungkol sa Simbahan. Nang



Athens, Greece

sabihin ko sa kanya ang tungkulin ko sa Sunday School at na magsasalita ako sa pangkalahatang kumperensya, sabi niya, “Kung magsasalita po kayo, panonoorin ko ang sesyong iyon.” Sana nanonood siya ngayon. Alam ko na kung nanonood siya, may natutuhan siya. Ang Conference Center na ito ay pambihirang lugar para matuto at magturo para sa pagbabalik-loob.

Kapag ipinamuhay natin ang mga alituntuning itinuro ng mga sinasangayunan natin bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag, natututo tayo ayon sa paraan ng Tagapagligtas.¹⁰ Humahakbang tayo palapit sa Kanya. Sa pagtatapos nitong kumperensya, inaanyayahan ko ang lahat ng nakinigin na gawin ang hakbang na iyon. Tulad ng mga Nephita noong sinauna, magsiwi tayo sa ating “mga tahanan,

at bulay-bulayin ang mga bagay na . . . sinabi, at tanungin ang Ama, sa pangalan [ni Cristo], upang [tayo’y] makaunawa.”¹¹

Gusto naming makaunawa ang bawat kabataan. Gusto namin silang matuto, magturo, at ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo araw-araw. Ito ang gusto ng Panginoon sa lahat ng Kanyang anak. Ikaw man ay bata, kabataan, o matanda, inaanyayahan kitang lumapit at sundan ang Kanyang mga yapak. Sa bawat paghakbang natin, nagpapatotoo ako na palalakasin tayo ng Panginoon. Tutulungan Niya tayong tahakin ang landas. At kapag nagkaroon ng mga hadlang, magpapatuloy pa rin tayo. Kapag dumating ang pag-aalinlangan, magpapatuloy pa rin tayo. Hindi tayo kailanman aattras. Hindi tayo kailanman tatalikod.

Pinatototohanan ko na ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay buhay. Pinatototohanan ko na patuloy tayong tinatawag ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya tulad ng ginawa Niya noong sinauna. Maaari nating tanggapin ang Kanyang paanyaya. Tayong lahat ay maaaring matuto, magturo, at ipamuhay ang Kanyang salita ayon sa Kanyang paraan sa pamamagitan ng paghakbang palapit sa Tagapagligtas. Sa paggawa nito, tayo ay tunay na magbabalik-loob. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Juan 3:1–7. Sa talatang ito sinagot ng Tagapagligtas ang tanong ni Nicodemo. Nagturo Siya para matugunan ang pangangailangan ni Nicodemo. Hinayaan Niyang gamitin ni Nicodemo ang kalayaan nito para matuto. Tinulungan Niya si Nicodemo na mismong sarili nito ang makatuklas sa sagot.
2. Tingnan sa Juan 3:4; Joseph Smith—Kasaysayan 1:18.
3. Tingnan sa “Teaching the Gospel in the Savior’s Way,” lds.org/youth/learn/guidebook/teaching.
4. Tingnan sa Lucas 18:18–22.
5. Tingnan sa I Ni Juan 4:19.
6. Dallin H. Oaks, “Ang Paghamon na Magkaroon ng Kahihinatnan,” *Liahona*, Ene. 2001, 41: “Ang magpatotoo ay ang *malaman* at *magbahayag*. Ang ebanghelyo ay naghahamon sa atin na ‘magbalik-loob,’ na kailangan tayong *gumawa* at *magkaroon ng kahihinatnan*. Kung ang sinuman sa atin ay umaasa lamang sa kaalaman at patotoo natin sa ebanghelyo, tayo ay nasa katayuan din ng mga Apostol na mapapalad ngunit may kakulangan pa rin na hinamon ni Jesus na ‘magbalik-loob.’ Lahat tayo ay may kakilala na nagtataglay ng malakas na patotoo ngunit hindi ginagawa ito upang siya’y mapabalik-loob.”
7. Tingnan sa Abraham 2:11.
8. Tingnan sa Mosias 27:24–26; II Mga Taga Corinto 5:17.
9. Tingnan sa David A. Bednar, “Mangagpuyat sa Buong Katiyagaan,” *Liahona*, Mayo 2010, 43: “Tinutulungan ba natin ang ating mga anak na makatayo sa sarili nilang mga paa na kumilos at naghahangad na matuto sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya, o sinanay natin ang ating mga anak na maghintay na maturuan at pakilusin? Inuuna ba nating mga magulang na bigyan ang ating mga anak ng katumbas na espirituwal na isda na kakainin, o palagian natin silang tinutulungan na kumilos, matuto para sa kanilang sarili, at tumayo nang matatag at di natitinag? Tinutulungan ba natin ang ating mga anak na maging sabik sa pagtatanong, paghahanap, at pagkatok?”
10. Tingnan sa Dennis B. Neuenschwander, “Mga Buhay na Propeta, Tagakita, at Tagapaghayag,” *Liahona*, Ene. 2001, 49–51.
11. 3 Nephi 17:3.



Ni Elder Marcus B. Nash
Ng Pitumpu

Sa Pamamagitan ng Pananampalataya ang Lahat ng Bagay ay Naisasakatuparan

Tutulungan tayo ng pananampalataya na ligtas na makaakyat sa landas ng ebanghelyo, daigin ang bawat hamon ng mortalidad, at bumalik sa maringal na presensya ng ating Ama sa Langit.

Hindi pa natatagalan ilan sa amin sa pamilyang Nash ang umakyat sa tuktok ng Huayna Picchu, isang mataas na taluktok sa tabi ng mga labi ng sinaunang Inca sa Machu Picchu sa kabundukan ng Peru. Napakatarik nito na may makapigil-hiningang tanawin at matatarik na bangin. Nakalungkot na may mga nagsiakyat doon na namatay nang mahulog sa makitid at matarik na daan na iyon. Upang maiwasan ang gayong mga trahedyo, kinabitan ng matitibay na kable ang matigas na bato sa gilid ng bundok ng Huayna Picchu. Humawak kami sa mga kableng iyon habang umaakyat, at nakarating kami nang ligtas sa tuktok, kung saan napakaganda ng tanawin mula roon!

Tulad ng landas sa Huayna Picchu, ang ating paglalakbay sa mundo ay matarik at mahirap akyat, at kailangan ng tulong ng Ama sa Langit para matagumpay itong maakyat. Dahil

dito, nagtakda Siya ng mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo upang akayin tayo sa Tagapagligtas at sa Kanyang nakapagligtas na kapangyarihan.¹ Ang una sa mga alituntuning iyon, ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo,² ay parang mga kable sa Huayna Picchu: kung matibay at mahigpit na nakakabit sa “bato ng ating Manunubos,”³ tutulungan tayo ng pananampalataya na ligtas na makaakyat sa landas ng ebanghelyo, daigin ang bawat hamon ng mortalidad,⁴ at bumalik sa maringal na presensya ng ating Ama sa Langit. Sa pamamagitan ng pananampalataya ang lahat ng bagay ay naisasakatuparan.⁵

Ang pananamapalataya ay kapwa isang alituntunin ng paggawa at ng kapangyarihan.⁶ Ito “ay hindi ang pagkakaroon ng ganap na kaalaman sa mga bagay; kaya nga kung [tayo] ay may pananampalataya, umaasa

[tayo] sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo.”⁷ Ito ay isang pagpapatunay⁸ ng Espiritu na natamo sa pamamagitan ng ating pag-aaral na nagpapakilos sa atin⁹ na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas at mapanalanging sundin ang Kanyang mga utos, maging sa mga panahon ng sakripisyo at pagsubok.¹⁰ Ang pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan ng Panginoon, na napapakita—bukod pa sa ibang mga bagay—sa pag-asa sa mabubuting bagay na darating,¹¹ mga himalang nagpapatunay sa ating pananampalataya,¹² at pangangalaga ng langit sa mga bagay na espirituwal at temporal.¹³

Ang buhay ni Ann Rowley, isang pioneer noong bago pa lang ang Simbahan, ay nagpapakita kung paano naiimpluwensyahan ng pananampalataya ang ating buhay sa kabutihan. Isang balo mula sa England, si Sister Rowley ay nanampalataya nang sundin niya ang panawagan ng propeta na magtipun-tipon sa Sion. Kasama siya sa Martin handcart company na naglakbay sa makapal na bunton ng mga niyebe sa daan noong taglagas ng 1856. Umabot sila sa punto ng paglalakbay na halos mamatay sa gutom ang kanyang pitong anak. Isinulat niya: “Masakit sa aking makita na nagugutom ang aking mga anak. . . . Papagabi na pero wala pa ring makain para sa hapunan. Humingi ako ng tulong sa Diyos tulad ng dati. Lumuhod ako, na inaalala ang dalawang matitigas na biskwit na . . . natira sa paglalayag sa dagat. Hindi ito gaanong malalaki, at napakatigas kaya’t hindi ito mahati. Totoong hindi iyon sapat para mapakain ang 8 tao, pero ang 5 tinapay at 2 isda ay hindi rin sapat para mapakain ang 5,000 tao, pero sa pamamagitan ng himala, nagawa iyon ni Jesus. Kaya, sa tulong ng Diyos, walang imposible. Nakita ko ang mga biskwit at inilagay ko ito sa malaking kaldero at inilubog ito sa tubig at hiniling ko sa Diyos na basbasan ito. Pagkatapos ay tinakpan ko ang kaldero at isinalang ito sa uling. Nang tanggalin ko ang takip mayamaya pa, nakita kong puno ng pagkain ang kaldero. Lumuhod kaming maganak at nagpasalamat kami sa Diyos

sa Kanyang kabutihan. Nang gabing iyon may sapat ng pagkain ang aking pamilya.”¹⁴

Malaki ang sakripisyo ni Ann Rowley para maipamuhay ang ebanghelyo. Siya ay nangailangan ng tulong, at hiniling niya ito sa panalangin. Dahil sa kanyang pananampalataya, napuspos siya ng pag-asa at himalang napakain niya ang kanyang pamilya. Biniyayaan din siya ng Panginoon ng malaking kakayahang magtiis “nang may pananampalataya hanggang wakas.”¹⁵ Sa kabila ng walang katiyakang hinaharap, hindi niya pinilit malaman kung paano niya mapapakain ang kanyang mga anak kinabukasan; sa halip, matiyaga siyang “[nag]hintay sa Panginoon”¹⁶ at nagpatuloy nang may pag-asa—tulad ng ipinahayag sa magandang himno:

*Liwanag sa gitna nitong dilim,
Maging gabay!
Tahanan ko’y malayo sa akin, Maging gabay!
Palakas in at ang hinaharap
‘Di man tanaw—patnubay mo’y sapat.*¹⁷

Tayo man ay maaaring manampalataya nang gayon sa Panginoon, naniniwala at nagtitiwala na ang ating mabait at hindi nagbabagong Diyos¹⁸ ay bibiyayaan tayo ng Kanyang mahimalang kapangyarihan na akma sa ating kalagayan, at ayon sa Kanyang takdang panahon. Kapag ginawa natin ito, makikita rin natin ang kamay ng Diyos sa ating buhay.

Iniutos ng Panginoon na taglayin natin “ang kalasag ng pananampalataya at sa pamamagitan nito ay masusubuhan ninyo ang *lahat* ng nag-aapoy na sibat ng masama.”¹⁹ Gagamitin ni Satanas ang mga bagay na katulad ng pagdududa, takot, o pagkakasala para tukuhin tayong mawalan ng pananampalataya at mawala sa atin ang proteksyong ibinibigay nito. Alamin natin nang paisa-isa ang mga hamong ito sa pananampalataya upang matukoy at maiwasan natin ang mga tukso ng kaaway.²⁰

Una, ang kawalang-paniniwala sa Panginoon o sa Kanyang ebanghelyo

ay magiging dahilan para salungatin natin ang Espiritu ng Diyos.²¹ Ang solusyon ng Panginoon sa pagdududa ay simple. Ayon sa pahayag ni Haring Benjamin, “Maniwala sa Diyos, maniwala na siya nga, at na siya ang lumikha ng lahat ng bagay, kapwa sa langit at sa lupa; maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa, maniwalang hindi nauunawaan ng tao ang lahat ng bagay na nauunawaan ng Panginoon.”²²

Kung manghina ang inyong pananampalataya dahil sa kawalang-paniniwala o pagdududa, alalahanin na maging ang mga sinaunang Apostol ay nagsumamo sa Panginoon na “dagdagan mo ang pananampalataya namin.”²³ Isinasaisip na ang pananampalataya at lohika ay kailangang magkasama, pag-isipan ang sumusunod na analohiya: ang pananampalataya at lohika ay parang magkabilang pakpak ng isang eroplano. Parehong kailangan ito para manatiling lumilipad. Kung ang lohika, sa inyong pananaw, ay tila salungat sa pananampalataya, sandaling alalahanin na ang ating pananaw ay napakalimitado kumpara sa Panginoon.²⁴ Huwag ninyong alisin ang pananampalataya na tulad ng hindi ninyo aalisin ang isang pakpak ng eroplanong lumilipad. Bagkus, pangalagaan ang bahagyang pananampalataya at hayaang maging angkla ang pag-asang dulot nito sa inyong kaluluwa—at sa inyong lohika.²⁵ Kaya nga inuutusan tayo na “maghangad na matuto . . . sa pamamagitan ng pag-aaral *at gayundin* sa pamamagitan ng pananampalataya.”²⁶ Tandaan, nauuna ang pananampalataya at lumilikha ito ng mga himalang hindi kayang ipaliwanag ng ating kaalaman, tulad ng kalderong puno ng pagkain mula sa dalawang maliliit na biskwit o ng simpleng pagtitiis nang may pananampalataya anuman ang mangyari.²⁷

Pangalawa, ang takot ay humahadlang at nagpapahina sa pananampalataya sa Tagapagligtas. Si Apostol Pedro ay umasa sa Panginoon noong isang maunos na gabi at lumakad sa tubig—hanggang sa magbaling siya ng tingin at “nakita ang malakas na hangin

[at] natakot” at lumubog sa maalong karagatan.²⁸ Nakapagpatuloy sana siya sa paglakad kung hindi siya natakot! Sa halip na magtuon at matakot sa malakas na hangin at alon sa ating buhay, inaanyayahan tayo ng Panginoon na “isaalang alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot.”²⁹

Pangatlo, binabawasan ng pagkakasala ang presensya ng Espiritu sa ating buhay, at kung wala ang Espiritu Santo, mawawalan tayo ng espirituwal na lakas na magpatuloy at manampalataya. Pinakamainam na manampalataya tayo na “huwag humipo ng masamang kaloob ni ng maruming bagay”³⁰ at “maging masigasig sa pagsunod sa lahat ng . . . kautusan, upang . . . ang inyong pananampalataya ay [hindi] manghina, at ang inyong kaaway ay [hindi] magwagi sa inyo.”³¹ Kung nasira ng pagkakasala ang inyong buhay, inaanyayahan ko kayong “[manampalataya] tungo sa pagsisisi,”³² at ang Tagapagligtas, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, ay dadalisayin at paghihilumin ang inyong buhay.

Mga kapatid, tutuparin ng Panginoon, ayon sa ating pananampalataya, ang Kanyang mga pangako at tutulungan tayong malampasan ang bawat pagsubok.³³ Ginawa Niya iyan para kay Ann Rowley at nagawa iyan para sa Kanyang mga tao sa lahat ng bansa at sa bawat panahon at henerasyon. Dahil Siya ay “Diyos ng mga himala” at “hindi nagbabago,” bibiyayaan Niya rin ang bawat isa sa atin ng pag-asa, proteksyon, at kapangyarihan ayon sa ating pananampalataya sa Kanya.³⁴ Ang matatag na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo—tulad ng mga kable sa landas ng Huayna Picchu—ay iaangkla kayo at ang inyong mga mahal sa buhay sa “bato na ating Manunubos”³⁵ at sa Kanyang walang kapantay na kapangyarihang magligtas.

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, “Ang hinaharap ay kasingliwanag ng inyong pananampalataya.”³⁶ Pinatotohanan ko ang dakila at puno ng pag-asa na katotohanang iyan at inaanyayahan ang bawat isa sa atin na matatag na magpatuloy nang may

pananampalataya sa Panginoon, “nang walang anomang pagaalinlangan.”³⁷ Alam ko na ang Tagapagligtas ay buhay, Siya ang “may akda at tagatapos ng ating pananampalataya”³⁸ at “tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya’y naghahanap.”³⁹ Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–21.
2. Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4.
3. Halaman 5:12.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:53.
5. Tingnan sa Eter 12:3.
6. Tingnan sa *Lectures on Faith* (1985), 3; tingnan din sa Jacob 4:6; Eter 12:7–22; Sa Mga Hebreo 11:4–40.
7. Alma 32:21.
8. Tingnan sa Pagsasalín ni Joseph Smith, Sa Mga Hebreo 11:1.
9. Tingnan sa 2 Nephi 25:23; Alma 34:15–17; Eter 12:6; Santiago 2:17–26.
10. Tingnan sa Eter 12:4–6; *Lectures on Faith*, 69.
11. Tingnan sa Moroni 7:40–42.
12. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pananampalataya”; tingnan din sa Mormon 9:8–21; Moroni 7:33–37.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 27:17; Alma 57:19–27; 58:10–13.
14. Ann Rowley, sa Andrew D. Olsen, *The Price We Paid: The Extraordinary Story of the Willie and Martin Handcart Pioneers* (2006), 113.
15. Doktrina at mga Tipan 20:25.
16. Isaías 40:31.
17. “Liwang sa Gitna Nitong Dilim,” *Mga Himno*, blg. 53.
18. Tingnan sa Jacob 4:10; Mormon 9:9.
19. Doktrina at mga Tipan 27:17; idinagdag ang pagbibigay-diin.
20. Tingnan sa 1 Nephi 8:33–34; Alma 37:33; Doktrina at mga Tipan 20:22.
21. Tingnan sa Alma 32:28.
22. Mosias 4:9.
23. Lucas 17:5.
24. Tingnan sa Mosias 4:9–10; Mga Kawikaan 3:5–7; Isaías 55:8–9.
25. Tingnan sa Eter 12:4.
26. Doktrina at mga Tipan 88:118; idinagdag ang pagbibigay-diin.
27. Tingnan sa Moroni 7:33–38; Eter 12:19.
28. Tingnan sa Mateo 14:25–31.
29. Doktrina at mga Tipan 6:36.
30. Moroni 10:30.
31. Doktrina at mga Tipan 136:42.
32. Tingnan sa Alma 34:15–17; tingnan din sa Eter 12:3.
33. Tingnan sa Eter 12:29; Alma 7:27.
34. Tingnan sa Mormon 9:18–21; tingnan din sa Moroni 7:33–38; Alma 37:16–17.
35. Halaman 5:12.
36. Thomas S. Monson, “Magalak,” *Liahona*, Mayo 2009, 92.
37. Tingnan sa Santiago 1:6–8.
38. Moroni 6:4; tingnan din sa Sa Mga Hebreo 12:2.
39. Sa Mga Hebreo 11:6; tingnan din sa Eter 12:41.



Ni Elder Daniel L. Johnson
Ng Pitumpu

Pagiging Tunay na Disipulo

Kapag sinunod natin ang Kanyang mga utos at pinaglingkuran ang ating kapwa, nagiging mas mabubuting disipulo tayo ni Jesucristo.

Tayo na nagsilusong sa mga tubig ng binyag at tumanggap ng ka-loob na Espiritu Santo ay naki-pagtipan na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, o sa madaling salita, ipinapahayag natin na tayo ay mga disipulo ng Panginoon. Pinaninibago natin ang tipang iyan linggu-linggo kapag naki-kibahagi tayo ng sakramento, at ipinapakita natin ang ating pagkadisipulo sa paraan ng ating pamumuhay. Ang gayong pagkadisipulo ay ipinamalas nang mahusay sa mga kaganapan sa Mexico kamakailan.

Magandang tagsibol iyon para sa mga komunidad na nag-aalaga ng mga punong namumunga sa hilagang Mexico. Ang mga puno ay hitik sa bulaklak, at malaki ang pag-asa na sagana ang ani. May mga plano nang bayaran nang buo ang mga utang, palitan ang mga kailangang kasangkapan at lumang halamanan, at tuparin ang mga ipinangako tulad ng matrikula sa eskuwela para sa mga kapamilya. May mga plano pang magbakasyon ang pamilya. Maganda ang pananaw ng lahat. Pagkatapos, isang Lunes ng hapon noong mga huling

araw ng Marso, dumating ang isang bagyo, at nagsimulang umulan ng niyebe. Umulan ng niyebe hanggang mga alas-tres ng umaga. Pagkatapos, nang umaliwalas ang langit, biglang lumamig. Buong magdamag at kinabukasan ng madaling-araw, lahat ng pagsisikap ay ginawa para maisalba kahit man lang ang ilang bahagi ng pananim. Wala ring nangyari. Tala-gang napakalamig, at lubos na nanigas ang mga pananim. Walang prutas na maaani at maibebenta sa taong ito. Nagsimula ang araw ng Martes nang may lungkot at labis na dalamhati sa pagkawala ng lahat ng magagandang plano, pag-asa, at pangarap na iyon noon lamang nakaraang araw.

Nakatanggap ako ng email tungkol sa teribleng Martes ng umagang iyon mula kay Sandra Hatch, ang asawa ni John Hatch, unang tagapayo sa panguluhan ng Colonia Juárez Chihuahua Temple. Babanggitin ko ang ilang bahagi ng email na iyon: “Maagang gumising si John—mga alas 6:30—para magpunta sa templo at alamin kung dapat naming kanselahin ang sesyon ngayong umaga. Bumalik siya at sinabing walang niyebe sa

paradahan at kalsada, kaya nagpasiya kaming ituloy iyon. Naisip namin na siguro ay darating ang ilang trabahador na walang mga halaman, at mapapapunta namin silang lahat sa sesyon. . . . Nakasisiglang makita ang pagpasok ng kalalakihan, nang sunod-sunod. Naroon sila, wala pang tulog, at iniisip na wala na ang kanilang mga pananim. . . . Minasdan ko sila habang idinaraos ang aming preparation meeting, at nahirapan silang manatiling gising. Ngunit sa halip na isiping may magandang dahilan sila para hindi magpunta, dumating pa rin sila. At may 38 tao sa sesyon (isang puno na sesyon)! Nakasisiglang umaga iyon para sa amin, at pinasalamatan namin ang Ama sa Langit para sa mabubuting taong gumagawa ng kanilang tungkulin, anuman ang mangyari. Nadama ko ang espesyal na diwa na naroon kaninang umaga. Tiyak ko na natuwa Siya dahil mahal namin ang Kanyang bahay at nadama namin na mabuting pumunta roon sa gayon kalungkot na umaga.”

Hindi roon nagwawakas ang kuwento at may karugtong pa ito.

Karamihan sa mga nawalan ng kanilang pananim ay may lupaing mapagtataniman ng alternatibong mga pananim para sa panahong iyon, tulad ng chili o beans. Ang mga pananim na ito ay makapaglalaan ng kahit kaunting pera, na sapat para mabuhay hanggang

makaani sa susunod na taon. Gayunman, may isang butihing lalaki na bata pa ang mga anak na walang ibang lupain at walang kikitain sa loob ng isang taon. Ang iba pa sa komunidad, na nakakita sa teribleng sitwasyon ng kapatid na ito ay kusang kumilos at nagbigay ng pera, naghanda ng kapi-rasong lupain, ginamit ang sarili nilang kasangkapan para bungkalin ang lupa, at binigyan siya ng itatanim na chili.

Kilala ko ang mga lalaking binanggit ko. Dahil kilala ko sila, hindi ako nagulat sa ginawa nila. Pero yaong hindi nakakakilala sa kanila ay malamang na magtanong ng dalawang bagay, na kapwa nagsisimula sa salitang *bakit*. Bakit sila pupunta sa templo para magsagawa ng kanilang mga tungkulin at maglingkod matapos magpuyat sa buong magdamag, para lamang matanto na nabawasan nang malaki ang kanilang kita para sa buong taon? Bakit nila gagamitin ang kakaunti na at napakahalagang kabuhayan para tulungan ang ibang taong lubhang nangangailangan samantalang sila mismo ay naghahirap?

Kung nauunawaan ninyo ang kahulugan ng maging disipulo ni Jesucristo, malalaman ninyo ang sagot sa dalawang tanong na ito.

Ang pakikipagtipan na maging disipulo ni Cristo ay simula ng habambuhay na pagsisikap, at hindi palaging madaling gawin iyan. Kapag

nagsisi tayo sa ating mga kasalanan at nagsikap gawin ang ipinagagawa Niya sa atin at naglingkod sa ating kapwa tulad ng paglilingkod Niya sa kanila, tiyak na magiging katulad Niya tayo. Ang maging katulad Niya at maging kaisa Niya ang pinakamahalagang mithiin at adhikain—at siyang mismong kahulugan ng tunay na pagkadisipulo.

Tinanong ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo nang bisitahin Niya ang kontinente ng Amerika, “Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?” At pagkatapos, nang sagutin Niya ang sariling tanong, sinabi Niya, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko” (3 Nephi 27:27).

Ang maging katulad ng Tagapagligtas ay hindi madaling gawin, lalo na sa mundong tinitirhan natin. Nahaharap tayo sa mga balakid at paghihirap halos araw-araw ng ating buhay. May dahilan ito, at isa iyan sa mga pangunahing layunin ng mortalidad. Tulad ng mababasa natin sa Abraham 3:25, “Susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos.”

Ang mga pagsubok na ito ay iba-iba ang uri at katindihan. Ngunit walang sinumang lilisan sa buhay na ito nang hindi pinagdaraan ang mga ito. Karaniwan, inilalarawan natin ang mga pagsubok bilang pagkawala ng pananim o trabaho; pagkamatay ng isang mahal sa buhay; karamdaman; pisikal, mental o emosyonal na kapansanan; karalitaan; o pagkawala ng mga kaibigan. Gayunman, kahit ang pagtatamo ng tila makabuluhang mga adhikain ay nanganib dahil sa walang-kabuluhang kapalaluan, kung saan mas hangad natin ang mga parangal ng tao kaysa papuri ng langit. Maaaring kasama na rito ang makamundong katanyagan, pagkilala ng madla, pisikal na kakayahan, talento sa sining o athletics, kaunlaran, at kayamanan. Hinggil sa mga huling pagsubok na ito, maaaring nadama rin ng ilan sa atin ang damdaming ipinahayag ni Tevye sa *Fiddler on the Roof*: Kung ang kayamanan ay isang sumpap, ‘nawa’y bagabagin ako nito [ng Diyos]. At nawa’y hindi na ako gumaling kailanman!”¹



Ngunit ang huling uri ng mga pagsubok na ito ay maaaring mas nakakatakot at mapanganib at mas mahirap pang madaig kaysa sa nauna. Ang ating pagkadisipulo ay uunlad at mapapatunayan hindi sa pamamagitan ng uri ng mga pagsubok na nararanasan natin kundi kung paano natin ito tinitiiis. Ito ay tulad sa itinuro sa atin ni Pangulong Henry B. Eyring: “Kaya nga, ang mabigat na pagsubok ng buhay ay ang makita kung diringin at susundin natin ang mga utos ng Diyos sa kabila ng mga pagsubok sa buhay. Hindi ito pagtitiis sa bagyo, kundi pagpili ng tama habang humahagupit ito. At ang trahedyang buhay ay ang hindi pagpasa sa pagsubok na iyon, at dahil dito’y maging hindi karapat-dapat na bumalik nang may kaluwalhatian sa ating tahanan sa langit” (“Kahandaang Espirituwal: Simulan nang Maaga at Magpatuloy,” *Liahona*, Nob. 2005, 38).

Ipinagmamalaki ko ang 23 kong apo. Walang katapusan ang pagkamangha ko sa pag-unawa nila sa mga walang-hanggang katotohanan, kahit napakabata pa nila. Habang naghahanda ako para sa mensaheng ito, sinabihan ko ang bawat isa sa kanila na padalhan ako ng maikling kahulugan ng maging disipulo o alagad ni Jesucristo. Tumanggap ako ng magandang sagot mula sa kanilang lahat. Gayunman gusto kong ibahagi sa inyo ang sagot ng walong taong gulang na si Benjamin: “Ang ibig sabihin ng maging disipulo ni Jesucristo ay maging isang halimbawa. Ang ibig sabihin nito ay maging missionary at maghandang maging missionary. Ibig sabihin ay maglingkod sa iba, magbasa ng mga banal na kasulatan at magdasal, igalang ang araw ng Sabbath, makinig sa mga bulong ng Espiritu Santo, mag-simba at magpunta sa templo.”

Sang-ayon ako kay Benjamin. Ang pagkadisipulo ay tungkol sa ginagawa natin at kung ano ang kahihinatnan natin. Kapag sinunod natin ang Kanyang mga utos at pinaglingkuran ang ating kapwa, nagiging mas mabubuting disipulo tayo ni Jesucristo. Ang pagsunod at pagsuko sa Kanyang kalooban ay naghahatid ng patnubay ng Espiritu



Santo, pati na rin ng mga pagpapala ng kapayapaan, kagalakan, at seguridad na laging dulot ng ikatlong miyembrong ito ng Panguluhang Diyos. At hindi darating ang mga ito sa ibang paraan. Sa huli, ganap na pagsuko sa Kanyang kalooban ang tumutulong sa atin na maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas. Muli, ang maging katulad Niya at maging kaisa Niya ang pinakamahalagang mithiin at adhikain—at siyang mismong kahulugan ng tunay na pagkadisipulo.

Pagkadisipulo ang nakita kong nanaig sa Colonia Juárez Temple at sa kalapit nitong mga kaparangan sa

muling pagpapatibay ng mga miyembrong lalaki at babae ng kanilang mga pangako sa Diyos at sa isa’t isa sa kabila ng napakahirap na pagsubok.

Pinatotohanan ko na kapag sinunod natin ang Kanyang mga utos, pinaglingkuran ang iba, at isinuko ang ating kalooban sa Kanyang kalooban, tunay ngang tayo ay magiging tunay Niyang mga disipulo. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

NOTE

1. Tingnan sa Joseph Stein, Jerry Bock, Sheldon Harnick, *Fiddler on the Roof* (1964), 61.



Ni Elder Don R. Clarke
Ng Pitumpu

Mga Pagpapala ng Sakramento

Pagpapalain tayo kapag nakadama tayo ng pasasalamat sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, sinariwa ang ating mga tipan sa binyag, nakadama ng kapatawaran, at nakatanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo.

Umaki ako sa Rexburg, Idaho, kung saan ako naimpluwensyahan at naturuan ng isang kahanga-hangang pamilya, mga kaibigan, guro, at lider. May mga espesyal na karanasan sa buhay nating lahat na umaantig sa ating kaluluwa at habampanahon nang nagbabago ang mga bagay. Isang gayong karanasan ang nangyari noong kabataan ko. Binago ng karanasang ito ang aking buhay.

Palagi akong aktibo noon sa Simbahan at umuunlad sa Aaronic Priesthood. Noong tinedyer ako, hiniling ng guro kong si Brother Jacob na isulat namin sa isang kard ang iniisip namin habang nasa sakramento. Kinuha ko ang kard ko at nagsimulang magsulat. Una sa listahan ang laro ng basketbol na panalunan namin noong isang gabi. At sumunod ang deyt pagkatapos ng laro, at marami pang iba. Hindi nakalista sa itaas at hindi nabigyan ng pagpapahala ang pangalan ni Jesucristo.

Bawat linggo ay sinusulatan ang kard. Para sa isang batang mayhawak ng Aaronic Priesthood, ang sakramento at sacrament meeting ay nagkaroon

ng bago, malawak, at espirituwal na kahulugan. Nasabik ako sa pagsapit ng mga Linggo at magkaroon ng pagkakataong makibahagi sa sakramento, dahil nagbabago na ang pagkaunawa ko sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Hanggang ngayon tuwing Linggo, kapag nakikibahagi ako sa sakramento, nakikita ko ang aking kard at nirerepaso ang aking listahan. Palaging una sa listahan ko ngayon, higit sa lahat, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan.

Sa Bagong Tipan mababasa natin ang panahon na ang Tagapagligtas at Kanyang mga Apostol ay nagpulong sa silid sa itaas para sa Pista ng Paskua.

“Pinagputul-putol Niya ang tinapay at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito’y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: *gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.*”¹

“Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito’y ang bagong tipan sa aking dugo, *na nabubuhos nang dahil sa inyo.*”¹

Pinasimulan din ni Jesus ang ordenansa ng sakramento sa Kanyang

pagbisita sa mga Nephita.² Nalaman ko ang kahalagahan ng dalawang pangyayaring ito.

Sinabi ni Pangulong David O. McKay, “Dama kong dapat kong bigyang-diin ang sinabi ng Panginoon na pinakamahalagang pulong sa Simbahan, at iyan ang sacrament meeting.”³ Kung maghahanda tayong mabuti para sa sakramento, mababago natin ang ating buhay. Gusto kong magmungkahi ng limang alituntunin na magpapala sa ating buhay kapag karapat-dapat tayo sa pakikibahagi sa sakramento.

I. Makadama ng Pasasalamat sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Ang unang alituntunin ay makadama ng pasasalamat sa Ama sa Langit sa oras ng sakramento para sa Pagbabayad-sala ng Kanyang Anak. Narito ang kuwento tungkol sa pagpapasa ng sakramento:

“Ang sakramento ay nagkaroon lang sa akin ng kabuluhan noong Linggong maorden ako bilang deacon. Nang hapon na iyon nagpasa ako ng sakramento sa kauna-unahang pagkakataon. Bago ang pulong, binalaan ako ng isa sa mga deacon, ‘Bantayan mo si Brother Schmidt. Baka kailangan mo siyang gisingin!’ Sa wakas pagkakataon ko nang makibahagi sa pagpapasa ng sakramento. Maayos naman ang pagpapasa ko sa unang anim na hanay. Ang mga bata at matatanda ay nakibahagi ng tinapay nang maayos. At napunta na ako sa ikapitong hanay, kung saan palaging nakaupo si Brother Schmidt. Pero nagulat ako. Sa halip na natutulong gising na gising siya. Hindi tulad ng ibang inabutan ko, kinuha niya ang tinapay na tila nag-iisip nang malalim at mapitagan.

“Makaraan ang ilang minuto palapit na ako sa ikapitong hanay dala ang tubig. Sa pagkakataong ito, tama ang kaibigan ko. Si Brother Schmidt ay nakaupo na nakayuko ang ulo at nakapikit ang kanyang malalaking matang German. Halatang tulog na tulog siya. Ano ang gagawin o sasabihin ko? Sandali kong tiningnan ang kanyang noo, na kulubot na dahil sa maraming taong hirap at pagod. Sumapi siya sa Simbahan noong tinedyer pa siya at dumanas

ng matinding pang-uusig sa kanyang munting bayan sa Germany. Maraming beses ko nang narinig ang kuwentong iyon sa testimony meeting. Sa wakas nagpasiya ako na bahagya kong tatapikin ang kanyang balikat para gisingin siya. Nang gagawin ko na iyon, dahan-dahang umangat ang kanyang ulo. May mga luha sa kanyang pisngi at habang tinitingnan ko ang kanyang mga mata nakita ko ang pagmamahal at kagalakan. Tahimik niyang inabot at kinuha ang tubig. Kahit na labindalawang taong gulang lang ako noon, malinaw pa rin sa alaala ko ang nadama ko habang minamasdan ko ang pakikibahagi sa sakramento ng butihing matandang ito. Nakatitiyak ako na may nadarama siya tungkol sa sakramento na hindi ko pa nadama. Nagpasiya ako noon na gusto ko ring madama iyon.”⁴

Si Brother Schmidt ay nakipag-ugnayan sa langit, at ang langit ay nakipag-ugnayan sa kanya.

II. Alalahanin na Pinaninibago Natin ang Ating mga Tipan sa Binyag

Ang ikalawang alituntunin na dapat tandaan ay na pinaninibago natin ang ating mga tipan sa binyag habang nakikibahagi tayo ng sakramento. Ang ilan sa mga pangakong ginagawa natin, gaya ng nakatala sa mga banal na kasulatan, ay kinabibilangan ng:

“Lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, . . . magpasan ng pasanin ng isa’t isa, . . . makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati . . . , at tumayo bilang mga saksi ng Diyos.”⁵

“Humarap nang may bagbag na puso at nagsisinging espiritu, . . . pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Jesucristo, na may matibay na hangaring paglingkuran siya hanggang wakas,”⁶ at susundin ang Kanyang mga kautusan at lagi Siyang aalalahanin.⁷

Ang mga panalangin sa sakramento ay paalala ng mga tipang ito. Kapag nakikibahagi tayo sa sakramento, pinaninibago natin ang ating pangako na tutuparin ang mga tipang ito. Naniniwala kami na nararapat lang na isaulo ang mga panalangin sa sakramento at isapuso ito. Tutulong ito sa atin na



makapagtuon sa pagpapanibago ng ating mga tipan sa binyag. Tayo man ay 8 o 80 taong gulang nang binyagan tayo, sana hindi natin malimutan ang araw na iyon at ang mga tipang ginawa natin.

III. Sa Oras ng Sakramento Maaari Nating Madama na Pinatawad ang Ating mga Kasalanan

Pangatlo, sa oras ng sakramento maaari nating madama na pinatawad ang ating mga kasalanan. Kung nag-ukol tayo ng panahon na pagsisihan ang ating mga kasalanan bago ang sacrament meeting, aalis tayo sa sacrament meeting na damang malinis at dalisay tayo. Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer: “Muling pinaninibago ng sakramento ang pagpapatawad. Tuwing Linggo kapag ibinibigay ang sakramento, iyan ay seremonya para panibaguhin ang pagpapatawad. . . . Tuwing Linggo nililinis ninyo ang inyong sarili upang, sa takdang panahon, kapag namatay kayo ang inyong espiritu ay malinis.”⁸ Ang pagtanggap ng sakramento nang karapat-dapat ay magpapadama sa atin ng nadama ng mga tao ni Haring Benjamin, na “*napuspos ng kagalakan*, sa pagkatanggap ng *kapatawaran ng kanilang mga kasalanan*, at sa *pagkakaroon ng katahimikan ng budhi*.”⁹

IV. Makatatanggap Tayo ng Inspirasyon para sa Kalutasan ng Ating mga Problema

Ang pang-apat na alituntunin ay makatatanggap tayo ng inspirasyon para sa kalutasan ng ating mga problema sa oras ng sacrament meeting. Noong ako

ang mission president sa Bolivia, mapalad kami ng asawa kong si Mary Anne na makadalo sa isang mission presidents’ seminar kasama si Pangulong Henry B. Eyring. Sa pulong na iyon itinuro niya sa amin na may tatlong mahahalagang paraan ng paghahanda upang makinabang sa isang pulong. Dapat tayong dumating na iniisip na malulutas ang ating mga problema, mapagkumbaba gaya ng mga batang handang matuto, at may hangaring tulungan ang mga anak ng Diyos.

Habang mapagpakumbaba tayong dumarating sa sacrament meeting, pagpapalain tayong madama ang mga pahiwatig para sa mga solusyon ng ating mga problema sa araw-araw. Kailangang dumating tayong handa, handang makinig, at hindi nagagambala. Mababasa natin sa mga banal na kasulatan, “Subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na kailangan mong *pag-aralan ito* sa iyong isipan; pagkatapos kailangang *itanong mo sa akin kung ito ay tama*, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong *dibdib ay mag-alab*; samakatwid, *madarama mo na ito ay tama*.”¹⁰ Malalaman natin ang dapat nating gawin para malutas ang ating mga problema.

V. Ang Pakikibahagi sa Sakramento nang Karapat-dapat ay Tutulong Upang Mapuspos Tayo ng Espiritu Santo

Ang panglimang alituntunin, ang pakikibahagi ng sakramento nang karapat-dapat, ay tutulong upang mapuspos tayo ng Espiritu Santo. Sa pagpapasimula ng sakramento sa Kanyang pagbisita sa mga Nephita, sinabi ni Jesus, “Siya na kumakain ng

tinapay na ito ay kumakain ng aking katawan sa kanyang kaluluwa; at siya na umiinom ng alak na ito ay umiinom ng aking dugo sa kanyang kaluluwa; at ang kanyang kaluluwa ay hindi kailanman magugutom ni mauuhaw, kundi mabubusog.”¹¹ Pinangakuan sila na kung sila ay magugutom at mauuhaw sa katuwiran, sila ay mapupuspos ng Espiritu Santo. Nangangako rin ang mga panalangin sa sakramento na kapag tinupad natin ang ating mga tipan, palaging mapapasaatin ang Kanyang Espiritu.¹²

Sinabi ni Elder Melvin J. Ballard: “Saksi ako na may diwang naroon sa pangangasiwa ng sakramento na umaantig sa kaluluwa mula ulo hanggang paa; nadarama ninyong gumagaling ang mga sugat ng kaluluwa, at gumagaan ang pasanin. Kapanatagan at kaligayahan ang dumarating sa kaluluwang karapat-dapat at tunay ang hangaring makibahagi sa espirituwal na pagkaing ito.”¹³

Pagpapalain tayo kapag nakadama tayo ng pasasalamat sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, pinaninibago ang ating mga tipan sa binyag, nakadama ng kapatawaran, at nakatanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo habang nakikibahagi tayo sa sakramento bawat linggo. Palaging magiging napakaganda ng sacrament meeting kung ang sakramento ang sentro ng ating pagsamba. Nagpapasalamat ako sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Alam kong Siya ay buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucas 22:19–20; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Tingnan sa 3 Nephi 18.
3. David O. McKay, sa Conference Report, Okt. 1929, 11.
4. *Book of Mormon Student Manual* (Church Educational System manual, 1979), 417.
5. Mosias 18:8–9.
6. Doktrina at mga Tipan 20:37.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77.
8. Boyd K. Packer, *Mine Errand from the Lord* (2008), 196.
9. Mosias 4:3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
10. Doktrina at mga Tipan 9:8; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. 3 Nephi 20:8.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77.
13. Melvin J. Ballard, sa Bryant S. Hinckley, *Sermons and Missionary Services of Melvin Joseph Ballard* (1949), 149.



Ni Elder David A. Bednar

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Nagbalik-loob sa Panginoon

Ang malaman na totoo ang ebanghelyo ang pinakadiwa ng patotoo. Ang patuloy na katapatan sa ebanghelyo ang pinakadiwa ng pagbabalik-loob.

Ang mensahe ko ay nakatuon sa kaugnayan ng pagtanggap ng patotoo na si Jesus ang Cristo at ng pagbabalik-loob sa Kanya at sa Kanyang ebanghelyo. Karaniwan, ang paksa tungkol sa patotoo at pagbabalik-loob ay magkahiwalay nating tinatalakay. Gayunman, magkakaroon tayo ng mahalagang pananaw at dagdag na espirituwal na katatagan sa pagsasalang-alang sa dalawang mahalagang paksang ito.

Dalagin ko na turuan at palakasin ng Espiritu Santo ang bawat isa sa atin.

Ano ang Sabi Ninyo Kung Sino Ako?

Marami tayong matutuhan tungkol sa patotoo at pagbabalik-loob mula sa ministryo ni Apostol Pedro.

Pagdating ni Jesus sa baybayin ng Cesarea ni Filipino, itinanong Niya ang tumitimong tanong na ito sa Kanyang mga disipulo: “Ano ang sabi ninyo kung sino ako?”

Kaagad sumagot si Pedro:

“Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay.

“At sumagot si Jesus at sa kaniya’y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas:

sapagka’t hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit” (Mateo 16:15–17).

Gaya ng ipinakita sa sagot ni Pedro at sa itinuro ng Tagapagligtas, ang patotoo ay personal na kaalaman tungkol sa espirituwal na katotohanan na nata-tamo sa paghahayag. Ang patotoo ay isang kaloob mula sa Diyos at maaari itong matanggap ng lahat ng Kanyang mga anak. Ang sinumang matapat na naghahanap ng katotohanan ay magkakaroon ng patotoo sa paggamit ng kahit “bahagyang pananampalataya” kay Jesucristo upang “subukan” (Alma 32:27) at “subukan ang bisa ng salita” (Alma 31:5), upang bigyang-daan “ang panghihikayat ng Banal na Espiritu” (Mosias 3:19), at magising sa Diyos (tingnan sa Alma 5:7). Ang patotoo ay nagdudulot ng dagdag na personal na pananagutan at pinagmumulan ng layunin, katiyakan, at kagalakan.

Ang paghahanap at pagkakaroon ng espirituwal na patotoo ay nangangailangan ng paghingi, paghahanap, at pagtuktok (tingnan sa Mateo 7:7; 3 Nephi 14:7) nang may matapat na puso, tunay na layunin,



at pananampalataya sa Tagapagligtas (tingnan sa Moroni 10:4). Ang mga pangunahing bagay na nakapaloob sa isang patotoo ay ang alam mo na buhay ang Ama sa Langit at mahal Niya tayo, na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas, at ang kabuuan ng ebanghelyo ay ipinanumbalik sa lupa sa mga huling araw na ito.

Kung Makapagbalik Ka Nang Muli

Nang magturo ang Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo sa Huling Hapunan, sinabi Niya kay Pedro:

“Simon, Simon, narito, hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo:

“Datapuwa’t ikaw ay ipinamanhiko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid” (Lucas 22:31–32).

Nakatutuwa na ang dakilang Apostol na ito ay nakausap at nakasama ang Panginoon, nasaksihan ang maraming himala, at nagkaroon ng malakas na patotoo sa kabanalan ng Tagapagligtas. Gayunman, si Pedro ay nangailangan pa rin ng dagdag na tagubilin mula kay Jesus tungkol sa nakapagpapabalik-loob at nakadadalisay na kapangyarihan ng Espiritu Santo

at sa kanyang tungkuling maglingkod nang tapat.

Ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo ay humihingi ng mahalaga at permanenteng pagbabago sa ating katauhan na nagiging posible sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ang tunay na pagbabalik-loob ay nagdudulot ng pagbabago sa paniniwala, puso, at buhay ng isang tao upang tanggapin at sundin ang kagustuhan ng Diyos (tingnan sa Mga Gawa 3:19; 3 Nephi 9:20) at nakapaloob dito ang tapat na pangako na maging disipulo ni Cristo.

Ang pagbabalik-loob ay nakapagpapalaki, nakapagpapalalim, at nakapagpapalawak ng pundasyon ng patotoo. Ito ay bunga ng paghahayag mula sa Diyos, na may kasamang pagsisisi, pagsunod, at pagsisikap ng tao. Ang sinumang tapat na naghahanap ng katotohanan ay maaaring magbago kapag naranasan ang malaking pagbabago ng puso at espirituwal na pagsilang sa Diyos (tingnan sa Alma 5:12–14). Kapag iginagalang natin ang mga ordenansa at tipan ng kaligtasan at kadakilaan (tingnan sa D at T 20:25), “[patuloy] sa paglakad nang may katatagan kay Cristo” (2 Nephi 31:20), at pagtitiis nang may pananampalataya hanggang sa wakas (tingnan sa D at T 14:7), tayo

ay nagiging mga bagong nilalang kay Cristo (tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:17). Ang pagbabalik-loob ay paghahandog ng sarili, ng pagmamahal, at katapatan sa Diyos nang may pasasalamat sa kaloob na patotoo.

Mga Halimbawa ng Pagbabalik-loob sa Aklat ni Mormon

Ang Aklat ni Mormon ay puno ng mga nakaantig na kuwento ng pagbabalik-loob. Si Amaleki, na inapo ni Jacob, ay nagsabing: “Nais kong lumapit kayo kay Cristo, na Siyang Banal ng Israel, at makibahagi sa kanyang kaligtasan, at sa kapangyarihan ng kanyang pagtubos. Oo, lumapit as kanya, at ialay ang inyong buong kaluluwa bilang handog sa kanya” (Omni 1:26).

Ang malaman na si Jesus ang Cristo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay mahalaga at kailangan. Ngunit ang masigasig na paglapit sa Kanya at pag-aalay ng ating buong kaluluwa bilang handog ay nangailangan nang higit pa sa kaalaman. Kailangan sa pagbabalik-loob ang ating buong puso, kakayahan, at pag-iisip at lakas (tingnan sa D at T 4:2).

Sumagot ang mga tao ni Haring Benjamin sa kanyang mga itinuro at sinabing, “Oo, pinaniniwalaan namin ang lahat ng salitang iyong sinabi sa



amin; at gayundin, alam namin ang katiyakan at katotohanan ng mga yaon, dahil sa Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan na gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti” (Mosias 5:2). Ang pagtanggap sa mga salitang binigkas, pagkakaroon ng patotoo hinggil sa katotohanan ng mga ito, at pagpapakita ng pananampalataya kay Cristo ay nagdulot ng malaking pagbabago sa puso at matatag na determinasyon na magpakabuti pa.

Ang mga Lamanitang nagbalik-loob sa aklat ni Helaman ay sinasabing “nasa landas ng kanilang tungkulin, at sila ay lumalakad nang maingat sa harapan ng Diyos, at pinagsisikapang nilang sundin ang kanyang mga kautusan at kanyang mga batas at kanyang mga kahatulan. . . .

“ . . . At sila ay nagsisikap nang walang kapagurang pagsusumigasig upang madala ang nalalabi sa kanilang mga kapatid sa kaalaman ng katotohanan” (Helaman 15:5–6).

Gaya ng ipinakikita sa mga halimbawang ito, ang pangunahing katangian na kaugnay ng pagbabalik-loob ay ang nararanasang malaking pagbabago sa ating puso, pagkakaroon ng hangaring patuloy na gumawa ng mabuti, pagsulong sa landas ng tungkulin, paglakad nang maingat sa harap ng Diyos, pagsunod sa mga kautusan, at paglilingkod nang may walang kapagurang pagsusumigasig. Malinaw na labis ang katapatan ng matatapat na kaluluwang ito sa Panginoon at sa Kanyang mga turo.

Pagbabalik-loob

Para sa marami sa atin, ang pagbabalik-loob ay tuluy-tuloy na proseso at hindi minsanang pangyayari na bunga ng isang matinding karanasan. Taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin, dahan-dahan at halos hindi mapupuna, ang ating hangarin, kaisipan, mga salita at gawa ay umaayon na sa kagustuhan ng Diyos. Ang pagbabalik-loob sa Panginoon ay nangangailangan ng sigasig at tiyaga.

Tinukoy ni Samuel na Lamanita ang limang pangunahing bagay sa pagbabalik-loob sa Panginoon: (1) paniniwala sa mga turo at propesiya ng mga banal na propeta na nakatala sa mga banal na kasulatan, (2) pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, (3) pagsisisi, (4) nararanasang malaking pagbabago ng puso, at (5) pagiging “matatag at hindi natitinag sa pananampalataya” (tingnan sa Helaman 15:7–8). Ito ang huwaring humahantong sa pagbabalik-loob.

Patotoo at Pagbabalik-loob

Ang patotoo ang simula at kailangan sa patuloy na pagbabalik-loob. Patotoo ang simula; hindi ito ang hantungan o destinasyon. Ang matatag na patotoo ang pundasyon na pinagbabatayan ng pagbabalik-loob.

Ang patotoo lamang ay hindi sapat upang mapangalagaan tayo sa unos ng kadiliman at kasamaan sa mga huling araw sa mundong ating ginagalawan. Ang patotoo ay mahalaga at kailangan ngunit hindi sapat upang makapagbigay ng espirituwal na kalakasan at proteksiyon na kailangan natin. Ang ilan sa mga miyembro ng Simbahan na may patotoo ay natinag at tumalikod

sa katotohanan. Ang kanilang espirituwal na kaalaman at katapatan ay hindi sumapat sa mga hamon na kanilang nakaharap.

Ang isang mahalagang aral tungkol sa kaugnayan ng patotoo at pagbabalik-loob ay makikita sa mga gawaing misyonero ng mga anak ni Mosias.

“Kasindami ng nadala sa kaalaman ng katotohanan, sa pamamagitan ng pangangaral ni Ammon at ng kanyang mga kapatid, alinsunod sa diwa ng paghahayag at ng propesiya, at ng kapangyarihan ng Diyos na gumagawa ng mga himala sa kanila—oo, . . . yamang buhay ang Panginoon, kasindami ng mga Lamanita na naniwala sa kanilang pangangaral, at mga nagbabalik-loob sa Panginoon, kailanman ay hindi nagsitalikod.

“Sapagkat sila ay naging mabubuting tao; ibinaba nila ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos. . . .

“Ngayon, ito sila na mga nagbalik-loob sa Panginoon” (Alma 23:6–8).

Dalawang mahalagang bagay ang inilarawan sa mga talatang ito: (1) *ang kaalaman ng katotohanan*, na maaring sabihing patotoo, at (2) *pagbabalik-loob sa Panginoon*, na sa pagkaunawa ko ay pagbabalik-loob sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo. Kaya, ang matinding kombinasyon ng patotoo at ng pagbabalik-loob sa Panginoon ang nagbunga ng kataagan at hindi pagkatinag at naglaan ng espirituwal na proteksiyon.

Hindi sila kailanman tumalikod sa katotohanan at isinuko nila “ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos.” Ang pagsasantabi ng taglay na “mga sandata ng paghihimagsik” gaya ng kasakiman, kapalaluan, at pagsuway ay nangangailangan ng higit pa sa pananalig at kaalaman. Ang katapatan, pagpapakumbaba, pagsisisi, at pagsunod ay kailangan bago maisuko ang ating mga sandata ng paghihimagsik. Tayo ba ay mayroon pa ring mga sandata ng paghihimagsik na humahadlang sa ating pagbabalik-loob sa Panginoon? Kung mayroon, kailangan nating magsisi ngayon din.

Mapapansin na hindi nagbalik-loob ang mga Lamanita dahil sa mga misyoneo na nagturo sa kanila o sa napakahuhusay na programa ng Simbahan. Hindi sila nagbalik-loob dahil sa mga katangian ng kanilang mga pinuno o para ipreserba ang isang pamana ng kultura o tradisyon ng kanilang mga ninuno. Sila ay nagbalik-loob sa Panginoon—sa Kanya bilang Tagapagligtas at sa Kanyang kabanalan at doktrina—at hindi sila kailanman tumalikod sa katotohanan.

Ang patotoo ay espirituwal na kaalaman ng katotohanang nakamtan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang patuloy na pagbabalik-loob ay katapatan sa tuwina sa inihayag na katotohanan na ating natanggap—na may pusong handa at sa mabubuting kadahilanan. Ang malaman na totoo ang ebanghelyo ang pinakadiwa ng patotoo. Ang patuloy na katapatan sa ebanghelyo ang pinakadiwa ng pagbabalik-loob. Dapat nating malaman na totoo ang ebanghelyo at maging tapat sa ebanghelyo.

Patotoo, Pagbabalik-loob, at ang Talinghaga ng Sampung Dalaga

Gusto kong gamitin ngayon ang isa sa maraming posibleng pakahulugan ng talinghaga ng sampung dalaga para bigyang-diin ang kaugnayan ng patotoo at pagbabalik-loob. Sampung dalaga, limang matalino at limang mangmang, ang kinuha ang kanilang ilawan at humayo para salubungin ang kasintahang lalake. Mangyaring

isipin ninyo ang mga ilawang ginamit ng mga dalaga bilang ilawan ng patotoo. Dinala ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan ngunit hindi sila nangagdala ng langis. Ipagpalagay ang langis bilang langis ng pagbabalik-loob.

“Datapuwa’t ang matatalino ay nangagdala ng langis [ng pagbabalik-loob] sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan [ng patotoo].

“Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalake, ay nangag-antok silang lahat at nangakatulog.

“Datapuwa’t pagkahating gabi ay may sumigaw, Narito, ang kasintahang lalake! Magsilabas kayo upang salubungin siya.

“Nang magkagayo’y nagsipagbangong lahat ang mga dalagang yaon, at pinagigi ang kanilang mga ilawan [ng patotoo].

“At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis [maging ng langis ng pagbabalik-loob]; sapagka’t . . . ang aming mga ilawan [ng patotoo ay mahihina at] nangamamatay.

“Datapuwa’t nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo: magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo” (Mateo 25:4–9).

Ang matatalino bang dalaga ay sakim at ayaw magbigay, o tama lang na ipinapahiwatig nila na ang langis ng pagbabalik-loob ay hindi maaaring hiramín? Ang espirituwal na kalakasan

ba na bunga ng pagkamasunurin sa tuwina sa mga kautusan ay maaaring ibigay sa ibang tao? Ang kaalaman ba na nakamtan sa masigasig na pag-aaral at pagninilay ng mga banal na kasulatan ay maaaring ibigay sa isang taong nangangailangan? Ang kapayapaan bang hatid ng ebanghelyo sa matapat na Banal sa mga Huling Araw ay maaaring ilipat sa isang taong dumaranas ng hirap o malaking hamon? Ang malinaw na sagot sa bawat isa sa mga tanong na ito ay hindi.

Gaya ng wastong pagbibigay-diin ng matatalinong dalaga, kailangang “magsibili tayo para sa ating sarili.” Ang inspiradong kababaihang ito ay hindi naglalarawan ng transaksyon sa negosyo; sa halip, binibigyang-diin nila ang ating indibiduwal na responsibilidad na panatilihing nag-aalab ang ating ilawan ng patotoo at magkaroon ng sapat na suplay ng langis ng pagbabalik-loob. Ang mahalagang langis na ito ay nakukuha sa paisaisang patak—“taludtod sa taludtod [at] tuntunin sa tuntunin” (2 Nephi 28:30), nang buong tiyaga at sigasig. Walang shortcut dito; walang huling-sandaling paghahanda ang maaaring magawa.

“Dahil dito, maging matapat, nananalangin tuwina, taglay ang inyong mga ilawan na tinabasan at nagninungas, at may langis na dala kayo, upang kayo ay maging handa sa pagparito ng Kasintahang lalaki” (D at T 33:17).

Patotoo

Ipinapangako ko na sa pagkakaroon natin ng kaalaman ng katotohanan at sa pagbabalik-loob sa Panginoon, tayo ay mananatiling matatag at dinatitinag at hindi kailanman tatalikod sa katotohanan. Buong pananabik nating ibababa ang ating mga sandata ng paghihimagsik. Bibiyayaan tayo ng maliwanag na tanglaw ng ating ilawan ng patotoo at sapat na suplay ng langis ng pagbabalik-loob. At habang lubusang nagbabalik-loob ang bawat isa sa atin, mapatatag natin ang ating mga pamilya, kaibigan, at kasamahan. Pina-totohanan ko ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■





Ni Pangulong Thomas S. Monson

Patnubayan Nawa Kayo ng Diyos Hanggang sa Muli Nating Pagkikita

Kung isasapuso at ipamumuhay natin ang mga mensahe nitong nakaraang dalawang araw, pagpapalain tayo.

Mahal kong mga kapatid, narito na tayo sa pagtatapos ng isa na namang nakapagbibigay-inspirasyong pangkalahatang kumperensya. Ako mismo ay espirituwal na napalakas at nabigyan ng inspirasyon at alam kong nadama rin ninyo ang espesyal na diwa ng kumperensyang ito.

Ipinahahatid namin ang taos-puso naming pasasalamat sa lahat na nakibahagi dito sa anumang paraan. Ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay magandang naituro at nabigyang-diin. Kung isasapuso at ipamumuhay natin ang mga mensahe nitong nakaraang dalawang araw, pagpapalain tayo.

Tulad ng dati, ang mga kaganapan sa kumperensyang ito ay makukuha sa mga darating na isyu ng *Ensign* at *Liahona* magazine. Hinihikayat ko kayong basahing muli ang mga mensahe at pag-isipang mabuti ang laman ng mga ito. Napag-alaman ko mula sa sarili kong karanasan na higit pa akong

natututo mula sa mga inspiradong mensaheng ito kapag pinag-aaralan ko pa ito nang mas mabuti.

Mas malawak kaysa rati ang pag-sasahimpapawid ng kumperensya, umaabot ito sa mga kontinente at mga karagatan tungo sa mga tao sa lahat ng dako. Bagama't malayo kami sa marami sa inyo, dama namin ang inyong diwa at ipinaaabot ang aming pagmamahal at pasasalamat sa inyo.

Sa ating mga Kapatid na na-release sa kumperensyang ito, hayaang ipaabot ko ang taos-pusong pasasalamat naming lahat sa maraming taon ng inyong tapat na paglilingkod. Di na mabilang ang mga napagpala ng inyong mga naiambag sa gawain ng Panginoon.

Mga kapatid, katatapos ko pa lamang ipagdiwang ang aking ika-85 kaarawan, at nagpapasalamat ako sa bawat taon na ipinagkakaloob sa akin ng Panginoon. Habang inaalaala ko ang mga karanasan ko sa buhay, pinasasalamatan ko Siya sa

maraming pagpapalang ipinagkaloob Niya sa akin. Tulad ng binanggit ko sa mensahe ko ngayong umaga, nadama ko ang Kanyang kamay na gumagabay sa mga gawain ko habang pinagsisikap kong paglingkuran Siya at paglingkuran kayong lahat.

Ang tanggapan ng Pangulo ng Simbahan ay may mabigat na responsibilidad. Lubos akong nagpapasalamat sa dalawang matapat kong tagapayo, na naglilingkod sa aking tabi at laging handa at kayang tumulong sa gawain na dumarating sa tanggapan ng Unang Panguluhan. Nagpapasalamat din ako sa mararangal na kalalakihan na bumubuo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Walang pagod silang gumagawa para sa gawain ng Panginoon, kasama ang mga miyembro ng mga Korum ng Pitumpu na inspiradong tumutulong sa kanila.

Pinapupurihan ko rin kayo, mga kapatid, saanman kayo naroroon sa mundo, sa lahat ng ginagawa ninyo para sa inyong mga ward, branch, at stake at district. Kapag kusang-loob ninyong ginagawa ang mga tungkuling ipinagagawa sa inyo, tumutulong kayo sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa mundo.

Nawa'y pangalagaan natin ang isa't isa, tumulong sa mga oras ng pangangailangan. Huwag maging mapanuri at mapanghusga kundi maging mapagbigay, tinutularan ang halimbawa ng mapagmahal na kabaitan ng Tagapagligtas. Sa ganitong paraan, nawa'y maging handa tayong maglingkod sa isa't isa. Nawa'y manalangin tayo na magkaroon tayo ng inspirasyong malaman ang mga pangangailangan ng mga



taong nasa paligid natin, at pagkatapos ay puntahan sila at bigyan ng tulong.

Lakasan natin ang ating loob habang hinaharap natin ang mga hamon sa buhay. Bagama't nabuhay tayo ngayon sa mas lalong nagiging mapanganib na panahon, minamahal at pinapatnubayan tayo ng Panginoon. Palagi Siyang nariyan sa ating tabi kapag ginagawa natin ang tama. Tutulungan Niya tayo sa oras ng pangangailangan. Dumarating ang mga paghihirap sa ating buhay, mga problemang hindi natin inaasahan at kailanman ay hindi natin nanaisin. Wala sa ating ligtas dito. Ang layunin ng mortalidad ay ang matuto at maging tulad ng ating Ama, at kadalasan sa oras na naghihirap tayo doon tayo mas natututo, maging masakit man ang mga aral na hatid nito. Ang buhay natin ay maaari ding maging puno ng kagalakan habang sinusunod natin ang mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sinabi ng Panginoon, "Laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan."¹ Ang kaalamang ito ay dapat magdulot sa atin ng malaking kaligayahan. Siya ay nabuhay at Siya ay namatay para sa atin. Siya ang nagbayad ng ating mga kasalanan. Nawa'y tularan natin ang Kanyang halimbawa. Nawa'y ipakita natin ang ating malaking pasasalamat sa Kanya sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanyang sakripisyo at pamumuhay sa paraang magiging karapat-dapat tayo na makabalik at makasama Niya balang-araw.

Tulad ng binanggit ko sa mga nakaraang kumperensya, salamat sa mga panalangin ninyo para sa akin. Kailangan ko ang mga ito; at nadarama ko ang mga ito. Kaming mga General Authority ay inaalala rin kayong lahat at idinadalangin namin na mapasainyo ang mga pinakapiling biyaya ng ating Ama sa Langit.

Ngayon, mahal kong mga kapatid, magkita tayong muli pagkatapos ng anim na buwan. Patnubayan nawa kayo ng Diyos hanggang sa muli nating pagkikita. Sa pangalan ng ating Tagapagligtas at Manunubos, maging si Jesucristo ang Panginoon, amen. ■

TALA

1. Juan 16:33.



Ni Linda K. Burton

Relief Society General President

Nakasulat Ba sa Ating Puso ang Pananampalataya sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo?

Ang paggawa, pagtupad, at pagkagalak sa ating mga tipan ang magiging katibayan na tunay na nakasulat sa ating puso ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Mahal kong mga kapatid, ilang buwan na kayong nasa puso't isipan ko habang pinagninilayan ko ang mabigat na responsibilidad na ito. Bagama't nadarama kong hindi sapat ang aking kakayahan sa tungkuling ibinigay sa akin, alam ko na nagmula iyon sa Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang hinirang na propeta, at sa ngayon, sapat na iyan. Itinuro sa mga banal na kasulatan na "maging sa pamamagitan ng . . . tinig [ng Panginoon] o sa tinig man ng [Kanyang] mga tagapaglingkod, ito ay iisa."¹

Isa sa mahahalagang kaloob na kakibat ng tungkuling ito ang katiyakan na mahal ng Ama sa Langit ang lahat ng anak Niyang babae. Nadama ko na

ang Kanyang pagmamahal sa bawat isa sa atin!

Tulad ninyo, mahal ko ang mga banal na kasulatan! Sa aklat ni Jeremias may talata roon na lubhang malapit sa puso ko. Nabuhay si Jeremias sa panahon at lugar na puno ng hirap, ngunit tinulutan siya ng Panginoon na makinita "ang isang panahon ng pag-asa sa pagtitipon ng Israel sa mga huling araw"²—ang ating panahon. Ipinropesiya ni Jeremias:

"Pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking *isusulat sa kanilang puso*; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan. . . .



“ . . . Makikilala nilang lahat ako, mula sa kaliitliitan sa kanila hanggang sa kadakidakilaan sa kanila, sabi ng Panginoon: sapagka’t aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin.”³

Tayo ang mga taong nakita ni Jeremias. Inanyayahan na ba natin ang Panginoon na isulat ang kautusan, o doktrina, sa ating puso? Naniniwala ba tayo na ang kapatawarang dulot ng Pagbabayad-salang tinutukoy ni Jeremias ay personal na angkop sa atin?

Ilang taon na ang nakalilipas, ibinahagi ni Elder Jeffrey R. Holland ang kanyang nadarama tungkol sa matibay na pananampalataya ng mga pioneer na nagpunta pa rin sa Salt Lake Valley kahit namatay na ang kanilang mga anak. Sabi niya, “Hindi nila ginawa iyon para sa programa, hindi nila ginawa iyon para lang magsaya, ginawa nila iyon dahil sa pananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo na nasa kanilang kaluluwa, na nasa utak ng kanilang mga buto.”

Madamdamin niyang ipinahayag:

“Iyon lang ang paraan para mailibing ng mga inang iyon ang [kanilang mga sanggol] sa karton ng tinapay at magpatuloy at sabihing, ‘Naroon ang lupang pangako. Mararating natin ang lambak.’

“Nasabi nila iyon dahil sa mga tipan at doktrina at pananampalataya at paghahayag at Espiritu.”

Nagtapos siya sa nakapupukaw na mga salitang ito: “Kung mananatili iyan sa ating mga pamilya at sa Simbahan, siguro magiging maayos

ang lahat. Siguro, unti-unting mawawalan ng halaga ang maraming bagay. Kaunti lang daw ang nailalagay sa mga karitong iyon. Kung paanong kinailangang piliin ng ating mga ninuno ang dadalhin nila, marahil mahihikayat tayo ng ika-21 siglo na magpasiya kung, ‘Ano ba ang mailalagay natin sa kariton?’ Kung ano ang nasa ating kaluluwa; ang nasa utak ng ating mga buto.”⁴ O sa madaling salita, kung ano ang *[nakasulat] sa ating puso!*

Bilang bagong Relief Society presidency, taos kaming nanalangin sa Panginoon para malaman ang mahahalagang bagay na nais Niyang ilagay namin sa kariton ng ating Relief Society upang patuloy na maisulong ang Kanyang gawain. Nadama namin na nais ng Ama sa Langit na ipaunawa muna namin sa Kanyang minamahal na mga anak na babae ang doktrina ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kapag ginawa namin ito, alam naming lalakas ang ating pananampalataya, at ang ating pagnanais na mamuhay nang matwid. Pangalawa, habang iniisip namin ang malaking pangangailangang patatagin ang mga pamilya at tahanan, nadama namin na nais ng Panginoon na hikayatin namin ang Kanyang minamahal na mga anak na babae na masayang tuparin ang kanilang mga tipan. Kapag tinutupad ang mga tipan, tumatag ang mga pamilya. Panghuli, nadarama namin na nais Niyang makipagtulungan kami sa iba pang mga auxiliary at sa ating mga lider ng priesthood, sa pagsisikap na hanapin at tulungan ang mga taong kailangang umunlad sa espirituwal.

Taimtim naming dalangin na buksan ng bawat isa sa atin ang ating puso at hayaang iukit dito ng Panginoon ang mga doktrina ng Pagbabayad-sala, mga tipan, at pagkakaisa.

Paano natin mapapatatag ang mga pamilya o matutulungan ang iba kung hindi muna nakasulat sa ating puso ang matibay at matatag na pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala? Ngayong gabi ibabahagi ko ang tatlong alituntunin ng Pagbabayad-sala na kung nakasulat sa ating puso ay magpapalakas sa ating pananampalataya kay Jesucristo. Sana’y mapagpala ng pag-unawa sa mga alituntuning ito ang bawat isa sa atin, bagong miyembro man tayo o matagal nang miyembro ng Simbahan.

Alituntunin 1: “Lahat ng di makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.”⁵

Kasama ninyo, pinatotohanan namin ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang aming patotoo, tulad ninyo, ay naisulat sa aming puso nang maharap kami sa iba’t ibang matitinding hamon at hirap. Kung hindi natin nauunawaan ang perpektong plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit at ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas bilang pinakasentro ng planong iyan, ang mga hamong ito ay tila hindi nga makatarungan. Lahat tayo ay dumaranas ng pagsubok sa buhay. Ngunit sa matatapat na puso ay nakasulat, “Lahat ng di makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.”

Bakit tinutulutan ng Panginoon na dumanas tayo ng pagdurusa at hirap sa buhay na ito? Simple lang ang sagot, bahagi ito ng plano para tayo lumakas at umunlad! Tayo ay “[naghiyawan] sa kagalakan”⁶ nang malaman natin na paparito tayo sa lupa at mabubuhay bilang mortal. Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks, “Ang mga kinakailangan nating pagbabalik-loob ay mas madalas na madaling natatamo sa pamamagitan ng pagdurusa at paghihirap kaysa sa kaginhawahan at kapayapaan.”⁷

Inilalarawan ng halimbawa ng isang tapat na babaeng pioneer ang kato- tohanang ito. Si Mary Lois Walker ay ikinasal sa edad na 17 kay John T. Morris sa St. Louis, Missouri. Tuma- wid sila sa kapatagan kasama ng mga Banal noong 1853, at nakarating sa Salt Lake Valley pagkaraan lang ng kani- lang unang anibersaryo. Sa kanilang paglalakbay dumanas sila ng hirap tulad ng iba pang mga Banal. Ngunit ang kanilang mga pagdurusa at pag- hihirap ay hindi nagwakas pagdating nila sa Salt Lake Valley. Nang sumunod na taon isinulat ni Mary, na noon ay 19 na taong gulang: “Nagkaroon kami ng anak na lalaki. . . . Isang gabi noong dalawa o tatlong buwan na ang aming anak . . . may nagbulong sa akin, ‘Ma- wawala sa iyo ang sanggol na ito.’”

Pagsapit ng taglamig humina ang katawan ng sanggol. “Ginawa na- min ang lahat, . . . ngunit patuloy na lumala ang kalagayan ng sanggol. . . . Pumanaw siya noong ikalawa ng Pebrero . . . kaya tiniis ko ang pait ng mawalay sa sarili kong laman at dugo.” Ngunit hindi pa natapos doon ang kanyang mga pagsubok. Nagka- sakit din ang asawa ni Mary, at tatlong linggo mula nang pumanaw ang kan- yang anak, namatay rin ito.

Ininulat ni Mary: “Kaya kahit bata pa ako noon, sa loob lamang ng 20 araw, nawalan na ako ng asawa at ng kaisa-isang anak, sa isang di-pamilyar na lupain daan-daang milya ang layo mula sa aking mga kaanak at napa- karami kong pagsubok na haharapin . . . at hiniling kong kunin na rin ako at nang makasama ko ang aking [mga] mahal sa buhay.”

Sabi pa ni Mary: “Isang Linggo ng gabi naglalakad-lakad kami ng kaibi- gan ko. . . . Naalala ko ang pagkama- tay ng [aking asawa] at ang matindi kong kalungkutan, at habang humaha- gulgol ay nakita ko, na parang pangi- tain, ang mahihirap na pagsubok na mararanasan ko at lubos kong nadama ang katotohanan nito. Nakaramdam ako ng matinding dalamhati, dahil alam ng kaaway kung kailan tayo igu- gupo, *ngunit ang ating [Tagapagligtas na si Jesucristo] ay may kapangyari- hang magligtas*. Sa . . . tulong ng Ama,



nakaya kong labanan nang buong lakas ang lahat ng pagsubok na tila ibinuhos sa akin sa panahong ito.”⁸

Natutuhan ni Mary sa murang edad na 19 na tinitiyak sa atin ng Pagbabayad-sala na lahat ng bagay na di-makatarungan sa buhay na ito ay naiwawasto at maiwawasto—maging ang pinamatitinding pighati.

Alituntunin 2: May kapangyarihan sa Pagbabayad-sala na nagbibigay-lakas sa atin na daigin ang pagiging likas na tao at maging tunay na mga disipulo ni Jesucristo.⁹

May paraan para malaman kung natutuhan natin ang isang doktrina o alituntunin ng ebanghelyo. Ito ay kapag naituro natin ang doktrina o alituntunin sa paraang mauunawaan ng isang bata. Ang isang makatutulong sa pagtuturo sa mga bata na maunawaan ang Pagbabayad-sala ay ang analohi- yang matatagpuan sa isang aralin sa Primary. Marahil matutulungan tayo nito sa pagtuturo sa sarili nating mga

anak, apo, o mga kaibigan sa ibang relihiyon na nais maunawaan ang mahalagang doktrinang ito.

“Isang [babae] na naglalakad sa daan ang nahulog sa isang hukay na napakalalim kung kaya’t hindi maka- ahon. Kahit na ano ang gawin niya ay hindi siya makaahon nang mag-isa. Ang [babae] ay humingi ng tulong at laking tuwa niya nang isang maawa- ing dumaraan ang nakarinig sa kanya at nilawitan siya ng hagdan sa hukay. Ito’y nagbigay daan upang siya ay ma- kaahon sa hukay at muling makamit ang kanyang kalayaan.

“Tayo ay tulad ng [babae] na nasa hukay. Ang pagkakasala ay tulad ng pagkahulog sa hukay, at hindi tayo makakaalis kung tayo lang mag-isa. Katulad ng maunawaing dumaraan na nakarinig sa [babaeng] humingi ng tulong, isinugo ng Ama sa Langit ang Kanyang Bugtong na Anak upang magbigay ng paraan na makalaya. Ang pagbabayad-sala ni Jesucristo ay ma- ihahambing sa paglalawit ng hagdan sa hukay; ito ay magbibigay sa atin ng paraan upang makaahon.”¹⁰ Ngunit hindi lang inilawit ng Tagapagligtas ang hagdan, Siya ay “bumaba sa hu- kay at tinulungan tayong gamitin ang hagdan para makaahon.”¹¹ “Katulad ng [babae] na nasa hukay na kinai- langang umakyat sa hagdan, tayo ay dapat magsisi ng ating mga kasalanan at sundin ang mga alituntunin at orde- nansa ng ebanghelyo upang maka- ahon sa ating hukay at magkaroon ng epekto ang Pagbabayad-sala sa ating buhay. Samakatwid, pagkatapos ng lahat ng ating magagawa, ginagawang posible ng Pagbabayad-sala na tayo ay maging karapat-dapat na makabalik sa kinaroroonan ng Ama sa Langit.”¹²

Kailan lang ay nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala ang isang pioneer ngayon, isang minamahal na anak na babae ng Diyos at kabibinyag lang sa Simbahan sa Chile. Wala si- yang asawa at may dalawang musmos na anak na lalaki. Sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, nagawa niyang kalimutan ang kanyang nakaraan at ngayon ay nagsisikap na maging tunay na disipulo ni Jesucristo. Habang inii- sip ko siya, isang alituntuning itinuro



ni Elder David A. Bednar ang pumasok sa aking isipan: “Mahalagang malaman na naparito si Jesucristo sa lupa upang *mamatay* para sa atin—iyan ay mahalagang bahagi ng doktrina ni Cristo. Ngunit kailangan din nating pasalamat na hangad ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at kapangyarihan ng Espiritu Santo, na [Siya ay] *mapasaatin*—hindi lamang [para] patnubayan tayo kundi [para] palakasin [din] tayo.”¹³

Habang pinag-uusapan namin ng kapatid na ito na taga-Chile kung paano mamalagi sa landas tungo sa buhay na walang hanggan, masaya niyang tiniyak sa akin na determinado siyang magpatuloy sa tamang landas. Matagal na siyang naligaw ng landas noon, at sinabi niya na walang anumang “doon” sa lihis na landas na gusto niyang balikan pa. Ang nagpapalakas na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ay nasa kanyang kalooban. Nakasulat ito sa kanyang puso.

Hindi lamang tayo tutulungan ng kapangyarihang iyan na makaahon mula sa hukay kundi bibigyan din tayo ng lakas na magpatuloy sa makipot at makitid na landas pabalik sa ating Ama sa Langit.

Alituntunin 3: Ang Pagbabayad-sala ang pinakamalaking katibayan natin na mahal ng Ama ang Kanyang mga anak.

Makabubuti sa atin na pagnilayan ang nakaaantig na ideya mula kay Elder Oaks: “Isipin na lamang kung gaano ang pighati ng ating Ama sa Langit sa pagsusugo ng Kanyang Anak upang tiisin ang di-maarok na pagdurusa para sa ating mga kasalanan. Iyan ang pinakamalaking katibayan ng Kanyang pagmamahal sa bawat isa sa atin!”¹⁴

Ang pinakadakilang pagpapakitang iyon ng pagmamahal ay dapat magtulak sa atin na lumuhod sa mapagpakumbabang panalangin at magpasalamat sa ating Ama sa Langit na minahal Niya tayo nang sapat para isugo ang Kanyang Bugtong at sakdal na Anak na magdusa para sa ating mga kasalanan, pighati, at lahat ng tila di-makatarungang bagay sa sarili nating buhay.

Naaalala ba ninyo ang babaeng ikinuwento kamakailan ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf? Sabi niya: “Isang babae na dumanas ng maraming taon ng pagsubok at kalungkutan ang lumuluhang nagsabi, ‘Natanto ko na para akong isang lumang 20-dollar

bill—lukot, punit, marumi, gamit na gamit, at may pilas. Pero 20-dollar bill pa rin ako. May halaga ako. Kahit hindi ako mukhang gayon kahalaga at kahit ako lukot o gamit na, buong 20 dollars pa rin ang halaga ko.’”¹⁵

Alam ng babaeng ito na siya ay mahal na anak ng kanyang Ama sa Langit at sapat ang kanyang halaga para isugo Niya ang Kanyang Anak upang magbayad-sala para sa kanya. Dapat malaman ng lahat ng kababaihan sa Simbahan ang alam ng babaeng ito—na siya ay mahal na anak ng Diyos. Paano mababago ng ating kaalaman na mahalaga tayo sa Kanya ang paraan ng pagtupad natin sa ating mga tipan? Paano naaapektuhan ng ating kaalaman na mahalaga tayo sa Kanya ang ating hangaring paglingkuran ang iba? Paano nadaragdagan ng ating kaalaman na mahalaga tayo sa Kanya ang ating hangaring tulungan ang mga tao na maunawaan ang Pagbabayad-sala na tulad natin—nang taos-puso? Kapag malalim na nakasulat sa ating puso ang doktrina ng Pagbabayad-sala, tayo ay magiging mga uri ng tao na nais ng Panginoon na kahinatnan natin kapag Siya ay muling pumarito. Kikilalanin Niya tayo bilang Kanyang tunay na mga disipulo.

Nawa’y magdulot ng “malaking pagbabago” sa ating puso ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.¹⁶ Kapag tumalima tayo sa doktrinang ito, na ipinahayag ng anghel ng Diyos na “masayang balita ng dakilang kagalakan,”¹⁷ ipinapangako ko na mada-rama natin ang nadama ng mga tao ni Haring Benjamin. Matapos nilang taimtim na ipagdasal na maiakma sa buhay nila ang Pagbabayad-sala, “sila ay napuspos ng kagalakan”¹⁸ at “nahahandang makipagtipan sa . . . Diyos na gawin ang kanyang kalooban, at maging masunurin sa kanyang mga kautusan sa lahat ng bagay.”¹⁹ Ang paggawa, pagtupad, at pagkagalak sa ating mga tipan ang magiging katibayan na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay tunay na nakasulat sa ating puso. Alalahanin sana ang tatlong alituntuning ito, mga kapatid:

1. “Lahat ng di makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.”²⁰
2. May kapangyarihan sa Pagbabayad-sala na nagbibigay-lakas sa atin na daigin ang pagiging likas na tao at maging tunay na mga disipulo ni Jesucristo.²¹
3. Ang Pagbabayad-sala ang pinakamalaking katibayan natin na mahal ng Ama ang Kanyang mga anak.²²

“Pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking *isusulat sa kanilang puso*; at ako’y magiging kanilang Dios, at sila’y magiging aking bayan.”²³ Inaanyayahang ko tayong lahat na hilingin sa Panginoon na isulat ang mga alituntuning ito ng Pagbabayad-sala sa ating puso. Pinatotohanan ko na totoo ang mga ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 1:38.
2. *Lumang Tipan: Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (2001), 244.
3. Jeremias 31:33–34; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Jeffrey R. Holland, “Talakayan,” *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Feb. 9, 2008, 28.
5. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 57.
6. Job 38:7.
7. Dallin H. Oaks, “Ang Paghamon na Magkaroon ng Kahihinatnan,” *Liahona*, Ene. 2001, 41.
8. Sariling Talambuhay ni Mary Lois Walker Morris (kopyang nasa pag-iingat ni Linda Kjar Burton).
9. Tingnan sa David A. Bednar, “Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad,” *Liahona*, Abr. 2012, 12–19.
10. *Primarya 7: Bagong Tipan* (1996), 118.
11. Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo (1954–56), 1:123.
12. *Primarya 7*, 118.
13. David A. Bednar, *Liahona*, Abr. 2012, 14.
14. Dallin H. Oaks, “Pag-ibig at Batas,” *Liahona*, Nob. 2009, 26.
15. Dieter F. Uchtdorf, “Kayo ang Aking mga Kamay,” *Liahona*, Mayo 2010, 69.
16. Tingnan sa Alma 5:12–14.
17. Mosias 3:3.
18. Tingnan sa Mosias 4:1–3.
19. Tingnan sa Mosias 5:2–5.
20. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, 57.
21. Tingnan sa David A. Bednar, *Liahona*, Abr. 2012, 12–19.
22. Tingnan sa Dallin H. Oaks, *Liahona*, Nob. 2009, 26.
23. Jeremias 31:33; idinagdag ang pagbibigay-diin.



Ni Carole M. Stephens

Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

Magsigising sa Ating mga Tungkulin

Kailangan nating magsigising sa ating tungkulin at magpatuloy nang may pananampalataya habang humuhugot tayo ng kapanatagan, lakas, kakayahan, at paggaling sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

Matapos akong tawagin sa Relief Society general presidency, hinangad kong kilalanin pa ang kababaihang unang naglingkod kaysa akin. Humanga ako sa mga turo ni Sister Zina D. Young, unang tagapayo sa ikalawang Relief Society general presidency. Sabi niya, “Mga kapatid, kailangan nating magsigising sa ating mga tungkulin.”¹ Pinag-isipan ko ang mga salitang *magsigising* at *tungkulin* at nagsaliksik pa ako sa mga banal na kasulatan.

Sa Bagong Tipan, itinuro ni Pablo sa mga Banal sa kanyang panahon:

“Ngayo’y kapanahunan nang magsigising kayo sa pagkakatulog: sapagka’t ngayon ay lalong malapit na sa atin ang kaligtasan. . . .

“Ang gabi ay totoong malalim, at ang araw ay malapit na: . . . ating isakbat ang mga sandata ng kaliwanagan.”²

Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Alma sa kanyang mga tao ang mga sagradong tungkulin ng mga nakikipagtipan sa Diyos:

“At ngayon, yamang kayo ay nagnais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

“Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar. . . .

“Ngayon, sinasabi ko sa inyo, kung ito ang naisin ng inyong mga puso, ano ang mayroon kayo laban sa pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa harapan niya na kayo ay nakikipagtipan sa kanya, na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa inyo?

“At ngayon, nang marinig ng mga tao ang mga salitang ito, ipinalakpak nila ang kanilang mga kamay sa kagalakan, at nagbulalas: Ito ang mga naisin ng aming mga puso.”³

Dahil sa sinabi ni Sister Young at sa mga talatang ito, pinag-isipan ko ang “mga tungkulin” na dapat nating gampanan sa ating panahon.

Kapag tayo ay bininyagan, nakikipagtipan tayo. Itinuro ni Elder Robet D. Hales, “Kapag gumawa tayo ng mga tipan at tinupad ang mga ito, lumalabas tayo sa daigdig at [pumapasok] sa kaharian ng Diyos.”⁴

Nabago tayo. Iba ang ating anyo, at iba ang ating kilos. Iba na ang pinakikinggan at binabasa at sinasabi natin, at iba na tayong manamit dahil tayo ay naging mga anak ng Diyos na nakipagtipan sa Kanya.

Sa ating kumpirmasyon, tinatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo, ang karapatang mapatnubayan tuwina ng isang miyembro ng Pangu-luhang Diyos upang tayo ay gabayan, panatagin, at protektahan. Binabalaan Niya tayo kapag natutukso tayong talikuran ang ating mga tipan at muling nagiging makamundo. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer na wala ni isa sa atin “ang makagagawa kailanman ng malaking pagkakamali nang hindi muna binabalaan ng mga paramdam o pahiwatig ng Espiritu Santo.”⁵

Para matanggap ang kaloob na ito at laging mapasaaatin ang Espiritu, dapat tayong maging karapat-dapat at masigasig na alamin ang kundisyon ng ating puso. Malambot ba ang ating puso? Tayo ba ay may pusong mapagpakumbaba, madaling turuan,

at maamo? O unti-unti bang tumigas ang ating puso dahil hinayaan nating makapasok ang ingay ng mundo at magambala tayo sa pakikinig sa mga banayad na pahiwatig na tiyak na nagmula sa Espiritu?

Nang binyagan tayo, nabago at naging ang ating puso sa Diyos. Habang tumatahak tayo sa landas ng buhay, kailangan nating itanong palagi sa sarili, “Kung [akin] nang naranasan ang pagbabago ng puso, . . . nadarama [ko ba iyon] ngayon?”⁶ At, kung hindi, bakit hindi?

Marami sa mga naunang Banal ang “[nakaranas ng] malaking pagbabagong ito sa [kanilang] puso.”⁷ Pinukaw sila nitong tanggapin ang mga pagpapala ng templo na nagpalakas sa kanilang pagganap sa tungkulin. Ang mga naunang Banal sa Nauvoo ay nagpunta “sa templo buong maghapon at buong magdamag”⁸ upang tumanggap ng mga ordenansa at makipagtipan bago sila naglakbay pakanluran.

Ganito ang sabi ni Sarah Rich, isang Relief Society sister sa Nauvoo: “Marami kaming natanggap na pagpapala sa bahay ng Panginoon, na nagdulot ng galak at kapanatagan sa amin sa gitna ng lahat ng aming pagdurusa at naging dahilan upang sumampalataya kami sa Diyos, batid na gagabayan at palalakasin Niya kami sa walang katiyakang paglalakbay na aming haharapin.”⁹

Taglay ang mga pusong nabago dahil sa pananampalataya sa Tagapagligtas, umasa sila sa kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Napukaw silang kumilos. Alam nila sa kaibuturan ng kanilang puso na may isa—ang Tagapagligtas—na nakauunawa sa kani-kanilang paghihirap dahil dinanas Niya ito para sa kanila sa Halaman ng Getsemani at sa krus. Nadama Niya ang kanilang takot, pag-aalinlangan, pighati, at lumbay. Dinanas Niya ang kanilang kalungkutan, pagkaapi, gutom, pagod, at kawalan. At dahil dinanas Niyang lahat ito, masasabi Niya sa kanila, “Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.”¹⁰

At nagsiparoon sila. Nagtiwala sila at sumunod sa propeta. Alam nila na magiging mahaba ang paglalakbay, at mahirap ang kanilang tungkulin. Alam nila na kailangang magsakripisyo, ngunit dahil pinalakas sila ng pananampalataya at nanangan sila sa kanilang mga tipan, sila ay espirituwal na handa.

Bago lisanin ang Nauvoo, isang grupo ng mga Banal ang sumulat ng isang mensahe sa dingding ng assembly hall ng templo na sapilitan nilang iniwan. Sabi roon, “Nakita ng Panginoon ang aming sakripisyo: sundan ninyo kami.”¹¹

Kailan lang ay sumama ako sa mga kabataang lalaki at babae ng aming ward sa isang pioneer trek. Sa bawat umaga ay tinanong ko ang aking sarili, “Ano ang isasakripisyo ko? Paano ko sila susundan?”

Sa ikalawang araw ng trek nahila na namin ang aming kariton nang walong milya (13 km) nang dumating kami sa isang lugar sa daan na tinatawag na “the women’s pull.” Inihawalay ang kalalakihan sa kababaihan, at pinauna na ang kalalakihan paakyat ng isang burol. Nang simulan naming hilahin ang aming kariton, tumingala ako at nakita ko ang mga priesthood namin, bata at matanda, nakahanay sa magkabilang panig ng daan, at hinubad ang mga sumbrero bilang paggalang sa kababaihan.

Madaling umakyat sa simula, ngunit di-naglaon ay lubog na kami



sa buhangin, at matarik na ang burol. Nakatungo ako at buong lakas kong itinutulak ang kariton nang maramdaman kong may humila rito at nakita ko si Lexi, isa sa mga dalagita namin at kapitbahay ko. Nahila na niya ang kanyang kariton hanggang sa tuktok at, nang makitang kailangan namin ng tulong, tumakbo siya pabalik. Pagdating namin sa tuktok, gustung-gusto ko sanang tumakbo pabalik para tulungan ang mga kasunod ko, pero humihingal na ako at malakas ang kabog ng puso ko, kaya ilang beses na pumasok sa isip ko ang mga salitang *atake sa puso!* Minasdan ko nang may pasasalamat ang iba pang mga dalagitang nagparada ng kanilang kariton at tumakbo para tumulong.

Nang makarating ang lahat sa tuktok, ilang minuto kaming nagtala ng damdamin sa aming journal. Isinulat ko: “Hindi ko sapat na naihanda ang katawan ko kaya wala akong lakas para tulungan ang mga kasunod ko. Maaaring hindi ko na kailangang maghilang muli ng kariton, pero hindi ko hahayaang hindi matulungan sa espirituwal ang mga kapatid, kailanman!”

Ito ay isang sagradong karanasan na espirituwal na pumukaw sa akin sa mga tungkulin ko sa aking pamilya at sa iba. Sa buong paglalakbay namin, pinag-isipan ko ang natutuhan ko.

Una’y naisip ko ang mga kapatid, yaong mga *humila* nang mag-isa at yaong mga *patuloy ngayon* na humihila ng kanilang kariton nang mag-isa. Halos 20 porsiyento ng kababaihan sa mga handcart company na iyon noon ang nag-iisa sa ilang bahagi ng paglalakbay. Ang kababaihang ito ay walang asawa, diborsyada, o balo. Maraming inang walang asawa.¹² Samasama silang humila—mga anak na babae ng tipan, bata at matanda, iba’t iba ang sitwasyon sa buhay, sa iisang landas, na iisa ang mithiin.

Ang mga tumakbo para tulungan ang kanilang mga kapatid na nangangailangan ay ipinaalala sa akin ang mga tagasagip, kapwa nakikita at hindi, na mabilis makapuna, makakita ng pangangailangan, at makatulong.

Naisip ko ang sinabi ng Panginoon: “Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang



kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo.”¹³

Nakahanay sa magkabilang panig ng daan ang kalalakihang tapat, masunurin, at tumutupad sa mga tipan. Ang kapangyarihan ng kanilang priesthood—na ginagamit ng Diyos upang pagpalain ang lahat ng Kanyang anak—ay nagpasigla, nagpalakas, at sumuporta sa amin. Sila ay isang paalaala na hindi tayo nag-iisa kailanman. Mapapasaatin ang kapangyarihang ito sa tuwina kapag tinupad natin ang ating mga tipan.

Naisip ko ang kalalakihang nawalay sa kanilang pamilya sa paglalakbay, at naiwan silang mag-isa sa paghila ng kariton. Maraming lalaking namatay sa paglalakbay. Ang ilang anak na lalaki ay nagpaiwan para magmisyon sa kanilang lupang tinubuan. Ang ilan ay nuanang nandayuhan upang paghandaan ang pagdating ng kanilang pamilya sa Salt Lake Valley. Ipinasiya ng iba na huwag sumama, dahil pinili nilang hindi tuparin ang kanilang mga tipan.

Tulad ng mga nauna, marami ngayon ang nabubuhay sa di-kainamang sitwasyon. Patuloy tayong nagtuturo at nagsisikap na makamtan ang

pinakamainam dahil alam natin na ang patuloy na pagsisikap ay magsulong sa atin sa landas at ihahanda tayo para sa mga pagkakataong matanggap ang lahat ng ipinangakong pagpapala kapag tayo ay “nangaghintay sa Panginoon.”¹⁴

Bawat isa sa atin ay nakaranas at patuloy na daranas ng paghihirap sa buhay. Ang mortal na buhay na ito ay panahon ng pagsubok, at patuloy tayong magkakaroon ng mga pagkakataong gamitin ang ating kalayaan na piliin kung ano ang matututuhan natin mula sa mga paghihirap na tiyak na darating.

Bilang mga anak ng Diyos, patuloy tayo sa landas ng pananampalataya dahil kinikilala natin, tulad ng itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na, “Ang nakapagligligtas na mga ordenansang natanggap sa templo na nagtutulong sa atin na makabalik balang-araw sa ating Ama sa Langit sa ugnayan ng pamilyang walang hanggan at mapagkalooban ng mga pagpapala at kapangyarihan mula sa itaas ay sulit sa lahat ng sakripisyo at pagsisikap.”¹⁵

Hindi sapat ang maglakbay lang; kailangan nating magsigising sa ating tungkulin at magpatuloy nang may pananampalataya habang humuhugot

tayo ng kapanatagan, lakas, kakayahang, at paggaling sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

Mga kapatid, mahal ko kayo. Marami sa inyo ang hindi ko kilala sa personal, pero alam ko kung *sino* kayo! Tayo ay mga anak na babae sa Kanyang kaharian na tumutupad sa tipan, at dahil pinagkalooban ng lakas sa pamamagitan ng ating mga tipan, handa tayong gawin ang ating tungkulin.

Inihahanda ng Relief Society ang kababaihan para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan sa pagpukaw sa ating espirituwalidad upang maragdagan ang ating pananampalataya at sariling kabutihan. Magsimula tayo sa ating sarili. Magsimula tayo kung saan tayo naroon. Magsimula tayo ngayon. Kapag nagsigising tayo sa espirituwal, higit nating mapapatatag ang mga pamilya at tahanan at matutulungan ang iba.

Ito ay gawain ng kaligtasan, at ginawa itong posible ng nagpapalakas at nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Magsigising sa tunay nating pagkatao. Magsigising sa ating tungkulin. Tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Zina D. Young, sa *Woman's Exponent*, Okt. 15, 1877, 74.
2. Mga Taga Roma 13:11-12.
3. Mosias 18:8-11.
4. Robert D. Hales, "Pagiging Disente: Pagpipitagan sa Panginoon," *Liahona*, Ago. 2008, 21.
5. Boyd K. Packer, "Paano Magiging Ligtas sa Teritoryo ng Kaaway," *Liahona*, Okt. 2012, 35.
6. Alma 5:26.
7. Alma 5:14.
8. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society*, 35-36.
9. Sarah Rich, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 36.
10. Mateo 11:28.
11. Sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 36.
12. Pagsasaliksik na pinangasiwaan ni Jolene S. Allphin mula sa mga kuwento at listahan ng mga kumpanya; tingnan sa *Tell My Story, Too*, ika-81 ed. (2012).
13. Doktrina at mga Tipan 84:88.
14. Isaias 40:31.
15. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona*, Mayo 2011, 92.



Ni Linda S. Reeves

Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

Hindi Kayo Nalilimutan ng Panginoon

Kilala at mahal tayo ng ating Ama sa Langit at ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. . . . Madarama natin ang Kanilang pagmamahal at habag sa ating pagdurusang.

Kapag nakakadaup-palad namin ang kababaihan sa buong mundo, namamangha kami sa lakas ng inyong patotoo. Napakarami sa inyo ang una o ikalawang henerasyong mga miyembro ng Simbahan. Nakikita namin ang maraming kababaihang naglilingkod sa maraming tungkulin, nagbibiyaha nang malalayo para makasimba, at nagsasakripisyo para gumawa at tumupad ng mga tipan sa templo. Ikinararangal namin kayo. Kayo ang mga makabagong pioneer ng Panginoon!

Kailan lang ay nakilala namin ng aking asawang si Mel ang isang volunteer tour guide na nagngangalang Mollie Lenthal nang bumisita kami sa isang museo sa Australia. Nalaman namin na si Mollie, isang magandang babaeng nasa 70s ang edad, ay walang anak at hindi nakapag-asawa. Nag-iisa siyang anak, at matagal nang patay ang mga magulang niya. Ang pinakamalalapit niyang kamag-anak ay dalawang pinsan na nakatira sa ibang kontinente. Walang anu-ano, nadama kong nagpatotoo sa akin ang Espiritu, na halos parang ang Ama sa Langit ang nagsasalita:

"Si Mollie ay *hindi* nag-iisa! Si Mollie ay *aking* anak! Ako ang kanyang Ama! Napakahalaga niyang anak sa *aking* pamilya, at siya ay *hindi kailanman nag-iisa!*"

Isa sa mga paborito kong kuwento sa buhay ng Tagapagligtas ang kuwento tungkol kay Lazaro. Sinabi sa atin sa mga banal na kasulatan na "Iniibig nga ni Jesus si Marta, . . . ang kaniyang kapatid na [si Maria], at [ang kapatid nilang] si Lazaro."¹ Ipinarating nila kay Jesus na malubha si Lazaro, ngunit hindi nagpunta kaagad si Jesus; nagpalipas pa Siya ng dalawang araw, at sinabing "ang sakit na ito'y . . . sa ikaluluwalhati ng Dios, upang ang Anak ng Dios ay luwalhatiin sa pamamagitan niyaon."²

Nang marinig na paparating si Jesus, "yumaon at sumalubong sa kanya" si Marta,³ at sinabi sa Kanya ang nangyari. Si Lazaro ay "apat na araw na[ng] nalilibing."⁴ Nagdadalamhati, tumakbo si Marta pauwi para sabihin kay Maria na dumating na ang Panginoon.⁵ Si Maria, na lubhang malungkot, ay tumakbo kay Jesus, nagpatirapa sa Kanyang paanan, at tumangis.⁶



Sinabi sa atin na “nang makita nga ni Jesus na [si Maria’y] tumatangis, . . . nalagim siya sa espiritu, at nagulumihan,” at nagtanong kung saan nila inilibing si Lazaro.

“Sinabi nila sa kaniya, Panginoon, halika at tingnan mo.”⁷

At nabasa natin ang ilan sa mga salita sa banal na kasulatan na puno ng pagkahabag at pagmamahal: “Tumangis si Jesus.”⁸

Inisulat ni Apostol James E. Talmage: “Nang makita ang dalawang babaeng lubhang nagdadalamhati, . . . nalungkot si Jesus [sa kanila], kaya naghinagpis ang Kanyang espiritu at lubhang nabagabag.”⁹ Pinatotohanan ng karanasang ito ang pagkahabag, pagdamay, at pagmamahal ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo at ng ating Ama sa Langit para sa bawat isa sa atin tuwing nabibigatan tayo sa pagdadalamhati, pagkakasala, paghihirap, at mga pasakit sa buhay.

Mahal na mga kapatid, kilala at mahal tayo ng ating Ama sa Langit at ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Alam Nila kapag nasasaktan o nagdurusa tayo sa anumang paraan. Hindi Nila sinasabing, “OK lang na masaktan ka ngayon dahil di-maglalaon ay maaayos din ang lahat. Gagaling ka, o makakakita ng trabaho ang asawa

mo, o babalik ang anak mong naligaw ng landas.” Nadarama Nila ang tindi ng ating pagdurusa, at madarama natin ang Kanilang pagmamahal at habag sa ating pagdurusa.

Nagpatotoo si Alma:

“At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

“At dadalhin niya sa kanyang sarili . . . ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, . . . upang malaman niya . . . kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan.”¹⁰

Kapag iniisip natin *kung* kilala ba tayo ng ating Tagapagligtas at ng ating Ama sa Langit o *kung gaano* Nila tayo kakilala nang personal, alalahanin natin ang sinabi ng Tagapagligtas kay Oliver Cowdery:

“Kung nagnanais ka ng karagdagang katibayan, ipako mo ang isipan sa gabi [na] ikaw ay nagsumamo sa akin sa iyong puso, upang iyong malaman ang hinggil sa katotohanan ng mga bagay na ito.”¹¹

Bago iyon ay sinabi ng Tagapagligtas, “Wala nang iba pa kundi Diyos

lamang ang nakaaalam ng iyong mga saloobin at hangarin ng iyong puso.”¹²

Ipinaalala ng Tagapagligtas kay Oliver na alam Niya ang bawat detalye ng pagsusumamong iyon—at naalaala ang mismong oras at gabing iyon.

Maraming taon na ang nakalilipas dinapuan ng di-karaniwang sakit ang asawa ko at naging malubha. Nang lumipas ang mga linggo at lumala pa ang kanyang sakit, lalo akong nakumbinsi na mamamatay siya. Wala akong sinabihan ng aking mga pangamba. Malaki ang aming pamilya, bata pa ang aming mga anak, at nagmamahal kami at walang hanggan ang aming kasal, at ang isiping mawawala ang asawa ko at mag-isa kong palalakin ang aking mga anak ay nagpadama sa akin ng kalungkutan, pighati, at galit. Nahihiya akong sabihin na lumayo ako sa aking Ama sa Langit. Ilang araw akong hindi nagdasal; hindi na ako nagplano; umiyak ako. Sa huli ay nadama ko na hindi ko kayang gawin itong mag-isa.

Sa unang pagkakataon pagkaraan ng maraming araw, lumuhod ako at nagbuhos ng nilalaman ng puso ko sa aking Ama sa Langit, at nagsumamong patawarin ako sa paglayo sa Kanya, at sinabi ko ang lahat ng nasasaloob ko, at sa huli ay ibinulalas ko na kung



ito talaga ang nais Niyang gawin ko, gagawin ko ito. Alam ko na may plano Siya para sa ating buhay.

Habang nakaluhod ako at patuloy na nagbubuhos ng nilalaman ng aking puso, nabalot ako ng napakatamis, napakapayapa, at magiliw na pagmamahal. Para akong binalot ng nag-uumapaw na pagmamahal. Parang narinig kong sinabi ng Ama sa Langit, “Iyan lang ang kailangan kong malaman.” Ipinasiya kong huwag nang lumayo sa Kanyang muli. Unti-unti at kamangha-manghang bumuti ang lagay ng asawa ko hanggang sa lubos siyang gumaling.

Makalipas ang ilang taon lumuhod kaming mag-asawa sa tabi ng aming 17-taong-gulang na anak na babae at nagsumamong palawigin pa ang kanyang buhay. Sa pagkakataong ito ang sagot ay hindi, ngunit napakalakas ng damdaming iyon ng pagmamahal at kapayapaang ipinangako ng ating Tagapagligtas, at nalaman namin na kahit pinauwi na siya ng Ama sa Langit, magiging maayos ang lahat. Nalaman namin ang ibig sabihin ng ilagay ang ating mga pasanin sa Panginoon, ng malaman na kilala, minamahal, at kinahahabagan Niya tayo sa ating mga kalungkutan at pasakit.

Ang isa sa mga pinakamatatamis na sandali ng mag-ama sa Aklat ni Mormon ay nang magpatotoo si

Nakababatang Alma sa kanyang anak na si Helaman. Inilarawan ni Alma ang “hindi maipaliwanag na masidhing takot” na nadama niya habang iniisip ang pagpasok sa presensya ng Diyos para hatulan sa marami niyang kasalanan. Matapos madama ang bigat ng lahat ng kanyang kasalanan nang tatlong araw at gabi, nagsisi siya at nagsumamo sa Tagapagligtas na kaawaan siya. Inilarawan niya kay Helaman ang “napakaganda at napakatamis” na kagalakan ng “hindi na” maalaala pa ang kanyang mga pasakit. Sa halip na madama ang “hindi maipaliwanag na masidhing takot” sa pag-iisip na haharap siya sa Diyos, nakita ni Alma sa pangitain ang “Diyos na nakaupo sa kanyang trono” at sinabing, “Ang aking kaluluwa ay *nag-asam* na maparoon.”¹³

Hindi nga ba gayon ang nadarama natin, mahal kong mga kapatid, kapag nagsisi tayo at inisip ang pag-ibig, awa, at pasasalamat natin sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas—na tayo ma’y “[uma]lamang na maparoon,” upang muling mayakap ng Kanilang mapagmahal na bisig?

Tulad ng patotoo sa akin ng Panginoon na hindi Niya nalilimutan ang Kanyang mahal na anak na si Mollie Lenthal, nagpapatotoo ako na *hindi Niya kayo nalilimutan!* Anuman ang inyong kasalanan o kahinaan o pasakit

o hirap o pagsubok na pinagdaraan, alam Niya at nauunawaan ang mga sandaling iyon. Mahal Niya kayo! At tutulungan Niya kayo sa mga sandaling iyon, tulad ng ginawa Niya kina Maria at Marta. Nabayaran na Niya ang halaga upang malaman Niya kung paano kayo tutulungan. Ilagay ang inyong mga pasanin sa Kanya. Sabihin sa Ama sa Langit ang inyong nadarama. Sabihin sa Kanya ang inyong pasakit at pighati at ibigay ito sa Kanya. Saliksikin ang mga banal na kasulatan *araw-araw*. Doo’y makasusumpung din kayo ng malaking kapanatagan at tulong.

Itinanong ng ating Tagapagligtas:

“Sapagkat malilimutan ba ng isang ina ang kanyang anak na pinasususo, na hindi siya maawa sa anak ng kanyang sinapupunan? Oo, maaaring makalimot siya, gayon pa man hindi kita malilimutan. . . .

“ . . . Aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay.”¹⁴

“Iniutos ko na *walang isa* man sa inyo ang umalis, kundi iniutos ko na kayo ay lumapit sa akin, nang inyong madama at makita; maging gayon din ang inyong gagawin sa sanlibutan.”¹⁵

Iyan ang ating tungkulin. Kailangan nating madama at makita mismo at pagkatapos ay tulungan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit na madama at makita at malaman na pinasan ng ating Tagapagligtas hindi lamang ang lahat ng ating kasalanan kundi maging ang ating mga pasakit at pagdurusa at pighati upang malaman Niya kung ano ang nadarama natin at kung paano tayo aaliwin. Pinatotohanan ko Siya sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 11:5.
2. Juan 11:4.
3. Juan 11:20.
4. Juan 11:17.
5. Tingnan sa Juan 11:28.
6. Tingnan sa Juan 11:32.
7. Juan 11:33–34.
8. Juan 11:35.
9. James E. Talmage, *Jesus the Christ*, 3rd ed. (1916), 493.
10. Alma 7:11–12.
11. Doktrina at mga Tipan 6:22.
12. Doktrina at mga Tipan 6:16.
13. Tingnan sa Alma 36:14–22; idinagdag ang pagbibigay-diin.
14. 1 Nephi 21:15–16.
15. 3 Nephi 18:25; idinagdag ang pagbibigay-diin.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Tagapag-alaga

Kayo ay palalakasin subalit bibigyang-inspirasyong malaman ang mga limitasyon at hangganan ng inyong kakayahang maglingkod.

Nagpapasalamat akong maka-sama kayo ngayong gabi. Ang kababaihan ng Simbahan ni Jesucristo ay nagiging samahan ng kababaihan na inilarawan ng ina ni Propetang Joseph Smith na si Lucy Mack Smith, sa mga salitang ito: “Kailangan nating pakamahalin ang isa’t isa, [pangalagaan] ang isa’t isa, aliwin ang isa’t isa at maturuan, upang makaupo tayo nang magkakasama sa langit.”¹

May tatlong bahagi sa napakagandang paglalarawang iyan ng mga kwalipikasyon upang maging mali-gaya sa piling ng Diyos. Ang una ay pangalagaan ang isa’t isa. Ang isa pa ay turuan ang isa’t isa at maturuan. At ang pangatlo ay magkakasamang maupo sa piling ng Diyos.

Ang layunin ko ngayong gabi ay tulungan kayong madama ang papuri at pagpapahalaga ng Diyos sa nagawa ninyo para matulungan ang isa’t isa na makamtan ang dakilang mithiing iyon. At, pangalawa, para ilarawan ang ilan sa mga mangyayari pa sa inyong nagkakaisang paglilingkod.

Tulad ng kababaihan noong araw, tumugon kayo sa panawagan ng Panginoon na tumulong sa kapwa. Noong 1856 hiniling ng propetang si Brigham Young sa mga Banal na tulungan ang mga handcart pioneer na

hindi makaalis dahil sa makapal na niyebe. Sa panahong iyon ng pangangailangan ay sinabi niya sa mga miyembro sa pangkalahatang kumpe-rensya: “Ang inyong pananampalataya, relihiyon, at pangangaral ng relihiyon, ay hindi makapagliligtas ng kahit isang kaluluwa sa inyo sa kahariang selestiyal ng ating Diyos, kung hindi ninyo susundin ang mga alituntuning itinuturo ko sa inyo ngayon. Humayo kayo at dalhin dito ang mga taong nasa kapatagan ngayon, at [isagawang] mabuti ang mga bagay na tinatawag nating temporal, . . . kung hindi [ay] mawawalang-saysay ang inyong pananampalataya.”²

Daan-daang kababaihan sa Utah ang tumugon dito. Sa kanilang karalitaan pinuno nila ang mga bagon ng lahat ng maibibigay nila at makakalap mula sa iba upang bigyang-ginhawa ang mga nasa kagipitan. Itinala ng isa sa magigiting na kababaihang iyon, “Hindi pa ako kailanman higit na nasiyahan at, masasabi kong, natuwa sa anumang pagsisikap na ginawa ko sa aking buhay, gayon ang nanaig na damdamin ng pagkakaisa.”³

Nang matapos ang pagsagip at natunaw na ang niyebe, itinala ng kapatid na iyon ang tanong ng kanyang tapat na puso: “Ano pa ang susunod

na gagawin ng mga taong handang tumulong?”⁴

Sa ating panahon, ang mga grupo ng magigiting na kababaihan sa iba’t ibang dako ng mundo ay ipinamumuhay ang kanilang pananampalataya sa napakaraming lugar. At itinatanong nila sa kanilang puso at mga panalangin ang bagay ding iyon tungkol sa paglilingkod na kanilang gagawin.

Bawat isa sa inyo ay kakaiba ang kalagayan sa inyong paglalakbay tungo sa buhay na walang hanggan. Ang ilan ay marami nang karanasan sa paglilingkod, at ang iba ay nagsisimula pa lamang sa kanilang pagiging disipulo sa buhay. Bawat isa ay may kakaibang personal na kasaysayan at mga hamon sa buhay. Ngunit kayong lahat ay magkakapatid at minamahal na mga anak ng ating Ama sa Langit, na nakakikilala at nangangalaga sa inyo.

Ang napakagandang nagawa ninyo nang sama-sama ay ang mahalina, pangalagaan at bigyang-ginhawa ang isa’t isa. Nasaksihan ko ang tatlong bahagi ng himalang iyan isang buwan pa lang ang nakalilipas sa paglilingkod ninyo sa isang miyembro. Bilang kanyang ama, salamat sa inyo at salamat sa Diyos, na gumabay sa isang visiting teacher.

Ang anak naming si Elizabeth, na nakatira sa ibang estado at napakalayo sa amin, ay nasa bahay kasama ang kanyang tatlong-taong-gulang na anak na babae. Ang isa pang anak niya ay nasa unang linggo pa lang ng kindergarten. Si Elizabeth ay anim na buwan nang nagdadalantao at umaasam na ipanganak ang ikatlo niyang anak, na ayon sa mga doktor ay babae na naman. Ang asawa niyang si Joshua ay nasa trabaho.

Nang makita niyang dinudugo na siya at tuluy-tuloy ito, tinawagan niya sa telepono ang kanyang asawa. Sinabihan siya nito na tumawag ng ambulansya at doon na sila magkita sa ospital, na 20 minuto ang layo mula sa bahay niya. Bago siya nakatawag, narinig niyang may kumatok sa pintuan.

Sa pintuan nagulat siyang makita ang kanyang Relief Society visiting teaching companion. Wala silang usapan nang umagang iyon. Nadama lang



nanatili kayong tapat, makikita ninyo na madalas kayong aanyayahan ng Panginoon na paglingkuran ang isang taong nangangailangan kapag tila hindi ito madali para sa inyo. Maaaring mukha itong mahirap at marahil ay imposible pang gawin. Kapag dumating ang pagkakataong iyon, maaaring tila hindi kayo kailangan o may iba pang taong mas makakatu-long kaagad.

Alalahanin na kapag hinayaan ng Panginoon na makita natin ang isang taong nahihirapan, pinupuri natin ang mabuting Samaritano sa hindi niya ginawa at maging sa kanyang ginawa. Hindi siya dumaan sa kabilang daan kahit estranghero at marahil ay kaaway pa ang nabugbog na manlalakbay. Ginawa niya ang makakaya niya para sa nabugbog na lalaki at nagplanong makatulong pa ang iba pagkatapos. Ginawa niya ito dahil naunawaan niya na ang pagtulong ay maaaring mangailangan ng higit pa sa magagawa ng isang tao.

Ang mga aral sa kuwentong iyan ay maaaring gumabay sa inyo anuman ang inyong hinaharap. Ang mga aral ding iyon ay natamo ninyo sa inyong kabataan at sa mga karanasan ninyo ngayon.

Kahit minsan lang, at marahil ay madalas, ay nagulat kayong makita ang isang taong nangangailangan ng pangangalaga. Maaaring isa itong magulang, lolo, lola, kapatid, o anak na nagkasakit o may kapansanan. Ang pagkahabag ninyo ang nanaig kaysa inyong mga pagnanais bilang tao. Kaya sinimulan ninyong mag-alok ng tulong.

Tulad ng manlalakbay sa kuwento ng mabuting Samaritano sa banal na kasulatan, malamang na ang tulong na kailangan ay naging pangmatagalang na hindi ninyo kayang ibigay nang mag-isa. Kinailangang paalagaan ng Samaritano ang manlalakbay sa katiwala ng bahay-tuluyan. Ang plano ng Panginoon na paglingkuran ang ibang nangangailangan ay may pagtutulongan.

Laging inaanyayahan ng bishop at mga Relief Society president ang mga miyembro ng pamilya na magtulongan kapag kailangan. Napakaraming

ng kompanyon niya na dapat niyang puntahan si Elizabeth.

Tinulungan siya nitong makasakay sa kotse. Dumating sila sa ospital ilang minuto bago nakarating si Joshua mula sa trabaho. Wala pang 20 minuto ay nagpasiya na ang mga doktor na operahan si Elizabeth para mailabas ang sanggol at mailigtas ang buhay ng mag-ina. Kaya isinilang ang isang munting sanggol na babae sa mundo, na umiyak nang malakas, na napaaga nang 15 linggo ang pagsilang. Siya ay may timbang na isang libra, labing-isang onsa (765 g). Ngunit buhay siya, gayon din si Elizabeth.

Natupad ang sinabi ni Lucy Mack Smith nang araw na iyon. Isang tapat na miyembro ng Relief Society, na binigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo, ang nagbantay, nagmahal, at nagbigay-ginhawa sa kanyang kapatid sa kaharian ng Diyos. Siya at libu-libo pang ibang nakapagbigay ng inspiradong paglilingkod sa nagdaang mga henerasyon ay hindi lamang pinasalamatang ng mga natulungan nila at ng kanilang mga mahal sa buhay kundi maging ng Panginoon.

Alalahanin ang pagpapahalaga Niya sa mga taong di-gaanong kinikilala ng mundo sa kanilang kabutihan: “At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”⁵

Ngunit ang himala ng isang miyembro ng Relief Society na tamang-tama ang dating para tumulong ay naragdagan sa pamamagitan ng lakas

ng nagkakaisang samahan ng kababaihan. Narito ang isang bahagi lamang ng mensahe ng bishop ni Elizabeth na ipinarating kina Elizabeth at Joshua sa ospital ilang oras matapos isilang ang sanggol: “Ang Relief Society president na ang bahala sa lahat. Nagaplano na kaming tulungan ang mga anak ninyo sa bahay para makaparoo’t parito si Elizabeth sa ospital habang nasa ospital ang inyong magandang sanggol na wala pang pangalan. Nagawa na namin ito noon nang matagalan, at sinasamantala ng [ating] mga tao ang pagkakataong ito.

Sabi pa ng bishop, na tinutukoy ang sarili at ang ward: “Nagpunta pa nga kami sa ospital at sinamahan ang mga bata sa playroom nang hindi sila maiwan ng kanilang ina sa ibang lugar.”

At patuloy niya: “Hindi namin isasagawa ang aming plano nang walang koordinasyon at pagsang-ayon ninyo, siyempre. Gusto lang naming ipaalalam na hindi kayo dapat mag-alala sa mga bagay na magagawa [at gagawin] namin.”

Dahil sa pagtulong nila sa aking anak, nagkaroon siya ng matamis na sandaling kargahin, sa unang pagkakataon, ang kanyang munting sanggol.

At tinapos ng bishop ang kanyang mensahe kina Joshua at Elizabeth sa ipinarating ng kababaihan dahil sa pangako nilang paglingkuran ang iba sa lahat ng dako ng mundo alang-alang sa Panginoon: “Manatiling tapat.”

Kahit magkakaiba ang kalagayan at karanasan ninyo sa buhay, may sasabihin ako tungkol sa ilang bagay na naghihintay sa inyo. Kapag

dahilan para sa alituntuning iyan. Ang nangunguna ay ang maglaan ng ibayong pagmamahal sa mas maraming tao na dulot ng paglilingkod sa isa't isa.

Nakita at nadama na ninyo ang pagpapalang iyan. Kapag inalagaan ninyo ang isang tao kahit sandali lang, napapamahal sa inyo ang taong inyong pinaglingkuran. At nang tumagal pa ang pag-aalaga ninyo, nag-ibayo ang pagmamahal na iyon.

Dahil tayo ay mortal, ang nag-ibayong pagmamahal na iyan ay maaaring hadlangan ng lungkot at pagod. Iyan ang isa pang dahilan kaya hinahayaan ng Panginoon na matulungan tayo ng iba sa paglilingkod natin sa mga nangangailangan. Iyan ang dahilan kaya nagtatag ang Panginoon ng mga samahan ng mga tagapag-alaga.

Ilang linggo na ang nakalilipas na-roon ako nang sang-ayunan ang isang babae sa sacrament meeting bilang assistant coordinator ng visiting teaching, isang posisyong hindi ko alam na mayroon noon. Inisip ko kung alam ba niya ang pagpapahalaga ng Panginoon sa kanya nang tawagin siya sa tungkuling iyon. Dahil sa malikot na anak, kinailangan niyang lisanin ang miting bago ko nasabi sa kanya kung gaano siya kamahal at pinahalagahan ng Panginoon sa kanyang pagtulong na pangasiwaan ang mga ginagawa ng Kanyang mga disipulo.

Ang pangangalaga sa mga nangangailangan ay kailangan ng pagtutulongan, isang mapagmahal at nagkakaisang samahan. Iyan ang itinatag ng Panginoon sa inyo. Mahal Niya kayo anumang tungkulin ang inyong ginagampanan.

Ang isang patunay ng Kanyang pagpapahalaga sa inyo ay tinutulutan kayo ng Diyos na lalo pa ninyong mahal in ang inyong mga pinaglilingkuran. Iyan ang dahilan kaya ninyo iniinyakan ang pagkamatay ng isang taong pinaglingkuran ninyo nang matagal. Ang nasayang na pagkakataong alagaan sila ay maaaring parang mas malaki pang kawalan kaysa pansamantalang paghihiwalay. Narinig ko ang isang babae—na matagal ko nang kilala—kamakailan, noong linggong

pumanaw ang kanyang asawa, na nagpatotoo at nagpasalamat sa pagkakataong mapaglingkuran ito hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Walang makitang luha sa kanya, kundi masayang ngiti.

Kahit malaki ang pagpapala ng maha-haba at mapagmahal na paglilingkod sa mga tao, malalaman ninyo na may pisikal, emosyonal, at pinansiyal na mga limitasyon sa maaaring mangyari. Ang taong nag-aalaga nang sapat na haba ng panahon ay maaaring siyang mangailangan ng pag-aalaga.

Ang Panginoon, na siyang Dalubhasang Mangangalaga ng mga taong nangangailangan, ay nagbigay ng magandang payo sa mga pagod na tagapag-alaga sa mga salitang ito na ipinahayag ni Haring Benjamin at nakatala sa Aklat ni Mormon: “Alang-alang sa pananatili ng kapatawaran ng inyong mga kasalanan . . . nais kong ibahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa mga maralita, bawat tao alinsunod sa kung ano ang mayroon siya, gaya ng pagpapakain sa nagugutom, pagpapanamit sa hubad, pagdalaw sa may karamdaman, at pangangasiwa sa kanilang ikagiginhawa, kapwa espirituwal at temporal, alinsunod sa kanilang mga pangangailangan.”⁶



Ngunit nagbabala rin Siya sa ilan sa inyo na maaaring nagpapabaya sa sarili sa walang tigil at napakatagal na mapagmahal na paglilingkod: “At tiyakin na ang lahat ng bagay na ito ay gagawin sa karunungan at kaayusan; sapagkat hindi kinakailangan na ang tao [o sinumang tagapag-alaga] ay tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa kanyang lakas. At muli, kinakailangan siya ay maging masigasig, nang sa gayon siya ay magkamit ng gantimpala, anupa’t ang lahat ng bagay ay dapat na gawin nang maayos.”⁷

Ang payong iyan ay maaaring mahirap gawin kapag kailangan ninyong magpasiyang balansehin ang hangarin ninyong gawin ang lahat para tulungan ang iba at ang karunungan ninyong magtipid sa sarili ninyong mga pangangailangan upang patuloy kayong makapaglingkod. Maaaring nakita na ninyo ang iba na nahirapan sa gayong mga pagpapasiya. Ang isang halimbawa ay ang pagpapasiya kung aalagaan ninyo sa bahay o paaalagaan sa isang bahay-ampunan ang isang taong malapit nang pumanaw kapag pagod na pagod na kayo.

Ang nalalaman ninyo tungkol sa plano ng kaligtasan ay maaaring gumabay sa inyo sa gayon kahirap na mga pagpapasiya. Iyan ang isa sa mga dahilan kaya matalinong sinabi ni Lucy Mack Smith na ang kababaihan ay dapat “maturuan.”

Makabubuting magkaroon ng matibay na pananalig sa layunin ng Panginoon para sa bawat anak ng Diyos sa panahon ng paghihirap sa buhay. Itinuro Niya kay Propetang Joseph ang napakahalagang bagay sa plano ng kaligtasan sa ganitong paraan nang sikapin ni Joseph na unawain ang tila walang-katapusang mga pagsubok sa kanya: “At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas.”⁸

Ang pasiya nating makatulong nang husto sa isang taong nasa gitna ng mahihirap na pagsubok ay nagiging, “Ano ang dapat kong gawin na makakatulong nang husto sa taong mahal ko na ‘lubos na makapagtiis?’” Kailangan natin siyang tulungan na matutong sumampalataya kay Cristo,



umasa sa buhay na walang hanggan, at ibigin ang kanyang kapwa, na dalisay na pag-ibig ni Cristo, hanggang sa wakas ng kanyang buhay.

Nakakita na ako ng kababaihan sa kaharian na nagtuon sa Tagapagligtas at sa Kanyang layunin. Isipin ang mga panahong naparoon kayo sa silid kung saan nagpulong ang Relief Society o Primary o Young Women.

Maaaring walang makitang larawan doon ng Tagapagligtas o ng Kanyang mga salita, ngunit alam ninyo na nagkaroon ng patotoo sa katotohanan at kahalagahan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa oras na iyon na katulad sa gabing ito. Maaaring walang larawan ng banal na templo o mga salitang “Ang Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan,” ngunit nakikita ninyo ang pag-asa sa kanilang mga ngiti.

At nakita ninyo, katulad ko, na pinalakas ng isang matalinong visiting teacher ang loob ng isang miyembro ng nahihirapan na kailangan at mahalaga pa rin ang kanyang paglilingkod sa iba, kahit siya ay nagkukulang. Naghahanap ng paraan ang mahuhusay na Relief Society president para makatulong ang mga nangangailangan sa pag-aalaga sa

iba. Nagbibigay sila ng mga pagkakataon sa kababaihan na matiis ang mga pagsubok kapag inalagaan nila ang isa’t isa sa dalisay na pag-ibig ni Cristo. Maaaring kabilang diyan ang magiliw na panghihikayat sa pagod na tagapag-alaga na magpahinga at tanggapin ang tulong ng iba.

Nagagawa iyon ng kababaihan dahil hindi sila nanghuhusga sa mga taong dumaranas ng matinding pagsubok. Karamihan sa mga tao na may mabibigat na pasanin ay nagsisimulang mag-alinlangan sa sarili at sa kanilang kahalagahan. Pinagagaan natin ang kanilang mga pasanin kapag nagpasensya tayo sa kanilang mga kahinaan at nagsasaya sa anumang kabutihang makita natin sa kanila. Ginagawa iyan ng Panginoon. At maaari nating tularan ang Kanyang halimbawa—dahil Siya ang pinakadakilang tagapag-alaga ng lahat.

Madalas nating pag-uusapan ang lakas ng grupo ng kababaihan sa Simbahan ni Jesucristo. Dapat nating malaman na ang Tagapagligtas ay laging kasama sa grupo kapag inaanyayahan natin Siya.

Makikita natin na parami nang parami ang inaanyayahan ng mga anak

na babae ng Diyos na kababaihan na sumama sa kanila. Kapag dumarating sa isang miting ang kababaihan at naghanap ng upuan, maririnig nila ang magiliw na salitang, “Halikalyo!, tabi-tabi tayo.”

Maririnig natin ang mga salitang iyan sa araw na nakita ni Lucy Mack Smith na ang kababaihan ay “[makaupo] nang magkakasama sa langit.” Hindi tayo naghahanda para sa araw na iyon sa isang iglap lamang. Mangyayari ito sa mga araw at taon ng pag-aalaga natin sa isa’t isa at pagsasapuso ng mga salita ng buhay na walang hanggan.

Dalangin ko na marami sa atin ang magkasama-sama sa maluwalhatang hinaharap na iyon na naghihintay sa atin. Pinatotohanan ko na ang pag-asam ninyo sa mga araw na iyon ay hindi mabibigo. Ginawa itong posible ng Panginoong Jesucristo, sa pamamagitan ng Kanyang walang-hanggan Pagbabayad-sala, para sa bawat isa sa inyo. Naririnig at sinasagot ng Ama sa Langit ang inyong mga panalangin ng pananampalataya para patnubayan at tulongan kayong magtiis sa paglilingkod sa Kanya.

Isinusugo ang Espiritu Santo sa inyo at sa mga inaalaan ninyo. Palalaksin kayo subalit bibigyang-inspirasyon ding malaman ang hangganan ng inyong kakayahang maglingkod. Papanatagin kayo ng Espiritu kapag inisip ninyo, “Sapat na ba ang nagawa ko?”

Pinatotohanan ko na sasainyo ang Panginoon at ihahanda ang inyong daan at papatnubayan kayo sa inyong paglilingkod sa mga taong mahal Niya sa kanilang mga pangangailangan at pagsubok. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucy Mack Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 30.
2. Brigham Young, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 44.
3. Lucy Meserve Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 44.
4. Lucy Meserve Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 44.
5. Mateo 25:40.
6. Mosias 4:26.
7. Mosias 4:27.
8. Doktrina at mga Tipan 121:8.

Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay magagamit sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang mga tagapagsalita ay nakalista nang sunud-sunod ayon sa alpabeto, at ang bilang ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

TAGAPAGSALITA KUWENTO

Neil L. Andersen	(39) Hindi humina ang pananampalataya ng isang pamilya kasunod ng pagkamatay ng kanilang anak.
Shayne M. Bowen	(15) Itinuro ni Shayne M. Bowen at ng kanyang missionary companion sa isang pamilya na hindi na kailangang binyagan ang mga batang musmos.
Linda K. Burton	(78) Tinulungan ng isang babae si Linda K. Burton nang pumunta siya sa templo sa ikalawang pagkakataon noong bagong-kasal siya. (111) Pumanaw ang asawa at isang anak ng pioneer na si Mary Lois Walker habang tumatawid sa kapatagan.
Craig C. Christensen	(12) Nadama ng anim-na-taong-gulang na si Ben Christensen ang Espiritu Santo nang pumunta siya sa isang temple open house.
D. Todd Christofferson	(47) Nagtrabaho nang husto ang isang binata sa India para matulungan ang kanyang pamilya at makapag-aral.
Quentin L. Cook	(6) Tumanggap sumali ang British Olympian na si Eric Liddell sa karera ng takbuhan sa araw ng Linggo.
Ann M. Dibb	(10) Tiwalang isinuot ng isang dalagita ang isang T-shirt na nagpapahayag na siya ay miyembro ng Simbahan.
Larry Echo Hawk	(32) Natuklasan ng drill instructor ni Larry Echo Hawk ang kanyang kopya ng Aklat ni Mormon.
Henry B. Eyring	(60) Inukitan ni Henry B. Eyring ang isang kahoy para sa bawat anak niyang lalaki upang kumatawan sa kanilang mga espesyal na kaloob. (72) Hinanap ng apong babae ni Henry B. Eyring si Jesus sa isang temple open house. (72) Nilisan ni Henry B. Eyring ang Stanford University para magtrabaho sa Ricks College. (72) Nanalangin ang manugang na babae ni Henry B. Eyring sa dalampasigan at inilaan ang kanyang panahon sa Panginoon.
Robert C. Gay	(34) Itinanong ng ama ni Robert C. Gay sa kanya kung ipagbibili niya ang kanyang kaluluwa sa halagang singko. (34) Sinunod ni Robert C. Gay ang inspirasyong tulungan ang isang batang lalaking humihikbi sa tabi ng kalsada.
Daniel L. Johnson	(101) Dumalo sa templo ang mga Banal sa mga Huling Araw matapos sirain ng bagyo ang kanilang mga pananim na prutas.
Thomas S. Monson	(68) Nagulat si N. Eldon Tanner na makita ang apat na lalaki na maorden sa mas mataas na tungkulin sa priesthood. (68) Tumanggap ng inspirasyon si Thomas S. Monson na tumawag ng mga branch president. (68) Nagpatotoo si John H. Groberg sa hari ng Tonga. (86) Sinunod ni Thomas S. Monson ang inspirasyong magmungkahi tungkol sa gawaing misyonero. (86) Sinunod ni Thomas S. Monson ang inspirasyong bisitahin ang isang kaibigan sa ospital. (86) Hinikayat ni Thomas S. Monson ang isang binata na magmisyon. (86) Nasagot ang isang panalangin ng mga kabataan sa isang kultural na pagdiriwang para sa templo.
Russell M. Nelson	(18) Tumugon ang isang lalaki sa pahiwatig na “pahintuin . . . ang mga binatang nagbibisikleta.”
Russell T. Ogusthorpe	(96) Tinulungan ng mga kabataang dumadalo sa Sunday School ang dalawang kaklaseng autistic na maibahagi ang kanilang natutuhan.
Boyd K. Packer	(75) Tinamaan ng matinding bagyo sa karagatan ang barkong sinakyan ni Boyd K. Packer sa Western Samoa.
Linda S. Reeves	(118) Bumaling si Linda S. Reeves sa Diyos nang magkasakit ang kanyang asawa.
Richard G. Scott	(93) Nag-index ng 2,000 pangalan ang bawat kabataan sa Russia at nagsumite ng pangalan ng isang ninuno para magawan ng mga ordenansa sa templo.
Carole M. Stephens	(115) Nagtulungan ang mga kabataang babae sa isang muling pagsasadula ng pioneer trek.
Gary E. Stevenson	(51) Nilisan ng isang estudyante sa kolehiyo ang isang party sa Japan matapos tanggihan ang mga sigarilyong marijuana.
Scott D. Whiting	(37) Inayos ng mga kontratista ang dalawang maliit na depekto sa itinatayong Laie Hawaii Temple.

Ibinaba ang Edad na Kailangan para Makapagmisyon

Ni Heather Whittle Wrigley

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Sa pagsisimula ng Ika-182 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya, ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson na, simula ngayon, ang mga lalaki ay maaaring magmisyon sa edad na 18 at ang mga babae sa edad na 19.

Pagkatapos, sa isang press conference, binigyang-diin ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang pagbabago ay isang opsiyon: “Ang mga kabataang lalaki at babae ay hindi dapat magsimulang maglingkod hangga’t hindi sila handa sa espirituwal at temporal,” sabi niya. Ang mga bagay na tulad ng pag-aaral, sitwasyon ng pamilya, at kalusugan ay mahalaga pa ring isaalang-alang

sa pagdedesisyon kung kailan magmimisyon.

Ipinaliwanag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang magiging mga missionary ay maaaring irekomenda ng kanilang bishop at stake president sa full-time service 120 araw bago sumapit ang kanilang ika-18 kaarawan o ang petsang maaari na silang umalis. Ang mga kabataang lalaki ay maaaring pumasok sa missionary training center (MTC) pagkatapos nila ng high school o ng katumbas nito at 18 taong gulang na sila. Ang mga babae ay maaaring pumasok pagtuntong ng kanilang ika-19 na kaarawan.

Pinakikiusapan ang magiging mga

missionary na paghusayin ang kanilang paghahanda para sa misyon bago sila pumasok sa MTC.

“Pinabibilis ng Diyos ang Kanyang gawain,” sabi ni Elder Holland. “At kailangan Niya ng mas marami pang handa at karapat-dapat na missionary na magpapalaganap ng liwanag at katotohanan at pag-asa at kaligtasan ng ebanghelyo ni Jesucristo sa madalas ay madilim at nakatatakot na mundo.”

Sinabi ni Elder Holland na malamang na maragdagan pa ang mga mission.

Para mapagkasya ang inaasahang pagdami ng mga missionary sa mga misyon sa buong mundo, babawasan ng 1/3 ang mga araw ng pananatili ng lahat ng missionary sa mga MTC. Isang 12-linggong training course na ipinatu-pad kamakailan at isinasagawa sa mga misyon ang tutulong para lalo pang maihanda ang mga missionary. ■

Basahin ang iba pa tungkol dito sa “missionary age requirement” sa news.lds.org.

Ang mga kabataang lalaki ay maaari na ngayong magmisyon sa edad na 18 at ang mga babae sa edad na 19, depende sa kanilang sitwasyon at sa pagpapasiya ng kanilang mga lider ng priesthood.



Mga Turo para sa Ating Panahon

Mula Oktubre 2012 hanggang Marso 2013, ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society para sa ikaapat na Linggo ay dapat ihanda mula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012. Sa Abril 2013, maaaring piliin ang mga mensahe mula sa kumperensya ng Oktubre 2012 o Abril 2013. Mga stake at district president ang dapat pumili ng mga mensahe na gagamitin sa kanilang lugar.

Alamin ang iba pang detalye sa pamamagitan ng pagbabasa ng bahaging “Mga Turo para sa Ating Panahon” ng Mayo 2012 *Liahona* (lds.org/liahona). ■



Ang Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin ay isang bagong kurikulum na tutulong sa mga guro na magturo sa paraan ng Tagapagligtas at tutulong sa mga kabataan na mas lubos na mabago at mapaunlad ng ebanghelyo.

Ipinatupad ng Simbahan ang Bagong Kurikulum para sa Kabataan para sa 2013

Ibinalita ng Simbahan ang bagong kurikulum—*Come, Follow Me: Learning Resources for Youth [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Mga Sanggunian para sa Pag-aaral ng mga Kabataan]*—para sa mga korum ng Aaronic Priesthood, Young Women, at klase ng mga kabataan sa Sunday School para sa 2013.

Ang isa sa mga pangunahing mithiin ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* ay tulungan ang mga guro—sa simbahan at sa tahanan—na makapagturo nang katulad ng Tagapagligtas, na ginagawang mas nakasentro ang mga lesson sa pagtalakay ng tungkol sa ebanghelyo. Ang mga kabataan ay aanyayahang gampanan ang mas mabigat na tungkulin sa pagtuturo at pag-aaral.

“Ang pagtutuunan ay ang pagpapalakas at pagpapatatag ng pananampalataya, paniniwala, at patotoo, gamit ang pinakahuling mga turo ng mga General Authority at mga general auxiliary presidency,” pagsasaad sa isang liham ng Unang Panguluhan noong Setyembre 12, 2012.

Ang Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin ay inorganisa sa mga yunit na nakatuon sa isang paksa ng doktrina bawat buwan at ibinabahagi sa lahat ng klase ng Sunday School, Young Women, at Aaronic Priesthood.

Mas maraming aralin sa bawat yunit kaysa kayang ituro sa isang buwan, kaya pinakikiusapan ang mga guro at lider na humingi ng inspirasyon at mag-usap-usap para mapagpasiyahan kung aling outline ng mga aralin ang gagamitin.

Isang bagong gabay na aklat, *ang Teaching the Gospel in the Savior’s Way [Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Paraan ng Tagapagligtas]*, ang tutulong sa mga lider at guro na mas maunawaan kung paano iaakma ang mga aralin sa kakaibang mga pangangailangan ng kanilang mga kabataan at kung paano tutulungan ang mga kabataan na matutuhan ang ebanghelyo.

Lahat ng aralin ay maaaring i-print mula sa Internet. Makukuha ang mga printed version ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* sa mga darating na araw. Sa katapusan ng 2012, lahat ng outline ng aralin ay makukuha online sa 23 wika.

Mababasa ng mga miyembro, lider, at guro ang bagong kurikulum online sa lds.org/youth/learn.

Ang area at lokal na mga lider ay magbibigay ng training sa mga lider at guro bago matapos ang 2012. ■

Alamin ang iba pang detalye sa news.lds.org. Tingnan din sa pahina 96 sa isyung ito.

Mga Bagong Kasangkapang Tumutulong sa mga Miyembro na Maghanda ng mga Pangalan ng mga Kamag-anak

Sa isang liham noong Oktubre 8, 2012, inanyayahan ng Unang Panguluhan ang mga miyembro—lalo na ang mga youth at young single adult—na tumanggap ng lubos na mga pagpapala ng templo sa pamamagitan ng paghahanda ng mga pangalan ng sarili nilang mga kamag-anak na dadalhin sa templo.

Bukod pa rito, yaong may “naka-reserbang napakaraming pangalan ng mga kamag-anak [ay hinihikayat] na ibigay kaagad ang mga pangalang ito para maisagawa na ang kailangang mga ordenansa.”

Para matulungang tumugon ang mga miyembro sa panawagan ng Unang Panguluhan, lumilikha ng mga bagong sanggunian at kasanayan ang Simbahan, na matatagpuan sa 10 wika sa familysearch.org.

Halimbawa, isang bagong upgrade sa new.familysearch.org na tinatawag na Family Tree ang nagbibigay ng mas pinahusay na paraan sa paggawa ng ating family history sa pamamagitan ng pagtutulot sa mga user na (1) kumonekta at makipagtulungan sa iba na may ninunong bahagi rin ng pamilya nila, (2) i-edit at i-delete ang mga maling datos, at (3) madaling makapagsumite ng mga pangalan ng mga ninuno para sa mga ordenansa sa templo. Ang mga user ay makakakita rin ng mga video sa “Assigning Names to the Temple” at iba pang training sa familysearch.org/treetraining. ■



Elder Craig C. Christensen

Ng Panguluhan ng Pitumpu

Nagsimulang maglingkod si Elder Craig C. Christensen bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu noong Agosto 1, 2012, matapos siyang tawagin sa posisyong iyon noong Abril 2012.

Isinilang kina Sheron at Colleen Christensen sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Marso 1956, lumaki si Elder Christensen sa hilagang California sa “isang aktibo at mapagkalingang pamilyang LDS.” Binigyang-diin niya na noon pa man ay naniniwala na siya na totoo ang ebanghelyo, subalit mas lumakas ang kanyang patotoo nang magmision siya sa Chile.

“Bilang missionary, laging hangarin kong madama ang Espiritu Santo, at lumalim at naging mas tunay ang aking patotoo sa ebanghelyo,” sabi niya. Sa kanyang mision napamahal sa kanya ang Aklat ni Mormon, na patuloy niyang ginagamit sa kanyang pagtuturo.


Si Elder Christensen ay naging miyembro ng Una at Pangalawang Korum ng Pitumpu mula pa 2002. Kamakailan lamang, naglingkod siya bilang Executive Director ng Priesthood Department. Nakapaglingkod na siya bilang Mexico South Area president, Mexico City East Mission president, bishop, high councilor, at stake mission president.

Si Elder Christensen ay may bachelor’s degree sa accounting mula sa Brigham Young University at master of business administration degree mula sa University of Washington. Siya ang may-ari at nagpapatakbo ng mga negosyo sa mga industriya ng retail automotive at real estate development, at naging visiting instructor sa ilang unibersidad.


Ikinasal si Elder Christensen kay Debora Jones noong Marso 28, 1978. Naninirahan sila ngayon sa Holladay, Utah, at sila ay may apat na anak at limang apo. ■

Mga General Auxiliary Presidency


RELIEF SOCIETY



Carole M. Stephens
Unang Tagapayo



Linda K. Burton
Pangulo



Linda S. Reeves
Pangalawang Tagapayo


YOUNG WOMEN



Mary N. Cook
Unang Tagapayo




Elaine S. Dalton
Pangulo




Ann M. Dibb
Pangalawang Tagapayo


PRIMARY



Jean A. Stevens
Unang Tagapayo



Rosemary M. Wixom
Pangulo



Cheryl A. Esplin
Pangalawang Tagapayo

YOUNG MEN



Larry M. Gibson
Unang Tagapayo



David L. Beck
Pangulo



Adrián Ochoa
Pangalawang Tagapayo

SUNDAY SCHOOL




David M. McConkie
Unang Tagapayo



Russell T. Osguthorpe
Pangulo



Matthew O. Richardson
Pangalawang Tagapayo



Isang Hakbang ng Pananampalataya, ni Michael T. Malm

“At nang makita siya ng mga apostol na lumalakad sa ibabaw ng dagat, ay nangagulumihanan sila. . . .

“Datapuwa’t pagdaka’y nagsalita sa kanila si Jesus, na nagsasabi, Laksan ninyo ang inyong loob; ako nga: huwag kayong mangatakot.

“At sumagot sa kaniya si Pedro, at nagsabi, Panginoon, kung ikaw nga, ay papariyanin mo ako sa iyo sa ibabaw ng tubig.

“At sinabi niya, Halika. “At lumunsad si Pedro sa daong, at lumakad sa ibabaw ng tubig, upang pumaroon kay Jesus” (Mateo 14:26–29).



“Ikinalulugod kong ibalita na kaagad ipatutupad, na lahat ng karapat-dapat at may kakayahang kabataang lalaki na nakatapos na ng high school o ng katumbas nito, saanman sila nakatira, ay magkakaroon ng opsiyon na mairekomenda para makapagmisyong pagtuntong sa edad na 18, sa halip na edad na 19,” ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson sa pagbubukas ng sesyon ng Ika-182 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. Sinabi rin niya, “Ngayon ikinalulugod akong ibalita na ang may kakayahan at karapat-dapat na mga kabataang babae na may hangaring maglingkod ay maaari nang mairekomendang magmisyong simula sa edad na 19, sa halip na edad na 21.”

